# MGA TRADISYON NG PANANAMPALATAYA SA MUNDO

shepherds
GLOBAL CLASSROOM

Binuo ang Shepherds Global Classroom para ihanda ang katawan ni Cristo sa pamamagitan ng pagbibigay ng kurikulum sa mga umuusbong na pinunong Kristiyano sa buong mundo. Layunin naming dumami ang mga programa ng pagsasanay kaya ipinagkatiwala namin ang kurikulum na mayroong 20-kurso sa kamay ng mga espirituwal na tagapagsanay ng bawat bansa sa buong mundo.

Ang aklat na ito ay maaaring i-download nang libre sa https://www.shepherdsglobal.org/courses

Pangunahing Manunulat: Dr. Stephen K. Gibson

Copyright © 2023 Shepherds Global Classroom
Isinalin sa Tagalog mula sa Ikatlong Ingles na Edisyon.

Nakalaan ang lahat na karapatan.

May copyright ang mga third-party material na pagmamay-ari ng ibang tao at kanilang ibinabahagi sa ilalim ng iba't-ibang lisensiya.

Maliban kung inilathala, lahat ng Kasulatan ay hango sa Ang Bagong Ang Biblia.

**Pahayag tungkol sa pahintulot:**

Ang aklat na ito ay maaaring ilimbag at ipamahagi ng walang bayad maging sa digital na pormat o pisikal na aklat sa ilalim ng mga sumusunod na alituntunin: (1) Hindi maaaring baguhin ang nilalaman ng aklat sa anumang paraan; (2) Hindi maaaring ibenta ang mga kopya ng aklat para pagkakitaan; (3) Malaya ang mga institusyong pang-edukasyon na gamitin/kopyahin ang aklat na ito, kahit naniningil sila ng mga matrikula; at (4) Hindi maaaring isalin ang aklat na ito nang walang pahintulot at pangangasiwa ng Shepherds Global Classroom.

# Nilalaman


Pangkalahatang-Pananaw sa Kurso ..... 5

(1) Mahalagang Kristiyanismo ..... 11

(2) Pag-unawa sa Hidwaan ng Relihiyon ..... 15

(3) Mormonismo ..... 25

(4) Mga Saksi ni Jehova ..... 35

(5) Iglesia ni Cristo ..... 41

(6) Silangang Kidlat ..... 47

(7) Mga Kultong Apokaliptic ..... 53

(8) Hinduismo ..... 59

(9) Budismo ..... 65

(10) Taoismo ..... 73

(11) Islam ..... 79

(12) Hudaismo ..... 85

(13) Relihiyon ng New Age ..... 93

(14) Mga Relihiyong Pangkalikasan ..... 99

(15) Voodoo ..... 103

(16) Pag-unawa sa Adventismo ng Ikapitong Araw ..... 109

(17) Pag-unawa sa Romano Katolisismo ..... 117

(18) Pag-unawa sa Silangang Ortodokso ..... 123

(19) Pag-unawa sa Teolohiya ng Kasaganaan ..... 131

Manwal ng Doktrina ..... 141

Mga Tanong sa Pagbabalik-aral ..... 151

Mga Inirekomendang Mapagkukunan ..... 157

Talaan ng mga Takdang Aralin ..... 161

# Pangkalahatang-Pananaw sa Kurso

| Mga Kulto na Kumikilala sa Kristiyanismo | Mga Relihiyong Hindi Kristiyano | Naiibang Mga Tradisyong Kristiyano |
|---|---|---|
| Mormonismo | Hinduismo | Adventismo ng Ikapitong Araw |
| Mga Saksi Ni Jehova | Budismo | Romano Katolisismo |
| Iglesia ni Cristo | Taoismo | Silangang Ortodokso |
| Silangang Kidlat | Islam | Teolohiya ng Kasaganaan |
| Mga Kultong Apokaliptic | Hudaismo | |
| | Relihiyon ng New Age | |
| | Mga Relihiyong Pangkalikasan | |
| | Voodoo | |

### Paglalarawan ng Kurso

Ipinapaliwanag ng kursong ito ang mga pangunahing paniniwala at kasaysayan ng 17 piling mga kulto at tradisyong panrelihiyon, at inihambing ang mga ito sa makasaysayang Protestanteng Kristiyanismo at sinusuri ang kanilang mga doktrina at gawain sa pamamagitan ng Bibliya. Magiging handa ang mag-aaral na tumugon sa mga pagkakamali ng mga maling relihiyon at protektahan ang mga Kristiyano mula sa pagkakamali.

### Mga Layunin ng Kurso

1. Upang matulungan ang mga Kristiyano na maunawaan ang mga pangunahing doktrina ng ilan sa pinaka maimpluwensyang mga kulto at relihiyosong mga tradisyon.

2. Upang matulungan ang mga Kristiyano na maunawaan kung bakit nakapipinsala ang ilang maling doktrina.

3. Upang maihanda ang mga pastor na pangalagaan ang kanilang kongregasyon mula sa impluwensya ng mga kulto.
4. Upang sanayin ang mga Kristiyano na may mga sagot mula sa bibliya para sa mga pagkakamali sa relihiyon.
5. Upang magbigay ng mga praktikal na direksyon sa pag-eebanghelyo sa mga miyembro ng ibang mga tradisyong panrelihiyon.

**Mga Paliwanag at Direksyon para sa mga Lider ng Klase**

Kapag may mga banal na kasulatan na nakalista sa panaklong o sa loob ng pangunahing teksto, dapat na basahin ang mga iyon bago magpatuloy.

Ang mga aralin tungkol sa mga pangkat ng relihiyon (Aralin 3-19) ay karaniwang sumusunod sa disenyo na inilarawan sa mga sumusunod na direksyon. Ang unang dalawang aralin ay mga espesyal na paksa.

Ang mga direksyon na ito ay naglalarawan kung paano matuturuan ang klase ng may pinakamataas na antas na kalidad. Dapat na panatihin ng lider ng klase ang ganitong pamantayan para sa mga mag-aaral na nagnanais na magkaroon ng sertipiko mula sa Shepherds Global Classroom. Para sa mga ibang uri ng grupo na hindi kayang matugunan ang mga kinakailangang ito, maaaring iangkop ng guro ang mga kinakailangan sa kanilang kakayahan, at magbigay ng ibang sertipiko.

Sa aming pagtatantsa, ang bawat aralin ay gugugol ng dalawang oras upang makumpleto lahat nang maayos. Kung ang grupo ay magkikita sa mas maikling panahon, maaaring hatiin ang aralin sa dalawang pagkikita.

**Pagkakasunod-sunod ng mga Pangkatang Gawain**

**(1) Mga ulat sa pag-uusap tungkol sa Ebanghelyo** (Tinatayang oras: 20 minuto, kung may ilang mga ulat)

Dapat na mag-ulat ang mga mag-aaral na nakatapos na ng takdang-aralin tungkol sa pakikipag-usap mula sa nakaraang aralin. Kailangan lamang nilang ikwento ang kanilang pag-uusap. Maaaring magbigay ng mga mungkahi ang mga mag-aaral para sa hinaharap. Huwag hayaan na maging masyadong mapanuril ang mga mag-aaral sa taong nag-uulat.

**(2) Oras ng pagsusuri sa klase** (Tinatayang oras: 5-10 minuto)

Dapat itanong ng lider ng klase ang mga tanong sa pagbabalik-aral para sa nakaraang aralin, pagkatapos ay ilang tanong sa pagbabalik-aral mula sa ibang mga aralin na natapos na. Ang layunin ay upang bumuo ng pangmatagalang memorya at itama ang maling pagkaunawa na maaaring mayroon sila. Ang mga tanong sa pagsusuri ay makakatulong sa kanila na maalala ang pinakamahalagang katotohanan. Maaaring gawing napaka-epektibo ng tagapagturo ang kurso sa paggamit ng mga tanong sa pagsusuri. Ang mga tanong sa pagsusuri ay matatagpuan sa dulo ng kursong ito.

**(3) Unang Pagtatagpo**

May isa na dapat magbasa ng talata na may pamagat na "Unang Pagtatagpo". Dapat itong magawa na wala masyadong komento o talakayan. Karamihan sa mga kwento ay walang konklusyon upang makalikha ng kuryosidad tungkol sa grupo na pinag-aaralan. Sa ilang mga kaso, ang patotoo sa dulo ng aralin ay tungkol sa parehong tao na nabanggit sa Unang Pagtatagpo.

**(4) Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 1** (Tinatayang oras: 15 minuto)

Basahin ng malakas ang itinalagang sipi ng sabay-sabay. Ang ilang mga mag-aaral ay maaaring magpalitan sa pagbabasa ng mga taludtod. Pagkatapos ay magkaroon ng ilang minutong katahimikan para makapagsulat ang mga mag-aaral ng talata ng buod at listahan ng mga pahayag (ang mga partikular na tagubilin ay nasa bawat aralin). Pagkatapos nilang magsulat, hayaan na magbahagi ang ilang mag-aaral ng kanilang isinulat upang matuto sila sa bawat isa.

**(5) Pag-aaral ng pangkat ng relihiyon** (Tinatayang oras: 40 minuto)

Pag-aralan ang mga impormasyon na nakalaan tungkol sa pangkat ng relihiyon. Ang lider o ang ibang tao sa grupo ay maaaring magbasa at magpaliwanag ng materyales sa grupo. Ang iba't-ibang mga mag-aaral ay maaaring magbasa at magpaliwanag ng mga sipi sa mga gilid.

Ang mga **tanong sa talakayan** at **mga gawain sa klase** ay may marka na ►. Ang lider ng klase ay dapat na magtanong at bigyan ang mga mag-aaral ng oras upang talakayin ang sagot. Mayroong ilang mga ganito sa bawat aralin.

Ang **naka bold at naka italicize** na teksto ay nagpapabulaan sa mga maling turo at gawain ng relihiyosong grupo. Pagkatapos basahin ang mga katotohanan tungkol sa relihiyosong grupo, balikan at basahin ang mga paliwanag at banal na kasulatang ibinigay.

**(6) *Paggamit ng Manwal ng Doktrina*** (Tinatayang oras: 20 minuto)

Ang *Manwal ng Doktrina*, ay isang bahagi ng materyal sa kursong ito na inilimbag pagkatapos ng mga aralin. Sa puntong ito ng aralin, tingnan ang mga paksa ng *Manwal ng Doktrina*, na nakalista sa ilalim ng bahaging ito. Dapat basahin ng sabay sabay ng mga mag-aaral ang banal na kasulatan at siguraduhin na nauunawaan nila kung paano nagpapatunay ang mga talata. Ang bawat isang mag-aaral ay dapat na makapagpakita na kaya niyang patunayan ang punto mula sa banal na kasulatan. Ang ilang mga punto ay ginamit sa ilang mga aralin. Hindi naman kailangan na ulitin ang pagsasagawa ng magkatulad ng mga puntos kung ang mga mag-aaral ay tila natututo nang mabuti.

**(7) Ebanghelismo** (Tinatayang oras: 10 minuto)

Ang seksyong ito ay nagbibigay ng mga praktikal na mga bagay na dapat tandaan kapag nakikipag-usap sa mga miyembro ng partikular na pangkat ng relihiyon. Sa ilang mga aralin ang seksyong ito ay pinag-sama sa "Paggamit ng *Manwal ng Doktrina*" na seksyon.

**(8) Isang Patotoo**

May isang tao na dapat magbasa ng seksyon ng materyales na may pamagat na " Isang Patotoo". Ang mga patotoo ay mga tunay na kaso, kahit na minsan, ang mga pangalan ay binago.

**(9) Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 2** (Tinatayang oras: 20 minuto)

Sa dulo ng bawat aralin, basahin muli ang nakatalagang talata ng banal na kasulatan. Maghintay ng ilang mga minuto para makapagsulat ang bawat mag-aaral ng talatang nagpapaliwanag ng mensahe para sa miyembro ng grupo ng relihiyon na kanilang pinag-aralan. Hayaang ibahagi ng ilang mag-aaral sa grupo ang kanilang isinulat.

**(10) Takdang-aralin**

Laging tapusin ang oras ng aralin sa pamamagitan ng pagpapaalala sa mga mag-aaral na mag-iskedyul ng pagkakataon para makapag bahagi ng ebanghelyo. Ang mga mag-aaral ay dapat na magkaroon ng pakikipag-usap kung maaari sa mga miyembro ng relihiyosong grupo na pinag-aralan. Dapat nilang subukang ipahayag ang ebanghelyo at iba pang Kristiyanong katotohanan. Kung hindi posible para sa kanila na makahanap ng miyembro ng partikular na grupo ng relihiyon na iyon, dapat silang humanap ng tao na may interes na marinig ang materyal. Kailangan nilang ilarawan ang pangunahing paniniwala ng relihiyon, at pagkatapos ay ibigay ang tugon sa Bibliya. Kailangan silang maging handa na sabihin sa klase tungkol sa kanilang pakikipag-usap.

Ang bawat mag-aaral ay dapat na mag-ulat ng mga pag-uusap tungkol sa 10 iba't-ibang mga relihiyon sa pamamagitan ng kurso. Ang nakasulat na ulat ng bawat pag-uusap ay dapat na naglalarawan ng mga katangian ng relihiyon na mahalagang malaman ng isang mangangaral ng ebanghelyo. Sa ulat, dapat ipaliwanag ng mag-aaral ang kanyang ipinakita sa pag-uusap, at kung paano tumugon ang kausap. Ang ulat ng bawat pag-uusap ay dapat na dalawang pahina ang haba. Dapat na ipaliwanag ng tagapagturo ang takdang-aralin na ito ng maraming beses sa unang ilang mga aralin. Maaaring ipakita sa grupo ang magagandang gawa na isinulat ng mga mag-aaral bilang mga halimbawa.

Ang 10 pag-uusap at takdang-araling sulatin ang mga pangunahing takdang-aralin ng kursong ito. May form na nakalimbag sa dulo ng librong ito na gagamitin ng tagapagturo sa pag-iingat ng mga talaan.

**(11) Mga Inirerekomendang Mapagkukunan**

Kung nagnanais ang mga mag-aaral na mas matuto tungkol sa anumang pangkat ng relihiyon, dapat silang tumingin sa mga Inirerekomendang Mapagkukunan malapit sa likod ng libro upang makita ang mga magagamit na mapapagkukunan.

# Aralin 1
# Mahalagang Kristiyanismo

## Panimula

Sa kursong ito, sinusuri natin ang mga katangian ng paniniwala ng maraming relihiyosong grupo. Mahalaga na ipaliwanag muna ang mahahalagang doktrinang Kristiyanismo bago talakayin ang mga maling paniniwala. Ano ang katotohanan sa Kristiyanismo? Anong mga pangunahing doktrina ang mahalaga sa teolohiyang Kristiyano at makakatulong sa atin na matukoy ang kredibilidad ng isang relihiyosong grupo?

## Mahalagang Makasaysayang Kristiyanismo

Mayroong isang Kristiyanismo at isang tunay na simbahan dahil mayroon lamang isang Diyos at isang tunay na ebanghelyo. Ang simbahan ay itinayo sa isang pundasyon: ang katotohanang inihayag sa (1) ministeryo ng mga apostol at (2) ang buhay, ministeryo, mensahe, at pagbabayad-sala ni Jesu Kristo. May isang pundasyon at isang pandaigdigang simbahan.

Ang pagkakaisa ng pangkalahatang simbahan ay hindi nangangahulugan na ang isang organisasyon ay ang buong simbahan. Walang isang organisasyon ang tumutupad sa layunin ng Diyos para sa simbahan saanman sa mundo. Sinabi ni Jesus sa Kanyang mga apostol na huwag asahan na ang lahat ng Kristiyano ay nasa iisang organisasyon (Marcos 9:38-39). Ang isang organisasyon na nagsasabing siya ang buong simbahan ng Diyos sa lupa ay hindi dapat pagkatiwalaan.

Ang pagkakaisa ng pangkalahatang simbahan ay nangangahulugan na ang lahat ng lokal na simbahan ay dapat na panghawakan ang mga doktrina ng Kristiyanismo na mahalaga sa simula ng simbahan ng Bagong Tipan. Noong mga unang siglo, isinulat ng simbahan ang Sumasampalataya Ako, ang Kredong Niceno at ang Kredong Chalcedonian upang ipahayag ang mga doktrinang naging mahalaga sa Kristiyanismo mula sa simula. Ang kredo ay isang pahayag ng mga pundasyong paniniwalang Kristiyano.

Ang doktrina tungkol sa Trinidad, ang pagka Diyos ni Kristo at ng Banal na Espiritu, ang pagbabayad sala ni Kristo, at ang kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya ay mga pundasyon ng orihinal na Kristiyanismo.

Ang kursong ito ay hindi dinisenyo upang ipagtanggol ang isang partikular na denominasyon. Ang mga doktrinang ipinagtatanggol sa kursong ito ay kinabibilangan ng mga doktrinang Trinitarian na ipinahayag sa makasaysayang Niceno, Chalcedonian, at Athanasian na mga kredo ng sinaunang Kristiyanismo; ang ganap na awtoridad ng Bibliya; at ang mga ebanghelikal na doktrina ng biyaya, pananampalataya, at kaligtasan.

## Mahahalagang punto ng Ebanghelyo

Ang mga sumusunod na punto ay ang mahalaga sa ebanghelyo. Posible para sa isang tao na maligtas na hindi pa lubos na nauunawaan ang mga ito. Gayunpaman, ang pagtanggi sa alinmang sa mga puntong ito ay nag-aalis ng pundasyon ng ebanghelyo. Ang isang tao o organisasyon na tumatanggi sa alinman sa mga mahahalagang ito ay may posibilidad na bumuo ng isa pang ebanghelyo, na nagtitiwala sa isang maling paraan ng kaligtasan.

Kapag ibinabahagi mo ang ebanghelyo sa isang tao, ang ilang mga punto ay magiging lalong mahalaga dahil sa mga pagkakamali na pinaniniwalaan na niya. Halimbawa, kung siya ay naniniwala na ang kaligtasan ay sa pamamagitan lamang ng isang partikular na organisasyon, siya ay maniniwala na ang sa pagiging miyembro ng organisasyon ay kinakailangan para sa kaligtasan. Kailangan niyang malaman na ang isang tao ay indibidwal na tumatanggap ng kapatawaran at nagkakaroon ng direktang kaugnayan sa Diyos.

**(1) Nilikha ng Diyos ang tao na kawangis nya upang magkaroon sya ng kaugnayan sa kanya. (Genesis 1:27, Mga Gawa 17:24-28).**

Ang katotohanang ito ay nagpapakita ng layunin ng ating pag-iral at ang layunin ng kaligtasan. Ang katotohanang ito ay sinasalungat ng mga relihiyon na hindi naniniwala sa isang Diyos na may personalidad at nagmamahal sa lahat ng tao. Ang katotohanang ito ay nagpapakita ng tunay na problema sa mundo; walang kaugnayan ang mga tao sa Diyos.

►Paano kung ang isa tao ay hindi naniniwala na mahal siya ng Diyos?

**(2) Ang mga unang tao ay nagkasala at nahiwalay sa Diyos. (Genesis 3:3-6, 8, Isaias 59:2).**

Ipinapakita nito ang pinagsimulan ng kasalanan at ang dahilan ng kalagayan ng mundo. May pagdurusa at kalungkutan ang mundo dahil sa kasalanan. Mayroon pa ring kagalakan at layunin dahil sa disenyo ng Diyos, ngunit ang mundo ay hindi tulad ng kung ano ang plano dito ng Diyos.

► Paano kung hindi naniniwala ang isang tao na ang kasalanan ang tunay na problema ng mundo?

**(3) Ang bawat isa sa atin ay nakagawa ng kasalanan laban sa Diyos. (Roma 3:10, 23).**

Ang bawat tao ay nagkasala at kusang nagkasala laban sa Diyos. Walang tao na laging ginagawa kung ano ang tama.

► Paano kung iniisip ng isang tao na kaya niyang bigyang-katwiran ang mga bagay na ginawa niya?

**(4) Ang bawat tao na hindi nakatagpo ng awa ay hahatulan ng Diyos at hahatulan ng walang hanggang kaparusahan (Hebreo 9:27, Roma 14:12, Apocalipsis 20:12).**

Ipinapakita nito ang kaseryosohan at madaliang pangangailangan ng kaligtasan ng bawat indibidwal.

► Paano kung ang isang tao ay hindi naniniwala na mayroong isang matuwid na Diyos na hahatol sa kanyang mga kasalanan?

**(5) Walang magagawa ang tao upang bayaran ang kanyang mga kasalanang nagawa laban sa Diyos (Roma 3:20, Efeso 2:4-9).**

Ang mabubuting gawa at mga regalo ay hindi maaaring magbayad sa mga kasalanan dahil ang kasalanan ay laban sa Diyos na walang hanggan at dahil ang lahat ay pag-aari na niya.

► Paano kung naniniwala ang isang tao na dapat niyang gawin ang kanyang sarili na maging karapat-dapat sa kapatawaran?

**(6) Dapat ay may basehan ang pagpapatawad dahil mabigat ang kasalanan at ang Diyos ay makatarungan (Roma 3:25-26).**

Nais ng Diyos na magpatawad , ngunit kung siya ay nagpatawad ng walang batayan, tila walang halaga ang kasalanan at ang Diyos ay tila hindi makatarungan.

► Bakit kinakailangan ang kamatayan ni Cristo ?

**(7) Si Jesus, ang Anak ng Diyos, ay namuhay ng perpektong buhay at namatay bilang isang alay upang mapatawad tayo, maging matuwid sa harap ng isang banal na Diyos, at magkaroon ng buhay na walang hanggan. (Juan 3:16, Roma 5:8-9, 1 Pedro 2:22, 24).**

Dahil si Jesus ay anak ng Diyos, ang kanyang sakripisyo ay may walang katapusang halaga at nagbibigay ng batayan para sa kapatawaran ng sinuman sa mundo. Kung tao lang siya, limitado lang ang halaga ng sakripisyo niya. Kung hindi siya Diyos, hindi niya tayo lubos na maliligtas, at kailangan nating maghanap ng ibang paraan ng kaligtasan.

► Bakit itinuturo ng ilang relihiyon na ang mga tao ay dapat maligtas sa pamamagitan ng gawa?

**(8) Si Jesus ay pisikal na bumangon mula sa mga patay, na nagpatunay ng kanyang pagkakakilanlan bilang Anak ng Diyos at ipinakita ang kanyang kapangyarihan na magbigay ng buhay na walang hanggan. (Juan 11:25-26, Juan 20:24-28, Roma 1:4, Apocalipsis 1:18).**

Ang mga kultong tumatanggi sa muling pagkabuhay ni Jesus ay kadalasang tinatanggihan din ang kanyang pagka-Diyos at ang kasapatan ng kanyang sakripisyo para sa kaligtasan. Pagkatapos ay nag-iimbento sila ng isa pang paraan ng kaligtasan.

► Anu-ano ang mga bagay na alam natin dahil nabuhay si Jesus mula sa mga patay?

**(9) Ang sakripisyo ni Jesus ay sapat na para sa kaligtasan. (Efeso 2:8-10, 1 Juan 2:2).**

Ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng *biyaya*, sa pamamagitan ng *pananampalataya*, kay Jesu-Cristo *lamang*, at hindi sa pamamagitan ng mga mabubuting gawa. Maraming relihiyon ang nagtuturo na ang isang tao ay maaaring bahagyang makamit ang kanyang kaligtasan. Inilalagay nito ang mga tao sa ilalim ng kontrol ng isang relihiyosong organisasyon na nagsasabi sa kanila kung ano ang gagawin upang maligtas.

► Bakit iniisip ng ilang tao na hindi sila maliligtas kung wala ang kanilang relihiyosong organisasyon?

**(10) Inililigtas ng Diyos ang bawat tao na umaamin na siya ay makasalanan, nagsisisi sa kanyang kasalanan, at naniniwala sa ebanghelyo (Marcos 1:15, 1 Juan 1:9).**

Walang organisasyon ng tao ang may karapatang magdagdag sa mga kinakailangan para sa kaligtasan o mag-alok ng ibang paraan ng kaligtasan.

► Anong uri ng tao ang may karapatang maniwala na siya ay naligtas?

**(11) Ang pagsisisi ay nangangahulugan na ang isang tao ay nagsisisi sa kanyang mga kasalanan at handang talikuran ang kanyang mga kasalanan (Isaias 55:7, Ezekiel 18:30, Ezekiel 33:9-16, Mateo 3:8).**

Ang pagsisisi ay hindi nangangahulugan na dapat gawing perpekto ng isang tao ang kanyang buhay bago siya tanggapin ng Diyos. Ang Diyos lamang ang makapagliligtas sa hindi mananampalataya mula sa kapangyarihan ng kanyang mga kasalanan. Ang pagsisisi ay nangangahulugan na ang isang tao ay lubusang nagsisisi para sa kanyang mga kasalanan na handa siyang talikuran ang mga ito. Kung ang isang tao ay hindi handang tumalikod sa kanyang mga kasalanan, hindi siya maliligtas.

► Bakit hindi mapapatawad ang isang tao nang walang pagsisisi?

**(12) Ang isang taong nagsisisi at naniniwalang makasalanan siya ay tumatanggap ng kaligtasan kapag hiniling niya sa Diyos na iligtas siya (Roma 10:13, Mga Gawa 2:21).**

Ang bawat tao ay maaaring lumapit sa awa ng Diyos dahil kay Jesus. Walang institusyon o taong ahente ang kailangan para matanggap ng isang tao ang kapatawaran ng Diyos. Natatanggap ito ng isa isa ng tao at nagsisimula ng direktang relasyon sa Diyos.

► Paano natin malalaman na ang isang tao ay maaaring maging isang Kristiyano sa isang sandali?

# Aralin 2
# Pag-unawa sa Hidwaan ng Relihiyon

## Panimula

► Bakit umiiral ang hidwaan sa relihiyon? Kailangan ba ang hidwaan sa relihiyon , o maiiwasan ba ito?

► Pagkatapos ng maikling talakayan tungkol sa mga tanong na ito, dapat hanapin ng klase ang mga sumusunod na sanggunian ng banal na kasulatan:1 Timoteo 3:15, Judas 1:3; Mateo 16:6, 12; Tito 1:9; and 1 Pedro 3:15. Talakayin nang maikli kung ano ang ipinahihiwatig ng mga talatang ito tungkol sa hidwaan sa relihiyon.

Sinabi ni Jesus sa babaeng Samaritana na nasa balon na ang problema sa pagsamba ng mga Samaritano ay hindi nila kilala kung sino ang kanilang sinasamba. (Juan 4:22). Ang konsepto ng isang tao Sa Diyos ay ang kanyang pinakamahalagang katangian at tiyak na pundasyon ng kanyang buong relihiyon. Wala nang mas mabigat na pagkakamali kaysa maging mali tungkol sa kung ano ang Diyos.

Imposibleng sambahin ang Diyos ng hindi naniniwala sa isang bagay tungkol sa kanya. Kung may maling konsepto ang isang tao tungkol sa Diyos, igagalang niya ang mga katangiang wala sa Diyos at mabibigong parangalan ang mga katangian na mayroon ang Diyos. Ang sariling katangian ng mananamba ay magbabago upang tumugma sa katangiang inaakala niyang taglay ng Diyos.

Hindi maaaring maglagay ang isang tao ng kanyang pananampalataya kay Jesus para sa kaligtasan ng hindi naniniwala sa bagay na kaugnay sa kanya. Kung ang isang tao ay naniniwala sa mga maling bagay tungkol kay Jesus,mayroon siyang doktrina na hindi sumusuporta sa ebanghelyo. Maaaring naniniwala siya sa isang maling ebanghelyo na hindi makapagliligtas sa kanya.

May responsibilidad ang simbahan na magtatag ng katotohanan. Sinabi ni Apostol Pablo na ang simbahan ang haligi at suhay ng katotohanan (1 Timoteo 3:15). Upang maitatag ang katotohanan, may responsibilidad ang simbahan na ipaliwanag at ipagtanggol ito. Sinasabi sa atin ni Apostol Judas na kapag nagtuturo ang mga tao ng mga maling doktrina, dapat nating "ipaglaban ang pananampalataya na minsanang ibinigay sa mga banal" (Judas 1:3).

Ang maling doktrina ay parang isang sakit na nagkakalat ng epekto nito (2 Timoteo 2:17). Ang maling doktrina ay inihahambing sa isang lebadura, na unti-unting nakakaapekto sa isang tinapay (Mateo 16:6).

Inaanyayahan ng Diyos ang mga pastor upang maging mga pinuno sa pagtatanggol ng katotohanan. Sinabi ni Pablo kay Tito na dapat magturo ang isang pastor ng tamang

doktrina at sawayin din ang mga sumasalungat dito (Tito 1:9). Sinabi rin niya na dahil sa mga manlilinlang, nalalayo sa katotohanan ang buong pamilya (Tito 1:10-11).

Ang kursong ito ay hindi tungkol sa mga doktrinang naghahati sa iba't-ibang simbahang Kristiyano sa mga kategorya tulad ng Methodist, Baptist, o Pentecostal. Ang mga simbahang ito ay pangkalahatang sumasang-ayon sa mahahalagang doktrina ng Bibliya na binanggit sa *Manwal ng Doktrina* sa likod ng kursong ito. sa halip, ang kursong ito ay tumitingin sa mga relihiyosong grupo na tumatanggi sa mga doktrina na siyang pundasyon ng pananampalatayang Kristiyano.

Sa araling ito, pag-aaralin natin ang walong mahahalagang paraan na dapat ihanda ng mga Kristiyano sa pagharap sa hidwaan sa relihiyon. Dapat silang:

1. Personal na nararanasan ang kaligtasan.
2. Maging matatag sa doktrina ng bibliya.
3. Nauunawaan ang panganib ng pagkakamali.
4. Nauunawaan ang mga miyembro ng kulto.
5. Nauunawaan ang pinagmulan ng huwad na mga relihiyon.
6. Naibabahagi ang ebanghelyo.
7. Naisasabuhay ang simbahan.
8. Nagdedepende sa Banal na Espiritu.

## Personal na nararanasan ang Kaligtasan

► Bakit mahalaga sa tao na maligtas bago siya pumasok sa mga argumento tungkol sa relihiyon?

Kung ang isang tao ay hindi pa personal na nakaranas sa biyaya ng Diyos,

1. Siya ay magkukulang sa espirituwal na pagkaunawa sa katotohanan.
2. Hindi siya magkakaroon ng kapangyarihan at karunungan ng Banal na Espiritu sa kanyang sariling pagsisikap.
3. Magkakaroon siya ng maling motibo sa relihiyosong hidwaan.

## Maging matatag sa Doktrina ng Bibliya

Ang pag-unawa sa pundasyon ng doktrinang Kristiyanismo ay nagbibigay-daan sa isang mananampalataya na tumayong matatag sa pananampalataya, kahit na nahaharap sa maling aral (Efeso 4:14). Ang pag-aaral ng doktrina ng Bibliya ay naghahanda din sa isang mananampalataya na aktibong impluwensiyahan ang iba sa pamamagitan ng pagpapabulaanan ng maling pagtuturo at pagpapaliwanag ng katotohanan. Ito ang dahilan kung bakit habang ipinaliliwanag ang maling pagtuturo sa buong kursong ito, ipinapakita ang kaibahan nito sa katotohanan ng Diyos. Habang ginagamit ninyo ang mga banal na kasulatan at doktrinang itinuro sa *Manwal ng Doktrina* para pabulaanan ang panlilinlang ng mga huwag na guro, lalakas ang inyong pananampalataya.

Dapat basahin at pag-aralan ng bawat mananampalataya ang lahat ng Salita ng Diyos (2 Timoteo 3:15-17). Ito ay tabak na inilaan ng Diyos para sa espirituwal na tagumpay (Efeso 6:17).

Ang sistematikong pag-aaral ng mga doktrina ng pananampalatayang Kristiyano ay isa ring mahalagang paraan upang maging matatag sa espiritwal. Ang *Mga Paniniwalang Kristiyano* ay ang unang kursong doktrina na inaalok ng Shepherds Global Classroom, ngunit mayroon ding ibang mga kursong doktrinal.

Mahalaga para sa mga bagong mananampalataya na maging matatag sa tamang doktrina, ngunit ang seryosong mga disipulo ni Jesus ay patuloy na magsusumikap sa paglago sa katotohanan ng Diyos sa buong buhay nila (Filipos 1:9).

### Nauunawaan ang Panganib ng Pagkakamali

Dapat tayong maging handa upang makipagtalo laban sa mga pagkakamali sa relihiyon. Ang mga pagkakamali sa relihiyon ay may malubhang resulta dahil:

**(1) Hindi lahat ng relihiyon ay nagsasabi sa iyo na maniwala sa Diyos at pumunta sa langit.**

Ang ilang mga relihiyon ay hindi naniniwala sa isang kataas-taasang Diyos na isang tao (Buddhism). Milyun-milyong mga taong relihiyoso ang hindi naniniwala na maaari silang pumunta sa langit kung saan ay magiging tao pa rin sila (mga Budista at karamihan sa mga Hindu).

**(2) Ang ilang mga relihiyon ay nagbubunga ng masamang ugali at masasamang gawain.**

Kung minsan, binibigyang-katwiran ng relihiyon ang pinakamasamang gawain ng sangkatauhan, gaya ng pagpatay ni Hitler sa milyun-milyong Hudyo. Nag-uudyok ang relihiyon sa mga teroristang Islam na pumatay ng libu-libong tao.

**(3) Ang opinyong panrelihiyon ay hindi isang bagay na gusto mo lang.**

Hindi dapat piliin ng isang tao ang kanyang opinyong panrelihiyon kagaya ng pagpili sa paborito niyang kendi. Ang bawat relihiyon ay nagsasabi na kaya nilang tukuyin ang katotohanan. Kung totoo ang mga tao, at kung totoo ang sandaigdigan, at kung totoo ang Diyos, mali ang ilang relihiyon sa paraan ng pagpapaliwanag nila ng katotohanan. Halimbawa, kung mayroong isang kataas-taasang Diyos na hahatol sa mundo, samakatuwid ang mga taong sumasamba sa mga espiritu at hinahayaan ang mga espiritung kontrolin ang kanilang buhay (animismo at Voodoo) ay hindi magiging handa para sa paghuhukom. Ang isang tao ay hindi lamang dapat pumili ng relihiyon na gusto niya, ngunit ang isa na akma sa katotohanan.

**(4) Mahalaga kung paano inilalarawan ng isang tao ang Diyos.**

Kung ang isang tao ay nagsasabi tungkol sa isang bagay na hindi totoo, hindi mahalaga kung paano niya ito inilalarawan. Ngunit kung totoo ang Diyos, may mga ideya tungkol sa kanya na tama, at ang iba ay mali. Kung paanong mali ang ilang mga pahayag na ginawa tungkol sa iyo, may ilang pahayag na mali tungkol sa Diyos, dahil siya ay totoo. Dahil si Jesus ay Diyos at dapat sambahin, isang napakalaking pagkakamali na sabihin na siya ay tao lamang, gaya ng ginagawa ng maraming relihiyon.

**(5) Ang walang hanggang tadhana ng isang tao ay nakasalalay sa katotohanan.**

Kapag ang mga tao ay nagtitiwala sa isang bagay para sa kaligtasan na hindi talaga makapagliligtas sa kanila, dapat nating subukang baguhin ang kanilang isip bago sila mawala magpakailanman.

► Araling muli ang listahan ng limang dahilan kung bakit may malubhang resulta ang mga pagkakamali sa relihiyon. Tingnan kung gaano karaming mga dahilan ang maaalala mo nang hindi tumitingin sa pahina.

Nasusunog ang bahay ng isang mayamang lalaki. Sa loob ay maraming mahahalagang bagay na gusto niyang iligtas. Nang dumating ang mga lalaki para tumulong, natakot silang pumasok sa loob ng nasusunog na gusali. Mabilis na binigay ng may-ari ng bahay ang lahat ng plastik na kapote. Sinabi niya sa kanila na ang mga kapote ay espesyal na idinisenyo upang protektahan sila mula sa apoy. Sa pagtitiwala sa kanya, pumasok sila sa gusali at sinubukang ilabas ang mga bagay na gusto niya. Ang ilan sa kanila ay namatay dahil hindi sila naprotektahan ng mga kapote. Hindi sila iniligtas ng kanilang pananampalataya dahil naniniwala sila sa isang bagay na hindi totoo.

Totoo ang Diyos, at totoo ang langit at impiyerno. Magkakaroon ng huling paghatol sa lahat ng kasalanan, at ang bawat tao ay mapupunta sa langit o impiyerno sa kawalang-hanggan. Kung ang isang tao ay may relihiyon na nagiging sanhi ng kanyang pagtitiwala sa maling bagay, magiging kakila-kilabot at walang hanggan ang mga resulta. Hindi siya ililigtas ng kanyang relihiyon kung hindi ito totoo. Iyon ang dahilan kung bakit dapat mayroong argumento sa relihiyon.

## Nauunawaan ang mga Miyembro ng Kulto

Mahalagang maunawaan kung ano ang iniisip at nararamdaman ng mga miyembro ng kulto. Kung balewalain natin ang kanilang mga pangangailangan, maaaring mabigo tayong magbahagi ng ebanghelyo sa paraang nakakakuha ng atensyon nila.

Isipin kung paano ka unang pumasok sa simbahan. Malamang na hindi dahil may tumalo sa iyo sa isang pagtatalo. Samakatuwid, hindi natin dapat isipin na ang isang taong nakulong sa maling paniniwala ay mapapabago lamang natin sa pamamagitan ng pagtalo sa kanya sa isang argumento.

Ang katwiran ay mahalaga bilang isang paraan ng pagpapatunay ng katotohanan, ngunit hindi nagbabago ang mga pangako ng isang tao dahil sa katwiran lamang.

Ang seksyong ito ay nagbibigay ng ilang katangian ng mga taong piniling sumapi sa isang relihiyosong kulto. Ang mga katangiang ito ay hindi nangangahulugang naglalarawan ng isang tao na ang relihiyon ay bahagi ng kanyang kultura.

► Ano ang alam mo tungkol sa mga taong sumapi sa isang kulto? Anong mga katangian ang karaniwang mayroon sila?

**(1) Naniniwala ang miyembro ng kulto na ang kanyang mga pinuno lamang ang pinagmumulan ng katotohanan.**

Maaaring isipin niya na nakukuha niya ang kanyang mga paniniwala mula sa mga turo ng tagapagtatag at mula sa mga banal na kasulatan ng kulto, ngunit binibigyang-kahulugan niya ang mga iyon sa pamamagitan ng sinasabi sa kanya ng mga pinuno. Ganyan niya maaaring balewalain ang mga kontradiksyon sa mga sinulat at paghahayag ng kulto.

Ang mga pinuno ng kulto ay nagtuturo ng mga kakaibang doktrina na hindi matatagpuan sa kahit saan para sa layunin na maging tanging pinagmumulan ng katotohanan para sa kanilang mga miyembro. Nagbibigay ang mga ito ng pangwakas na awtoridad, nakasulat man o nabubuhay, na pumapalit sapagsasabuhay ng Bibliya, kahit na sinasabi nilang naniniwala sila sa Bibliya.

**(2) Walang tiwala ang miyembro ng kulto sa simbahang Kristiyano sa pangkalahatan.**

Itinuro sa mga miyembro ng kulto na ang mga simbahang Kristiyano ay tumalikod, walang katotohanan, at walang pagpapala ng Diyos. Ang mga pinuno ng kulto ay maaaring patuloy na nagkukutsya nang mga simbahang Kristiyano. Sa kabilang banda, kinikilala ng mga tunay na simbahang Kristiyano mayroon ding katotohanan ang ibang simbahan na kailangan para makilala ng isang tao ang Diyos at mapunta sa langit.

May ilang mga pinuno ng kulto ay nagpapatuloy sa pagkakaroon ng daloy ng bagong rebelasyon, kaya iniisip ng kanilang mga tao na sila ang pangunahing mapagkukunan ng katotohanan.

**(3) Ang miyembro ng kulto ay ignorante sa kasaysayan at tradisyon ng simbahan.**

Ang mga miyembro ng kulto ay may kaunting kaalaman sa kung paano hinarap ng simbahan ang mga isyu ng nakaraan. Hindi nila nauunawaan kung paano naingatan ang Bibliya. Hindi nila alam kung anong mga doktrina ang pundasyon ng ebanghelyo at mahalaga sa Kristiyanismo. Iniisip nila na mali ang simbahan sa pinakamahalagang doktrina nito sa halos lahat ng kasaysayan nito. Hindi nila natatanto na sa pagtanggi sa mga pundasyong doktrina ay naging bahagi sila ng isang bagong relihiyon.

**(4) Inaasahan ng miyembro ng kulto ang pag-uusig at hidwaan.**

Kung nakikipagtalo ka sa isang miyembro ng kulto, ipinapalagay niya na ikaw ay nalinlang, ignorante, sumusunod sa maling motibo, at maaaring kontrolado ni Satanas.

Inaasahan ng mga miyembro ng kulto na uusigin sila ng ibang mga relihiyosong tao. Kung tratuhin sila nang walang pakundangan ng isang tao, nagpapatunay iyon sa kanila na sila ay tama.

**(5) Ang miyembro ng kulto ay may mga paniniwala na sumasalungat sa isa't isa.**

Para bang itinatago ng miyembro ng kulto ang kanyang mga paniniwala sa iba't ibang bahagi. Hindi niya ikinukumpara ang mga paniniwala mula sa isang kompartamento sa mga paniniwala sa iba. Nagugulat siya kapag itinuturo ng mga tao ang mga kontradiksyon, at hindi niya nararamdaman ang pangangailangang lutasin ang mga ito.

**(6) Ang miyembro ng kulto ay kumbinsido sa pamamagitan ng karanasan nang higit pa sa kadahilanan.**

Ang mga miyembro ng kulto ay tila gumagamit ng pangangatwiran kapag inilalahad nila ang kanilang mga doktrina sa mga tagalabas. Gayunpaman, ang kanilang pangangatwiran ay batay sa isang bulag na pagtitiwala sa kulto. Ang mga dahilan ay ginawa upang suportahan ang kanilang pinaniniwalaan.

Tinanggap niya ang kulto dahil naramdaman niyang mahal at tinatanggap siya ng mga miyembro, o dahil sa nadama niya sa oras ng kanilang pagsamba, o dahil sa personal na espirituwal na karanasan. Pagkatapos niyang pumasok sa isang relasyon sa kulto, sinimulan niyang tanggapin ang kanilang mga turo ng hindi sinusuri ang mga ito. Kapag ang mga tagalabas ay nakikipagtalo sa mga doktrina, nararamdaman niyang hindi lang nila naiintindihan ang kanyang naranasan. Iniisip niya kung hindi na sila makikipag-argumento at bagkus ay mararanasan nila, maaari silang makumbinsi.

**(7) Ang miyembro ng kulto ay naniniwala sa ibang ebanghelyo.**

Upang ang mga tao ay maging tapat, ang isang kulto ay hindi maaaring maging kakaiba lamang sa maliliit na doktrina; dapat ay natatangi ito sa isang bagay na mahalaga. Kaya naman ang mga natatanging doktrina ng isang kulto ay may kasamang ibang ebanghelyo. Naniniwala ang mga miyembro ng kulto na ang kaligtasan ay sa pamamagitan lamang ng kulto.

**(8) Ang miyembro ng kulto ay espirituwal na hindi nasisiyahan.**

Dahil hindi siya naligtas, wala siyang katiyakan ng kapatawaran; hindi siya nagtatagumpay laban sa kapangyarihan ng kasalanan; wala siyang kagalakan na nagmumula sa isang relasyon sa Diyos; at wala siyang tunay na Kristiyanong pakikisama sa kanyang kapwa miyembro ng kulto. Kailangan niyang marinig ang ebanghelyo.

## Nauunawaan ang Pinagmulan ng mga Huwad na Relihiyon

► Saan nagmumula ang mga huwad na relihiyon?

Ang isipin na ang huwad na relihiyon ay nagmumula lamang sa motibo ng pagkakakitaan, mula sa maling karanasan, o mula sa mga demonyo ay isang maling pagkaunawa sa pagiging kumplikado ng relihiyon. Sa pagtugon sa mga huwad na relihiyon, dapat nating maunawaan ang ilang elemento ng kanilang pinagmulan.

### (1) Ang pangangatwiran ng tao

Ang mga huwad na relihiyon ay madalas na binuo at ipinaliwanag ng mga matatalinong tao na nangangatuwiran tungkol sa mga paniniwala sa relihiyon nang walang paghahayag ng Diyos at patnubay ng Banal na Espiritu (1 Corinto 2:6-9).

### (2) Ang motibo ng personal na pakinabang

Hindi lahat ng relihiyosong guro ay tapat. Itinuturo ng Bibliya na ang mga huwad na doktrina ay itinuturo ng mga taong lumabag sa kanilang budhi, tumanggi sa katotohanan, at mapagkunwari (1 Timoteo 1:5-6, 19, 1 Timoteo 4:2). Ang ilang lider ng relihiyon ay yumaman sa kanilang mga huwad na doktrina (2 Pedro 2:1-3).

### (3) Espirituwal na pagkabulag

Ang mga taong walang kaugnayan sa Diyos ay espirituwal na nabulag. Hindi lamang sila kulang sa espirituwal na pang-unawa, ngunit maging ang kanilang mga natural na pananaw ay hindi tama (2 Corinto 4:3-4).

### (4) Ang pagtanggi sa katotohanan

Ang Banal na Espiritu ay tapat upang hatulan ang mundo sa kasalanan, katuwiran, at paghatol (Juan 16:7-11). Ang taong tumatanggi sa katotohanan ay gumagawa ng kusang pagpili. Kaya naman, hindi sapat ang panghihikayat at pagpapaliwanag para magbago ang isip niya. Sinasabi ng Bibliya na ang isang tao na nagpapatuloy sa pagkakamali sa mahahalagang doktrina ay dapat na itakwil sa simbahan dahil siya ay gumagawa ng kasalanan (Tito 3:10-11).

### (5) Espirituwal na karanasan

Ang huwad na relihiyon ay hindi lamang ritwal na walang kabuluhan. Sangkot ang mga demonyo sa huwad na pagsamba. Sinasabi sa atin ng Bibliya na ang mga taong sumasamba sa mga idolo ay sumasamba sa mga demonyo (1 Corinto 10:20-21). Ibig sabihin, ang mga tao sa huwad na relihiyon ay maaaring magkaroon ng espirituwal na karanasan.

### (6) Huwad na paghahayag

Ang mga doktrina ng huwad na relihiyon ay hindi pawang gawa ng tao. Sinasabi sa atin ng Bibliya na may mga doktrina na nagmumula sa mga demonyo (1 Timoteo 4:1).

► Hindi bababa sa anim na salik ang maaaring mag-ambag sa pagbuo ng isang huwad na relihiyon. Ilan sa mga ito ang maaalala mo nang hindi binabalikan ang teksto?

**Mga Pangkalahatang Katangian ng Mga Kulto[1]**

- Ang grupo ay nagpapakita ng masigasig at walang pag-aalinlangan na dedikasyon sa taong pinuno, at itinuturing ang kanyang sistema ng paniniwala at mga gawi bilang ganap na katotohanan.
- Ang tanong, pag-aalinlangan, at hindi pagsang-ayon ay hindi sinusuportahan, o pinarurusahan pa nga.
- Gumagamit ang grupo ng mga kasanayang nakakapagpabago ng isip (tulad ng pagmumuni-muni, pag-awit, at kaliga-ligayang pagsamba).
- Ang mga pinuno ang nagdidikta kung paano mag-isip, kumilos, at makadama ang mga miyembro (halimbawa, kung minsan ang mga miyembro ay dapat makakuha ng pahintulot na makipag-date, magpakasal o magpalit ng trabaho. Ang mga pinuno ay nag-aatas kung ano ang isusuot, kung saan titira, at kung ang mga miyembro ay dapat magkaroon ng mga anak o hindi).
- Ang grupo ay nagpapahayag ng isang espesyal, mataas na katayuan para sa sarili, pinuno nito, at mga miyembro nito (halimbawa, ang pinuno ay itinuturing na isang espesyal na nilalang o ang Mesiyas).
- Ang pinuno ay walang pananagutan sa anumang awtoridad.
- Ang pamunuan ay nag-uudyok ng damdamin ng kahihiyan at/o pagkakasala upang kontrolin ang mga miyembro.
- Ang pagpapasakop sa pinuno o grupo ay nag-uutos sa mga miyembro na putulin ang mga ugnayan sa pamilya at mga kaibigan, at baguhin ang kanilang mga personal na layunin.
- Ang grupo ay abala sa pagdadala ng mga bagong miyembro.
- Ang grupo ay abala na kumita ng pera.
- Ang mga miyembro ay inaasahang maglalaan ng napakaraming halaga sa grupo at mga aktibidad na may kaugnayan sa grupo.
- Ang mga miyembro ay hinihikayat o hinihiling na mamuhay at/o makihalubilo lamang sa ibang miyembro ng grupo.

[1] Inangkop mula sa https://www.apologeticsindex.org/268-characteristics-of-cults. Na-access noong Hunyo 3, 2020.

## Naibabahagi ang Ebanghelyo

Mabuti na matutunan ang mga espesyal na katangian ng isang kulto at kung paano pabulaanan ang mga pagkakamali. Gayunpaman, pinakamahalagang ibahagi ang ebanghelyo.

Para magkaroon ng pagkakataong ibahagi ang ebanghelyo, huwag mag-aksaya ng oras na makipagtalo tungkol sa maliliit na punto. Huwag saktan ang loob ng miyembro ng kulto sa pamamagitan ng pagtatalo tungkol sa mga makasaysayang katotohanan tungkol sa kanyang kulto na hindi mo mapapatunayan. Magpokus sa mga puntong mahalaga sa ebanghelyo, at huwag hayaang iwasan niya ang mga puntong iyon nang hindi sumasagot.

Kapag natapos na ang pag-uusap, pinakamahalaga na narinig nila ang mensahe kung paano maliligtas. Ang mga argumento tungkol sa iba pang mga bagay ay hindi magliligtas sa kanila kahit na mas mahusay kang makipagtalo kaysa sa kanila.

Kapag nakikipag-usap sa isang miyembro ng kulto, mahalaga para sa isang Kristiyano na magpakita ng katapatan at pagmamalasakit sa tao. Ang Kristiyano ay dapat maging tulad ng isang taong nagmamalasakit sa isang kaibigan. Ang isang Kristiyano ay dapat magalit lamang sa paraan kung paano nagagalit ang isang kaibigan para sa isang taong sinasaktan. Kung nakikita ka ng miyembro ng kulto bilang isang kaaway, tatanggi siyang mapapaniwala mo. Kung ang talakayan ay parang kompetisyon, tatanggi siyang matalo.

Ang isang Kristiyano ay dapat magpakita ng pag-ibig, pagtanggap, tunay na pagmamalasakit, at pagiging bukas sa katotohanan—na nagpapakita na taos-puso niyang pagnanais na makaunawa.

## Naisasabuhay ang Simbahan

Ang isang mabuting lokal na simbahan ay ang tunay na tagumpay laban sa impluwensya ng kulto sa isang komunidad.

Ang pag-eebanghelyo ng mga miyembro ng kulto ay hindi maaaring gawin lamang ng mga indibidwal na humihikayat sa mga indibidwal. Ang isang tao ay hindi karaniwang nagbabago ng kanyang relihiyon nang hindi iniisip ang komunidad ng pananampalataya na kanyang iiwan at ang kanyang papasukin. Kung nagsisimulang maakit ang isang miyembro ng kulto sa pamamagitan ng pakikisalamuha ng isang indibidwal na Kristiyano, gusto niyang makita ang komunidad ng pananampalataya na kinakatawan ng Kristiyano. Gusto niyang makita kung paano talaga isinasabuhay ang pananampalataya. Ipinapalagay niya na ang mensaheng kanyang naririnig ay nakalikha na ng isang komunidad ng pananampalataya na papasukin niya kung siya ay napagbagong loob.

Nangangahulugan iyon na ang kalikasan ng lokal na simbahan ay ganap na mahalaga. Upang maging kaakit-akit sa isang tao na nag-iisip na lumipat mula sa ibang komunidad ng pananampalataya, ang lokal na simbahan ay dapat magkaroon ng ilang mga katangian.

► Anu-ano ang mga katangian ng isang simbahan na maaaring makaakit ng mga tao mula sa isang kulto?

**Mga Katangian ng Isang Kaakit-akit na Lokal na Simbahan**

- Ipinakikita ng mga miyembro na totoo at kasiya-siya ang kanilang kaugnayan sa Diyos. (Ang miyembro ng kulto ay walang kaugnayan sa Diyos.)
- Ang simbahan ay naglalahad ng mga doktrina bilang isang paglalarawan ng katotohanan at bilang mga tuntunin para sa kaugnayan sa Diyos. (Ang mga doktrina ng kulto ay sumasalungat sa isa't isa at hindi nagdadala ng isang tao sa Diyos.)
- Ipinakikita ng simbahan na nasisiyahan sila sa pagsamba sa Diyos. (Ang pagsamba ng kulto ay pantao, makalaman, at demonyo.)
- Ang mga miyembro ng simbahan ay nagpapakita ng layunin para sa buhay na may pananaw sa kawalang-hanggan. (Ang mga kulto ay nagsasabing gumagawa sila para sa walang hanggang mga prayoridad. Dapat ipakita ng simbahan kung paano mamuhay ngayon na may mga halaga ng kawalang-hanggan.)
- Ipinakikita ng simbahan ang prayoridad ng ministeryo sa halip na mga layunin ng mundo. (Ang mga kulto ay nangangailangan ng dedikasyon sa ministeryo, ngunit may mga makamundong layunin ang kanilang mga pinuno.)
- Ang mensahe ng simbahan ay nakakatugon sa malalim na espirituwal na pangangailangan. (Walang ebanghelyo ang kulto na tumutugon sa mga espirituwal na pangangailangan.)
- Ang simbahan ay isang pamilya ng pananampalataya na nagmamahal at nagmamalasakit sa mga kasapi nito. (Ang kulto ay maaaring magsabi na pinangangalagaan nila ang mga miyembro nito ngunit hindi maaaring magkaroon ng tunay na Kristiyanong pagsasama.)

► Ano ang mga tiyak na aksyon na inaasahan mong makita sa isang simbahan na may mga nakalistang katangian?

## Nagdedepende sa Banal na Espiritu

Laging tandaan na ang Banal na Espiritu lamang ang maaaring maging daan para malaman nang mga makasalanan ang kanilang pagkakasala, maunawaan ang katotohanan, at hangarin ang Diyos. Ang isang ebanghelista ay hindi maaaring maging epektibo maliban kung siya ay ginagabayan at pinili ng Banal na Espiritu.

► Paano mo ilalarawan ang pagkakaiba sa pagitan ng isang taong umaasa sa Banal na Espiritu at isang taong hindi?

# Aralin 3
# Mormonismo

## Unang Pagtatagpo

Nakilala sila ni Jose sa unang pagkakataon habang dumadaan siya sa isang parke pauwi. Dalawa silang binata na nakasuot ng itim na pantalon at puting kamiseta, na may suot na name tag. Palakaibigan sila at gustong makipag-usap sa kanya tungkol sa kanilang relihiyon. Nakinig si Jose at hindi nagtanong ng marami. Sila ay tila mula sa isang normal na simbahan at tila sinasabi ang parehong mga bagay na narinig niya sa simbahan. Sinabi nila na sila ay mula sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw, na tinatawag ding mga Mga Mormon.

## Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 1

► Basahin nang malakas ang Isaias 41 nang sabay-sabay. Dapat magsulat ang bawat mag-aaral ng isang talata na nagbubuod sa talata ng banal na kasulatan na ito. Ano ang sinasabi sa atin ng talatang ito tungkol sa Diyos? Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang listahan ng mga pahayag. Bilang isang pangkat, talakayin kung ano ang iyong isinulat.

## Mormonismo

### Pinagmulan at Kasaysayan

Ang Mormonismo ay nagsimula sa isang lalaking nagngangalang Joseph Smith. Sinabi ni Joseph na isang araw noong 1820, nanalangin siya na ipakita sa kanya ng Diyos kung aling simbahan ang tama. Habang nagdarasal, nakakita siya ng isang pangitain. Nakita niya ang dalawang lalaking nakasuot ng puting damit, na sina Jesus at ang Diyos Ama. Sinabi sa kanya ng Diyos na wala sa mga simbahan ang tama at kasuklam-suklam ang kanilang mga paniniwala.

► Ano ang ilang bagay na mali ayon sa Bibliya sa pangitaing ito?

Inangkin ni Joseph ang isang pangitain na nagpakita sa kanya kung saan mahuhukay ang ilang gintong laminang na may nakasulat sa mga iyon. Isinalin niya ang sulat na ito sa tulong ng mahiwagang salamin at inilathala ito bilang *Aklat ni Mormon*. Wala nang ibang nakakita sa mga lamina o salamin mula nang ibalik ito ng anghel sa langit para itago.

Si Joseph ay miyembro ng Lohiyang Masoniko at kinopya ang mga lihim na ritwal ng Mormonismo mula sa mga manwal ng Masoneriya, kabilang ang mga panunumpa sa dugo, mga password, at lihim na pakikipagkamay.

***Sinasabi ng Bibliya na ang mga Apostol ay walang lihim na relihiyon, ngunit bukas sa lahat ng kanilang pinaniniwalaan, tingnan ang 2 Corinto 4:2 at 2 Timoteo 2:2.***

Ang simbahan ng Mormon ay itinatag sa New York noong 1830. Noong 1839, lumipat muna sila sa Nauvoo, Illinois, pagkatapos ay sa Missouri. Sinabi ni Smith na ang Missouri ay ang Lupang Pangako para sa mga Mormon, at ang templo ay itatayo sa Independence, Missouri.[2] Ang templo ay hindi kailanman naitayo, at muling lumipat ang mga Mormon. Gumawa si Smith ng maraming propesiya na hindi natupad.

***Sinasabi ng Bibliya na kung ang propesiya ng isang tao ay hindi natupad, hindi siya dapat pagkatiwalaan bilang isang propeta, tingnan ang Deuteronomio 18:22.***

Sinabi ni Smith, "Mas marami akong dapat ipagmalaki kaysa sa sinumang tao. Ako ang nag-iisang tao na nakapagpapanatili ng buong simbahan na magkasama mula pa noong panahon ni Adan. Ang malaking mayorya ng kabuuan ay nanatili sa tabi ko. Ni si Paul, Juan, Pedro, o Jesus ay hindi kailanman ito ginawa. Ipinagmamalaki ko na walang sinuman ang gumawa ng ganoong gawain na gaya ko. Ang mga tagasunod ni Jesus ay tumakas mula sa kanya; ngunit hindi pa ako tinakasan ng mga Banal sa mga Huling Araw." [3]

Sinalakay at winasak ni Joseph ang palimbagan ng isang pahayagan na tumuligsa sa kanyang poligamya. Habang nasa kulungan si Joseph na naghihintay ng paglilitis, nilusob ng mga mandurumog ang kulungan at pinatay si Joseph at ang kanyang kapatid na si Hiram.

***Sinasabi ng Bibliya na ang isang pastor ay hindi dapat maging mayabang, mabilis mag-init ng ulo, o marahas, tingnan ang Tito 1:7 .***

Pinangalanan ni Smith ang kanyang anak bilang kahalili niya, ngunit pagkamatay ni Smith ang karamihan sa kilusan ay sumunod kay Brigham Young at lumipat sa Salt Lake City, at umalis sa "lupang pangako."

Naniniwala ang mga Mormon na ang tunay na Kristiyanismo ay nagwakas sa pagkamatay ng mga apostol at hindi na muling umiral sa mundo hanggang sa simulan ni Smith ang simbahang Mormon.

► Ano ang ilang mga naunang pangyayari sa simbahang Mormon na dapat nating pagdudahan na ito ang tunay na Kristiyanismo na naibalik sa lupa?

### Impluwensiya sa kasalukuyan

There are many different Mormon denominations that have split off of the original movement started by Joseph Smith. Some of them are very small.

Maraming iba't ibang denominasyong Mormon ang nahiwalay sa orihinal na kilusan na sinimulan ni Joseph Smith. Napakaliit ng ilan sa kanila.

---

[2] Joseph Smith, *Doctrine and Covenants*, Section 57

[3] Joseph Smith, "26 May 1844 (Sunday Morning)," in *The Words of Joseph Smith*, Na-access noong Hulyo 19, 2024, https://rsc.byu.edu/words-joseph-smith/26-may-1844-sunday-morning.

Ang pinakamalaking simbahan ng Mga Mormon ay mayroong punong-tanggapan sa Salt Lake City, Utah at nagsasabing may pandaigdigang miyembro sila na halos 17 milyon.[4] Naglalathala sila ng mga materyal sa 188 na wika.

Mayroon silang halos 55,000 full-time na mga misyonero. Ang mga misyonero ay karaniwang mga kabataang nasa hustong gulang na nagboboluntaryo sa loob ng 1½ o 2 taon. Maaari silang ipadala saanman kung saan ang mga Mormon ay may ministeryo sa mundo nang hindi nakakapili. Nagtatrabaho sila nang walang suweldo.

### Mahirap na Doktrina ng Mormon

#### *Poligamya*

Sinabi ni Joseph Smith na ang poligamya ay iniutos ng Diyos bilang paraan para sa mga tao na maging mga diyos pagkatapos ng kamatayan, ang pinakalayunin ng bawat Mormon. Dapat na magkaroon ang mga lalaki ng maraming asawa para sa kawalang-hanggan, para maaari nilang panirahan ang mga bagong mundo sa parehong paraan kung paano pinaninirahan ng Diyos ang lupa.[5]

***Sinasabi ng Bibliya na ang isang pastor ay dapat magkaroon lamang ng isang asawa, tingnan ang Tito 1:6.***

Si Smith ay nagpakasal sa 27 asawa. Ang pinakabata ay 14 taong gulang. Ang ilan sa kanila ay ikinasal na sa ibang mga lalaki, ngunit sinabi ni Smith na ang mga nakaraang kasal ay hindi maaari kung ang mga ito ay ginawa sa labas ng Mormonismo. Ang pinuno pagkatapos ni Smith, si Brigham Young, ay may 57 asawa at 165 anak.

***Sinasabi ng Bibliya na ang isang taong nagpakasal sa isang diborsiyado ay nagkakasala ng pangangalunya, tingnan ang Mateo 5:32.***

Sinabi ni Smith na ang poligamya ay ang walang hanggang tipan ng Diyos, at ito ay itinatag bago pa ang pagkakatatag ng mundo. Nang maglaon, sinabi ng mga apostol ng simbahang Mormon na ang poligamya ay ang tanging paraan upang maabot ang pagkadiyos[6] at hindi na mababago.

Nagpatuloy ang mga Mormon sa poligamya hanggang 1890, nang magbanta ang gobyerno ng Estados Unidos na kukumpiskahin ang lupain ng simbahan dahil nilalabag nila ang batas. Noong panahong iyon, hinayag ng propetang Mormon na si Woodruff na tumanggap ng paghahayag mula sa Diyos na tapos na ang poligamya.

► Karamihan sa mga Mormon ay hindi nagsasagawa ng poligamya ngayon. Bakit problema pa rin para sa kredibilidad nila ang kasaysayan ng kanilang poligamya?

---

[4] Lahat ng estadistika mula sa "Facts and Statistics | Worldwide Statistics," The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints, https://newsroom.churchofjesuschrist.org/facts-and-statistics, na-access noong Abril 11, 2023.

[5] Joseph Smith, *Doctrine and Covenants*, Section 132

[6] Brigham Young, *Journal of Discourses,* Volume 11, 269

### *Kapootang panlahi*

Ayon sa doktrina ng Mormon, bawat tao ay isang espiritu sa langit bago isinilang. Nagkaroon ng digmaan sa langit, at ang mga hindi nakipaglaban sa kanilang makakaya para sa Diyos ay isinumpa ng maitim na balat. Ang mga lalaking sinipi sa talatang ito ay pawang mga dating pangulo ng simbahang Mormon at itinuring pa rin ng mga Mormon na propeta ng Diyos. Sinabi ni Joseph Smith na kung ang mga maitim na tao ay naniniwala sa mga doktrina ng Mormon at gumagawa ng tama, ang kanilang mga balat ay magiging mas maputi pagkatapos ng ilang henerasyon. Sinabi ni Brigham Young na ang itim na balat at pangong ilong ay ang sumpa ni Cain. Sinabi niya na isa sa walang hanggang alituntunin mula sa Diyos ay ito: ang isang lalaking may dugong Aprikano ay hindi maaaring humawak ng pagkapari. Sinabi rin niya na ang itim na pang-aalipin ay isang banal na institusyon. Sinabi ni Joseph Fielding Smith na nakukuha ng mga itim na tao ang nararapat sa kanila sa mundo dahil sa ginawa ng kanilang mga espiritu bago sila isinilang. Sinabi ni David McKay na ang diskriminasyon ng simbahan laban sa Negro ay hindi nagsimula sa tao kundi sa Diyos.



*Isang estatwa ng anghel na si Moroni ang nasa tuktok ng bawat templo ng Mormon.*

***Sinasabi ng Bibliya na kay Kristo ay walang mga pagkakaiba-iba ng nasyonalidad at etnisidad, tingnan ang Galacia 3:28.***

Sa Mormonismo, ang bawat miyembrong lalaki ay dapat na maging pari. Sa karamihan ng kanilang kasaysayan, hindi pinahintulutan ng mga Mormon ang mga itim na lalaki na maging pari, na nangangahulugang hindi sila tunay na mga miyembro. Noong 1978, sinabi ng simbahang Mormon na nakakuha ng bagong paghahayag na nagpabago sa lahat ng sinabi nila tungkol sa mga itim na tao mula pa noong una, at pinapayagan na nila ngayon ang mga itim na lalaki na maging mga pari. [7]

► Sinasabi ng mga Mormon na tinatanggap nila ang mga itim na tao sa pantay na mga tuntunin kasama nang ibang mga lahi. Bakit ang kasaysayan ng kanilang kapootang panlahi ay problema pa rin para sa kanilang kredibilidad?

### *Panloob na damit*

Ang lahat ng miyembro ng Mormon ay kinakailangang magsuot ng espesyal na damit sa ilalim ng kanilang panlabas na damit. Ang espesyal na damit ay puti at nakatakip sa halos buong katawan. Ito ay dapat na magbigay sa kanila ng espirituwal na proteksyon. Ito ay kumakatawan sa kanilang pangako na maging tapat sa simbahan. Araw at gabi daw nila itong suotin.

---

[7] Larawan ni ErikaWittlieb mula sa Pixabay, nakuha mula sa https://pixabay.com/photos/moroni-angel-statue-prophet-mormon-1467937/.

**Ereheng mga Doktrina ng Mormon**

Ang bawat miyembro ng Mormon ay dapat maniwala na si Joseph Smith ay isang propeta ng Diyos at ang *Aklat ni Mormon* ay isa pang Testamento ni Cristo, na katumbas ng awtoridad ng Bibliya. Mayroon din silang aklat ng mga paghahayag na tinatawag na *Ang Doktrina at mga Tipan* na pinaniniwalaan nilang inspirasyon tulad ng Bibliya. Naniniwala sila na ang Bibliya ay hindi sapat upang itatag ang kanilang pinakamahahalagang doktrina.

Sinasabi ng mga Mormon na ang kanilang relihiyon ay tunay na Kristiyanismo. Marami sa kanilang mga doktrina ay sumasalungat sa biblikal at makasaysayang mga doktrina na sumusuporta sa ebanghelyo. Mahirap alamin ang mga maling pananampalataya kapag nakikipag-usap sa mga miyembro ng Mormon dahil marami sa kanila ang hindi alam kung ano ang itinuro ng kanilang mga propeta.

Ang simbahang Mormon ay naniniwala na ang Diyos ay dating isang tao na tulad natin, ngunit umunlad hanggang sa siya ay naging Diyos na tulad niya ngayon.[8] Naniniwala sila na ang Diyos Ama ay may pisikal na katawan. Marami siyang asawa. Ang kanyang mga anak ay unang ipinanganak bilang mga espiritu, pagkatapos ay ipinadala sa lupa upang ipanganak bilang mga tao.

Sinasabi ng mga Mormon na naniniwala sila na si Jesus ay ipinanganak mula sa isang birhen, ngunit itinuturo ng simbahang Mormon na ipinagbuntis ng Diyos Ama si Maria sa natural na paraan gamit ang kanyang katawan.

> Sa magandang paglalarawan ng wika, pinatutunayan ng Lumang Tipan na ang Diyos ang walang hanggan, walang simula o wakas, na lumalampas sa mga limitasyon ng panahon."
>
> - W.T. Purkiser
> *God, Man, and Salvation*

***Sinasabi ng Bibliya na ang birheng Maria ay naglihi ng isang bata sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, tingnan ang Lucas 1:34-35 at Mateo 1:18. Sinasabi rin ng Bibliya na ang Diyos ay espiritu, Juan 4:24.***

Naniniwala ang mga Mormon na bago isinilang si Jesus sa lupa, siya ay isang espiritu, tulad ng ibang mga anghel; hindi siya Diyos.

***Sinasabi ng Bibliya na si Jesus ay ang Salita ng Diyos at siya ay Diyos bago pa man siya isinilang sa lupa, tingnan ang Juan 1:1-2, 14.***

Naniniwala ang mga Mormon na ang Banal na Espiritu at si Jesus ay mga nilalang na hiwalay sa Ama, at hindi sila kapantay ng Ama. Hindi sila naniniwala sa Trinidad.

► Sa ilang salita, paano mo ipaliliwanag ang problema sa pananaw ng Mormon tungkol sa Diyos?

Naniniwala ang mga Mormon na ang isang lalaking Mormon ay maaaring lumaki upang maging katulad ng Diyos. Naniniwala sila na marami na ang nakagawa na nito, kaya

[8] Joseph Smith in *History of the Church*, Volume 6, 305

maraming diyos. Sinabi ni Apostol Lorenzo Snow, "Tulad ng tao, ang Diyos ay naging tao din minsan; at kung ano ang Diyos, maaaring maging Diyos din ang tao."

Sinabi ni Joseph Smith, "Narito kung gayon ang buhay na walang hanggan—ang makilala ang tanging matalino at tunay na Diyos; at kailangan ninyong matutunan kung paano maging mga Diyos sa inyong sarili, at maging mga hari at saserdote sa Diyos tulad ng ginawa ng lahat ng Diyos bago kayo."

Naniniwala ang mga Mormon na iilan lamang ang mapupunta sa walang hanggang impiyerno. Sinasabi ng mga Morman na ang karamihan sa mga tao ay bibigyan ng pagkakataong tanggapin ang Mormonismo pagkatapos ng kamatayan. Ang mga tapat na Mormon ay mapupunta sa pinakamataas na antas ng langit.

***Sinasabi ng Bibliya na maraming tao ang ipapadala sa impiyerno kasama ang diyablo at mga demonyo, tingnan ang Mateo 25:41.***

Naniniwala ang mga Mormon na ang kaligtasan ay isang gantimpala na ibinigay para sa isang buhay ng tapat na paglilingkod sa Diyos. Hindi sinasabi ng mga Mormon na mayroon silang personal na katiyakan ng kaligtasan.

***Sinasabi ng Bibliya na ang kaligtasan ay kaloob ng Diyos, hindi natamo sa pamamagitan ng mga gawa, tingnan ang Efeso 2:8-9.***

Naniniwala ang mga Mormon na lahat ng iba pang simbahan ay Sataniko, at walang kaligtasan maliban sa pamamagitan ng simbahang Mormon. Walang tunay na pagkakaisa ang posible sa pagitan ng mga Mormon at Kristiyano.

► Bakit imposible ang pagkakaisa sa pagitan ng mga Kristiyano at Mormon? Magbigay ng ilang dahilan.

> "Ang banal na kasulatan ay naglalaman ng lahat ng kailangan para sa kaligtasan. Anumang bagay na hindi kasama sa Bibliya, at hindi mapapatunayan mula rito, ay hindi dapat gawing artikulo ng Pananampalataya o kinakailangan para sa kaligtasan. Itinuturing naming banal na kasulatan ang mga kanonikal na aklat na iyon ng Luma at Bagong Tipan—na ang awtoridad ay hindi kailanman pinagdudahan sa Simbahan."
>
> - Hinango mula sa Mga Artikulo ng Relihiyon ng Church of England

**Mga taktika ng Mormon**

Hinihiling ng mga Mormon sa mga tao na manalangin na ipakita sa kanila ng Diyos kung ang aklat ni Mormon ay totoo at kung si Joseph Smith ay isang propeta. Maraming tao ang nagsasabing nakadarama sila ng pag-alab sa kanilang puso bilang sagot sa panalanging iyon. Iniisip nila na ang nag-aalab na damdamin ay nagpapatunay na ang Mormonismo ay totoo. Ang pakiramdam ay hindi nagpapatunay sa kanila na sila ay personal na naligtas.

***Sinasabi ng Bibliya na hindi tayo dapat maniwala sa ibang ebanghelyo kahit na sabihin ito ng isang anghel, tingnan ang Galacia 1:8.***

Sinasabi ng mga Mormon na naniniwala sila sa Bibliya, ngunit ang Bibliya ay sumasalungat sa kanilang mga doktrina. Sinasabi nila na ang Bibliya ay may mga pagkakamali dahil sa mga pagkakamali sa pagkopya at pagsasalin. Sinabi nila na ang karagdagang paghahayag ay kailangan dahil sa mga pagkakamali sa Bibliya. Para sa isang Mormon, ang pinakamataas na awtoridad ay ang paghahayag ni Joseph Smith. Dahil naniniwala sila na siya ay propeta ng Diyos, tinatanggap nila ang lahat ng paniniwala ng Mormonismo na sumasalungat sa Bibliya.

***Sinabi ni Jesus na ang langit at lupa ay lilipas, ngunit ang kanyang mga salita ay hindi lilipas, Mateo 24:35. Sinabi niya na walang mawawala sa Salita ng Diyos bago ito matupad, tingnan ang Mateo 5:18. Sinabi ni Pedro na ang Salita ng Diyos ay nananatili magpakailanman, tingnan ang 1 Pedro 1:25. Inaasahan ng Diyos na magtiwala tayo sa kanyang Salita sa halip na maghanap ng bagong paghahayag.***

Gumagamit ang mga Mormon ng parehong mga salita na ginagamit ng mga Kristiyano, ngunit magkaiba ang kahulugan ng mga ito. Sinasabi nila na si Jesus ay anak ng Diyos, ngunit hindi nila ibig sabihin na Siya ay Diyos. Sinasabi nila na ang Banal na Espiritu ay ang ikatlong miyembro ng pagka-Diyos, ngunit hindi sila naniniwala sa Trinidad.

Sinasabi nila na si Jesus ay ipinanganak ng isang birhen, ngunit naniniwala sila na ang Diyos Ama ay may pisikal na katawan at ginamit ito upang mabuntis si Maria sa natural na paraan.

> "Naniniwala ako kay... Hesukristo, ang kanyang bugtong na Anak na ating Panginoon; na ipinaglihi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu."
>
> - Ang Kredo ng mga Apostol (Isinulat noong unang siglo bilang buod ng doktrina ng mga apostol.)

Sinasabi nila na si Jesus ay nagdusa at namatay bilang pagbabayad-sala para sa ating mga kasalanan, at maaari tayong manalangin upang mapatawad, ngunit naniniwala sila na ang langit ay isang gantimpala para sa isang tapat na buhay.

Sinasabi ng mga Mormon na sila ay tunay na Kristiyanismo. Sinasabi nila na ang lahat ng iba pang mga simbahan ay huwad. Ngunit kung naiintindihan at pinaniniwalaan ng isang tao ang lahat ng doktrina ng Mormonismo, hindi siya naniniwala sa ebanghelyo ng banal na kasulatan at hindi isang Kristiyano.

► Ngayon bumalik at basahin ang ***naka-bold at naka-italic*** na teksto at bawat kasulatan.

## Paggamit ng *Manwal ng Doktrina*

► Ang mga doktrina sa sumusunod na listahan ay itinatanggi lahat ng mga Mormon. Tingnan ang *Manwal ng Doktrina* para makita ang kahalagahan ng bawat doktrina at ang ebidensya para dito. Tiyaking nauunawaan mo kung paano pinatutunayan ng mga talatang binanggit ang doktrina.

(1) Ang Bibliya ay sapat na para sa doktrina.

(2) May iisang Diyos lamang.

(3) Ang Diyos Ama ay hindi tao.

(4) Ang Diyos ay hindi kailanman nagbago.

(5) Si Jesus ay Diyos.

(7) Ang Banal na Espiritu ay Diyos.

(8) Ang Diyos ay isang Trinidad.

(9) Ang kaligtasan ay sa pamamagitan lamang ng pagtubos ni Kristo.

(11) Tumatanggap tayo ng kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya.

(12) Maaari tayong magkaroon ng personal na katiyakan ng kaligtasan.

(13) Ang hindi ligtas ay magdaranas ng walang hanggang kaparusahan.

## Ebanghelismo

Maaaring mukhang imposibleng baguhin ang isip ng isang Mormon, ngunit ang katotohanan ay libu-libong Mormon ang umaalis sa simbahan ng Mormon bawat taon.

Subukang ipakita sa Mormon na ang pinakamahalagang paniniwala niya ay salungat sa ebanghelyo. Gamitin ang ebidensyang ibinigay sa *Manwal ng Doktrina.* Ibigay ang ebidensyang ito para sa sinumang tila nagiging interesado sa Mormonismo.

Huwag sumang-ayon na manalangin na ipakita sa iyo ng Diyos kung tama ang Mormonismo. Hindi mo dapat hilingin sa Diyos na ipakita sa iyo ang isang bagay kung alam mo na ang katotohanan. Ang pagdarasal ng ganyan ay nagbibigay ng pagkakataon kay Satanas na bigyan ka ng isang karanasan upang lituhin ka.

Ang mga Mormon ay walang personal na katiyakan ng kaligtasan. Marami sa kanila ay nabubuhay sa takot na ang kanilang buhay ay hindi tatanggapin ng Diyos. Siguraduhin na ibinabahagi mo ang ebanghelyo sa kanila at sabihin sa kanila kung paano sila magkakaroon ng katiyakan ng kaligtasan. Iyon ay mas mahalaga kaysa sa anumang bagay na maaari mong sabihin sa kanila.

Maaaring hindi mo makita ang mga resulta ng iyong pakikipag-ugnayan. Maaaring hindi sabihin sa iyo ng Mormon sa pagtatapos ng pag-uusap na nagbago ang isip niya. Gayunpaman, hindi mo alam ang pangmatagalang epekto ng pag-uusap. Patuloy na gagamitin ng Banal na Espiritu ang katotohanang ibinigay mo.

## Isang Patotoo

Lumaki si Joanna sa simbahan ng Mormon at nakibahagi sa lahat ng kanilang ginawa. Siya ay itinuturing na isang magandang halimbawa ng isang babaeng Mormon. Nang umalis siya sa bahay para mag-aral sa Unibersidad ng Idaho, inanyayahan siyang dumalo sa isang Kristiyanong pag-aaral sa Bibliya. Pumunta siya nang may pag-asa na mahihikayat niya ang isang tao na maging Mormon. Sa pag-aaral ng Bibliya, natutuhan niya ang mga bagay tungkol sa Diyos mula sa Bibliya na hindi niya kailanman naunawaan. Nakita rin niya na ang mga Kristiyano doon ay may kaugnayan sa Diyos na hindi niya kailanman nararanasan. Iniwan niya ang simbahang Mormon at nabubuhay para sa Diyos kahit tinanggihan siya ng kanyang pamilya at karamihan sa kanyang mga kaibigang Mormon. Binigyan siya ng Diyos ng bagong Kristiyanong pamilya at mas maraming kaibigan kaysa dati. Sabi ni Joanna, "Sa mga umalis sa simbahan ng Mormon at nag-iisip na ganap na tumalikod sa Diyos, huwag... May layunin pa rin ang Diyos para sa iyo."

## Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 2

► Ngayon basahin muli ang Isaias 41. Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang talata na nagpapaliwanag sa mensahe ng talatang ito para sa isang tagasunod ng Mormonismo. Maaaring ibahagi ng ilang mag-aaral ang kanilang isinulat.

## Takdang Aralin para sa Bawat Aralin

Sa buong kursong ito, magkakaroon ka ng pakikipag-usap sa mga tagasunod ng iba't ibang relihiyon at kultong iyong pinag-aaralan. Kakailanganin mong makipag-usap sa mga miyembro ng hindi bababa sa 10 na iba't ibang grupo ng relihiyon. Dapat mong ipahayag ang ebanghelyo at iba pang katotohanang Kristiyano.

Kung hindi posible para sa iyo na makahanap ng isang miyembro ng relihiyosong grupo na iyong pinag-aaralan sa isang partikular na aralin, dapat kang maghanap ng ibang tao na interesadong marinig ang materyal.

Pagkatapos ng iyong pag-uusap, magbibigay ka ng dalawang ulat.

1. Magsusulat ka ng 2-pahinang ulat at ibibigay ito sa iyong pinuno ng klase. Dito dapat mong ilarawan ang mga pangunahing paniniwala ng grupo ng relihiyon, isang tugon ng Bibliya sa mga paniniwala, ang iyong pakikipag-usap sa hindi mananampalataya, at ang kanilang tugon sa iyong sinabi.

2. Sasabihin mo sa iyong mga kamag-aral ang tungkol sa usapan kapag nagkita kayo para sa klase.

Ang 10 pag-uusap at pagsusulat ng mga takdang-aralin ay ang mga pangunahing takdang-aralin ng kursong ito.

# Aralin 4
# Mga Saksi ni Jehova

## Unang Pagtatagpo

Kumatok sila sa pintuan ni Anthony at inalok siya ng isang kopya ng magasing *Gumising!*. Ang mga bisita ay isang babae kasama ang dalawa niyang anak. Maganda ang pananamit nila at palakaibigan. Ang artikulo sa pabalat ng magazine ay tungkol sa kung paano tulungan ang mga bata na maging mas mahusay sa paaralan. Binasa ng babae ang isang talata ng kasulatan, nagkomento rito, at pagkatapos ay tinanong si Anthony kung interesado siyang dalawin para sa isang pag-aaral sa Bibliya. Sinabi ni Anthony na pag-iisipan niya ito.

## Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 1

► Basahin ng malakas ang Hebreo 1 nang sabay-sabay. Dapat magsulat ang bawat mag-aaral ng isang talata na nagbubuod sa talata ng banal na kasulatan na ito. Ano ang sinasabi sa atin ng talatang ito tungkol kay Jesus? Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang listahan ng mga pahayag. Bilang isang pangkat, talakayin kung ano ang iyong isinulat.

## Mga Saksi Ni Jehova

### Kasaysayan

Sinimulan ni Charles Russell ang Zion’s Watch Tower Tract Society noong 1881 upang ilathala ang kaniyang natatanging mga turo. Pinalitan ng organisasyon ang pangalan nito ng mga Saksi ni Jehova noong 1931.

Sumulat si Russell ng anim na volume set ng mga pag-aaral sa banal na kasulatan. Sinabi niya na mas mabuting basahin ng mga tao ang kanyang mga aklat nang walang Bibliya kaysa magbasa ng Bibliya nang wala ang kanyang mga aklat. Sinabi niya na kung ang isang tao ay huminto sa pagbabasa ng kanyang mga libro at magbasa lamang ng Bibliya, siya ay nasa kadiliman sa loob ng dalaw ang taon, ngunit kung siya ay magbabasa lamang ng kanyang mga libro nang walang Bibliya, siya ay nasa liwanag.

***Sinasabi ng Bibliya na ang Salita ng Diyos ay isang liwanag na gumagabay sa atin, tingnan ang Awit 119:105. Ang Banal na Espiritu ay nagtuturo sa mga tagasunod ni Kristo kahit na wala tayong gurong tao, tingnan ang 1 Juan 2:27.***

Maraming beses na binago ang mga doktrina ng mga Saksi ni Jehova.

Ang mga pinuno ng mga Saksi ni Jehova ay gumawa ng maraming hula na hindi nagkatotoo. Halimbawa, ang pangalawang pinuno, si Rutherford, ay inihula na sina Abraham, Isaac, at

Jacob ay bubuhaying muli sa 1925 at maninirahan sa isang marangyang bahay na inihanda niya para sa kanila. Hindi sila dumating, ngunit siya mismo ang nakatira sa bahay.

***Sinasabi ng Bibliya na kung ang propesiya ng isang tao ay hindi magkatotoo, hindi siya dapat pagkatiwalaan bilang isang propeta, tingnan ang Deuteronomio 18:22.***

Naniniwala ang mga Saksi ni Jehova na lahat ng iba pang simbahan ay Sataniko, at walang kaligtasan maliban sa pamamagitan ng kanilang organisasyon.

***Sinabi ni Jesus sa mga disipulo na hindi lahat ng mga lingkod ng Diyos ay nasa iisang organisasyon, tingnan ang Lucas 9:49-50. Ang kaligtasan ay matatagpuan lamang sa pamamagitan ni Jesus, hindi sa anumang organisasyon, tingnan ang Mga Gawa 4:10, 12.***

► Ano ang ilang bagay na nakikita mo na nagpapahiwatig na ang mga Saksi ni Jehova ay hindi Kristiyano base sa Bibliya?

**Impluwensiya sa kasalukuyan**

Sinasabi ng mga Saksi ni Jehova na nagtatrabaho sila sa 239 na bansa at naglalathala sa mahigit 900 wika. Nakapag-imprenta sila ng humigit-kumulang 40 bilyong piraso ng literatura.[9] Mayroon silang halos 118,000 mga kongregasyon, at kasapi na higit sa 8 milyong aktibong miyembro.[10]

Ang punong tanggapan ng mga Saksi ni Jehova ay nasa Brooklyn, New York.

**Mga Mahihirap na Doktrina ng mga Saksi ni Jehova**

Ang mga Saksi ni Jehova ay hindi nakikilahok sa mga halalan sa gobyerno o humahawak ng anumang katungkulan sa gobyerno, dahil naniniwala silang hiwalay sila sa mga kaharian ng mundong ito.

***Sa Bibliya, ang mga lalaking tulad nina Nehemias, Mordecai, at Daniel ay naglingkod sa Diyos ngunit nagtrabaho din para sa mga bansang pagano, tingnan ang Nehemias 1:11-2:1; Esther 8:2, Esther 10:3; at Daniel 6:1-3.***

Hindi sila naglilingkod sa militar at hindi naniniwala na tama ang digmaan.

Hindi sila nagdiriwang ng anumang mga pista opisyal, maging ang mga pambansang pista opisyal, mga pista ng Kristiyano, o mga kaarawan, dahil naniniwala sila na ang lahat ng mga pagdiriwang ay sumusunod sa mga paganong kaugalian.

[9] "What Is the Watch Tower Bible and Tract Society?" Jehovah's Witnesses, https://www.jw.org/en/jehovahs-witnesses/faq/watchtower-society/, na-access noong Abril 11, 2023.
[10] "Fast Facts—Worldwide," Jehovah's Witnesses, https://www.jw.org/en/jehovahs-witnesses/worldwide/, na-access noong Abril 11, 2023.

Hindi sila tumatanggap ng pagsasalin ng dugo, kahit na upang iligtas ang buhay, dahil sa mga banal na kasulatan na nagbabawal sa pagkain ng dugo.

Hindi sila nagbabayad ng ikapu, at ang kanilang mga pastor ay hindi nakakakuha ng suweldo.

Ang mga Saksi ni Jehova ay hindi naniniwala na ang isang tao ay maliligtas kaagad sa pamamagitan ng paglalagay ng kanyang pananampalataya kay Kristo. Naniniwala sila na dapat siyang sumali sa kanilang organisasyon, matutunan ang kanilang mga doktrina, at simulan ang pagsasanay ng kanilang mga utos. Ang kaligtasan ay isang proseso, at ang sandali kung kailan malalaman ng isa na siya ay naligtas ay hindi tiyak.

"Naniniwala ako sa... isang Panginoong Jesucristo, ang bugtong na Anak ng Diyos; ipinanganak ng kanyang Ama bago ang lahat ng mundo, Diyos ng Diyos, Liwanag ng liwanag, Tunay na Diyos ng Diyos, ipinanganak, hindi ginawa; pagiging kaisa ng Ama.... At naniniwala ako sa Banal na Espiritu, ang Panginoon at Tagapagbigay ng Buhay, na nagmumula sa Ama at sa Anak; na kasama ng Ama at ng Anak ay sinasamba at niluluwalhati."

- Ang Kredo ng Nicene
(Isinulat ng simbahan noong A.D. 325.)

***Sa Bagong Tipan, ang mga tao ay naging mga Kristiyano sa sandaling sila ay nagsisi at naglagay ng kanilang pananampalataya kay Kristo, tingnan ang Mga Gawa 2:41 at Mga Gawa 8:26-39. Ito ay posible dahil tayo ay naligtas sa pamamagitan ng biyaya at hindi sa pamamagitan ng mga gawa.***

Ang bawat miyembro ay kinakailangang magbigay ng buwanang ulat ng aktibidad sa pagpapatotoo. Ang isang miyembro na hindi nagbibigay ng mga ulat ay inalis mula sa listahan ng mga aktibong miyembro at hindi itinuturing na ligtas.

***Sinasabi ng Bibliya na ang Diyos ay may listahan sa langit ng mga taong maliligtas, tingnan ang Lucas 10:20 at Apocalipsis 21:27. Ang listahang iyon ay hindi kabilang sa isang makalupang organisasyon.***

► Ayon sa mga Saksi ni Jehova, paano maliligtas ang isang tao?

Hindi tinatanggap ng mga Saksi ni Jehova ang krus bilang simbolo ng Kristiyano, at naniniwala sila na si Jesus ay namatay sa isang tulos.

Sinasabi nila na ang doktrina ng Trinidad ay dapat tanggihan dahil ito ay hindi makatwiran at imposibleng maunawaan, na para bang walang anumang bagay sa kalikasan ng Diyos na lampas sa ating pang-unawa.

Naniniwala ang mga Saksi ni Jehova na ang Banal na Espiritu ay hindi Diyos, kundi isang puwersang hindi personal na nagmumula sa Diyos, na maihahambing sa kapangyarihan ng kuryente.

Sinasabi nilang naniniwala sila sa muling pagkabuhay ni Jesus, ngunit naniniwala sila na ang kanyang espiritu lamang ang bumangon, hindi ang kanyang katawan.

► Bakit dapat tawaging "mahirap na doktrina" ang mga doktrinang ito?

Ang pinakamalubhang pagkakamali sa doktrina ng mga Saksi ni Jehova ay ang pagtatatwa sa pagka-Diyos ni Kristo at ng Banal na Espiritu.

Sinasabi ng mga Saksi ni Jehova na sila ay tunay na Kristiyanismo. Sinasabi nila na ang lahat ng iba pang mga simbahan ay huwad. Ngunit kung naiintindihan at pinaniniwalaan nang isang tao ang lahat ng doktrina ng mga Saksi ni Jehova, hindi siya naniniwala sa ebanghelyo ng banal na kasulatan at hindi isang Kristiyano.

**Mga taktika ng mga Saksi ni Jehova**

Ang isang taong interesadong sumama sa mga Saksi ay dumaraan sa isang pag-aaral sa Bibliya sa loob ng ilang buwan. Kailangan niyang gumawa ng mga pagbabago sa kanyang buhay upang masunod ang kanyang natutunan. Pagkatapos, siya ay nabautismuhan at naging isang "mamamahayag," at dapat ay namamahagi ng literatura mula sa organisasyon.

Sa karaniwan, ang mga mamamahayag ay gumugugol ng 10,000 oras sa pagpapatotoo bago magkaroon ng isang bagong miyembro.[11]

Ang bawat miyembro ay bibili ng mga nakalimbag na materyales mula sa organisasyon upang ipamahagi.

Hindi nila tinatawag na simbahan ang kanilang mga kongregasyon. Naniniwala silang lahat ng simbahan ay Sataniko. Tinatawag nilang "Bulwagan ng Kaharian" ang kanilang mga gusali.

***Ang Bagong Tipan ay isinulat para sa mga simbahan, tingnan ang Apocalipsis 1:4 at 1 Mga Taga-Corinto 14:3***

Sinisikap nilang patunayan ang kanilang mga doktrina sa pamamagitan ng banal na kasulatan sa mga taong nagtitiwala sa Bibliya nang hindi gaanong nalalaman ang tungkol dito. Inilathala nila ang sarili nilang bersyon ng Bibliya, na tinatawag na *Bagong Sanlibutang Salin,* na may mga pagbabagong sumusuporta sa kanilang doktrina. Binago nila ang maraming mga talata na nagpapahiwatig ng pagka-Diyos ni Kristo. Ang bersyon na ito ay hindi ginawa ng mga tunay na iskolar ng wika sa Bibliya.

> "Ang Pagkabuhay na Mag-uli ay ang pagpapatunay kay Jesus. Sa pamamagitan nito ay natatag magpakailanman ang pagkakakilanlan ni Jesus at ang katotohanan ng kanyang misyon."
>
> - Willard Taylor
> *God, Man, and Salvation*

[11] Kalkulado mula sa mga bilang na iniulat sa "2022 Grand Totals," Jehovah's Witnesses, https://www.jw.org/finder?wtlocale=E&pub=syr22, na-access noong Abril 11, 2023.

Sinasabi nila na si Jesus ay Anak ng Diyos at Tagapagligtas ng mundo, at ginawa niyang posible ang kaligtasan. Naniniwala sila na si Jesus ang unang nilikha ng Diyos, ngunit siya ay isang perpektong tao lamang, at hindi Diyos.

► Sa Colosas 1:16-17, idinagdag ng *Bagong Sanlibutang Salin* ang salitang "iba pa," upang ang mga talata ay nagsasabi na nilikha ni Jesus ang lahat ng iba pang mga bagay, at siya ay nandun na bago ang lahat ng iba pang mga bagay, at para sa kanya ang lahat ng iba pang bagay ay umiiral. Sa palagay mo, bakit idinagdag ng mga Saksi ni Jehova ang salitang iyon?

► Ngayon bumalik at basahin ang ***naka-bold at naka-italic*** na teksto at bawat kasulatan.

## Paggamit ng *Manwal ng Doktrina*

► Ang mga doktrina sa listahan sa ibaba ay itinatanggi lahat ng mga Saksi ni Jehova. Tingnan ang *Manwal ng Doktrina* para makita ang kahalagahan ng bawat doktrina at ang ebidensya para dito. Tiyaking nauunawaan mo kung paano pinatutunayan ng mga talatang binanggit ang doktrina.

(5) Si Jesus ay Diyos.

(6) Si Jesus ay bumangon sa katawan mula sa mga patay.

(7) Ang Banal na Espiritu ay Diyos.

(8) Ang Diyos ay isang Trinidad.

(9) Ang kaligtasan ay sa pamamagitan lamang ng pagtubos ni Kristo.

(11) Tumatanggap tayo ng kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya.

(12) Maaari tayong magkaroon ng personal na katiyakan ng kaligtasan.

(13) Ang hindi ligtas ay magdaranas ng walang hanggang kaparusahan.

## Ebanghelismo

Huwag masamang tratuhin ang mga Saksi ni Jehova. Dahil naniniwala sila na sila ay inuusig para sa katotohanan, inaasahan nila na ang mga Kristiyanong ebanghelikal ay tatratuhin sila nang masama. Sa halip, ipakita ang pag-ibig ni Kristo at ang tunay na pagmamalasakit sa kanila. Ito marahil ang pinakamabisang paraan para maipanalo sila kay Kristo.

Huwag makipagtalo tungkol sa maliliit na isyu, tulad ng pagdiriwang ng mga pista opisyal o paglilingkod sa militar. Mas mahalaga na pag-usapan ang mga pangunahing kaalaman ng ebanghelyo at katiyakan ng kaligtasan.

Ang priyoridad ay ang ibahagi ang ebanghelyo. Ang mga Saksi ni Jehova ay walang katiyakan ng kaligtasan at personal na kaugnayan sa Diyos.

**Isang Patotoo**

Si Carlo ay pinalaki bilang isang Saksi ni Jehova, at marami sa kanyang mga kamag-anak ay nasa kulto pa rin. Bilang isang may sapat na gulang siya ay lumayo sa organisasyon, ngunit naniniwala pa rin na tama sila. Naging Kristiyano ang kaniyang asawa, at nagpasiya siyang patunayan sa kaniya na tama ang mga Saksi ni Jehova. Sa kanyang pag-aaral nalaman niya na sila ay gumawa ng maraming maling hula. Nagsimula siyang magbasa ng Bibliya at napagtanto niya na si Jesus ay Diyos, at hindi isang anghel na tulad ng itinuro sa kanya. Binasa niya ang talata kung saan sinabi ni Jesus, "Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay" (Juan 14:6), at napagtanto niya na ang kailangan niya ay hindi lamang mga paniniwala sa relihiyon, kundi isang relasyon kay Jesus.

**Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 2**

► Ngayon basahin muli ang Hebreo 1. Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang talata na nagpapaliwanag sa mensahe ng talatang ito para sa isang Saksi ni Jehova. Maaaring ibahagi ng ilang mag-aaral ang kanilang isinulat.

**Takdang Aralin para sa Bawat Aralin**

Tandaan na humanap ng pagkakataong ipahayag ang ebanghelyo sa isang tao mula sa relihiyosong grupong ito. Maghandang ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang tungkol sa pag-uusap na mayroon kayo. Isulat ang iyong 2-pahinang nakasulat na ulat at ibigay ito sa iyong pinuno ng klase.

# Aralin 5
# Iglesia ni Cristo

## Unang Pagtatagpo

Si Raphael ay isang Romano Katoliko at dating naging pari, ngunit iniwan ang pagkapari. Isang araw nagsimula siya ng bagong trabaho. Habang tinuturuan siya ng isang lalaki kung paano gawin ang trabaho, nalaman ni Raphael na miyembro siya ng Iglesia ni Cristo. Sinabi ni Raphael, "Nakakapit lang ako kay Jesus; Siya ang aking Diyos." Sinabi ng lalaki sa kanya na si Jesus ay hindi Diyos, at ang kanyang pastor ay maaaring patunayan mula sa Bibliya na si Jesus ay isang tagapamagitan lamang. Ipinakita nila kay Raphael ang maraming kasulatan, at nalito siya. Napaniwala nila siya na si Jesus ay hindi Diyos.

## Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 1

► Basahin ng malakas ang Apocalipsis 1 nang sabay-sabay. Dapat magsulat ang bawat mag-aaral ng isang talata na nagbubuod sa talata ng banal na kasulatan na ito. Ano ang sinasabi sa atin ng talatang ito tungkol kay Jesus? Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang listahan ng mga pahayag. Bilang isang pangkat, talakayin kung ano ang iyong isinulat.

## Iglesia ni Kristo

### Pinagmulan at Impluwensiya

Iglesia ni Cristo was started in the Philippines in 1914 by Felix Manalo, a former Ikapitong-araw na Adventista. At his death, his son became the leader, then a grandson after him.

Ang Iglesia ni Cristo ay itinatag noong 1914 ni Felix Manalo, isang dating Ikapitong-araw na Adventista. Sa kanyang pagkamatay, ang kanyang anak ang naging pinuno, pagkatapos ay apo pagkatapos niya.

> "Sa puso ng pananampalatayang Kristiyano ay ang pagpapahayag na ang ating Panginoong Jesu-Kristo, ang walang hanggang Anak ng Diyos, ay naging tao para sa ating kaligtasan."
>
> - Willard Taylor
> *God, Man, and Salvation*

Ang Iglesia ay may halos 7,000 kongregasyon sa 164 na bansa. [12] Karamihan ay nasa Pilipinas. Ito ang pinakamalaking organisasyong nagpapanggap na Kristiyano sa Pilipinas maliban sa Simbahang Romano Katoliko.

Ang Iglesia ni Cristo ay kumikilos para sa pagpapaunlad ng komunidad. Ang kulto ay lubhang kasangkot sa pulitika at nagsasabi sa mga miyembro nito kung sino ang iboboto

[12] "About Us," Iglesia Ni Cristo (Church of Christ), https://iglesianicristo.net/about-us/, na-access noong Abril 11, 2023.

sa mga halalan. Ang pag-apruba ng simbahan ay hinahangad ng mga pinunong pampulitika. Sinuportahan ng Iglesia ang rehimeng Marcos sa Pilipinas.



Ang Iglesia ay isang mayamang organisasyon na nagbibigay-diin sa detalyadong disenyo ng mga gusali ng simbahan.[13] Itinayo ng Iglesia ang pinakamalaking panloob na may-domeng awditoryum sa mundo. Kahit na marami sa mga miyembro nito ay mahihirap, marami sa mga pinuno ay mga propesyonal tulad ng mga doktor at abogado.

May pagmamay-ari ang Iglesia na mga istasyon ng radyo. Naglalathala ito ng buwanang magasin, ang *Pasugo: God's Message.* Ang magasin na ito ay patuloy na umaatake sa mga Romano Katoliko at ebanghelikal na simbahan.

Marami sa mga naging Iglesia ay mga dating Romano Katoliko na naniniwala na totoo ang Bibliya ngunit walang masyadong kaalaman sa Bibliya. Ang mga miyembro ng Iglesia ay nagpapakita sa kanila ng mga talata sa Bibliya na kumukumbinsi sa kanila na talikuran ang mga doktrinang itinuro sa kanila.

Ang Iglesia ay mayroong mga kongregasyon sa mga pangunahing lungsod sa buong mundo. Karamihan sa mga Iglesia sa labas ng Pilipinas ay mga Pilipinong nandayuhan sa mga bansang iyon.

► Bakit karamihan sa mga naging Iglesia ay mula sa Simbahang Romano Katoliko?

**Doktrina ng Simbahan at Pagtubos**

Ang pinakamahalagang paniniwala ng Iglesia ay ito ang tunay na simbahan, na pinanumbalik ni Felix Manalo. Ang doktrinang ito ay labis na binibigyang diin na ang ebanghelyo ng Iglesia ay tila binubuo ng doktrina ng kanilang simbahan at ang pinagmulan nito.

Naniniwala ang mga tagasunod ng Iglesia na si Felix Manalo ang huling espesyal na sugo ng Diyos. Naniniwala sila na si Manalo ay partikular na binanggit ng ilang beses sa hula sa Bibliya, tulad ng Isaias 41:9-10, Isaias 43:5-7, Isaias 46:11, at Apocalipsis 7:2-3.

Ang Isaias 41:9-10 ay tungkol sa espesyal na hinirang na lingkod ng Diyos. Naniniwala ang mga Kristiyano na ang talatang ito ay tumutukoy kay Jesus, ang Mesiyas, ngunit ang mga tagasunod ng Iglesia ay nagsasabi na ito ay tumutukoy kay Felix Manalo. Sinasabi nila na ang pariralang "mga dulo ng lupa" ay nangangahulugang ang mga huling panahon ng mundo. Naniniwala sila na tinupad ni Manalo ang propesiya na iyon dahil nairehistro niya

[13] Image: "8651Iglesia Ni Cristo churches Malolos City 09" by Judgefloro, nakuha mula sa https://commons.wikimedia.org/wiki/File:8651Iglesia_Ni_Cristo_churches_Malolos_City_09.jpg, pampublikong domain.

ang kanyang simbahan noong araw ding nagsimula ang Unang Digmaang Pandaigdig, na tinatawag nilang simula ng mga huling panahon ng mundo. Ang terminong *mga dulo ng lupa* sa Bibliya ay talagang nangangahulugan ng isang lugar na malayo sa heograpiya.

Sa Isaias 46:11, sinabi ng Diyos na tatawag siya ng isang ibong mandaragit mula sa malayong bansa sa Silangan na tutuparin ang kanyang layunin. Karaniwang nauunawaan ng mga Kristiyanong iskolar ang talatang ito na tumutukoy sa paggamit ng Diyos ng mga dayuhang kapangyarihan upang parusahan ang Israel, na naaayon sa simbolo ng isang ibong mandaragit. Naniniwala ang Iglesia na ang ministeryo ni Felix Manalo ay hinulaan ng talatang iyon.

Ang mga tagasunod ng Iglesia ay naniniwala na ang simbahang Kristiyano ay tumalikod kaagad pagkatapos ng kamatayan ng mga apostol. Naniniwala sila na ang lahat ng simbahan maliban sa kanila ay tumalikod, at ibinalik ni Manalo ang katotohanan na nawala pagkatapos mamatay ang mga apostol.

► Paano mo sasagutin ang pag-aangkin ng Iglesia, na tinupad ni Manalo ang mga tiyak na hula sa Bibliya? Tingnan ang mga talatang ginagamit nila at isaalang-alang ang kanilang mga konteksto.

May kakaibang doktrina ng pagtubos ang Iglesia. Ito ay batay sa utos ng Lumang Tipan na ang isang tao ay hindi dapat parusahan para sa krimen ng ibang tao. Ang mga guro ng Iglesia ay nagsasabi na si Jesus ay hindi namatay para sa mga kasalanan ng iba dahil iyon ay labag sa batas ng Diyos. Ngunit, dahil sinasabi ng Bibliya na ang simbahan ay katawan ni Kristo, kung ang isang tao ay sumapi sa simbahan, hindi siya ibang tao, kundi bahagi ni Kristo. Samakatuwid, hindi namatay si Jesus para kanino nang mamatay siya para sa mga nasa simbahan. Ang doktrinang ito ng pagtubos ay ginagawang lubos na kailangan ang kanilang simbahan para sa kaligtasan, dahil sila ang tanging tunay na simbahan.

► Ipaliwanag kung paano sinasabi ng Iglesia na si Jesus ay namatay para lamang sa mga miyembro ng kanilang simbahan.

Marami sa mga himno ng Iglesia ay tungkol sa simbahan. Ang kanilang paniniwala na sila lamang ang tunay na simbahan ay makikita sa halimbawang ito mula sa isa sa kanilang mga kanta na pinamagatang "One Truth, One Faith" ("Isang Katotohanan, Isang pananampalataya"):

> Isang katotohanan, isang pananampalataya,
> Isang Iglesia kung saan nakatagpo kami ng biyaya
> Isang pag-asa sa loob.
> Ang nag-iisang tunay na Iglesia ni Cristo. [14]

[14] Mga liriko ng "One Truth, One Faith," mula sa https://incmedia.org/one-truth-one-faith/, na-access noong Marso 16, 2023.

## Iba pang mga Paniniwala at Kasanayan

> "Kami, kung gayon, na sumusunod sa mga banal na Ama, lahat nang may iisang pagsang-ayon, ay nagtuturo sa mga tao na ipagtapat ang isa at iisang Anak, ang ating Panginoong Jesucristo, na ang parehong sakdal sa Panguluhang Diyos at perpekto din sa Pagkatao; na isang tunay na Diyos at tunay na tao."
>
> - Ang Kredo ng Chalcedonian
> (Isinulat ng simbahan noong A.D. 451.)

Ang mga pinuno ng Iglesia ay masigasig sa pagpapabalik-loob sa mga tao sa kanilang relihiyon. Hinihimok nila ang kanilang mga tao na magtrabaho sa pagpapalaganap ng mensahe ng simbahan.

Ang mga lalaki at babae ay nakaupo sa magkahiwalay na panig ng santuwaryo sa panahon ng mga pagsamba. Nakakandado ang pinto sa oras ng pagsisimula.

Ang mga paksang binibigyang-diin sa kanilang mga himno ay ang simbahan, pagtitiis sa hirap ng buhay, at mga panalangin para sa kapatawaran. Dalangin nila na tulungan sila ng Diyos na sundin ang mga utos at maging karapat-dapat na tumanggap ng kapatawaran.

Sinasabi ng mga pinuno ng Iglesia na ang Bibliya ang pinagmulan ng kanilang mga paniniwala. Ang kanilang karaniwang istilo ng pagtuturo ay ang paggamit ng maraming talata sa buong Bibliya na tila walang kaugnayan. Gumagamit sila ng iba't ibang bersyon ng Bibliya at maaaring sumipi mula sa anim na magkakaibang bersyon sa isang sermon. Sinisikap nilang sagutin ang anumang tanong gamit ang banal na kasulatan. Marami sa kanilang mga miyembro ang nagsasabi na sila ay nahikayat na sumali sa pamamagitan ng paggamit ng banal na kasulatan ng kulto.

Ang Iglesia ay hindi naniniwala sa Trinidad o sa pagka-Diyos ni Kristo o sa Banal na Espiritu.

Patuloy na inaatake ng mga miyembro ng Iglesia ang doktrina ng pagka-Diyos ni Kristo sa kanilang mga publikasyon. Itinuturo nila na si Jesus ay isang espesyal na tao ngunit hindi Diyos. Sinasabi nila na kung ang isang tao ay nag-iisip na si Kristo ay Diyos, talagang hindi niya kilala si Kristo at hindi naligtas.

Naniniwala sila na sa kamatayan ang kaluluwa ay namamatay at hindi magpapatuloy sa pag-iral maliban kung bubuhayin ng Diyos at muling likhain ang tao. Hindi sila naniniwala sa impiyerno.

Hindi sila naniniwala na ang isang tao ay maliligtas sa pamamagitan ng pagtitiwala kay Kristo pagkatapos marinig ang ebanghelyo na ipinangaral o pagbabasa ng Bibliya. Naniniwala sila na ang kaligtasan ay isang proseso. Ayon sa Iglesia ni Cristo, ang isang tao ay dapat sumapi sa iglesia at panatilihin ang mga kinakailangan ng iglesia upang maligtas. Gayunpaman, hindi nila ginagarantiyahan na ang isang tao ay maliligtas sa pamamagitan ng pagiging miyembro ng simbahan. Naniniwala sila na mawawalan ng kaligtasan ang isang tao kung hindi siya mamumuhay ng tama. Dahil sa mga doktrinang ito, marami sa kanilang mga miyembro ang nangangamba na hindi sila ligtas.

► Bakit hindi nag-aalok ang Iglesia ni Cristo ng agarang katiyakan ng kaligtasan?

Sinasabi ng Iglesia ni Cristo na sila ay tunay na Kristiyanismo. Sinasabi nito na huwad ang lahat ng iba pang simbahan. Ngunit kung naiintindihan at pinaniniwalaan ng isang tao ang lahat ng doktrina ng Iglesia, hindi siya naniniwala sa ebanghelyo ng banal na kasulatan at hindi isang Kristiyano.

## Paggamit ng *Manwal ng Doktrina*

► Dahil sinasabi ng Iglesia ni Cristo na naniniwala sila sa Bibliya, maaaring gamitin ang Bibliya para tumugon sa kanilang mga doktrina. Gamitin ang sumusunod na mga seksyon ng doktrina mula sa *Manwal ng Doktrina* para tumugon sa kultong ito.

(5) Si Jesus ay Diyos.

(7) Ang Banal na Espiritu ay Diyos.

(8) Ang Diyos ay isang Trinidad.

(9) Ang kaligtasan ay sa pamamagitan lamang ng pagtubos ni Kristo.

(11) Tumatanggap tayo ng kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya.

(12) Maaari tayong magkaroon ng personal na katiyakan ng kaligtasan.

(13) Ang hindi ligtas ay magdaranas ng walang hanggang kaparusahan.

## Ebanghelismo

Maaaring napansin mo na ang mga doktrina ng Iglesia ni Cristo ay halos kapareho ng mga doktrina ng mga Saksi ni Jehova. Ang kanilang mga miyembro ay nabubuhay sa takot na hindi pa sila naligtas.

Mahalagang bigyang-diin ang pangunahing katotohanan ng ebanghelyo. Tandaan na nakikipag-usap ka sa mga taong umaasa sa doktrina na sila ay maliligtas sa pamamagitan ng pagiging nasa tamang simbahan. Bigyang-diin ang mga banal na kasulatan na nagtuturo ng personal na katiyakan ng kaligtasan. Ipakita sa kanila na maliban kung mailalagay nila ang kanilang tiwala kay Kristo para sa kaligtasan, hindi nila malalaman kung tiyak na ligtas na sila.

## Isang Patotoo

Si Miguel ay isang ministro sa Iglesia ni Cristo. Nang makilala niya ang marami pang mga pastor sa simbahan, nadismaya siya nang makitang hindi sila namumuhay ayon sa pamantayan ng banal na pamumuhay na kanilang ipinangaral. Ipinangaral nila sa kanilang mga tao na dapat silang mamuhay ng malinis at matuwid. Para kay Miguel kung mas masama buhay ng isang mangangaral, mas malakas ang kanyang pangangaral tungkol sa matuwid na pamumuhay. Sinabi ni Miguel na marami sa mga pastor ang gustong umalis sa

organisasyon ngunit hindi alam kung paano ito gagawin. Takot sila sa pag-uusig. Nagpasya si Miguel na umalis sa organisasyon at sumunod sa doktrina ng Bibliya.

### Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 2

► Ngayon basahin muli ang Apocalipsis 1. Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang talata na nagpapaliwanag sa mensahe ng talatang ito para sa isang tagasunod ng Iglesia ni Cristo. Maaaring ibahagi ng ilang mag-aaral ang kanilang isinulat.

### Takdang Aralin para sa Bawat Aralin

Tandaan na humanap ng pagkakataong ipahayag ang ebanghelyo sa isang tao mula sa relihiyosong grupong ito. Maghandang ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang tungkol sa pag-uusap na mayroon kayo. Isulat ang iyong 2-pahinang nakasulat na ulat at ibigay ito sa iyong pinuno ng klase.

# Aralin 6
# Silangang Kidlat

## Unang Pagtatagpo

Si Shang Hui ay isang pastor sa China. Nagsimula siyang makarinig ng mga taong umaalis sa simbahan upang sumapi sa Simbahan ng Makapangyarihang Diyos. Maging ang kanyang mga magulang ay sumama sa kanila. Nang makilala niya ang mga miyembro ng kulto, sinabi nila, "Jehova ang pangalan ng Diyos, ngunit noon ay si Jesus iyon sa lupa. Makakagawa muli ng bagong bagay ang Diyos, at maging isa pang Kristo sa lupa." Naguluhan si Shang Hui sa mga itinuro nila. Nasiraan siya ng loob sa kanyang ministeryo dahil lumalago ng napakabilis nang kulto.

## Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 1

► Basahin nang malakas ang 2 Timoteo 3 nang sabay-sabay. Dapat magsulat ang bawat mag-aaral ng isang talata na nagbubuod sa talata ng banal na kasulatan na ito. Ano ang sinasabi sa atin ng talatang ito tungkol sa mga huwad na relihiyong Kristiyano? Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang listahan ng mga pahayag. Bilang isang pangkat, talakayin kung ano ang iyong isinulat.

## Silangang Kidlat

### Pinagmulan at Impluwensya

Ang opisyal na pangalan para sa kulto na tinatawag na Silangang Kidlat ay Simbahan ng Makapangyarihang Diyos. Ang relihiyon ay nagsimula noong 1989 sa Tsina. Nasa 100,000 hanggang 1,000,000 ang mga pagtatantya ng bilang ng miyembro.

Naniniwala ang Silangang Kidlat na ipinahayag ng Diyos ang kanyang sarili noong panahon ng Lumang Tipan bilang Jehovah, pagkatapos ay dumating sa lupa bilang si Jesus, at ngayon ay naparito sa lupa sa anyo ng isang babae na tinatawag ang kanyang sarili na Kidlat Deng. Ang kanyang tunay na pangalan ay Yang Xiangbin. Hindi lumalabas sa publiko si Deng, at hindi alam ng publiko kung ano ang hitsura niya o kung nasaan siya. Ang nakikitang pinuno ng kulto ay si Zhao Weishan, na maaaring asawa ni Yang.

> "Ang paghahayag na ito [ng Bibliya] ay kumpleto na ngayon. Wala nang idaragdag pa rito ang Diyos, dahil naglalaman ito ng lahat ng kailangan para sa mga tao, kapwa sa pagtukoy sa mundong ito at sa darating, at tinuligsa niya ang pinakamabigat na paghatol laban sa mga magdaragdag dito o magbabawas ng anuman mula rito."
>
> \- Adam Clarke
> *Christian Theology*

***Sinasabi ng Bibliya na hindi tayo dapat maniwala kapag sinabi ng mga tao na ang Mesiyas ay nakatago sa lupa, tingnan ang Lucas 17:23.***

Sinasabi ng Silangang Kidlat na ang Bibliya ay hindi na napapanahon, at kailangan ang bagong paghahayag. Ang kulto ay naglathala ng ilang mga libro, kabilang ang *Kidlat mula sa Silangan,* na nagsasabing ito ay paghahayag mula sa Diyos sa babaeng Kristo. Ang mga aklat ay nagsasalita sa mga Kristiyano at nagbabanta sa kanila ng mga detalyadong parusa.

***Sinabi ni Jesus na ang kanyang mga salita ay hindi kailanman lilipas, tingnan ang Marcos 13:31.***

Itinuro ng Silangang Kidlat na ang pangalan ni Jesus ay lipas na at walang kapangyarihan, at si Deng na ngayon ang Kristo.

***Tinupad ni Jesus ang lahat ng hula tungkol sa buhay, kamatayan, at muling pagkabuhay ng Mesiyas. Samakatuwid, hindi kailangan ng bagong mesiyas, tingnan ang Lucas 24:44, Mateo 16:16 at Mateo 24:4-5.***

Hinulaan nila ang katapusan ng mundo na ito ay noong Disyembre 21, 2012.

► Ano ang ilang mga bagay na nakikita mo na na nagpapakita na ang organisasyong ito ay hindi Kristiyano?

**Mga Aktibidad at Estratehiya**

Ang Silangang Kidlat ay partikular na nag-aasinta ng mga simbahang Kristiyano, at pinipili pa ang pinakamalakas na Kristiyano. Maraming mga kuwento patungkol sa mga taong nasa ministeryong Kristiyano na umalis sa simbahan upang sumama sa kanila. Ang mga miyembro ng kulto ay nagkukunwaring sumasali sa mga simbahan, pagkatapos ay nag-aalok ng malaking halaga ng pera sa mga pastor na Kristiyano kung sila ay magpapalit ng relihiyon. Ang kulto ay hindi gaanong interesado sa mga tao ng ibang relihiyon o sekta.

***Sinasabi ng Bibliya ang tungkol sa mga taong napopoot sa mabuti, tingnan ang 2 Timoteo 3:3.***

Gumagamit ang kulto ng prostitusyon para makaakit ng mga potensyal na magpapalit ng relihiyon. Ang mga taong sumasali ay hiwalay sa kanilang mga asawa at kinakailangang gumawa ng mga sekswal na aktibidad.

***Pinapanatili ng mga Kristiyano ang kadalisayan at pinoprotektahan ang mga pangako sa kasal, tingnan ang Efeso 5:3, Hebreo 13:4.***

Ang mga miyembro ng Silangang Kidlat ay kilala na gumagamit ng pagpapahirap, pagkidnap, at pagpatay upang maisakatuparan ang kanilang mga layunin. Pisikal nilang inaatake ang mga pinuno ng mga organisasyong Kristiyano. Hindi sila pumapayag na umalis ang miyembro sa kanilang samahan.

***Sinasabi ng Bibliya na ang isang Kristiyano ay dapat maging mahinahon, sumusunod sa batas, at hindi marahas, tingnan ang Tito 3:1-2.***

Kung ang isang tao ay tila interesadong sumali, nagbibigay sila ng mga regalo, ngunit nagbabanta sila ng karahasan kung ang isang tao ay hindi magpapalit ng relihiyon. Ang mga miyembro ng kulto ay nagkukuwento ng mga taong tumatanggap ng nakamamatay na sakit mula sa Diyos dahil sa paglaban sa kulto. Sinisikap din nilang ipasok ang mga Kristiyano sa kasalanang seksuwal, pagkatapos ay i-blackmail sila.

> "Bumaba si Jesus sa impiyerno; sa ikatlong araw ay nabuhay siyang muli mula sa mga patay; umakyat siya sa langit, at naupo sa kanan ng Diyos Amang Makapangyarihan sa lahat; mula roon ay darating siya upang hatulan ang mga buhay at patay."
>
> - Ang Kredo ng mga Apostol

***Ang karunungan na mula sa Diyos ay mapayapa, mahabagin, at dalisay, Santiago 3:17.***

Sinasabi ng mga kalahok sa kulto na sila ay maling inakusahan ng karahasan, ngunit maraming Kristiyano at misyonero sa China ang nakasaksi sa kanilang mga aksyon.

Kinakailangang ibigay ng mga miyembro ang lahat ng mayroon sila sa kulto. Hinihikayat silang iwanan ang kanilang mga pamilya at manirahan sa kulto at magtrabaho sa pagpapalaganap ng mensahe.

Sinimulan ng Silangang Kidlat ang pagpapalawak ng organisasyon sa ilang iba pang mga bansa. Nagsisimula sila sa pagbibigay ng nakalimbag na materyal sa mga tao sa mga simbahang Tsino.

► Paanong ang mga aksyon ng tunay na simbahan ay iba sa mga aksyon ng Silangang Kidlat?

**Mga paniniwala**

Kinikilala ng mga tagasunod ng Silangang Kidlat na si Kristo ay namatay para sa ating mga kasalanan, ngunit hindi naniniwala na ang isang tao ay maaaring maligtas ni Kristo nang wala ang kanilang organisasyon. Upang maligtas, kailangang talikuran ng isang tao ang kanyang pananampalataya kay Jesus at sa halip ay sundin si Deng, ang babaeng Kristo. Itinatanggi nila ang muling pagkabuhay at ang ikalawang pagbabalik ni Kristo.

Naniniwala sila na sinumang hindi tumatanggap sa mensahe ni Deng (ang babaeng Kristo) ay hahatulan ng Diyos.

> "Ang pinakamahalagang panukala ng pagtuturo ng pagbabayad-sala ay ang kamatayan ni Cristo ang nakakamit, nagbibigay-daan na dahilan ng kaligtasan. Ginagawang posible ng kamatayan ni Cristo ang ating kaligtasan."
>
> - Thomas Oden
> *The Word of Life*

***Ang Bibliya ay naghula ng mga tao na lalaban sa katotohanan at magsisikap na hatiin ang simbahan, tingnan ang Judas 1:17-19.***

> Ngayon ang responsibilidad ng tao ay sundin ang babaeng Kristo, at kung tatalikuran niya ang kanyang pananampalataya kay Jesu Kristo, punitin ang kanyang Bibliya sa publiko, tawagin ang kanyang sarili na "anak ng diyablo," ay "nasupil" sa pamamagitan ng ganap na pagpapasakop sa mga salita ng babaeng Kristo at sa gayo'y magiging isang "nagwagi," siya ay makakapasok sa Kaharian na itatatag sa lupa ng babaeng Kristo.[15]

► Paano natin malalaman na si Jesu Kristo at ang Salita ng Diyos ay kailangan pa rin ng Kristiyano?

Ang Simbahan ng Makapangyarihang Diyos (Silangang Kidlat) ay nagsasabing tunay silang Kristiyanismo. Sinasabi nito na ang lahat ng iba pang simbahan ay huwad. Ngunit kung ang isang tao ay nauunawaan at pinaniniwalaan ang lahat ng mga doktrina ng Silangang Kidlat, hindi siya naniniwala sa ebanghelyo ng banal na kasulatan at hindi isang Kristiyano.

► Ngayon bumalik at basahin ang ***naka-bold at naka-italic*** na teksto at bawat kasulatan.

## Paggamit ng *Manwal ng Doktrina*

► Ang mga doktrina sa listahan sa ibaba ay tinanggihang lahat ng Silangang Kidlat. Tingnan ang *Manwal ng Doktrina* para makita ang kahalagahan ng bawat doktrina at ang ebidensya para dito. Tiyaking nauunawaan mo kung paano pinatutunayan ng mga talatang binanggit ang doktrina.

(5) Si Jesus ay Diyos.

(7) Ang Banal na Espiritu ay Diyos.

(8) Ang Diyos ay isang Trinidad.

(9) Ang kaligtasan ay sa pamamagitan lamang ng pagtubos ni Kristo.

(11) Tumatanggap tayo ng kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya.

(12) Maaari tayong magkaroon ng personal na katiyakan ng kaligtasan.

## Ebanghelismo

Kahit na ang marahas, imoral, at mapanlinlang na mga estratehiya ng kultong ito ay ginagawa silang parang isang organisasyong terorista, marami sa kanilang mga tagasunod ang hindi nakakaalam sa mga aktibidad ng mga pinuno. Lalo na sa mga bansa maliban sa China, maaaring hindi maniwala ang mga taong humanga sa kulto sa mga akusasyon laban sa kanila. Samakatuwid, mahalaga para sa isang Kristiyano na makatugon sa kanilang mga doktrina.

---

[15] "The Development and Beliefs of the Eastern Lightning Cult", China For Jesus, na-access noong Nobyembre 1, 2023, http://www.chinaforjesus.com/EL_development.htm.

Hindi posibleng maging Kristiyano ang isang tao na ganap na nakikilahok sa kulto at naniniwala sa kanilang mga doktrina. Samakatuwid, mayroon silang espirituwal na kagutuman na hindi napupunuan. Ang priyoridad ng isang Kristiyano ay ang magbahagi ng ebanghelyo sa kanila.

Maraming tao ang sumasali sa Silangang Kidlat dahil sa takot. Dapat nating ipangaral na ang katapatan sa katotohanan ay mas mahalaga kaysa sa anumang kalagayan sa lupa. Alam din natin na ang kaharian ng Diyos ay magtatagumpay.

### Espesyal na Babala: Huwag Iwanan ang Makasaysayang Kristiyanismo

Ang Kristiyanismo mula noong sinaunang panahon hanggang ngayon ay may iba't ibang paniniwala. Gayunpaman, ang mga pundasyong doktrina tungkol sa kalikasan ng Diyos at sa kalikasan ni Kristo ay itinatag at ipinagtanggol ng simbahan sa lahat ng panahon. Ang mga naunang konseho na kumakatawan sa lahat ng simbahan ay nagsulat ng mga pahayag ng doktrina ng Bibliya, at lahat ng simbahang nangangaral ng ebanghelyo ay itinuturing na kailangan ang mga doktrinang ito. Ang mga simbahan sa Bibliya ay mukhang ibang-iba sa isa't isa, at hindi sumasang-ayon sa maraming bagay, ngunit sumasang-ayon sila sa ilang mahahalagang bagay.

May ilang kulto ang nagsasabi na ang lahat ng mga simbahan maliban sa kanila ay mali sa mahahalagang doktrina at hindi tunay na Kristiyano. Hindi lamang sila sumasalungat sa maliliit na doktrina, kundi sa mga doktrinang kailangan sa ebanghelyo. Itinatanggi nila ang mga bagay na ikinaiba ng mga Kristiyano sa ibang mga relihiyon. Ang isang kultong tumatanggi sa mahalagang Kristiyanismo ay isa pang relihiyon at hindi dapat magsabi na sila ay Kristiyano.

Kapag sinabi ng isang kulto na ito ay tama at ang lahat ng iba pang simbahan ay mali, kailangan nating mapagtanto kung ano ang ipinahihiwatig nito. Sinasabi nila na mali ang mga sinaunang konseho na kumakatawan sa lahat ng simbahan. Sinasabi nila na mali ang milyun-milyong Kristiyano na nabuhay sa lahat ng panahon. Sinasabi nila na mali ang mga maka-Diyos na taong kilala mo na mga halimbawa ni Kristo. Sinasabi nila na mali lahat ng lalaki at babae sa buong mundo na nagmamahal sa Diyos, nagdarasal, sumasamba, nagpapatotoo sa biyaya ng Diyos, dumaranas ng pag-uusig, sumusunod sa Bibliya, at nagbabahagi ng ebanghelyo. Sinasabi ng kulto na ang lahat ng ito ay mali kahit na sa pangunahing katotohanan na bumubuo sa pagka- Kristiyano ng isang tao.

Kung tama ang kulto, hindi pinili ng Diyos na gabayan ang kanyang simbahan sa mahahalagang katotohanan ng ebanghelyo sa loob ng maraming siglo. Kung tama ang kulto, kataka-taka na ang mga taos-puso, maka-Diyos na mga tao saanman ay tumatanggi pa rin sa kanilang mga doktrina. Totoo na ang mga relihiyosong organisasyon ay maaaring maging makamundo, makapangyarihan, at mayaman at hindi tunay na interesado sa katotohanan, ngunit ang mga maka-Diyos at espirituwal na mga tao sa mga simbahan sa lahat ng dako ay humahawak sa mahahalagang katotohanan sa Bibliya.

## Isang Patotoo

Sumali si Lia sa kulto ng Silangang Kidlat dahil inakala niyang sila ay mga Kristiyano, ngunit hindi nagtagal ay napagtanto niyang hindi sila naniniwala sa Bibliya o kay Jesus. Nagpasya siyang umalis, ngunit pinalo nila ang kanyang mga binti gamit ang isang bakal, kaya hindi siya makalakad. Papatayin daw nila ito kapag umalis siya. Nang maglaon ay nakatakas siya sa tulong ng isang Kristiyano. Nasa simbahan siya ngayon at humihingi ng tulong sa Diyos. Siya ay baldado pa rin dahil sa mga pinsala mula sa Silangang Kidlat.

## Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 2

► Ngayon basahin muli ang 2 Timoteo 3. Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang talata na nagpapaliwanag sa mensahe ng talatang ito para sa isang tagasunod ng Silangang Kidlat. Maaaring ibahagi ng ilang mag-aaral ang kanilang isinulat.

## Takdang Aralin para sa Bawat Aralin

Subukang humanap ng pagkakataong maipahayag ang ebanghelyo sa isang tao mula sa relihiyosong grupong ito. Maaaring wala ang kultong ito sa bansa kung saan ka nag-aaral. Kung hindi, ipakita ang materyal sa ibang tao at kunin ang kanilang tugon. Maghandang ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang tungkol sa pag-uusap na mayroon kayo. Isulat ang iyong 2-pahinang nakasulat na ulat at ibigay ito sa iyong pinuno ng klase.

# Aralin 7
# Mga Kultong Apokaliptic

## Unang Pagtatagpo

Papunta si Pedro sa isang simbahan nang makita niya ang malaking karatula: "Araw ng Paghuhukom, Mayo 21, 2011. Ginagarantiyahan ito ng Bibliya!" Iniisip ni Pedro kung ano ang dapat niyang gawin kung totoo ang mensahe. Tila walang dahilan para pag-aralin ang kanyang mga anak, o tapusin ang pagpapatayo ng kanyang bahay, o ibalik ang perang hiniram niya. Iniisip niya kung dapat ba niyang ibigay ang lahat ng kanyang pera para makatulong sa pagpapalaganap ng mensahe.

## Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 1

► Basahin ng malakas ang Marcos 13 nang sabay-sabay. Dapat magsulat ang bawat mag-aaral ng isang talata na nagbubuod sa talata ng banal na kasulatan na ito. Ano ang mga babala na ibinigay ni Jesus sa talatang ito? Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang listahan ng mga pahayag. Bilang isang pangkat, talakayin kung ano ang iyong isinulat.

## Mga Kultong Apokaliptic

### Panimula sa Mga Kultong Apokaliptic

Mayroong daan-daang Mga Kultong Apokaliptic. May iba't-ibang pangalan at uri ang mga ito. Kadalasan ang mga ito ay sinimulan ng isang tao na nag-aangking may bagong paghahayag tungkol sa hinaharap. Ang ilan sa kanila ay tumatagal lamang ng maikling panahon, na may iilang mga miyembro, at ang iba ay nagiging malaki. Ang ilan sa mga organisasyong tinalakay sa ibang mga seksyon ng kursong ito ay may mga katangian ng Mga Kultong Apokaliptic. Halimbawa, ang mga Saksi ni Jehova ay ilang beses nang gumawa ng mga hula upang hikayatin ang kanilang mga miyembro, ngunit ang mga hula ay hindi natupad.

### Bakit Umiiral ang Mga Kultong Apokaliptic

> "Oo, naniniwala ako na ang mundong ito, gaya ng alam natin, ay darating sa pagwawakas.Kung kailan, hindi ko alam, ngunit ang lahat ng kasaysayan ay tumuturo patungo sa isang kasukdulan na kaganapan kapag ang lahat ng nakikita ngayon ay dinadalisay ng apoy. Hindi ito imahinasyon kundi ang malinaw at paulit-ulit na patotoo ng Bibliya."
>
> \- Billy Graham

Maraming tao ang may pakiramdam na ang mundo ay darating sa panahon ng krisis na magpapabago sa lahat ng alam nating normal. Ang krisis ay maaaring ilarawan sa usapin ng ekonomiya, ekolohiya, digmaan, pulitika, o pagbabago sa kultura.

Maraming mga bagong nobela at pelikula ang naglalarawan ng isang kathang-isip na pahayag na nangyayari sa pamamagitan ng isang

pandaigdigang salot, o digmaang nuklear, o isang higanteng bulalakaw na tumatama sa lupa. Sa mga kuwentong ito, karamihan sa mga tao sa mundo ay namatay, at ang mga taong nakaligtas ay pumapasok sa isang panahon kung saan ang buhay ay ganap na naiiba sa anumang bagay na kanilang nalaman.

Dahil sa takot at paghihintay na ito, naghahanap ang mga tao ng sagot tungkol sa kung paano harapin ang hinaharap. Ang ilang mga tao ay naghahanap ng relihiyosong mga paliwanag. Nagiging interesado sila sa mensahe ng isang apokaliptik na kulto. Ang isang apokaliptik na kulto ay sinimulan ng isang tao na nagsasabing siya ay isang propeta na may bagong paghahayag. Sinusubukan ng Mga Kultong Apokaliptic na tugunan ang emosyonal at espirituwal na mga pangangailangan ng mga tao sa pamamagitan ng pagpapaliwanag sa kalagayan ng mundo at kung ano ang dapat nating gawin upang maghanda.

Ang Mga Kultong Apokaliptic ay umiral sa lahat ng panahon. Isang nagsasabing propeta na nagngangalang Montanus ang nabuhay noong ikalawang siglo ng simbahan at gumawa ng mga hula tungkol sa malapit nang pagdating ng kaharian ng Diyos at ang katapusan ng sistema ng mundo. Sa buong kasaysayan ng simbahan ay may mga taong nagsasabing alam nila ang panahon kung kailan babalik si Kristo upang itatag ang kanyang kaharian at hatulan ang masasama. Milyun-milyong tao ang nalinlang at nadismaya.

► Anong mga halimbawa ng Mga Kultong Apokaliptic ang nakita o narinig mo na?

Ang mga pinuno ng Mga Kultong Apokaliptic ay hindi tumutugon sa mga krisis ng panahon sa biblikal na paraan, bagaman sinasabi nila na sila ay mga Kristiyano at gumagamit ng Bibliya. Nasa ibaba ang ilang katangian ng karamihan sa Mga Kultong Apokaliptic.

**Mga Katangian ng Apokaliptik na Kulto**

### (1) Nagtatakda sila ng mga petsa para sa mga partikular na hula.

Maaaring hulaan nila ang ikalawang pagdating ng Panginoon.

***Sinabi ni Jesus na walang nakakaalam ng oras ng kanyang pagbabalik, tingnan ang*** *Mateo* ***24:36.***

Maaari nilang hulaan ang katapusan ng mga pamahalaan ng mundo. Maaari nilang hulaan ang isang sakuna na wawasak sa masasamang tao sa mundo. Maaari silang magbigay ng isang tiyak na oras kung kailan ito dapat mangyari. Kapag nabigo itong mangyari, sinasabi nilang iba ang ibig sabihin ng kanilang hula. Maaari silang magtakda ng bagong petsa. Karaniwan silang gumagawa ng maraming mas maliliit na hula na hindi rin nagkakatotoo.

***Sinasabi ng Bibliya na kung ang propesiya ng isang tao ay hindi magkatotoo, hindi siya dapat pagkatiwalaan bilang isang propeta, tingnan ang Deuteronomio 18:22.***

### (2) Mayroon silang mga bagong interpretasyon ng banal na kasulatan.

Nagbibigay sila ng bagong kahulugan sa ilang mga parirala sa banal na kasulatan na hindi kailanman naisip ng sinuman. Ang kahulugan ay isang bagay na hindi mapapatunayan mula

sa mismong kasulatan. Sinasabi ng nagkukunwaring propeta na ang interpretasyon ay ibinigay sa kanya sa pamamagitan ng paghahayag, na nagiging bagong paghahayag at hindi interpretasyon. Ito ay isang maling paggamit ng Bibliya dahil sinasabi nilang ang Bibliya ang nagtuturo ng kanilang mga ideya, ngunit ang totoo ay talagang umaasa sila sa bagong paghahayag upang magdagdag ng kahulugan sa Bibliya na wala pa noon. Ang mga taong naniniwala sa mensahe ay ang mga taong nagpasya na magtiwala sa propeta. Hindi nila sinusunod ang awtoridad ng Bibliya kundi ang awtoridad ng pinuno ng kulto.

***Sinasabi ng Bibliya na ang kasulatan ay hindi para magbigay ng sariling kahulugan ang mga indibiduwal. Kinasihan at kinokontrol ng Diyos ang proseso ng pagsulat upang ang ibig sabihin nito ay kung ano ang gustong sabihin ng Diyos, tingnan ang 2 Pedro 1:20-21.***

**(3) Nangangailangan sila ng mga pagkilos na hindi Kristiyano.**

Nag-uubliga sila ng mga kaugalian mula sa kanilang mga miyembro na hindi kailanman naging tipikal ng Kristiyanismo. Maaaring mag-utos sila ng paghihiwalay mula sa lipunan at normal na buhay. Mayroon silang pagalit na saloobin laban sa mga kaaway at maaaring humimok pa nga ng karahasan. Maaari silang gumamit ng dahas laban sa kanilang mga miyembro at kanilang pamilya. Kapag nagkakaproblema sila dahil sa kanilang mga aksyon, tinatawag nila itong pag-uusig. Naniniwala sila na ang Diyos ay mahimalang mamagitan bilang tugon sa kanilang radikal na pananampalataya. Ang ilan sa Mga Kultong Apokaliptic ay nauwi sa pagpapakamatay.

***Ang Tito 3:1-5 ay naghambing nang pag-uugali na dapat maging tipikal sa isang Kristiyano sa pag-uugali ng mga makasalanan.***

**(4) Inihihiwalay nila ang kanilang mga miyembro sa ibang mga pakikipag-ugnayan.**

Ang ilang Mga Kultong Apokaliptic ay nagsasabi sa kanilang mga miyembro na ibigay ang lahat ng mayroon sila sa organisasyon. Ang mga miyembro ay magkasamang nakatira sa isang lugar at hiwalay sa sinumang kaibigan at kamag-anak na wala sa kulto. Maaari silang turuan na ituring ang lahat ng mga tagalabas bilang mga kaaway. Sa Lubhang dismayado ang mga tagasunod dahil ang pagsasama ay hindi nakabatay sa katotohanan at hindi maaaring maging tunay na Kristiyanong pakikisama.

***Nanalangin si Jesus na tayo ay makasama sa sanlibutan ngunit maging iba dito katulad niya, tingnan sa Juan 17:14-16.***

► Ang tanong na ito ay nagpapakilala sa susunod na seksyon: Anong pinsala ang nagagawa ng Mga Kultong Apokaliptic?

**Mga Epekto ng Apokaliptikong Kulto**

Ang Mga Kultong Apokaliptic ay mapanira sa ilang paraan.

1. Inaakit nila ang mga tao mula sa mga simbahang Kristiyano sa maling doktrina.
2. Binibigo nila ang kanilang mga tagasunod at nagiging sanhi ng tuluyang pagkawala ng kanilang pananampalataya.
3. Sinasabi nila na sila ay mga Kristiyano, ngunit may di-Kristiyanong pag-uugali na nakakasira sa reputasyon ni Kristo.
4. Nagdudulot sila ng pagdududa ng mga tao sa mga banal na kasulatan tungkol sa kaharian ng Diyos at sa pagbabalik ni Kristo.

**Ang Tugon ng Kristiyano sa Krisis ng Daigdig**

Nangungusap ang Bibliya sa mga panahong tulad nito. Ang mga banal na kasulatan tulad ng aklat ni Daniel at ang aklat ng Apocalipsis ay isinulat sa mga panahon ng walang katiyakang kinabukasan, kaguluhan sa lipunan, pandaigdigang digmaan, at pag-uusig. Ito ang mga panahong sumubok sa pananampalataya ng mga taong naniniwala sa Diyos. Tila ang lahat ay hindi makontrol at ang lahat ng mabuti ay maaaring masira.

> "Si Jesus ay muling paririto, na may kaluwalhatian, upang hatulan ang mga buhay at ang mga patay: na ang kaharian ay walang katapusan."
>
> - Ang Kredo ng Nicene

Ang dakilang tema ng makahulang mga banal na kasulatan ay ang Diyos ang may kontrol at kalaunan ay itatatag ang kanyang kaharian at gagantimpalaan ang mga matuwid.[16] Pinapatunayan ng Bibliya na ang mga panahon ay magiging mahirap at ang kasamaan ay tila maghahari sa loob ng ilang panahon. Sinabihan ang mga mananampalataya na hawakan ang kanilang pananampalataya sa Diyos at mamuhay nang tapat sa kabila ng mga nangyayari sa mundo. Kung paanong ang mga kasulatang iyon ay ginamit sa mga panahong iyon, ang mga ito ay gagamitin din sa iba pang pagkakataon kapag ang pananampalataya ay nasubok din.

Ang aklat ng 2 Tesalonica ay isinulat para sa mga Kristiyano na umaasa sa nalalapit na pagbabalik ni Jesus at sa araw ng paghuhukom ng Diyos. Naririnig nila ang mga taong nagsasabing alam nila na ang mga pangyayari ay nangyari na (2 Tesalonica 2:2). Naguguluhan sila kung ano ang dapat nilang ginagawa.

Inilarawan ni Apostol Pablo ang ilang mga pangyayari na magaganap sa ilang sandali bago ang pagbabalik ni Kristo, kabilang ang pamamahala ng isang taong tinatawag na "ang taong makasalanan" at "ang anak ng kapahamakan" (2 Tesalonica 2:3).

Ang lalong mahalaga para sa atin ay makita ang pangwakas na mga tagubilin ni Pablo sa mga mananampalataya sa 2 Tesalonica 2:15-17. Sinabi niya sa kanila na maging matatag at patuloy na sundin ang itinuro sa kanila. Hindi nila dapat iwanan ang mga pangunahing

---

[16] Daniel 2:44, Daniel 4:34, Daniel 6:26, Daniel 7:27, Apocalipsis 1:7, Apocalipsis 6:15-17, Apocalipsis 11:15, Apocalipsis 17:14, Apocalipsis 19:11-21.

simulain ng buhay Kristiyano dahil sa anumang mga kaganapan na maaaring darating. Sa talatang 17 siya ay nananalangin na itatag sila ng Diyos sa bawat mabuting salita at gawain.

Kahit na malapit na ang katapusan ng mundo, hindi ito ang panahon para iwanan natin ang mga prinsipyo ng pamumuhay Kristiyano. Ang mga bagay na palaging pinakamahalaga ay magiging pinakamahalaga hanggang sa wakas. Dapat tayong mag-ebanghelyo sa mga naliligaw, panghawakan ang tunay na doktrina, mamuhay ng banal, makisama sa mga mananampalataya, gumawa ng mabuti sa kapwa, at magpakita ng pagmamahal sa lahat ng tao.

► Ano ang pinakamahalagang bagay na dapat tandaan kung tayo ay nabubuhay sa panahon ng apokaliptic?

► Ngayon bumalik at basahin ang ***naka-bold at naka-italic*** na teksto at bawat kasulatan.

## Ebanghelismo

Ang unang priyoridad kapag nakikipag-usap sa isang miyembro ng isang apokaliptik na kulto ay tiyaking naiintindihan niya talaga ang ebanghelyo. Maaari mong ipagpalagay na ang isang miyembro ng kulto ay naniniwala sa mga doktrina ng Kristiyanismo at nagdagdag lamang ng ilang natatanging propesiya, ngunit ang kulto ay maaaring aktwal na sumasalungat sa mahahalagang doktrina.

Sunod naman na mahalagang bigyang diin ay kung paanong nahiwalay ang kulto sa makasaysayang Kristiyanismo. Bigyang diin ang mga aksyon at turo na hindi kailanman tatanggapin ng mga makadiyos na tao ng simbahan sa paglipas ng mga siglo.

Ituro ang katotohanan na ang Mateo 24:36 ay nagsasabi sa atin na ang panahon ng pagbabalik ni Kristo ay hindi ipinahayag.

Ituro na ang kanilang interpretasyon sa mga banal na kasulatan ay nakabatay lamang sa kanilang pagtitiwala sa pinuno at hindi sa karaniwang mga alituntunin ng interpretasyon.

Ituro na ang Deuteronomio 18:22 ay nagsasabi sa atin na ang isang tao ay hindi dapat pagkatiwalaan bilang isang propeta kung kahit isa sa kanyang mga propesiya ay hindi totoo.

## Isang Patotoo

Si Joyce ay lumaki sa isang pamilyang Saksi ni Jehova. Noong bata pa siya, naniniwala siya na ang mga turo sa Bulwagan ng Kaharian ay mula mismo sa Diyos. Isang gabi nagpatawag ng espesyal na pagpupulong ang mga pinuno. Inanunsyo nila na magaganap ang Armagedon sa 1975. Pitong taon pa bago iyon. Umiyak si Joyce nang gabing iyon sa takot sa mangyayari sa kaniyang pamilya pagdating ng Armagedon. Sa sumunod na ilang taon, nagtrabaho nang husto ang kanyang pamilya at iba pa para sa kulto. Naniniwala sila na wala nang mahabang panahon ang natitira. Ang mga magasin ng kulto ay nag-imprenta ng mga larawan ng mga bata, matatanda, at matatandang nawasak sa Armagedon. Sa huling araw ng 1975, maraming tao ang natulog na umaasang darating ang wakas sa gabing iyon.

Nagising si Joyce kinaumagahan na namangha na pareho pa rin ang lahat. Hindi na muling nagsalita ang kanyang mga magulang tungkol sa propesiya. Kalaunan ay huminto si Joyce sa pagpunta sa mga pulong ng kulto, ngunit hindi niya alam kung saan hahanapin ang katotohanan. Pagkaraan ng maraming taon, nakilala ni Joyce ang isang lalaking nagpaliwanag sa kanya ng kaligtasan, at siya ay naligtas.

### Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 2

► Ngayon basahin muli ang Marcos 13. Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang talata na nagpapaliwanag sa mensahe ng talatang ito para sa isang tagasunod ng isang apokaliptik na kulto. Maaaring ibahagi ng ilang mag-aaral ang kanilang isinulat.

### Takdang Aralin para sa Bawat Aralin

Tandaan na humanap ng pagkakataong ipahayag ang ebanghelyo sa isang tao mula sa relihiyosong grupong ito. Maghandang ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang tungkol sa pag-uusap na mayroon kayo. Isulat ang iyong 2-pahinang nakasulat na ulat at ibigay ito sa iyong pinuno ng klase.

# Aralin 8
# Hinduismo

## Unang Pagtatagpo

Si Amit ay pinalaki sa isang pamilyang Hindu at nakilahok sa lahat ng mga kaugalian sa relihiyon. Noong bata pa siya, araw-araw siyang nagdarasal. Taos puso siya ngunit nakadama ng espirituwal na kahungkagan. Binasa ni Amit ang mga akda ng Hindu upang subukang mas maunawaan ang kanyang sariling relihiyon. Itinuro sa kanya na ang mga paniniwala ay hindi mahalaga dahil lahat ng relihiyon ay mga daan patungo sa Diyos. Nais niyang makahanap ng tunay na katotohanan na magdadala sa kanya sa Diyos, ngunit inisip niya kung mayroon talagang katotohanang tulad niyan.

## Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 1

► Basahin nang malakas ang Isaias 46 nang sabay-sabay. Dapat magsulat ang bawat mag-aaral ng isang talata na nagbubuod sa talata ng banal na kasulatan na ito. Anong kaibahan ang ginagawa ng talata sa pagitan ng Diyos at mga diyus-diyosan? Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang listahan ng mga pahayag. Bilang isang pangkat, talakayin kung ano ang iyong isinulat.

## Hinduismo

### Panimula sa Hinduismo

Ang relihiyon ng Hinduismo ay nagsimula sa India nang mas nauna kaysa sa anumang kasaysayan na maaaring matukoy. Ang Hinduismo ay walang indibidwal na tagapagtatag at walang organisasyon na naglalaman ng lahat ng mga tagasunod. Mayroong higit sa isang bilyong Hindu,[1717] ngunit mayroon silang iba't ibang paniniwala. Maraming Hindu ang nagsasagawa lamang ng ilan sa mga kaugalian ng relihiyong Hindu.

> "Ang ideya ng Diyos bilang isang may walang katapusang katalinuhan ay nasa ugat ng lahat ng katotohanan. Ito ay isang bahagi ng paniniwala na kinakailangan para sa katatagan ng lahat ng iba pang mga paniniwala tungkol sa Diyos."
>
> - A.W. Tozer
> *The Knowledge of the Holy*

Naniniwala ang mga Hindu na ang kanilang relihiyon ay nagmula sa mga sinaunang sulatin ng India na tinatawag na *Vedas.* Ang Vedas ay binubuo ng daan-daang libro.

Walang doktrinal na pahayag na kumakatawan sa unibersal na paniniwala ng Hindu tungkol sa diyos. Karamihan sa mga Hindu ay naniniwala sa maraming diyos na may personalidad

[17] "Religion: Hinduism," Joshua Project, https://joshuaproject.net/religions/5, na-access noong Abril 11, 2023.

at gumagawa ng mabuti at masama. Gumagamit ang mga Hindu ng maraming diyus-diyosan na kumakatawan sa mga diyos at espiritung kanilang sinasamba.

***Sinabi ni Jesus na sambahin lamang natin ang isang tunay na Diyos, tingnan ang Lucas 4:8.***

Ang ilang mga Hindu ay sumasamba sa isang diyos bilang kataas-taasang. Tinatawag ng ilang Hindu ang kataas-taasang diyos na *Shiva*; ang ibang mga Hindu ay may iba pang mga pangalan at paglalarawan ng kanilang pinakamataas na diyos. Si *Shiva* ay may asawa at mga anak.

> "Sumasampalataya ako sa Diyos Amang Makapangyarihan sa lahat, na may gawa ng langit at lupa."
>
> - Ang Kredo ng mga Apostol


Si *Shiva* ay gumagawa ng mabuti at masama. Tinatawag ng ilan si *Shiva* na manlilikha, ngunit hindi nila ibig sabihin na ang mundo ay nilikha sa isang partikular na panahon.

Kahit na pinag-uusapan ng mga Hindu ang tungkol sa isang kataas-taasang diyos, hindi magkatulad ang ibig sabihin nila sa ibig sabihin ng mga Kristiyano kapag tinutukoy nila ang Diyos. Naniniwala ang mga Kristiyano na ang Diyos ang tunay na realidad at personal na Manlilikha ng mundo. Sinasabi ng mga Hindu na naniniwala sila sa isang diyos, ngunit hindi ito isang diyos na nag-iisip o nakikipag-usap, maliban sa pamamagitan ng iba't ibang mga diyos na nagkaroon ng pisikal na anyo.

***Sinabi ng propetang si Jeremias na lumikha ang Diyos sa pamamagitan ng kanyang kapangyarihan, at lahat ng huwad na diyos ay mapapahamak, tingnan ang Jeremias 10:9-12. Ang Diyos ay nakikipag-usap sa mga tao at sinasabi sa atin kung sino siya, tingnan ang Isaias 46:9-10.***

Naniniwala ang mga Hindu na mayroong isang pangunahing, hindi personal na katotohanan na nagmula sa mundo. Tinatawag ng ilang mga Hindu ang tunay na realidad na Brahman. Naniniwala sila na ang lahat ng umiiral ay bahagi ng Brahman. Naniniwala sila na ang Brahman ay ang kaluluwa o mahalagang sarili sa bawat buhay na bagay. Maaari pa nga nilang sabihin na naniniwala sila sa isang diyos lamang, ngunit ang ibig nilang sabihin ay lahat ng bagay na umiiral ay iisa, at ito ay diyos.

***Sinasabi ng Genesis 1 na nilikha ng Diyos ang lahat sa pamamagitan ng kanyang utos. Siya ay naiiba sa mga bagay na ginawa niya, tingnan ang Genesis 1:1.***



Ang mga Hindu ay naniniwala na ang sinumang mahusay na pinuno na nakikinabang sa mga tao ay maaaring maging isang diyos. Ang bawat tao ay isang paghahayag ni Brahman, ngunit ang isang diyos ay isang tao na mas naging Brahman nang higit sa iba.[18]

[18] Larawan ni Ganesh Chaturti mula sa Unsplash, nakuha mula sa https://unsplash.com/photos/Mawa0oZ3YKs.

► Ano ang ilang mga pagkakaiba sa konsepto ng Diyos sa pagitan ng Kristiyano at Hindu?

Sinasabi ng mga Hindu na bukas sila sa lahat ng relihiyon. May kasabihan sila na "Lahat ng katotohanan ay iisa." Sinasabi nila na maraming mga landas patungo sa layunin, kahit na ang iba't ibang relihiyon ay may iba't ibang konsepto ng buhay na dapat isabuhay ng isang tao at ang layunin na dapat niyang subukang maabot. Hindi nila ibig sabihin na "lahat ng katotohanan ay iisa" na ang ibig sabihin na ang lahat ng katotohanan sa iba't ibang relihiyon ay makatwiran na naaayon sa isa't isa. Ibig sabihin nila na ang lahat ng katotohanan ay isang pagpapahayag ng tunay na katotohanan na hindi kayang ipaliwanag.

***Sinabi ni Apostol Pablo na ang pangunahing responsibilidad ng isang pastor ay magturo ng tunay na doktrina, tingnan sa Tito 1:9. Lahat ng relihiyon ay hindi pare-pareho, tingnan ang 1 Timoteo 1:3-6.***

Ang mga Kristiyano ay naniniwala na kahit na ang Diyos ay mas dakila kaysa sa ating naiintindihan, nagsiwalat siya ng ilang totoong mga pahayag tungkol sa kanyang sarili. Kung ang isang relihiyon ay sumasalungat sa katotohanang inihayag ng Diyos tungkol sa kanyang sarili, mali ang relihiyong iyon.

> "Ang Kristiyano ay naniniwala sa tao, ang walang katapusang halaga ng indibidwal na tao, at ang hindi mabibiling potensyal na matatamo sa pamamagitan ng tumutubos na biyaya ng Diyos."
>
> - W.T. Purkiser
> *Exploring Our Christian Faith*

Ang ilang mga Hindu ay naniniwala na si Jesus ay isang taong nagsagawa ng mga prinsipyo ng Hinduismo at isang mahusay na guro tulad ng iba na nabuhay sa ibang mga panahon. Hindi sila naniniwala na siya ang natatanging Anak ng Diyos.

Naniniwala ang mga Hindu sa walang katapusang pag-ikot ng panahon, na walang simula, walang katapusan, at walang mga pangyayaring permanenteng nagpapabago sa mga bagay.

Ang mga Hindu ay naniniwala sa reinkarnasyon. Naniniwala sila na ito ay ang muling pagsilang ng mahalagang sarili ng isang tao sa iba't ibang anyo ng buhay, nang maraming beses.

***Sinasabi ng Bibliya na ang mga tao ay mamatay nang isang beses pagkatapos ay haharap sa paghatol sa harap ng Diyos, tingnan ang Hebreo 9:27.***

Naniniwala ang mga Hindu sa karma. Ayon sa konsepto ng karma, ang isang tao ay tumatanggap ng mabuti at masamang kahihinatnan para sa kanyang mga aksyon sa buhay na ito at sa kabilang buhay. Ang Karma ay isang likas na batas ng sansinukob, hindi batay sa mga batas na ipinataw ng sinumang diyos, at hindi kinokontrol ng sinumang diyos.

***Ang Kristiyano ay sumusunod sa batas ng Diyos at may personal na kaugnayan sa Diyos, tingnan ang Juan 14:15. Sinasabi sa atin ng Bibliya na hahatulan ni Kristo ang lahat ng tao ayon sa kanyang matuwid na pamantayan, tingnan ang Mga Gawa 17:31, 2 Corinto 5:10, Santiago 4:12.***

Ang isang tao ay nagkasala kung siya ay gumawa ng isang bagay na nakakapinsala sa kanyang sarili o sa iba. Maaari niyang balansehin ang mga maling aksyon sa mga mabubuting aksyon para makakuha ng mas magandang resulta. Ngunit, walang kapatawaran.

Ang pinakalayunin ng Hindu ay ang makahanap ng paglaya mula sa pag-ikot ng reinkarnasyon sa isang walang hanggang kalagayan na tinatawag na nirvana. Tinukoy ng ilang Hindu ang kundisyong ito bilang walang hanggang pag-iral ng sarili, habang ang iba ay nakikita ito bilang paghigop ng Brahman, tulad ng isang patak ng tubig na bumabagsak sa dagat. Maraming mga Hindu ang naniniwala na ang tao ay tumigil sa pag-iral bilang isang may malay na indibidwal kapag siya ay nahigop na ng Brahman.

***Ang layunin ng Kristiyano ay mamuhay nang walang hanggan sa isang personal na relasyon sa Diyos sa langit, tingnan ang Apocalipsis 21:3.***

► Ano ang ilang pagkakaiba sa pagitan ng Hindu na konsepto ng nirvana at ng Kristiyanong konsepto ng langit?

**Pamumuhay ng Hindu**

Ayon sa paniniwala ng Hindu, ang mga ganap na tumalikod sa mundo ay hindi dapat gumawa, maghanda, o mag-imbak ng pagkain. Dapat silang mamalimos ng kanilang pagkain araw-araw. Ang ilan ay umaasa sa mga kamag-anak; ang iba naman ay nagbabahay-bahay para mamalimos. Ang pinakamagandang mga halimbawa ng mga tagasunod ng Hindu ay hindi nagtatrabaho para masuportahan ang kanilang sarili.

***Sinasabi ng Bibliya na ang isang tao ay hindi dapat umasa sa iba at tumangging magtrabaho, tingnan ang 2 Tesalonica 3:10.***

Maraming mga Hindu ang vegetarian. Sa mga kumakain ng karne, karamihan ay hindi kumakain ng karne ng baka dahil iginagalang ang mga baka. Ang pagkain ay kadalasang inihahandog sa mga diyus-diyosan bago ito kainin, maging sa mga tahanan.

***Sinasabi ng Bibliya na ang lahat ng karne ay maaaring kainin, tingnan ang 1 Timoteo 4:3-4.***

Ang mga Hindu ay may napakahusay na sining ng templo at arkitektura, mga kasuotan, at mga personal na palamuti na may kahalagahan sa relihiyon.

Naniniwala ang mga Hindu na dapat silang pantay-pantay na nagmamalasakit sa bawat anyo ng buhay. Naniniwala sila na ang isang tao ay dapat magmalasakit sa isang naghihirap na aso tulad ng pag-aalaga niya sa kanyang anak. Naniniwala sila na walang relasyon ang

dapat magbigay ng emosyon sa isang tao tungkol sa pangangailangan ng isang tao. Naniniwala sila na ang pag-aalaga sa isang tao dahil sa isang relasyon ay isang maling motibasyon. Naniniwala sila na ang Brahman ay walang emosyon tungkol sa anumang bagay, walang kalungkutan at walang kagalakan. Dapat na subukan ng isang Hindu na maabot ang antas na iyon.

Kapag pinag-uusapan ng mga Hindu ang pantay na pagmamalasakit sa lahat, maaaring mukhang pareho sila ng ideya ng mga Kristiyano. Sa totoo lang hindi ito pareho. Naniniwala ang mga Kristiyano na dapat nilang mahalin ang iba gaya ng pagmamahal nila sa kanilang sarili. Naniniwala ang mga Hindu na hindi ka dapat mag-alala tungkol sa iba o sa iyong sarili.

Para sa isang Hindu, ang meditation ay nangangahulugan ng pagkakaroon ng ganap na kontrol sa iyong sariling isip, upang walang pag-iisip na dumating nang walang pahintulot mo. Ang kanilang pagsamba ay idinisenyo upang alisan ng laman ang isip. Kaya naman gumagamit sila ng paulit-ulit na tunog at salita at pagsasanay. Ang layunin ng meditation ay pag-iisip tungkol sa wala. Nagsimula ang yoga bilang isang sistemang Hindu ng mga pagsasanay para sa paglilinaw ng isip.

Ang mga Hindu ay nagdarasal sa mga diyos bilang isang paraan upang ituon ang isip. Kung ang isang Hindu ay nakakamit ng kabuuang pokus, hindi na niya kakailanganin ang mga diyos at hindi na niya kakailanganing manalangin. Hindi sila direktang nagdarasal kay Brahman.

► Ngayon bumalik at basahin ang ***naka-bold at naka-italic*** na teksto at bawat kasulatan.

## Ebanghelismo

Dahil ang mga Hindu ay hindi naniniwala sa Bibliya, ang paggamit ng mga tekstong patunay upang pabulaanan ang kanilang mga paniniwala ay hindi magpapabago sa kanilang isip. Sa halip, ipakita ang biblikal na ebanghelyo sa paraang tumutugon sa kanilang pangangailangan. Ang personal na patotoo ng Kristiyano tungkol sa kaugnayan sa Diyos ay nakakatulong na hipuin ang pangangailangan ng Hindu na makilala ang Diyos.

Ang Diyos, ang Tagapaglikha at Tagapagtaguyod ng mundo, ay isang taong nag-iisip at nagsasalita, kabaligtaran sa Hindu Brahman.

Ang Diyos ay matuwid at mapagmahal, walang masamang bahagi sa kanyang kalikasan. Siya ay palaging mapagkakatiwalaan, kabaligtaran sa mga diyos ng Hindu na may makasariling motibo at salungatan sa kanilang sariling katangian.

Mahal ng Diyos ang sangkatauhan at nilalang tayo na may layuning mamuhay nang may kaugnayan sa kanya. Siya ay may disenyo para sa ating buhay at isang plano para sa atin na mamuhay sa langit kasama niya magpakailanman. Ang bawat isa sa atin ay maaaring personal na makilala ang Diyos bilang Ama.

Ang mga tao ay indibidwal na nahiwalay sa Diyos dahil nagkasala sila laban sa kanyang kalooban. Ang bawat tao ay hahatulan ng Diyos nang paisa-isa para sa kasalanan. Ito ay naiiba sa Hindu na konsepto ng impersonal na karma na nagpapatakbo bilang isang batas ng kalikasan.

Si Jesus ay dumating bilang ang pagkakatawang-tao ng Diyos upang mamatay bilang isang sakripisyo para sa ating mga kasalanan upang tayo ay mapatawad. Ang bawat tao ay maaaring magkaroon ng kaugnayan sa Diyos sa pamamagitan ng paghingi ng kapatawaran batay sa sakripisyo ni Jesus.

Sa pamamagitan ng pagpapatawad ay nagkakaroon tayo ng personal na kaugnayan sa Diyos na nagmamahal sa atin at nangakong aampunin tayo bilang kanyang mga anak, sa halip na sumamba sa malayo at walang malasakit na mga diyos na hindi nagbigay ng pangako sa atin.

## Isang Patotoo

Nang unang makilala ni Amit ang isang Kristiyano, nasaktan siya sa ideya na iisa lamang ang daan patungo sa Diyos. Nang basahin niya ang mga talinghaga ni Jesus sa Bibliya, namangha siya sa pagkakalapat nito sa kanyang buhay. Habang sinasaliksik niya ang katumpakan ng Bibliya, naniwala siya na ang Bibliya ay naingatang mabuti mula sa orihinal na pagkakasulat nito. Isang araw ay nanood siya ng isang pelikula tungkol sa pagpapako kay Jesus sa krus at nagpasya na ilagay ang kanyang pananampalataya kay Kristo. Sinabi ni Amit, "Kung ang Kristiyanismo ay isa lamang sa maraming magkakatulad na relihiyon, kung gayon ang mga sakripisyong ginawa ko, kabilang ang pagkawala ng kapayapaan ng aking pamilya, ay walang kabuluhan. Kumportable ako sa aking pananampalatayang Hindu at nasiyahan sa aktibong buhay panalangin; Unti-unti lang akong nakaramdam ng kakulangan at matigas ang ulo na lumaban sa tawag ng Diyos mula sa loob ng simbahan. Katotohanan at pag-ibig ang nagtulak sa akin na tanggapin si Kristo bilang Panginoon."

## Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 2

► Ngayon basahin muli ang Isaias 46. Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang talata na nagpapaliwanag sa mensahe ng talatang ito para sa isang Hindu. Maaaring ibahagi ng ilang mag-aaral ang kanilang isinulat.

## Takdang Aralin para sa Bawat Aralin

Tandaan na humanap ng pagkakataong ipahayag ang ebanghelyo sa isang tao mula sa relihiyosong grupong ito. Maghandang ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang tungkol sa pag-uusap na mayroon kayo. Isulat ang iyong 2-pahinang nakasulat na ulat at ibigay ito sa iyong pinuno ng klase.

# Aralin 9
# Budismo

## Unang Pagtatagpo

Si Yeo ay lumaki sa isang pamilyang Budista sa Pilipinas. Naaalala niya ang mga panahong hindi ligtas na pumunta sa palengke dahil pinapatay ng mga Muslim ang mga Budista para sa kanilang relihiyon. Minsan sumama si Yeo sa kanyang ina sa templo ng mga Budista upang magsunog ng insenso. Isang araw ay nagkasakit at naghihingalo ang kanyang kapatid na babae. Naroon ang isang doktor ngunit hindi nakatulong. Ang ina ni Yeo ay taimtim na nagdasal na tulungan ni Buddha ang kanyang kapatid.

## Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 1

► Basahin nang malakas ang Genesis 3 nang sabay-sabay. Dapat magsulat ang bawat mag-aaral ng isang talata na nagbubuod sa talata ng banal na kasulatan na ito. Ano ang sinasabi sa atin ng talatang ito tungkol sa Diyos, tao, kasalanan, at sanlibutan? Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang listahan ng mga pahayag. Bilang isang pangkat, talakayin kung ano ang iyong isinulat.

## Budismo

### Pinagmulan ng Budismo

Ang Budismo ay binuo ni Siddhartha Gautama. Walang nakasulat tungkol sa buhay ni Siddhartha Gautama hanggang 400 taon pagkatapos ng kanyang kamatayan, kaya ang mga detalye tungkol sa kanyang buhay ay hindi tiyak.

Si Gautama ay ipinanganak noong mga 563 B.C. Siya ay anak ng isang hari ng isang maliit na bahagi ng India. Bilang isang binata ay tinakasan niya ang kanyang mga tagabantay upang lumabas at makita ang mundo. Nakita niya ang mga tao sa kahirapan at sakit, at nagkaroon ng konklusyon na ang buhay ay talagang kalungkutan at pagdurusa.

Si Gautama ay nagkaroon ng isang karanasan na sinabi niyang nagpaliwanag sa kanya tungkol sa kalikasan ng realidad. Ang salitang *Buddha* ay nangangahulugang "naliwanagan." Si Gautama ay madalas na tinatawag na "ang Buddha."

***Sinasabi sa atin ng Bibliya na huwag magtiwala sa isang mensahe mula sa isang espiritu na hindi kumikilala kay Jesukristo, tingnan ang 1 Juan 4:3. Ang kaliwanagan na natanggap ni Gautama ay hindi tama.***

### Kasalukuyang Impluwensya

Sa ngayon ay maraming iba't ibang sekta ng Budismo. Hindi sila nagkakaisa sa isang pandaigdigang organisasyon.

Ang mga akda na itinuturing na banal na kasulatan ng mga Budista ay kayang magpuno ng libu-libo. Samakatuwid, ang bawat sekta ay nakatuon sa ilang partikular, sa halip na subukang pag-aralan silang lahat.

► Paano naiiba ang pananaw ng isang Kristiyano sa Bibliya sa paraan ng pagtingin ng isang Budista sa kanyang mga kasulatan?

Ang bilang ng mga nagpapahayag na Budista sa mundo na sadyang sumusunod sa mga turo ng Budista ay hindi bababa sa 350 milyon. Mahigit sa isang bilyong tao ang tumatawag sa kanilang sarili na mga Budista dahil lamang sila ay naturuan ng Budismo, at hindi sila tapat sa ibang relihiyon.

Tinatawag ng maraming tao ang kanilang sarili na mga Budista dahil sinusunod nila ang ilan sa mga payo ng mga kasulatang Budista. Maaaring hindi nila nauunawaan ang mga pundasyong doktrina ng Budismo at hindi rin sila nakikilahok sa mga organisadong grupo.

**Paniniwala tungkol sa Diyos at Panahon**

Ang mga Budista ay hindi naniniwala sa isang kataas-taasang Diyos na isang tao. Sa halip, naniniwala sila sa isang tunay na realidad na kabuuan ng lahat ng bagay na umiiral. Samakatuwid, ang mga Budista ay gumagawa ng meditasyon, ngunit hindi sila nagdarasal, dahil hindi sila naniniwala na mayroong Diyos na nagsasalita at nakikinig. Ang mga Budista ay may mga sulatin na tinatawag na mga panalangin, ngunit hindi sila tumutugon kaninuman. Walang anumang uri ng mga diyos ang mahalaga sa Budismo.

> "Nandiyan talaga ang Diyos. Siya ay nariyan habang Siya ay naririto at saanman, hindi nakakulong sa isang puno o bato, ngunit malaya sa sansinukob, malapit sa lahat, sa tabi ng lahat, at sa pamamagitan ni Jesucristo ay mapupuntahan ng bawat mapagmahal na puso."
>
> - A.W. Tozer
> *The Knowledge of the Holy*

***Isang malaking pribilehiyo para sa mga Kristiyano na manalangin nang may pagtitiwala na dininig ng Diyos, tingnan ang Mateo 6:6-8 at 1 Juan 5:14-15.***

Ang mga Budista ay naniniwala sa walang katapusang pag-ikot ng panahon, na walang simula, walang katapusan, at walang mga kaganapan na nagbabago ng mga bagay nang permanente.

***Sinasabi ng Bibliya na mayroong mahahalagang pangyayari, at ang panahong iyon ay hindi palaging magpapatuloy tulad ng sa ngayon, tingnan ang 2 Pedro 3:10.***

**Reinkarnasyon at Nirvana**

Si Gautama at karamihan sa mga tao sa kanyang kultura ay naniniwala na sa reinkarnasyon bago niya binuo ang kanyang bagong relihiyon. Ang ibig sabihin ng reinkarnasyon ay pagkaraang mamatay ang isang tao siya ay isinilang na muli bilang ibang tao o nilalang tulad ng hayop o insekto. Sa pamamagitan ng reinkarnasyon ang isang tao ay nabubuhay ng maraming buhay.

Naniniwala ang mga Budista na kung ang mabubuting gawa (magandang karma) ng isang tao ay lumampas sa kanyang masasamang gawa (masamang karma), maaari siyang ipanganak na may mas mabuting buhay sa susunod na pagkakataon.

> "Sa pinakaunang mga pahina nito, tinatanggihan ng Bibliya ang parehong pilosopikal na panteismo (ang pagtuturo na ang Diyos at ang kabuuang uniberso ay magkapareho) at ang deismo (ang teorya na sinimulan ng Diyos ang uniberso na gumana at iniwan ito sa sarili nitong mga batas na hindi personal pagkatapos noon). Ang Diyos ay hindi nakilala sa kanyang sansinukob. Ito ay kanyang gawa. Sa kabilang banda, ang sansinukob ay hindi maaaring umiral maliban sa malikhain at nagpapanatiling kapangyarihan ng Diyos."
>
> - W.T. Purkiser
> *God, Man, and Salvation*

***Sinasabi ng Bibliya na ang ating mga gawa ay hindi nakakakuha ng pagtanggap sa Diyos o nagbabayad para sa ating mga kasalanan, tingnan ang Roma 3:20.***

Ayon kay Gautama, ang kamalayan ng isang tao ay hindi ipinapanganak na muli. Ilan lamang sa mga materyal na kung saan siya ginawa ay ginagamit upang makagawa ng isang bagong nilalang. Ibig sabihin ang kamatayan sa isang buhay ay talagang katapusan ng isang personalidad.

***Si Jesus ay nagbibigay ng buhay na walang hanggan sa mga naniniwala sa kanya, tingnan ang Juan 10:27-28.***

Minsan gusto ng mga tao ang konsepto ng reinkarnasyon, ngunit dahil napakamiserable ng buhay, naramdaman ni Gautama na hindi magandang bagay ang pamumuhay ng maraming beses. Naniniwala siya na ang isang tao ay dapat magkaroon ng layunin na makatakas sa cycle ng reinkarnasyon.

> "Naniniwala ako sa... isang Panginoong Jesucristo... na sa pamamagitan niya ay nilikha ang lahat ng bagay, na para sa atin mga tao at para sa ating kaligtasan ay bumaba mula sa langit... at naging tao at ipinako sa krus para sa atin."
>
> - Ang Kredo ng Nicene

Sinusunod ng isang seryosong Budista ang paraan ng pamumuhay ng mga Budista upang maalis ang lahat ng kanyang mga pagnanasa. Kung magtagumpay siya, hindi siya maghahangad o magpapakasaya sa anuman o anumang relasyon ng tao.

***Para sa Kristiyano, ang mga relasyon ng tao ay napakahalaga at nagdudulot ng kagalakan, tingnan ang 1 Tesalonica 3:12.***

Naniniwala ang isang Budista na kapag namatay siya, papasok siya sa nirvana sa halip na ipanganak bilang isa pang nabubuhay na bagay. Ito ang sukdulang layunin ng isang tapat na Budista. Minsan ipinapalagay ng mga tao na ang nirvana ay katulad ng Kristiyanong konsepto tungkol sa langit. Ngunit ang nirvana ay nangangahulugan ng kawalan, ang katapusan ng sarili, tulad ng pag-ihip ng kandila. Kung ang isang tao ay umabot sa nirvana, hindi na siya umiiral bilang isang nilalang na nag-iisip.

Sa orihinal na Budismo, ang isang tao ay walang posibilidad na maabot ang nirvana sa pagtatapos ng kanyang kasalukuyang buhay maliban kung siya ay isang monghe ng Budista. Ang isang babae ay walang posibilidad na maabot ang nirvana hanggang sa maipanganak muli bilang isang lalaki at maging isang monghe.

### Ang Apat na Marangal na Katotohanan ng Budismo

Ang mga paniniwalang itinuro ni Gautama pagkatapos ng kanyang kaliwanagan ay binuod sa Apat na Marangal na Katotohanan ng Budismo.

1. Ang buhay ay puno ng kalungkutan at pagdurusa na walang tunay na kaligayahan.
2. Ang pagdurusa ay bunga ng pagnanasa, dahil walang permanente sa ating ninanais.
3. Ang paglayo sa lahat ng pagnanasa ay ang paraan para makatakas sa pagdurusa.
4. Ang walong prinsipyo ng tuntunin ng moralidad ng Budismo para sa buhay ay nagdadala ng isang tao patungo sa paglayo mula sa lahat ng mga pagnanasa at sa nirvana.

► Mayroon bang anumang bagay sa apat na marangal na katotohanan na maaaring sang-ayunan ng isang Kristiyano?

Ayon kay Gautama, ang lahat ng pagdurusa ay dumarating dahil sa pagnanasa. Kung ang isang tao ay walang hangarin, hindi siya magdurusa. Upang maging isang tapat na Budista, dapat matuto ang isang tao na masiyahan sa wala.

Ang kuwento ay isinalaysay tungkol sa isang mongheng Budista na nagngangalang Sangamaji. Siya ay naging isang monghe at iniwan ang kanyang pamilya upang gugulin ang lahat ng kanyang oras sa pagala-gala at meditasyon. Minsang natagpuan siya ng kanyang asawa, inihiga ang kanilang anak sa kanyang harapan, at nakiusap sa kanya na suportahan sila. Umupo si Sangamaji nang hindi sumasagot hanggang sa umalis siya. Sinabi ni Gautama na naabot ng lalaking ito ang layunin ng Budismo dahil wala siyang naramdamang saya nang dumating ang asawa o kalungkutan nang umalis ito.

***Nangangako ang mga Kristiyano sa pag-aasawa bilang isang relasyon na nagdudulot ng kagalakan, tingnan ang*** *Efeso* ***5:28.***

► Paano naiiba ang konsepto ng Budismo ng perpektong buhay sa konsepto ng Kristiyano?

### Ang Pamumuhay ng Budismo

Binibigyang-diin ng Budismo ang isang buhay na may kabutihan. Naniniwala ang mga Budista na ang isang aksyon ay may kabanalan kung nakikinabang ka at ang iba, at hindi nakakasama sa sinuman. Ang mga intensyon ng isang tao ay itinuturing na mas mahalaga kaysa sa aktwal na mga resulta ng kanyang aksyon.

Ang mental at espirituwal na mga pagsasanay na ginagawa ng mga Budista ay idinisenyo upang tulungan ang isang tao na maalis sa pagiging makasarili. Naniniwala ang mga Budista na ang lahat ng pagkabalisa ay nagmumula sa labis na pagmamalasakit sa sarili. Gusto nilang kalimutan ang sarili at mahalin ang lahat ng may kamalayan na nilalang (mga nilalang na may isip). Ang problema ay kung walang kaugnayan sa Diyos, walang batayan para sa hindi pagiging makasarili at pagmamahal.[19]



► Bakit hindi maaaring maging tunay na hindi makasarili at mapagmahal ang isang tao kung walang relasyon sa Diyos?

Maraming mga tao na tinatawag ang sarili nilang mga Budista ay lumaki sa isang kultura ng Budismo at hindi kailanman seryosong nag-isip ng iba pa. Ang mga pagpapalagay ng relihiyon ay tila ang tanging katotohanan sa kanila. Ang mga ritwal ay bahagi ng kanilang pang-araw-araw na buhay.

Karaniwan, ang mga taong nagpupunta sa Budismo mula sa ibang relihiyon ay naaakit ng pilosopiya ng buhay ng relihiyon. Hindi sila sumasali dahil gusto nilang maghanap ng nirvana. Sumali sila dahil ang Budismo ay tila nag-aalok ng isang buhay na malaya sa pagkabalisa at hidwaan. Maraming tao ang nakadarama na sa Budismo ay nakakahanap sila ng kalayaan mula sa pagkabahala at ang kanilang buhay ay mas maayos kaysa dati.

► Ngayon bumalik at basahin ang ***naka-bold at naka-italic*** na teksto at bawat kasulatan.

## Ebanghelismo/Paggamit ng *Manwal ng Doktrina*

Dahil ang mga Budista ay hindi nagsasabing sila ay Kristiyano at hindi kinikilala ang Bibliya bilang ang huling awtoridad, hindi sapat na ipakita lamang sa kanila na ang kanilang mga paniniwala ay hindi naaayon sa Bibliya. Alam na nila na sinusuportahan ng Bibliya ang isang relihiyon na iba sa kanilang relihiyon.

Mahalaga at epektibo pa rin ang pagbabahagi ng ebanghelyo. Kapag nakikipag-usap ka sa isang Budista, sabihin sa kanya na gusto mong ipaliwanag ang pundasyon ng iyong mga paniniwala. Simpleng ibahagi ang ebanghelyo. Kahit na hindi sinasabi ng Budista na naniniwala sila sa Bibliya, ang katotohanan ng Diyos ay may kapangyarihan dahil sa gawain ng Banal na Espiritu.

Dapat mo ring ibahagi ang iyong patotoo. Sabihin kung paano ka dinala ng ebanghelyo sa relasyon sa Diyos, nagdala sa iyo ng kapatawaran at pagpapalaya mula sa kasalanan, at nagbigay ng kahulugan sa iyong buhay.

---

[19] Larawan ni Honey Kochphon Onshawee mula sa Pixabay, nakuha mula sa https://pixabay.com/photos/buddhists-monks-meditate-thailand-453393/.

Higit pa sa mga pangunahing kaalaman sa paglalahad ng ebanghelyo at personal na patotoo, maaari mong talakayin ang mga espesyal na pangangailangan ng mga Budista sa katotohanan ng ebanghelyo. Nahihirapang ipaliwanag nang Budismo ang paghihirap at kalungkutan ng buhay. Nabigo nitong ipaliwanag ang katotohanan ng mabubuting bagay at ang umiiral na kagalakan. Itinatanggi ng mga turo ng Budismo ang kahalagahan ng lahat ng bagay na tila mahalaga sa buhay, kabilang ang mga relasyon sa tao. Ito ay isang relihiyon na walang personal na Diyos na may kaugnayan sa kanyang mga mananamba. Hindi ito nagbibigay ng buhay na walang hanggan o ng makabuluhang kapalaran ng indibidwal.

**Pagdurusa**

Naniniwala ang Budista na walang kabuluhan at hindi totoo ang pagdurusa. Hindi ito isang kasiya-siyang paliwanag.

Ipinapaliwanag ng Kristiyanismo ang kalagayan ng pagdurusa sa mundo. Ang mundo ay nilikha ng Diyos na perpekto, ngunit ang tao ay nagkasala at nagdulot ng sumpa sa mundo. Ipinapaliwanag nito kung bakit may pagtanda, pagkakasakit, at kamatayan. Ang kasalanan ay ipinapakita rin sa patuloy na masasamang gawa ng mga tao.

**Kaligayahan**

Naniniwala ang Budista na walang tunay na kaligayahan sa buhay, at samakatuwid ay wala tayong dapat hangarin. Sinasalungat nito ang mga karanasan ng kagalakan at kasiyahang mayroon ang mga tao, lalo na sa mga personal na relasyon.

Ang katotohanan na ang mundo ay nilikha ng Diyos ay nagpapaliwanag kung bakit mayroon pa ring maraming kagalakan at kasiyahan sa buhay, kahit na ang mundo ay hindi perpekto tulad ng orihinal na dinisenyo ng Diyos.

Tulad ng mga Budista, napagtanto ng mga Kristiyano na ang mga bagay sa lupa ay hindi permanente. Hindi tayo dapat mamuhay na parang ang pakay natin ay itago ang kung ano ang mayroon tayo sa mundo magpakailanman. Gayunpaman, masisiyahan ang isang Kristiyano sa buhay dahil alam niyang mabubuhay siya magpakailanman kasama ng Diyos. Kahit na ang mga bagay ay hindi permanente, ang mga ito ay totoo, at ang ating mga pagpili ay may epekto sa walang hanggan. Nagbibigay ito ng layunin at kahalagahan sa buhay ng tao.

**Mga Pakikipag-ugnayan sa Iba**

Kung ganap na isasabuhay, ang mga turo ng Budismo ay mag-aakay sa isang tao palayo sa mga relasyon dahil ang mga relasyon ay itinuturing na walang kabuluhan. Ngunit ang kalikasan ng tao ay may malalim na pangangailangan para sa mga malalalim na relasyon.

Nilikha tayo ng Diyos para sa pakikipag-ugnayan sa ibang tao. Hangad natin na pahalagahan tayo ng iba. Gusto nating gumawa ng mga pangako sa iba. Lalong mahalaga

ang mga relasyon dahil alam natin na ang lahat ng tao ay espesyal na nilikha bilang walang hanggang mga nilalang na may walang hanggang tadhana.

### Pakikipag-ugnayan sa Diyos

Ang Budismo ay isang relihiyong walang Diyos. Ngunit bawat isa sa atin ay may matinding pangangailangan na makilala ang Diyos at sambahin siya.

Idinisenyo tayo ng Diyos na mamuhay nang may kaugnayan sa kanya. Hindi kailanman makokontento at masisiyahan ang isang tao hanggang sa siya ay nasa isang personal na kaugnayan sa Diyos. Ang kaugnayan sa ating Manlilikha ay magiging walang hanggan, at ang langit ang lugar kung saan tayo maninirahan kasama ng Diyos.

### Kapatawaran sa mga Kasalanan

Ang Budismo ay walang konsepto ng kapatawaran sa mga kasalanan. Walang sinumang mananagot sa tao sa paggawa ng mali, at walang makakapagbayad sa mga maling nagawa. Dahil sa mga bagay na ito, ang mga Budista ay walang kasiguruhan sa pagpapatawad.

Ipinakikita sa atin ng Bibliya na ang bawat tao ay nagkasala at kailangang mapatawad sa kasalanan. Dahil si Jesus ay gumawa ng pagtubos para sa atin, nakakatiyak tayo ng kapatawaran.

Gamitin ang mga sumusunod na seksyon mula sa *Manwal ng Doktrina* para ibahagi sa isang Budista:

(9) Ang kaligtasan ay sa pamamagitan lamang ng pagtubos ni Kristo.

(11) Tumatanggap tayo ng kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya.

(12) Maaari tayong magkaroon ng personal na katiyakan ng kaligtasan.

## Isang patotoo

Ang ina ni Yeo ay lubos na nagdasal kay Buddha para pagalingin ang kanyang naghihingalong anak na babae, ngunit tila walang tulong na dumating. Pagkatapos ay naalala niya ang isang Kristiyanong misyonerong nagngangalang Wong na nangangaral sa kalapit na lugar. Pinapunta niya si Yeo para dalhin siya. Nang dumating si Wong, sinabi niya, “Huwag manalangin kay Buddha; manalangin kay Jesus.” Nagsimulang manalangin si Wong, at gumaling ang dalaga. Ang ina ni Yeo ay naging Kristiyano noong araw na iyon, at naging Kristiyano si Yeo nang maglaon.

## Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 2

► Ngayon basahin muli ang Genesis 3. Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang talata na nagpapaliwanag sa mensahe ng talatang ito para sa isang Budista. Maaaring ibahagi ng ilang mag-aaral ang kanilang isinulat.

**Takdang Aralin para sa Bawat Aralin**

Tandaan na humanap ng pagkakataong ipahayag ang ebanghelyo sa isang tao mula sa relihiyosong grupong ito. Maghandang ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang tungkol sa pag-uusap na mayroon kayo. Isulat ang iyong 2-pahinang nakasulat na ulat at ibigay ito sa iyong pinuno ng klase.

# Aralin 10
# Taoismo

## Unang Pagtatagpo

Lumaki si Feng sa isang Taoistang pamilya sa Malaysia. Ang kanyang pamilya ay may mga diyus-diyusan at isang altar para sa pagsamba sa mga ninuno. Takot si Feng sa mga diyus-diyosan, ngunit nag-alay pa rin sa kanila dahil natatakot siyang maparusahan nila kung hindi niya gagawin. Narinig niya ang tungkol kay Jesus, ngunit naisip niya na si Jesus ay isang diyos para lamang sa mga Kanluranin.

## Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 1

► Basahin nang malakas ang Awit 16 nang sabay-sabay. Dapat magsulat ang bawat mag-aaral ng isang talata na nagbubuod sa talata ng banal na kasulatan na ito. Ano ang sinasabi ng talatang ito na ginagawa ng Diyos para sa kanyang mga tao? Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang listahan ng mga pahayag. Bilang isang pangkat, talakayin kung ano ang iyong isinulat.

## Taoismo

### Panimula sa Taoismo



Maaaring nagsimula ang Taoismo sa pamamagitan ng isang aklat na tinatawag na *Tao Te Ching* na isinulat ng isang Intsik na nagngangalang Laozi bago ang 350 B.C. Hindi tiyak kung si Laozi ay isang indibidwal o kung ang mga sinulat ay tinipon mula sa ilang manunulat. Ang mga sinulat ng isang lalaking nagngangalang Zhuangzi ay nakaimpluwensya rin sa relihiyon.

Ang Taoismo ay tinatawag ding Daoismo.

Ang koleksyon ng mga banal na kasulatan para sa Taoismo ay may kasamang higit sa 1,000 mga libro. Ang koleksyon ay tinatawag na *Tao Zang.*

Ang mga kasanayan at konsepto ng Taoismo ay naiimpluwensyahan ng Confucianismo at mga aspeto ng mga lokal na relihiyon at kultura ng Tsino. Iba-iba ang mga kaugalian ng tao mula sa isang lugar patungo sa isa pa.[20]

Mahirap tantiyahin ang bilang ng mga Taoista dahil maraming tao ang nagsasagawa nito nang paisa-isa at dahil ito ay nakahalo sa iba't ibang relihiyon. Tinataya na mayroong 400

[20] Larawan ni Julian Tong mula sa Unsplash, nakuha mula sa https://unsplash.com/photos/ng7f_jtgbCc.

milyong Taoista sa Tsina. Umiiral ang Taoismo sa mga populasyon ng Tsino sa iba't ibang bahagi ng mundo, tulad ng Singapore at Taiwan. Marami rin sa Vietnam at Korea.

Mayroong iba't ibang mga paaralan at monasteryo para sa Taoismo, na hindi pinagkaisa sa isang organisasyon. Ang mga Taoista ay nagsasagawa ng mga ritwal na naglalayong impluwensyahan ang mga diyos at espiritu. Maraming mga monasteryo ng Taoisa ang nagsasabi na ang kanilang mga monghe ay maging mga vegetarian. Maaaring kabilang sa mga ritwal ang paghahandog ng mga baboy, itik, o prutas. Minsan sinusunog ang espesyal na papel na may mga larawan , na may ideya na ang bagay sa larawan ay nagiging isang tunay na bagay sa daigdig ng mga espiritu, na lumilikha ng isang bagay na magagamit ng mga espiritu.

> "Naniniwala kami sa iisang Diyos ang Amang Soberano sa lahat, lumikha ng langit at lupa, at ng lahat ng bagay na nakikita at hindi nakikita."
>
> - Ang Kredo ng Nicene

> "Itong nagsasarili na malapit na nakikitungo sa sangnilikha, itong walang katapusan na nagtataguyod at nag-aalaga ng hangganan sa bawat antas, itong napakalawak na nagmamalasakit sa buong kosmos at sa pinakamaliit na maya, itong walang hanggan na nagbibigay at nagpapanatili ng oras at temporal na daloy."
>
> - Thomas Oden
> *The Living God*

***Sinasabi sa atin ng Bibliya na huwag gumawa ng mga bagay na ginagawa ng mga tao sa ibang mga relihiyon upang maimpluwensyahan ang daigdig ng mga espiritu, tingnan ang Deuteronomio 18:10-12. Ang Diyos ay isang persona, at siya ang ating Ama, at makakausap natin siya, tingnan ang Mateo 6:7-9.***

► Paano dapat masangkot ang isang Kristiyano sa mundo ng mga espiritu?

Naniniwala ang iba't ibang grupo ng Taoista sa iba't ibang grupo ng mga diyos. Nagdarasal sila at nakikipag-ugnayan sa mga diyos, espiritu, at mga ninuno.

***Sinasabi ng Bibliya na ang mga sumusunod sa ibang mga diyos ay makakatagpo ng kalungkutan sa halip na mga bagay na gusto nila, tingnan ang Awit 16:4.***

Nagsasanay sila ng panghuhula ng kapalaran at iba't ibang anyo ng panghuhula. Ang ilan ay naniniwala sa mga medium,ito ay isang tao kung saan nakikipag-usap sa mga espiritu. Sa Tsina at iba pang mga lugar kung saan maraming Taoista, mayroon silang ilang mga parada bawat taon. Gumaganap ang mga kalahok na may mga kasuotan na kumakatawan sa iba't ibang diyos o espiritu. Ang kalahok ay tinuturing na sinapian ng diyos o espiritung kanyang kinakatawan.

***Itinuturing ng ilang relihiyon na isang magandang bagay ang pagsapi ng espiritu sa isang tao, ngunit ipinakikita ng Bibliya na ang taong ginagamit ng isang espiritu ay isang alipin at nangangailangan ng pagpapalaya, tingnan ang Mga Gawa 16:16-18 .***

Ang diyos na namumuno sa mundo ay tinatawag na Yu-huang, ang Jade Emperor. Ayon sa alamat, siya ay isang lalaking ipinanganak ng isang emperador, na lumaki bilang diyos na kung ano siya ngayon. Namumuno siya sa lahat ng iba pang mga diyos at espiritu. Bagama't si Yu-huang ang namumunong diyos, nasa itaas niya ang isa pang diyos, na walang kinalaman sa mundo, na may ganap na mga katangian. Si Yuan-shih T'ien-tsun ay tinatawag na Unang Punong-guro, at pinaniniwalaang walang simula o wakas, at umiiral bago ang lahat. Siya ay pinaniniwalaang umiiral sa sarili, walang limitasyon, walang pagbabago, hindi nakikita, na may lahat ng mga birtud, naroroon sa lahat ng dako, at ang pinagmulan ng lahat ng katotohanan.

► Ano ang nawawala sa konsepto ng Diyos ng Taoista?

Ang *Tao* ay ang Taoist na termino para sa katotohanan na kinabibilangan at nagpapanatili ng lahat ng bagay na umiiral. Ang terminong *Tao* ay isinalin din bilang "ang daan" dahil ito ay tumutukoy sa paraan na ang mga bagay ay pinananatili at muling hinubog.

***Sinasabi ng Bibliya na si Jesus ang lumikha at nagpapanatili ng lahat, tingnan ang Colosas 1:16-17.***

Naniniwala ang mga Taoista na ang Tao ay hindi maipaliwanag o mauunawaan. Sinasabi nila na ang Tao ay hindi anumang bagay na maaaring sabihin tungkol sa Tao.

***Hindi natin mauunawaan ang lahat tungkol sa Diyos dahil siya ay walang hanggan, ngunit inihayag niya ang katotohanan tungkol sa kanyang sarili. Dumating si Jesus upang ipakita sa atin kung ano ang Diyos, tingnan ang Juan 1:18 at Juan 14:6-9.***

► Paano naiiba ang teolohiyang Kristiyano sa mga pahayag ng Taoista tungkol sa Tao? Maiintindihan ba natin ang Diyos?



*Ang diagram ng "Yin at Yang" ay naglalarawan ng konsepto ng Taoist na ang lahat ng magkasalungat tulad ng mabuti at masama ay talagang magkaibang panig lamang ng katotohanan.*

Naniniwala ang mga Taoista na ang lahat ng magkasalungat ay mga ilusyon o simpleng pagpupuno sa mga aspeto ng katotohanan.[21] Ang layunin ng Taoista ay dalhin ang kanyang sarili sa pagkakaisa sa mga puwersa ng sansinukob. Ang kanyang layunin ay mapabuti ang kanyang kalusugan at pahabain ang kanyang buhay. Ang isang Taoista ay naniniwala na ang isang tao ay maaaring maging imortal kung siya ay ganap na nababagay sa mga puwersa ng uniberso. Naniniwala ang mga Taoista na nakamit ito ng ilang tao at dapat sambahin bilang mga diyos. Naniniwala ang mga Taoista na si Jesus ay isang taong may espirituwal na pagsulong at nagpakita ng paraan para maging mga diyos ang mga tao.

[21] Larawan: "Traditional yin and yang with dots", ni Klem, nakuha mula sa https://commons.wikimedia.org/wiki/File:Traditional_yin_and_yang_with_dots.png.

***Sinasabi sa atin ng Bibliya na hindi tayo dapat sumamba sa sinuman maliban sa Diyos; tingnan ang Mateo 4:10 at Apocalipsis 22:8-9.***

Tulad ng mga Budista at Hindu, ang mga Taoista ay naniniwala sa walang katapusang mga pag-ikot ng panahon, na walang simula, walang katapusan, at walang mga kaganapan na nagbabago ng mga bagay nang permanente. Hindi tulad ng Hinduismo at Budismo, ang mga Taoista ay hindi naniniwala sa sistema ng reinkarnasyon, karma, at nirvana.

► Ngayon bumalik at basahin ang ***naka-bold at naka-italic*** na teksto at bawat kasulatan.

## Ebanghelismo

Dahil ang mga Taoista ay hindi naniniwala sa Bibliya, ang paggamit ng mga tekstong patunay upang pabulaanan ang kanilang mga paniniwala ay hindi magbabago ng kanilang isip. Sa halip, ipakita ang biblikal na ebanghelyo sa paraang tumutugon sa kanilang pangangailangan. Ang personal na patotoo ng Kristiyano tungkol sa kaugnayan sa Diyos ay nakakatulong na hipuin ang pangangailangan ng Taoista na makilala ang Diyos.

Maaari tayong sumang-ayon sa ilan sa mga etika ng Taoismo. Itinuturo nila na ang mga tao ay dapat magmahal sa iba, maging mahinahon, talikuran ang pagkamakasarili, iwasan ang paghatol sa iba, at huwag habulin ang kayamanan.

Naniniwala sila na ang Tao ang pinagmulan ng lahat ng bagay at naroroon sa lahat ng bagay. Naniniwala tayo na ang Diyos ang Lumikha ng lahat at naroroon sa lahat ng dako. Ang pagkakaiba ay naniniwala tayo na ang Diyos ay isang nilalang na may isip at layunin, at maaari tayong magkaroon ng kaugnayan sa kanya.

Naniniwala sila na pinangangalagaan ng Tao ang lahat ng nilalang. Naniniwala tayo na ang Diyos ay kasangkot sa kanyang nilikha at pinangangalagaan ito, ngunit ginagawa niya ito nang may kamalayan, bilang isang Ama na nagmamahal sa atin.

Naniniwala ang mga Taoista na dapat mayroong isang diyos na may ganap na mga katangian na nakakaalam ng lahat ng bagay, nasa lahat ng dako, at mayroon ng lahat ng mga birtud. Ito ay tumutugma sa paniniwala ng Kristiyano sa Diyos, at maaari nating ibahagi sa kanila na siya ang Diyos na lumikha ng tao sa kanyang sariling larawan para sa kapakanan ng relasyon. Ipaliwanag na ang Diyos na hindi natin maabot ay lumapit sa atin sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao ni Kristo. Ipaliwanag na tayo ay nahiwalay sa kanya sa pamamagitan ng kasalanan ngunit maaaring magkaroon ng kaugnayan sa kanya dahil kay Jesus.

Naniniwala ang mga Kristiyano na ang walang hanggang ganap na Diyos ay nagsalita at nagbigay ng Bibliya bilang isang nakasulat na anyo ng kanyang mensahe sa tao. Mag-alok na ibahagi ang ebanghelyo sa Taoista, para makapagpasiya siya kung paniniwalaan o hindi na ito ay mensahe mula sa Diyos.

## Isang Nakakalitong sari-saring klase

► Dapat basahin at ipaliwanag ng isang mag-aaral ang seksyong ito. Bilang isang grupo, ilista ang mga sangay ng mga relihiyong ito na iyong narinig.

Maraming sangay ang Hinduismo, Budismo at Taoismo na may iba't ibang pangalan. Halimbawa, ang Falun Gong ay isang relihiyon na nakabatay sa lahat ng tatlo, ngunit lalo na sa Budismo. Tulad ng Falun Gong, ang isang relihiyosong kilusan ay maaaring magsimula sa isang indibidwal na guro na nagbabago ng ilang bagay at nagtuturo ng kanyang sariling paraan ng pagsasabuhay ng relihiyon. Madali itong mangyari dahil ang mga relihiyong ito ay walang malinaw na pahayag ng kanilang mga pangunahing paniniwala.

Ang mga tagasunod ng mga sangay ng mga relihiyon sa Silangan ay maraming pagkakatulad at hindi itinuturing na ang kanilang sariling sangay ang tanging tunay na relihiyon. Nanghihiram sila ng mga detalye mula sa ibang mga relihiyosong grupo.

Ang ilang mga sangay ay nagbibigay-diin sa pisikal na kalusugan o mga paraan ng pagtugon sa pag-aalala sa buhay. Maraming tao ang nagsasagawa ng mental at pisikal na pagsasanay para sa praktikal na benepisyo at hindi gaanong iniisip ang tungkol sa mga paniniwala sa relihiyon. Baka isipin pa nila na hindi relihiyon ang ginagawa nila. Gayunpaman, ang mga kasanayan ay batay sa teolohiya at kosmolohiya na sumasalungat sa katotohanan ng Bibliya.

## Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 2

► Ngayon basahin muli ang Awit 16. Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang talata na nagpapaliwanag sa mensahe ng talatang ito para sa Taoista. Maaaring ibahagi ng ilang mag-aaral ang kanilang isinulat.

## Takdang Aralin para sa Bawat Aralin

Tandaan na humanap ng pagkakataong ipahayag ang ebanghelyo sa isang tao mula sa relihiyosong grupong ito. Maghandang ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang tungkol sa pag-uusap na mayroon kayo. Isulat ang iyong 2-pahinang nakasulat na ulat at ibigay ito sa iyong pinuno ng klase.

# Aralin 11
# Islam

## Unang Pagtatagpo

Si Dan ay isang kampeong boksingero sa kategoryang heavy-weight. Sa isang pagbisita sa Turkey narinig niya ang pagtawag sa panalangin ng Islam, at ito ay lubhang nagbigay ng malaking interes sa kanya. Nagsimula siyang mag-aral ng Islam at nadama niya na ito ang tamang relihiyon para sa kanya. Siya ay nagsabing Kristiyano noon ngunit kumbinsido siya na may mga pagkakamali sa Bibliya.

## Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 1

► Basahin nang malakas ang 1 Juan 1 nang sabay-sabay. Dapat magsulat ang bawat mag-aaral ng isang talata na nagbubuod sa talata ng banal na kasulatan na ito. Ano ang sinasabi ng talatang ito tungkol sa kaugnayan ng mananampalataya sa Diyos? Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang listahan ng mga pahayag. Bilang isang pangkat, talakayin kung ano ang iyong isinulat.

## Islam

### Pinagmulan ng Islam

Ang Islam ang pangalawang pinakamalaking relihiyon sa mundo, na may humigit-kumulang 1.9 bilyong tagasunod.[22] Ang buong mga bansa ay pinamumunuan ng mga prinsipyo ng Islam. Ang salitang *Islam* ay nangangahulugang "pagsuko," na tumutukoy sa pagpapasakop kay Allah. Ang isang tagasunod ng Islam ay tinatawag na isang Muslim. Ang salitang *Muslim* ay nangangahulugang "isa na nagpapasakop." Tinatawag ng mga Muslim ang kanilang sarili na "mga mananampalataya," at ang mga taong hindi Muslim ay tinatawag nilang "mga infidel" (hindi naniniwala).

Si Muhammad ang nagtatag ng relihiyong Islam. Nabuhay siya noong A.D. 570-632.

Sinabi ni Muhammad na tumanggap siya ng mga paghahayag. Maraming tao ang sumulat tungkol sa kanyang mga paghahayag, at ang mga ito ay tinipon upang mabuo ang Qur'an pagkaraan ng kanyang kamatayan. Ang Qur'an ay nahahati sa mga seksyon na tinatawag na *Sura.*

► Paano naiiba ang pinagmulan ng Qur'an sa pinagmulan ng Bibliya?

[22] "Religion: Islam," Joshua Project, https://joshuaproject.net/religions/6, na-access noong Abril 11, 2023.

Ang relihiyon ni Muhammad ay naiiba sa karamihan ng mga relihiyon sa paligid niya dahil ito ay monoteistiko at laban sa pagsamba sa diyus-diyosan. Alam niya ang tungkol sa Hudaismo at Kristiyanismo, ngunit tinanggihan niya ang mga ito.

Si Muhammad ay nagmula sa isang mahirap na pamilya, ngunit nagpakasal sa isang mayamang balo. Pagkamatay niya, nagpakasal pa siya sa 12 pang asawa. Ayon sa Qur'an, ang mga lalaki ay limitado sa apat na asawa.

Nang magkaroon ng sapat na mga tagasunod si Muhammad, kinuha niya ang kontrol sa lungsod ng Medina, na ngayon ay matatagpuan sa modernong bansa ng Saudi Arabia. Pagkatapos ng ilang labanan, kinuha niya ang kontrol sa Mecca, at lumipat doon. Sinalakay at sinakop niya at ng kanyang mga tagasunod ang mga lugar sa paligid nila. Sa kalaunan ay nasakop nila ang ilang mga bansa at pinilit ang mga tao na maging Muslim.

Karamihan sa mga Muslim ngayon ay hindi marahas. Sinisikap nilang mamuhay nang payapa kasama ng kanilang mga kapitbahay na hindi Muslim. Gayunpaman, may mga utos ng karahasan ang Qur'an. Ang Qur'an ay nag-uutos sa mga Muslim na salakayin at patayin ang mga sumasamba sa diyus-diyosan.[23] Sinasabi ng Qur'an na ang mga taong lumalaban sa Islam ay dapat patayin o putulin ang kanilang mga kamay at paa.[24] Sineseryoso ng mga radikal na Islamista ang mga utos na iyon. Sinira ni Muhammad ang mga nayon ng mga Hudyo, pinatay ang mga lalaki at ipinagbili ang kanilang mga pamilya sa pagkaalipin.

► Paano naiiba ang paglaganap ng Islam sa paglaganap ng Kristiyanismo?

"Naniniwala ako sa Diyos Amang Makapangyarihan sa lahat, na lumikha ng langit at lupa; at kay Hesucristo, ang Kanyang bugtong na Anak na ating Panginoon; na ipinaglihi sa pamamagitan ng Banal na Espiritu, na ipinanganak ni Birheng Maria."

- Ang Kredo ng mga Apostol

### Mga Paniniwala ng Islam

Ang pinaka paulit-ulit na paniniwala ng Islam, na tinatawag na *shahada* ay: "Walang Diyos maliban sa Allah, at si Muhammad ay kanyang mensahero."

Naniniwala ang mga Muslim na ang Allah ay ang tanging Diyos, ang Tagapaglikha ng mundo. Naniniwala sila na siya ang nagbigay ng paghahayag sa mga indibidwal sa Bibliya tulad nina Noe, Abraham, at Moses.

Ang mga Muslim ay hindi naniniwala sa isang Trinidad o kahit na anumang pagkakatawang-tao ng Diyos ay posible.

► Paano naiiba ang pananaw ng Muslim kay Muhammad sa pananaw ng Kristiyano kay Kristo?

"Ako ay lubos na kumbinsido ngayon na ang mga banal na kasulatan ay mula sa Diyos kung paanong ang araw ay sumisikat. At ang pananalig na ito (tulad ng bawat mabuting kaloob) ay nagmumula sa Ama ng mga liwanag."

- John Wesley
(liham noong 1747)

[23] Sura 9:5
[24] Sura 5:33

Naniniwala ang mga Muslim na si Jesus ay isang propeta mula sa Diyos na gumawa ng mga himala, ang Mesiyas, at walang kasalanan. Hindi sila naniniwala na siya ay namatay sa krus, ngunit siya ay kinuha ng Allah nang siya ay tangkaing patayin ng mga Hudyo.[25] Hindi sila naniniwala na siya ang Anak ng Diyos o isang pagkakatawang-tao ng Diyos.[26] Hindi sila naniniwala na siya ang Tagapagligtas ng mundo.

Naniniwala ang mga Muslim na ang Bibliya ay mula sa Diyos, ngunit naniniwala sila na kung may mga kontradiksyon sa pagitan nito at ng kanilang banal na aklat, ang Qur'an, ang Qur'an pa rin ang huling awtoridad dahil ito ang huling kapahayagan. Naniniwala sila na ang susunod na paghahayag ay maaaring sumalungat sa nauna.[27]


***Sinasabi ng Bibliya na ang Salita ng Diyos ay hindi lilipas ngunit mananatili magpakailanman, tingnan ang Isaias 40:8 at 1 Pedro 1:25.***

Naniniwala ang mga Muslim na ang kaligtasan ay nakukuha sa pamamagitan ng pagtupad sa ilang mga obligasyon na tinatawag na Limang Haligi ng Islam. Ang Limang Haligi ng Islam ay:

1. *Shahada*: taos-pusong pagbigkas ng pananampalatayang Muslim
2. *Salat:* pagsasagawa ng mga ritwal na pagdarasal ng limang beses bawat araw
3. *Zakat:* pagbibigay ng limos sa mga mahihirap
4. *Sawm*: pag-aayuno sa buwan ng Ramadan
5. *Hajj:* paglalakbay sa Mecca isang beses habang nabubuhay

**Mga Mahihirap na Doktrina ng Islam**

Upang makita kung anong uri ng pamumuhay ang pinaniniwalaan ng mga Muslim, maaari nating tingnan ang mga bansang kinokontrol ng batas ng Islam. Ang batas ng Islam ay tinatawag na batas ng Sharia. Maraming mga bansang Arabe ang medyo sumusunod sa batas ng Sharia. Hindi pinahihintulutan ng batas ng Islam ang kalayaan sa pagsasalita, kalayaan sa relihiyon, kalayaan sa pagpupulong, o kalayaan sa pamamahayag habang nauunawaan at isinasagawa ng kanlurang mundo ang gayong mga kalayaan.[28]



Sa ilang mga lipunang Islam, maaaring patayin ang isang tao dahil sa pagbabalik-loob sa Kristiyanismo o sa pagtatangkang mag-ebanghelyo ng ibang tao. Gayunpaman, kadalasan

[25] Sura 4:157-158
[26] Sura 9:30-31, 18:4-5
[27] Sura 2:106, 13:39
[28] Larawan ni Juan Camilo Guarin P mula sa Unsplash, nakuha mula sa https://unsplash.com/photos/njEXjDmYn8w.

ang isang tao ay pinapatay dahil sa nagkakagulong mga tao, hindi dahil sa isang opisyal na aksyon ng estado.

Ayon sa batas ng Sharia, maaaring hiwalayan kaagad ng isang lalaki ang kanyang asawa sa anumang dahilan. Ang isang babae ay hindi maaaring makipaghiwalay nang walang kasunduan ng kanyang asawa. Ang mga lalaki ay pinahihintulutan na bugbugin ang kanilang mga asawa, ayon sa Qur'an.[29] Ang isang lalaki ay maaaring ikasal sa apat na asawa.[30] Ang isang babae ay maaaring patayin ng kanyang mga kamag-anak kung siya ay hindi sumunod sa mga kahilingan ng Islam. Sa ilang bansa, ang mga babae ay hindi pinapayagang magmaneho ng kotse, pumunta sa paaralan, o magpakita sa publiko nang hindi nakatakip ang kanilang mga mukha. Ang isang babae ay maaaring bugbugin sa publiko kung lalabag siya sa mga patakaran.

> "Ang mabuting balita ay ginawa ng Diyos sa pamamagitan ni Cristo ang hindi magagawa ng batas: isinugo ang kanyang Anak bilang handog para sa kasalanan. Pinawalang-sala ni Cristo ang kasalanan sa pamamagitan ng kanyang sariling sakripisyong kamatayan."
>
> - Thomas Oden
> *The Word of Life*

***Ang mga Kristiyano ay sinabihan na maging magiliw sa kanilang mga asawa, tingnan ang 1 Pedro 3:7. Ang isang lalaki ay dapat na mahalin ang kanyang asawa gaya ng kanyang sarili, tingnan ang Efeso 5:28-29.***

Naniniwala ang mga Muslim na ang tama at mali ay nagmumula lamang sa kalooban ng Allah. Maaaring baguhin ng Allah kung ano ang tama kung pipiliin niya, dahil ang kanyang kalooban ang mas mahalaga kaysa sa hindi nagbabagong katangian.

***Sinasabi sa atin ng Bibliya na ang Diyos ay mabuti at ang pinagmulan ng lahat ng mabuti. Hindi nagbabago ang Diyos, tingnan ang Santiago 1:17.***

Hindi sinasabi ng Qur'an na ang mga tao ay nilikha ayon sa larawan ni Allah. Sinasabing si Allah ay transendente at hindi nakikilala at ganap na naiiba.

***Nilikha ang mga tao ayon sa larawan ng Diyos. Kaya naman, mauunawaan natin ang ilang bagay tungkol sa kalikasan ng Diyos at maaaring magkaroon ng kaugnayan sa kanya, tingnan ang Genesis 1:27 .***

Hindi umaasa ang mga Muslim na magkaroon ng personal na kaugnayan kay Allah. Si Allah ay tinatawag na "mapagmahal sa lahat," ngunit sa kabilang banda, hindi kailanman sinabi sa Qur'an na mahal niya ang mga tao. Ang Qur'an ay madalas na nagsasabi na ang Allah ay mapagpatawad at mahabagin sa mga taong nagiging mananampalataya sa Islam. Ang mga tao ay dapat magsisi at humiling na maligtas sa paghuhukom na may pag-asa na si Allah ay maawain, ngunit walang karanasan sa kaligtasan o katiyakan ng kapatawaran.

---

[29] Sura 4:34

[30] Sura 4:3

***Ipinapangako sa atin ng Bibliya na pinatatawad ng Diyos ang nagkumpisal at sumasampalataya, tingnan ang 1 Juan 1:9.***

► Paano naiiba ang relasyon ng isang Kristiyano sa Diyos sa relasyon ng Muslim sa Allah?

Ang mga benepisyo ng Islam ay kadalasang inaalok sa mga lalaki, at ang Qur'an ay tumutugon sa bawat isyu mula sa pananaw ng mga lalaki. Ang mga babae ay pag-aari lamang ng mga lalaki. Ang paraiso ng Islam pagkatapos ng kamatayan ay para sa mga lalaki, kung saan ang mga babae ay inilaan doon para sa kanilang kasiyahan.[31]

► Ngayon bumalik at basahin ang ***naka-bold at naka-italic*** na teksto at bawat kasulatan.

## Ebanghelismo

Hindi sapat na patunayan lamang ang mga doktrinang Kristiyano mula sa Bibliya, dahil naniniwala ang mga Muslim na pinapalitan ng Qur’an ang Bibliya bilang pinakamataas na awtoridad.

Maaari tayong sumang-ayon sa ilang mahahalagang paniniwala ng Islam. Sumasang-ayon ang mga Kristiyano na may isang Diyos na lumikha ng mundo. Sumasang-ayon ang mga Kristiyano na mayroong huling paghatol, at ang bawat tao ay ipapadala sa langit o impiyerno.

Dapat ipakita sa Bibliya ang iba pang mahahalagang katotohanan. Naniniwala ang mga Muslim na ang Bibliya ay mula sa Diyos ngunit pinapalitan ito ng Qur’an. Gayunpaman, maaari mong bigyan ng diin na ang ilang mga katotohanan ay napaka simple na hindi nila mababago. Gayundin, hindi maaaring magbago ang mga makasaysayang katotohanan.

Ginawa ng Diyos ang mga tao ayon sa kanyang larawan (Genesis 1:27). Mahal niya ang mga ito at nais niyang magkaroon ng ugnayan sa kanila.

Sumasang-ayon ang mga Kristiyano sa Islam na si Jesus ang Mesiyas at walang kasalanan. Ipakita na nangako siyang magbibigay ng buhay na walang hanggan sa mga naniniwala sa kanya (Juan 10:28), nangako siyang bubuhayin ang mga patay sa pamamagitan ng kanyang tinig (Juan 5:28-29), at sinabi na walang sinumang makalalapit sa Ama maliban sa pamamagitan niya (Juan 14:6).

Ipakita mula sa banal na kasulatan na siya ay higit pa sa isang taong walang kasalanan; Tingnan ang Manwal ng Doktrina para sa

(5) Si Jesus ay Diyos.

Hindi siya maaaring maging isang mabuting tao at isang propeta ng Diyos maliban kung ang kanyang mga pag-aangkin tungkol sa kanyang sarili ay totoo. Itinuturo ng Islam na si Jesus ay isang propeta ng Diyos, ngunit dapat na siya ay totoo sa kanyang pag-aangkin at

---

[31] Sura 55:56

kayang magbigay ng buhay na walang hanggan, o siya ay isang masama o nalinlang niya na din ang kanyang sarili na naging dahilan upang ang mga tao ay magtiwala sa kanya.

Dumating si Jesus upang ipakita ang pag-ibig ng Diyos. Ipinakita niya na mahal ng Diyos ang bawat tao, kabilang ang mga kababaihan at mga taong mababa ang uri. Ang mga tao ay hindi hiwalay sa Diyos dahil sa kanilang kasarian o panlipunang uri. Ang mga tao ay nahiwalay sa Diyos sa pamamagitan lamang ng kanilang kasalanan, at nag-aalok ang Diyos ng kapatawaran. Inaanyayahan ng Diyos ang makasalanan na mapatawad at pumasok sa isang personal na kaugnayan sa kanya.

## Isang Patotoo

Si Jalal ay nanirahan sa Saudia Arabia. Noong bata pa siya ay tapat siya sa relihiyong Islam. Naisaulo niya ang malalaking bahagi ng Qur'an at tumulong sa mosque. Noong siya ay 16 taong gulang, gusto niyang sumali sa isang banal na digmaan at ipaglaban ang Islam, ngunit sinabi ng kanyang mga magulang na siya ay napakabata pa. Nang maglaon ay nakahanap siya ng trabaho at naging abala at nagsimulang magpabaya sa relihiyon. Siya ay nagkaroon ng problema at nais na manalangin para sa tulong, ngunit natakot siya na si Allah ay nagalit sa kanya dahil sa kanyang pagpapabaya sa relihiyon. Nanalangin siya kay Jesus para sa tulong, at nalutas ang problema pagkaraan ng dalawang araw. Nanaginip din siya at nakita niyang ipinakita ni Jesus sa mga tao ang daan patungo sa langit. Inilagay niya ang kanyang pananampalataya kay Kristo para sa kaligtasan. Sabi ni Jalal, "Nararamdaman ko ang pagmamahal sa aking puso, at napakasaya kong makilala si Jesus. Noong Muslim ako, hindi ko maisip na tama ang mga Kristiyano. Pagkatapos noon, nalaman ko kung gaano ako kamahal ng Diyos, at naging Kristiyano ako. Oo, mahal niya ako, mahal ka niya, at mahal niya ang buong mundo. Minahal tayo ni Jesukristo, at mahal pa rin niya tayo. At huwag kalimutan sa huling araw na walang makapagliligtas sa atin, tanging si Jesukristo lamang."

## Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 2

► Ngayon basahin muli ang 1 Juan 1. Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang talata na nagpapaliwanag sa mensahe ng talatang ito para sa isang tagasunod ng Islam. Maaaring ibahagi ng ilang mag-aaral ang kanilang isinulat.

## Takdang Aralin para sa Bawat Aralin

Tandaan na humanap ng pagkakataong ipahayag ang ebanghelyo sa isang tao mula sa relihiyosong grupong ito. Maghandang ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang tungkol sa pag-uusap na mayroon kayo. Isulat ang iyong 2-pahinang nakasulat na ulat at ibigay ito sa iyong pinuno ng klase.

# Aralin 12
# Hudaismo

## Unang Pagtatagpo

Si Hans ay isang Aleman na lumipat sa Amerika. Sa kolehiyo siya ay nagkaroon ng mga kaibigan na mga Hudyo. Naging pamilyar siya sa kasaysayan ng mga Hudyo at nalaman na milyon-milyon sa kanila ang pinatay ng mga Aleman sa ilalim ni Hitler. Nakaramdam siya ng kahihiyan sa pagiging isang Aleman, at iniisip kung dapat ba siyang sumama sa Hudaismo upang bahagyang bayaran ang ginawa ng kanyang bansa.

## Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 1

► Basahin nang malakas ang Isaias 52:13–53:12 nang sabay-sabay. Dapat magsulat ang bawat mag-aaral ng isang talata na nagbubuod sa talata ng banal na kasulatan na ito. Kung hindi mo alam ang tungkol kay Jesus, ano ang makikita mo sa talatang ito tungkol sa taong tinatawag na “lingkod”? Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang listahan ng mga pahayag. Bilang isang pangkat, talakayin kung ano ang iyong isinulat.

## Hudaismo

Ang Hudaismo ay mas malapit na nauugnay sa Kristiyanismo kaysa sa ibang relihiyon na hindi nagsasabing Kristiyano. Sinasabi ng Hudaismo na sumasamba sila sa Diyos ng sinaunang Israel, ang Diyos ng Lumang Tipan, na siyang parehong Diyos na sinasamba sa Kristiyanismo. Ang mga banal na kasulatan ng Hudaismo ay ang Lumang Tipan sa Kristiyanong Bibliya.

***Ang mga tagasunod ng Hudaismo ay naniniwala sa Lumang Tipan, ngunit hindi nila nauunawaan ang pinakamahalagang katotohanan sa Lumang Tipan tungkol sa Mesiyas, tingnan ang Juan 5:39-40, 2 Corinto 3:14-16.***

> “Katangian ng pag-ibig ng Diyos ang pumili. Pinipili nito hindi para ibukod ang iba kundi para magbigay ng tulay kung saan maaaring maipaalam ang pag-ibig ng Diyos sa buong sangkatauhan. Ang pag-ibig ng Diyos ay partikular na ipinakita sa Israel upang ito ay maipakita sa lahat.”
>
> - W.T. Purkiser
> *God, Man, and Salvation*

Ang modernong Hudaismo ay nagmula sa relihiyon at kasaysayan ng sinaunang Israel na inilarawan sa Lumang Tipan. Ang mga kasanayan at paniniwala ay inangkop sa paglipas ng mga siglo at hindi katulad ng mga orihinal.

Mayroong humigit-kumulang 14 na milyong tagasunod ng Hudaismo. Halos kalahati sa kanila ay nakatira sa bansang Israel.

Ang Hudaismo ang pangunahing relihiyon ng bansang Israel, at karamihan sa mga tagasunod ng Hudaismo ay mga etnikong Hudyo, sila man ay nakatira sa Israel o saanman. Ang

pagsasabi na ang isang tao ay isang Hudyo ay kadalasang nagpapakilala sa kanyang relihiyon at sa kanyang etnisidad, at kung minsan ay kanyang nasyonalidad.

Gayunpaman, mahirap ang mga kahulugan. Karamihan sa mga tagasunod ng Hudaismo ay mula sa etnisidad ng mga Hudyo, ngunit ang mga tao ay nagpalit sa Hudaismo mula sa ibang mga grupong etniko. Ang Hudaismo ay isang pambansang relihiyon, ngunit 25% ng mga tao sa Israel ay hindi mga Hudyo, sa relihiyon o etnisidad. Maraming Hudyo ang hindi nakatira sa Israel, at ang ilan sa Israel ay hindi seryosong nagsasagawa ng anumang relihiyon. Ang isang tao na ang etniko ay isang Hudyo, maging sa Israel o saanman, ay maaaring nanggaling sa ibang relihiyon, o kahit na ateista.

► Ipaliwanag kung ano ang isang Hudyo, una ay may kahulugang etniko, pagkatapos ay may kahulugang panrelihiyon.

## Mga Espesyal na Katangian ng Hudaismo

### Mga Kasulatang Hebreo

Ang *Torah* ay isang salitang Hebreo na nangangahulugang pagtuturo, patnubay, o batas. Ang salita ay pinaka-espesipikong ginamit upang tukuyin ang unang limang aklat ng Lumang Tipan. Minsan ito ay ginagamit nang mas malawak upang tukuyin ang Hebreong Bibliya, na kung saan ay ang Lumang Tipan sa Mga Bibliya ng Protestanteng Kristiyano. Ang terminong *Torah* ay ginamit nang mas malawak upang isama ang mga paliwanag ng mga Hebreong kasulatan na isinulat ng mga sinaunang Hudyong iskolar.

Ang mga Hudyo ay mayroong napakataas na paggalang sa mga banal na kasulatan na kinasihan ng Diyos. Noong sinaunang panahon ang Torah (tumutukoy sa limang aklat) ay kinopya ng may napakaingat na paraan para mapigilan ang mga pagkakamali. Ang mga balumbon na naglalaman ng Torah ay tinarato nang may malaking pagpipitagan.

Ang *Talmud* ay isang koleksyon ng mga sinulat ng mga sinaunang Hudyong rabbi. Nakalimbag sa anyo ng aklat, ito ay higit sa 6,000 mga pahina. Ang Hudaismo ay nakaasa sa Talmud para sa awtoridad ng kanilang mga tradisyon at gawain.

### Pagtutuli

Ang Genesis 17:9-14 ay ang talaan ng utos ng Diyos kay Abraham na ang lahat ng lalaki sa kanyang sambahayan ay dapat tuliin. Ang pagtutuli ay tanda ng tipan sa pagitan ng Diyos at Israel. Tinukoy ng mga Israelita ang mga tao ng ibang mga bansa bilang "ang Di-Tuli"—mga taong walang batas o tipan ng Diyos. Sa modernong panahon, maraming tao na hindi Hudyo ang nagsasagawa ng pagtutuli bilang isang medikal na pamamaraan, ngunit itinuturing pa rin ito ng mga Hudyo bilang isang relihiyosong gawain.

### Araw ng pamamahinga

Ang Sabbath ay ang ikapitong araw ng linggo. Ginugunita nang Sabbath ang araw na ang Diyos ay nagpahinga mula sa kanyang gawain pagkatapos ng anim na araw ng paglikha

(Genesis 2:2-3). Sinabi ng Diyos na ang mga tao ay dapat magpahinga sa Sabbath (Exodo 20:8-11). Bumuo ng maraming mga paghihigpit ang mga Hudyo para sa Sabbath upang ilapat ang prinsipyo ng pagpapahinga mula sa trabaho. Ang mga Hudyo na sumusunod sa mga paghihigpit sa Sabbath ay talagang hindi gumagawa ng anumang negosyo o anumang gawain sa Sabbath kung ito ay posibleng maiiwasan. Sinusubukan nilang gumawa ng modernong mga aplikasyon ng sinaunang mga paghihigpit sa Sabbath. Halimbawa, ang mga sinaunang Hudyo ay hindi dapat magsindi ng apoy sa kanilang bahay sa Sabbath (Exodo 35:3), bagama't maaari nilang panatilihin ang apoy kung ito ay sinimulan noon. Ang ilang modernong Hudyo ay hindi magbubukas ng mga de-kuryenteng ilaw o pampainit sa Sabbath, ngunit gagamit sila ng mga ilaw at pampainit na nakabukas na dati.

## Hudaismo at Ebanghelyo

Sa pangkalahatan, tinanggihan ng bansang Israel si Jesus bilang Mesiyas. Ang mga Hudyo na sumampalataya kay Jesus ay ang mga unang miyembro ng simbahang Kristiyano, pagkatapos ay ang pagpapalaganap ng ebanghelyo na nagdala sa mga Gentil sa simbahan.

***Nais ng Diyos na maligtas ang lahat ng mga Hudyo, tingnan ang Roma 9:31, Roma 10:1, at Roma 11:1.***

Sa ngayon ay may mga organisasyong tulad ng Jews for Jesus na mga nagsisikap na panatilihin ang pamana ng mga Hudyo habang nagiging mga Kristiyano. Tinatawag silang “Messianic Jews” dahil tinatanggap nila si Jesus bilang Mesiyas habang patuloy na kinikilala ang kanilang sarili bilang mga Hudyo. Hindi sila bahagi ng relihiyon ng Hudaismo.

Ang Hudaismo ay ang relihiyon ng mga Hudyo na nagsikap na panatilihin ang relihiyon ng Lumang Tipan habang tinatanggihan si Jesus bilang katuparan ng pag-asa sa Lumang Tipan. Mayroong tatlong pangunahing grupo sa loob ng modernong Hudaismo: Hudaismo Ortodokso, Reform na Hudaismo at Hudaismong Konserbador.

Sa paglipas ng mga siglo, ang Hudaismo ay nagpatuloy sa pagbuo ng mga tradisyon nito, habang pinapanatili ang maraming tradisyon mula sa sinaunang panahon. Maraming mga Hudyo ang sumusunod sa mga tradisyon ng pananamit na nagpapakilala sa kanila bilang mga Hudyo. Sinusunod din nila ang mga paghihigpit sa diyeta sa Lumang Tipan, tulad ng pag-iwas sa pagkain ng baboy.

***Ang mga Kristiyano ay malaya mula sa mga hinihingi sa Lumang Tipan na mga espesyal na araw at diyeta dahil ang mga bagay na iyon ay mga simbolo ni Kristo, at ngayon ay natupad na niya ang mga ito, tingnan ang Colosas 2:16-17.***

Sa Hudaismo, ang kaligtasan ay hindi nangyayari bilang isang indibidwal na karanasan sa pagbabagong loob. Naniniwala ang mga Hudyo na maaari silang mamuhay sa isang pinagpalang pakikipagtipan sa Diyos sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang mga kautusan. Ang ibig sabihin ng kaligtasan ay ang pagpapalaya mula sa mga sitwasyon ng pang-aapi o mga kondisyon na pumipigil sa kanila sa paglilingkod sa Diyos ayon sa

nararapat. Ang kaligtasan ay mas higit na isang pambansa o pangkatang usapin kaysa sa isang indibidwal na bagay.

► Ano ang konsepto ng kaligtasan sa Hudaismo?

Ayon sa biblikal na Kristiyanismo, ang kaligtasan ay nangangahulugan ng personal na pagpapalaya mula sa kasalanan. Ang sinumang naligtas ay naligtas sa pamamagitan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya, maging siya ay isang Hudyo o isang Hentil. Ang lahat ay nagkasala at nangangailangan ng kapatawaran. Ang kaligtasan ay hindi nakakamit sa pamamagitan ng pagsunod sa mga detalye ng batas ng Lumang Tipan, ngunit sa pamamagitan ng paghahanap ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya. Walang taong ituturing na ganap sa pamamagitan ng pagsunod sa kautusan, sapagkat ang lahat ay nagkasala na at lumabag sa batas (Roma 3:20-23).



Ang Kristiyanismo ay ang pagpapatuloy at katuparan ng relihiyon ng Israel na ipinahayag sa Lumang Tipan. Ang Diyos ay ang Diyos ng parehong mga Hudyo at mga Hentil, at may parehong plano ng kaligtasan para sa lahat (Roma 3:29-30).

Hinulaan ng mga propeta ng Israel ang pagdating ni Jesus. Ang diwa ng pananampalataya sa Lumang Tipan ay relasyon sa Diyos, na naging posible sa pamamagitan ng kanyang pagpapatawad at biyaya. Samakatuwid, inaangkin ng mga Kristiyano ang mga sinulat ng Lumang Tipan bilang kanilang pamana.[32] Ang mga Kristiyano ay sumusunod sa halimbawa ng mga nasa tamang relasyon sa Diyos hanggang sa simula ng sangkatauhan. Sa isang kahulugan, ang tunay na Hudyo ay ang tumanggap ng gawa ng biyaya ng Diyos sa kanyang puso (Roma 2:28-29). Ang pagpapala ni Abraham ay maaari din para sa mga Hentil (Galacia 3:14).

► Bakit totoo ang pagsasabing hindi bagong relihiyon ang Kristiyanismo?

Walang iisang organisasyon para sa lahat ng mga tagasunod ng Hudaismo, walang iisang pahayag ng mga paniniwala na pinanghahawakan nilang lahat, at walang pangwakas na awtoridad para sa doktrina na kinikilala ng lahat. Ang ilan sa kanilang mga organisasyon ay napakakonserbatibo, na may mataas na pagtingin sa awtoridad ng banal na kasulatan, at sinusubukang panghawakan ang mga sinaunang tradisyon at paniniwala. Mas maraming liberal na organisasyong Hudyo ang nag-angkop sa kanilang mga paniniwala at gawi para maging akma ang mga ito sa modernong kultura, na pinipili kung ano ang gusto nilang panatilihin mula sa tradisyon at banal na kasulatan.

[32] Larawan ni nellyaltenburger mula sa Pixabay, nakuha mula sa https://pixabay.com/photos/torah-scroll-israel-jewish-4299038/.

Ang Hudaismo ay hindi naniniwala na ang Diyos ay isang Trinidad o may nangyaring isang pagkakatawang-tao. Naniniwala ang mga Hudyo na si Jesus ay isang kontrobersyal na guro na hindi ang Mesiyas at hindi ang Diyos.

***Inihula ng Lumang Tipan na ang Mesiyas ay magiging Makapangyarihang Diyos, tingnan ang Isaias 9:6. Ang Bagong Tipan ay nagpapahayag na si Jesus ay ang Diyos na Anak at ang Mesiyas, tingnan ang Roma 1:1-4.***

Ang pag-asa na darating ang isang Mesiyas ay sentro ng Hudaismo. Hindi sila naniniwalang dumating na ang Mesiyas. Naniniwala sila na ang Mesiyas ay hindi magiging isang pagkakatawang-tao ng Diyos, ngunit isang espesyal na hinirang na tao, na magdadala ng kapayapaan sa mundo.

Naniniwala ang mga konserbatibong Hudyo na ang Mesiyas ay magiging isang literal na tao. Ang mga Liberal na Hudyo ay mas malamang na isaalang-alang ang Mesiyas bilang isang sagisag na pagpapahayag para sa ahente ng kapayapaan, na maaaring isang grupo o organisasyon.

► Ilarawan ang konsepto ng Hudaismo tungkol sa isang mesiyas.

Sinasabi sa atin ng Bibliya na darating ang panahon na tatanggapin ng Israel si Kristo. (Tingnan sa Roma 11:23-26.) Sinabi ni Apostol Pablo na sa ngayon kumakalat sa mga Hentil ang ebanghelyo , at halos bulag sa ebanghelyo ang mga Hudyo. Ngunit sinabi pa niya, "ang buong Israel ay maliligtas" (Roma 11:26). Hindi iyon nangangahulugan na ang bawat indibidwal na Hudyo ay maliligtas, ngunit bilang isang bansa ay tinanggihan nila si Jesus, at bilang isang bansa magsisisi sila at tatanggapin siya. Kahit ngayon, maraming indibidwal na mga Hudyo ang napagbagong-loob.

► Ngayon bumalik at basahin ang ***naka-bold at naka-italic*** na teksto at bawat kasulatan.

## Ebanghelismo

May pagkiling laban sa Kristiyanismo ang ilang mga Hudyo dahil ang mga Hudyo ay minsan nang inusig ng mga nagsasabing Kristiyano noong nakaraang panahon. Maaari nating subukang tulungan silang maunawaan ang ilang katotohanan tungkol sa pag-uusig. Una, hindi kailanman hinimok ni Jesus ang pag-uusig, at ang nagsasabing Kristiyano na napopoot sa iba ay hindi sumusunod sa kaniyang halimbawa. Ang pag-uusig ay pampulitika gayundin bilang relihiyon, at nauudyok ng mga kadahilanang salungat sa mga prinsipyo ng Kristiyanismo. Ang pinakamahusay na paraan para makumbinsi ang isang Hudyo na hindi niya kaaway ang mga Kristiyano ay ang ipakita ng mga Kristiyano ang pag-ibig ni Kristo.

> "Sa Roma 9:4-5, mahalagang sinasabi ni Pablo na 'Si Cristo ay nasa katauhan ng tao isang Hudyo ngunit sa katunayan ay Diyos.'"
>
> - Adapted from Willard Taylor *God, Man, and Salvation*

Ang relihiyon ng isang Hudyo ay mahigpit na konektado sa kanyang kamag-anak, isang paraan ng pamumuhay, at isang sinaunang pamana. Maaaring isipin ng isang

Hudyo na mawawala sa kanya ang lahat ng mahalaga kung magpapalit siya ng ibang relihiyon. Dapat ipakita ng Kristiyano na si Jesus ang likas na katuparan ng relihiyong Hudyo. Siya ang Mesiyas na inaasahan nila. Ibinigay Niya ang kaligtasang inilarawan sa Lumang Tipan.

Ang katotohanan na si Jesus ang Mesiyas ay ipinakita sa pamamagitan ng kanyang katuparan ng hula sa Lumang Tipan tungkol sa Mesiyas. Ang mga halimbawa ay ang hula na ang Mesiyas ay ipanganganak sa Bethlehem (Mikas 5:2) at siya ay mula sa tribo ni Juda (Genesis 49:10). Higit na mahalaga na ipakita mula sa Isaias 52:13-53:12 na naisakatuparan niya ang kaligtasan na inaasahan sa Mesiyas. Hindi pa natupad ni Jesus ang Mesiyanikong propesiya ng kapayapaan sa daigdig, ngunit makatuwiran na ang kaligtasan mula sa kasalanan ay dapat mauna dahil ang digmaan ay nagmumula sa makasalanang puso ng mga tao.

Mahalagang ibahagi ang ebanghelyo at bigyang-diin na ang taong naligtas ay may personal na kaugnayan sa Diyos. Ang mga Hudyo ay naniniwala sa Diyos ngunit walang personal na kaugnayan sa kanya.

Posibleng ipaliwanag ang ebanghelyo gamit lamang ang Lumang Tipan. Ang lahat ng tao ay nagkasala laban sa Diyos (Awit 143:2). Ang kasalanan ang naghihiwalay sa mga tao sa Diyos (Isaias 59:2). Ang Mesiyas ay nagdusa at namatay bilang isang sakripisyo para sa ating mga kasalanan (Isaias 53:5). Nangangako ang Diyos na patatawarin at lilinisin ang nagsisi at naniniwala (Isaias 1:16-18).

Ang Awit 51 ay isang panalangin ng pagsisisi at pananampalataya. Nanalangin si David para sa kapatawaran at paglilinis. Ito ay isang panalanging kinasihan ng Espiritu ng Diyos, na nagsasabi sa atin na ang Diyos ay nag-aalok ng kapatawaran sa ganitong paraan. Kung ang isang tao ay naniniwala na ang Diyos ay naglaan kay Jesus bilang isang sakripisyo para sa kasalanan, maaari niyang ipagdasal ang panalanging ito nang may pananampalataya at tumanggap ng biyaya ng Diyos.

### Isang Patotoo

Si David ay isang lalaking Hudyo na ang pamilya ay nagmula sa Germany. Ang kanyang mga lolo't lola ay namatay lahat sa mga kampong bilangguan ng Nazi. Sinabi niya na nadama ng mga Hudyo na pinapatay sila ng Kristiyanong mundo dahil hinayaan itong mangyari nang mga simbahan ng Alemanya at sa iba pang bahagi ng mundo. Sinabihan siya ng kanyang mga magulang na huwag tumingin sa isang krus dahil ito ay kumakatawan sa kamatayan. Araw-araw dumadaan ang kanyang school bus sa isang simbahan na may krus, at sinisikap niyang huwag tumingin dito. Isang araw sinubukan ng isang kaibigang Hudyo na bigyan siya ng Bagong Tipan, ngunit tumanggi siya, at nagsasabing hindi ito para sa mga Hudyo. Kalaunan ay ipinakita sa kanya ng isa pang kaibigan ang mga talata sa Lumang Tipan at sa Bagong Tipan na hindi pa niya nakita noon. Maraming tanong si David kung bakit ganito ang mundo, at nakita niya ang mga sagot sa Bibliya. Sumampalataya siya na si Jesus ang Mesiyas.

## Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 2

► Ngayon basahin muli ang Isaias 52:13–53:12. Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang talata na nagpapaliwanag sa mensahe ng talatang ito para sa isang tagasunod ng Hudaismo. Maaaring ibahagi ng ilang mag-aaral ang kanilang isinulat.

## Takdang Aralin para sa Bawat Aralin

Tandaan na humanap ng pagkakataong ipahayag ang ebanghelyo sa isang tao mula sa relihiyosong grupong ito. Maghandang ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang tungkol sa pag-uusap na mayroon kayo. Isulat ang iyong 2-pahinang nakasulat na ulat at ibigay ito sa iyong pinuno ng klase.

# Aralin 13
# Relihiyon ng New Age

## Unang Pagtatagpo

Si Paolo ay pinalaki bilang isang Romano Katoliko, ngunit huminto sa simbahan nang siya ay naging matanda na. Nabuhay siya para sa kasiyahan sa loob ng maraming taon, ngunit nagsimulang madama na kailangan niyang mahanap ang layunin ng buhay. Inudyok siya ng isang kaibigan na gumamit ng droga, at nadama ni Paolo na nagkaroon siya ng bagong pananaw sa uniberso at sa kanyang sarili. Nagsimula na rin siyang makarinig ng mga boses na nagbibigay sa kanya ng direksyon.


## Pag-aaral ng Banal na Kasulatan-Bahagi 1

► Basahin nang malakas ang Awit 19 nang sabay-sabay. Dapat magsulat ang bawat mag-aaral ng isang talata na nagbubuod sa talata ng banal na kasulatan na ito. Ano ang ipinapakita sa atin ng talatang ito tungkol sa mga epekto ng katotohanan ng Diyos? Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang listahan ng mga pahayag. Bilang isang pangkat, talakayin kung ano ang iyong isinulat.

## Relihiyon ng New Age

### Panimula sa Relihiyon ng New Age

Ang relihiyon ng New Age ay may iba't ibang grupo, organisasyon, at indibidwal. Ang mga tagasunod ng New Age ay hindi nagkakaisa sa ilalim ng isang tiyak na pangalan o pahayag ng mga paniniwala. Ang ilan ay tila napakarelihiyoso, at ang iba naman ay parang siyentipiko sa halip na relihiyoso. Hindi lahat sila ay magsasabi na sila ay bahagi ng isang Relihiyon ng New Age, ngunit lahat sila ay may ilang mga katangian. [33]



*Ang Stonehenge, isang sinaunang monumento ng bato sa Inglatera, ay ang lugar ng iba't ibang gawaing panrelihiyon.*

Naniniwala ang mga tagasunod ng New Age sa potensyal ng tao na lutasin ang lahat ng problema. Naniniwala sila na ang isang tao ay maaaring maging isang nilalang na may mga kapangyarihan na higit pa sa itinuturing ngayon na normal. Naniniwala sila na ang lahat ng mga sagot ay nasa loob natin. Naniniwala sila na ang layunin ng edukasyon ay hindi para sabihin sa atin kung ano ang totoo kundi para ipakita sa atin kung paano madiskubre ang sarili nating potensyal.

---

[33] Larawan ni Dyana Wing So mula sa Unsplash, nakuha mula sa https://unsplash.com/photos/NxvP54MX4no.

***Sinasabi ng Bibliya na ang puso ay tunay na mapanlinlang at masama hanggang sa ito ay baguhin ng Diyos. Hindi mahahanap ng isang tao ang mga sagot sa buhay sa kanyang kaluluwa. Nasa loob ang mga problema, tingnan ang Jeremias 17:9.***

► Anong doktrina ng Kristiyano tungkol sa tao ang binabalewala ng New Age?

Upang mabuksan ang potensyal ng tao, hinahanap ng mga New Age ang sinaunang karunungan sa mga paganong relihiyon at mga gawaing okulto. Nagsasagawa sila ng astrolohiya, espiritismo, at lahat ng uri ng panghuhula. Ang mga tagasunod ng New Age ay nakikipag-ugnayan sa higit sa natural gamit ang lahat ng anyo ng mahika. Sinisikap nilang makipag-usap sa mga espiritu at mga taong nabuhay sa nakaraan. Nagsasanay sila ng channeling, kapag ang espiritu ng isang taong nabuhay sa nakaraan ay pansamantalang pumapalit sa katawan at boses ng isang buhay na tao.

> "Minsan pinagtatalunan na tayo ay nabubuhay sa ilalim ng ibang kultura at kung ano ang tama o mali ngayon ay nagbago dahil sa pagbabago ng panahon.... Sa gitna ng agos ng pagbabago ng tao ay nakatayo ang isang bato ng walang hanggang katotohanan na kung saan ito ay ang Salita ng Diyos at ang pamantayan nito na hindi nagbabago."
>
> - Leslie Wilcox
> *Profiles in Wesleyan Theology*, *Volume 3*

***Tinatanggihan ng mga tao ang Diyos at naghahanap ng iba pang mapagkukunan ng higit sa natural na tulong dahil ayaw nilang magsisi sa kasalanan. Ang taong nangangailangan ng patnubay at kapangyarihan ay dapat hanapin ang Diyos, tingnan ang Isaias 8:19.***

Hindi sila naniniwala na ang anumang relihiyon ay mayroong lahat ng katotohanan. Naniniwala sila na ang lahat ng relihiyon ay pare-pareho, ngunit may iba't ibang nakakatulong na paniniwala at gawi. Kahit na ang ilang mga paniniwala ay sumasalungat sa isa't isa, sa palagay nila ay pareho silang maaaring totoo sa isang hindi makatwirang paraan. Tinatanggihan nila ang anumang paghahayag na ang isang doktrina ay ganap na totoo. Hindi sila naniniwala na ang anumang doktrina ay maaaring totoo na katulad ng magkakasalungat na mga doktrina ay magiging mali. Kinukunsinti ng mga New Age ang anumang relihiyosong grupo maliban sa mga nagsasabing mayroong katotohanan na dapat paniwalaan ng lahat. Tinatanggihan nila ang Kristiyanismo dahil sinasabi nito na sila ang tama at sinasabing mali ang ibang relihiyon.

***Ang Bibliya ay nagpahayag ng paghatol sa mga hindi matukoy ang pagkakaiba ng masama sa mabuti at tumatanggi sa pamantayan ng tama at mali, tingnan ang Isaias 5:20.***

► Anong ibang relihiyon ang hindi magugustuhan ng New Age?

Tinatanggap ng mga New Age ang higit sa natural nang walang anumang prinsipyo para sa pagkakaiba sa pagitan ng mabubuting kapangyarihan at masasamang kapangyarihan. May posibilidad silang maniwala na ang lahat ng paglahok sa espiritu ay mabuti.

***May mga masasamang espiritu na kasangkot sa mundo, at nahatulan sila sa walang hanggang kaparusahan. Ang mga taong sumusunod sa kanila ay makikibahagi sa kanilang kaparusahan, tingnan ang Mateo 25:41.***

Hindi nakikita nang mga tagasunod ng New Age ang kanilang kaibahan sa ibang mga relihiyon. Iniisip nila na ang ilang mga relihiyon ay kapareho ng marami sa kanilang mga paniniwala, lalo na ang mga relihiyon sa Silangan tulad ng Budismo, Hinduismo, at Taoismo. Gusto rin nila ang mga relihiyon sa kalikasan, na nakikipag-ugnayan sa mga espiritu sa kalikasan (tingnan ang Aralin 14).

Itinatanggi ng mga New Age ang katotohanan ng kamatayan. Iniisip nila na ang kamatayan ay kapag ang isang tao ay pumasa sa ibang antas lamang ng pag-iral. May nagsasabi na ang buhay pagkatapos ng kamatayan ay halos kapareho ng natural na buhay na ito. Marami sa kanila ang naniniwala sa reinkarnasyon at sa prinsipyo ng karma, tulad ng sa Hinduismo. Sa halip na tingnan ang reinkarnasyon bilang isang masamang bagay, tulad ng ginagawa ng mga Hindu at Budista, iniisip ng mga New Age na magandang mabuhay nang maraming beses. Iniisip ng ilan sa kanila na alam nila kung sino sila sa nakaraang buhay.

Ang pananaw ng New Age sa Diyos ay panteistiko. Nangangahulugan ito na naniniwala ang mga New Age na ang lahat ng katotohanan ay isang diwa, at ang lahat ng magkakasama ay Diyos. Bawat bagay at bawat tao ay bahagi ng Diyos. Hindi sila naniniwala na ang Diyos ay isang taong nag-iisip o nagsasalita, at itinatanggi nila na ang Diyos ang Lumikha.

► Magdarasal ba ang isang tagasunod ng New Age?

Naniniwala ang mga tagasunod ng New Age na si Jesus ay isang taong marunong gumamit ng mga espesyal na kapangyarihan at sinubukang turuan ang iba na gawin din ito. Naniniwala sila na walang pakialam si Jesus sa mga pamantayan ng etika at hindi hinahatulan ang maling gawain ng sinuman.

Ang mga New Age ay hindi naniniwala sa katotohanan ng kasalanan, dahil hindi sila naniniwala sa isang Diyos na nagtatakda ng pamantayan at naghuhukom. Naniniwala sila na ang kasamaan sa mundo ay nangangailangan lamang ng kaalaman at pagsasaayos upang maging magkakatugma ang lahat. Ang New Age ay nagbibigay-katwiran sa lahat ng uri ng makasalanang kabuktutan.

***Inaanyayahan ng Diyos ang mga tao na hanapin ang tunay na solusyon—ang pagpapatawad at paglilinis, tingnan ang Isaias 1:18.***

Tinatanggihan ng mga New Age ang biblikal na konsepto ng kaligtasan. Hindi sila naniniwala na ang kasalanan ay totoo ngunit naniniwala na ang solusyon sa mga problema ng tao ay ang pagbuo ng espirituwal na kamalayan at espirituwal na kapangyarihan.

Naniniwala ang mga tagasunod ng New Age na ang sangkatauhan ay pumapasok sa isang espesyal na panahon kung kailan ang mga taong nakakaunawa sa mga prinsipyo ng New Age ay magpapabago sa buong lipunan. Naniniwala sila na magkakaroon ng kapayapaan at seguridad sa ekonomiya para sa lahat.

***Binabalaan tayo ng Bibliya na huwag asahan ang kapayapaan at katiwasayan sa isang lipunang hindi nagpapasakop sa Diyos, tingnan ang 1 Tesalonica 5:3.***

> "Ginagawa ng diyablo na gawin ninyong idolo ang inyong mga sarili; upang gawin kang mas matalino sa iyong sariling mga mata kaysa sa Diyos mismo at sa lahat ng mga orakulo ng Diyos. Upang magawa ito, hindi siya dapat lumitaw sa kanyang sariling hugis. Mabibigo nito ang kanyang disenyo. Sa halip, ginagamit niya ang lahat ng kanyang kakayahan para itanggi mo ang kanyang pag-iral hanggang sa mapapanatag ka niya sa kanyang sariling lugar."
>
> - John Wesley
> "A Caution against Bigotry"

► Ano ang pinaniniwalaan ng New Age sa halip na biblikal na konsepto ng kaligtasan?

**Pagkilala sa mga Kinatawan ng New Age**

Maraming bagay na nakakatulong na makilala ang isang grupo, organisasyon, o may-akda bilang New Age. Ang ilang mga halimbawa ay:

- Vegetarianism para sa relihiyon o pilosopikal na mga kadahilanan
- Mga mahiwagang pamamaraan sa kalusugan na hindi maipaliwanag ng siyensya
- Mga pag-uugnay sa karma
- Paggamit ng mga termino tungkol sa pamumuhay sa pakikipag-isa sa kalikasan o sa kosmos
- Ang paggamit ng meditasyon bilang isang paraan ng hindi makatwirang pag-unawa
- Paggamit ng mga katawagan tungkol sa walang limitasyong potensyal ng tao
- Kakaibang uri ng sikolohikal o mahiwagang enerhiya at kapangyarihan
- Pakikipag-usap sa mga patay o sa mga espiritu
- Paggamit ng iba't ibang bagay para sa panghuhula
- Astrolohiya
- Pangkukulam at wicca

- Ang pakikilahok sa relihiyon sa kalikasan
- Interes sa mga pyramid at kristal
- Interes sa mga UFO at mga nilalang na hindi galing sa lupa
- Pagtitiwala sa mga gabay ng espiritu at mas mataas na nilalang
- Mga konsepto at gawi na nagmula sa mga relihiyon sa Silangan

► Anong mga halimbawa ng mga kasanayan sa New Age ang nakita o narinig mo?

**Ang Tugon ng Kristiyano**

Walang bago sa Relihiyon ng New Age. Ang Isaias 47:10-14 ay nagbanggit ng isang partikular na bansa na nagsagawa ng lahat ng uri ng pangkukulam, at ito ay parang New Age. Ang mga tao ay naghahanap ng espesyal na karunungan habang nagsasagawa ng kasamaan. Sinubukan nilang maging mga diyos. Nag-imbento sila ng maraming paraan ng paglikha ng espirituwal na kapangyarihan.

> "Kinikilala ko ang isang bautismo para sa kapatawaran ng mga kasalanan; at hinihintay ko ang pagkabuhay na mag-uli ng mga patay; at ang buhay ng daigdig na darating."
>
> - Ang Kredo ng Nicene

Ipinagbabawal ng Bibliya ang bawat uri ng mahika at pangkukulam, hindi dahil ito ay hindi totoo, ngunit dahil ito ay masama at sumasalungat sa kapangyarihan ng Diyos (Levitico 19:26, 31, Levitico 20:6, Deuteronomio 18:9-12). Inutusan ng Diyos ang bansang Israel na pumatay ng mga mangkukulam (Exodo 22:18, Levitico 20:27). Ang mga Kristiyano sa ngayon ay walang pananagutan na patayin ang sinuman, ngunit ang utos ay nagpapakita ng ganap na paghatol ng Diyos sa kasalanang iyon. Sa Bagong Tipan, nang ang mga tao ay nagbalik loob kay Kristo, sinira nila ang kanilang mga aklat ng mahika (Gawa 19:19).

Tinatanggihan ng mga tao ang Diyos ngunit naghahanap pa rin ng espirituwal na kapangyarihan. Ang kapangyarihan ng Diyos ay mas dakila, at ginagamit niya ang kanyang kapangyarihan para sa mga nagtitiwala sa kanya, ngunit hindi niya inilalagay ang kanyang kapangyarihan sa kontrol ng mga tao. Ang isang taong naghahanap ng kapangyarihan at kaalaman sa pamamagitan ng mahiwagang pamamaraan ay nagsisikap na mahanap ito habang tinatanggihan ang Diyos. Ang pakikipag-ugnayan sa mga espiritu at ang paghahanap ng kapangyarihan ay nagdadala sa isang tao sa mas malalim na kasamaan.

► Ngayon bumalik at basahin ang ***naka-bold at naka-italic*** na teksto at bawat kasulatan.

## Ebanghelismo

Isang priyoridad ang ibahagi ang ebanghelyo sa isang tagasunod ng New Age. Huwag magpadala sa mga argumento na humahadlang sa iyo sa pagbabahagi ng ebanghelyo. Maaaring isipin niya na pamilyar siya sa mga simbahan, at tinanggihan niya ang simbahan, ngunit maaaring hindi niya talaga maintindihan kung ano ang ebanghelyo.

Nagpakita si Jesus ng dakilang kapangyarihang magpagaling, magpropesiya, at mabatid ang katotohanan. Siya ay mas dakila kaysa sa sinumang pinuno ng New Age. Hindi siya isang halimbawa ng isang taong nagpaunlad ng kanyang sarili at gumamit ng mga espirituwal na puwersa mula sa kalikasan. Si Jesus ay nagpasakop sa Ama at naniwala sa ganap na katotohanan. Siya ay sumasalungat sa mga tumanggi sa katotohanan ng awtoridad, kasalanan, at paghatol ng Diyos.

Ang mga Kristiyano ay naniniwala sa isang bagong kapanahunan na darating kasama ng kaharian ng Diyos. Ito ang magiging wakas ng lahat ng pagdurusa, at magdadala ng kapayapaan at kasaganaan. Tanging ang mga nasa tamang relasyon sa Diyos ang makakapasok sa bagong kapanahunang iyon.

## Isang Patotoo

Sinubukan ni Paolo na sundan ang mga boses na kanyang naririnig. Sinabi nila sa kanya na siya ang Kristo, ang Anak ng Diyos, ngunit nilabanan niya ang maling akala. Minsan naramdaman niya ang higit sa natural na kapangyarihan at kaalaman. Sinabi sa kanya ng ilan sa kanyang mga kaibigan na walang salungatan sa pagitan ng paniniwala kay Jesus at paniniwala kay Buddha o iba pa. Nagsimula na niyang maramdaman na ang bagay na nagbigay sa kanya ng kapangyarihan ay nagsisikap na angkinin siya. Nakilala niya ang isang grupo ng mga Kristiyano na naging kaibigan niya. Nagsimula niyang maunawaan na hindi niya mapagkakatiwalaan ang lahat ng boses na kanyang naririnig. Minsan ang Diyos ay nakikipag-usap sa kanya, ngunit kung minsan ang masasamang espiritu ay nagsisikap na dalhin siya sa maling direksyon. Natutunan niyang subukan ang mga ideya gamit ang matibay na katotohanan. Nalaman niya na ang tunay na kaugnayan kay Kristo ay mas kasiya-siya kaysa sa lahat ng mga karanasang naranasan niya.

## Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 2

► Ngayon basahin muli ang Awit 19. Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang talata na nagpapaliwanag sa mensahe ng talatang ito para sa isang tagasunod ng New Age. Maaaring ibahagi ng ilang mag-aaral ang kanilang isinulat.

## Takdang Aralin para sa Bawat Aralin

Tandaan na humanap ng pagkakataong ipahayag ang ebanghelyo sa isang tao mula sa relihiyosong grupong ito. Maghandang ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang tungkol sa pag-uusap na mayroon kayo. Isulat ang iyong 2-pahinang nakasulat na ulat at ibigay ito sa iyong pinuno ng klase.

# Aralin 14
# Mga Relihiyong Pangkalikasan

## Unang Pagtatagpo

Si Miri ay isang bata sa isang nayon sa Papua New Guinea. Kaunti lang ang mga laruan niya ngunit minsan nilalaro ang bungo ng kanyang lolo. Ang bungo ay itinago sa bahay bilang paraan ng paggalang sa kanilang ninuno at para makaiwas din sa masasamang espiritu.

## Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 1

► Basahin nang malakas ang Awit 147 nang sabay-sabay. Dapat magsulat ang bawat mag-aaral ng isang talata na nagbubuod sa talata ng banal na kasulatan na ito. Ano ang sinasabi ng talatang ito tungkol sa paglahok ng Diyos sa paglikha? Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang listahan ng mga pahayag. Bilang isang pangkat, talakayin kung ano ang iyong isinulat.

## Mga Relihiyong Pangkalikasan

Ang relihiyong pangkalikasan ay isang sistema ng paniniwala sa relihiyon o pananaw sa mundo na tipikal ng karamihan sa mga sinaunang kultura, at ito ang batayan para sa gawaing panrelihiyon sa karamihan sa sinaunang mga lipunan. Maraming mga paniniwala at gawi ng mga relihiyong pangkalikasan ang matatagpuan din sa mga sumasamba sa iba pang mga pangunahing relihiyon sa daigdig kabilang ang Hinduismo, Budismo, Voodooismo, at Romano Katolisismo. Maraming tao sa Relihiyon ng New Age ang nag-aaral ng mga relihiyon sa kalikasan upang makahanap ng mga paraan upang makipag-ugnayan sa higit sa natural.

> "Ang Diyos ay hindi nilikha, kailangan, isa, walang katapusan, napakalaki, walang hanggang nilalang, ang buhay ng lahat ng nabubuhay."
>
> - Thomas Oden
> *The Living God*

Ang relihiyon sa kalikasan ay tinatawag minsan na animismo. Ang *animismo* ay isang terminong nagbibigay-diin sa paniniwalang may mga espiritu ang mga elemento ng kalikasan. Kabilang dito ang mga hayop, puno, bundok, at ilog. Naniniwala ang mga animista na dapat nilang kilalanin at makipag-ugnayan sa mga espiritung iyon upang magtagumpay sa pagpapalaki ng pagkain, pagtatayo ng mga bahay, at pananatiling malusog.

***Naniniwala ang mga animista sa mga espiritu na nananatili sa ilang mga lugar, ngunit nasa Diyos ang lahat ng kapangyarihan sa bawat lugar, tingnan ang 1 Mga Hari 20:28.***

Naniniwala rin ang mga animista sa mga espiritu na hindi kinakailangang nakakabit sa isang materyal na katawan o lokasyon. Maaari rin silang maniwala na ang mga espiritu ng kanilang mga ninuno ay kasangkot sa mundo at sa kanilang buhay.

Maaaring hindi tawagin ng mga animista na relihiyon ang kanilang mga paniniwala. Ang animismo ay realidad lamang sa kanila. Ang animismo sa pangkalahatan ay walang makapangyarihang banal na kasulatan at walang nakasulat na doktrina.


► Anong mga pagkakatulad ang nakikita mo sa pagitan ng mga relihiyong pangkalikasan at iba pang relihiyon na ating napag-aralan?

Sa mga relihiyong pangkalikasan, ang mga tao ay hindi naiiba sa mundo, ngunit bahagi nito, na walang espesyal na katayuan.

***Binibigyan ng Diyos ng espesyal na halaga ang mga tao at binibigyan sila ng espesyal na pangangalaga, tingnan ang Mateo 10:31.***

Ang mga nagsasagawa ng mga relihiyon sa kalikasan ay may mga espesyal na salita, bagay, o aksyon upang makipag-ugnayan sa mga espiritu. Ang mga kaugaliang ito ay naiiba sa iba't ibang lipunan. Ang mga kaugalian ay dapat na makatutulong sa kanila na maiwasan ang mga masasamang espiritu, at posibleng makakuha ng magandang tugon mula sa kanila. Maaaring dalhin ng isang tao ang isang bagay na dapat ay may kapangyarihan. Kadalasan, hindi maipaliwanag ng isang animista kung bakit ginagawa ang isang kaugalian.

> "Ito ay ang pinakamataas na kapangyarihan ng Diyos na gumagawa ng probidensya at mga himala nang lubusan at komportbale sa mundo ng Bibliya. Hindi kailanman maibubukod ang Diyos sa Kanyang nilikha."
>
> - W.T. Purkiser
> *God, Man, and Salvation*



***Nais ng Diyos na alisin natin ang anumang bagay na ginagamit para umasa ng tulong sa mga espiritu. Kung mayroon tayong mga bagay na iyon, hindi tayo lubos na nagtitiwala sa Diyos, tingnan ang Mga Gawa 19:19.***

Maaaring naniniwala ang mga animista na may mga paraan para makakuha ng kapangyarihan ang isang tao mula sa isang bagay o ibang tao. Naniniwala sila na ang isang tao ay dapat mag-ingat na hindi maapektuhan ng mapaminsalang kapangyarihan mula sa partikular na mga bagay o lugar.[34]

[34] Larawan ni Bruce Warrington mula sa Unsplash, nakuha mula sa https://unsplash.com/photos/8Or5Z9-sH0Q.

Karamihan sa mga kasanayan na tinatawag na mga pamahiin ay nagmula sa mga konseptong animista. Ang pamahiin ay ang ideya na ang isang tao ay dapat sumunod sa ilang mga kasanayan dahil ang mga partikular na bagay, aksyon, o lugar ay may espirituwal na kapangyarihan. Ang mga Kristiyano ay hindi mapamahiin, kahit na alam nila na ang masasamang kapangyarihang higit sa natural ay totoo, dahil nagtitiwala sila sa pinakamataas na kapangyarihan ng Diyos.

► Bakit sinasabi sa atin ng Bibliya na huwag gamitin ang mga bagay na bahagi ng pamahiin?

Naniniwala ang mga animista na ang mundo ay puno ng espirituwal na panganib, at dapat silang mag-ingat na huwag masaktan ang mga espiritu ng kalikasan o ng kanilang mga ninuno. Ang kanilang buhay ay ginagabayan ng palagiang takot. Minsan iniisip ng mga tao na ang mga sinaunang lipunan ay masaya at walang pag-aalala hanggang sa dumating ang mga misyonero na may organisadong relihiyon, ngunit hindi iyon totoo. Ang mga sinaunang tao na walang ebanghelyo ay nabubuhay sa pagkaalipin sa takot sa mga espiritu. Dumating ang ebanghelyo bilang isang napakagandang mensahe ng pagpapalaya. Natutunan nila na maaari silang maglingkod sa isang Diyos na nagmamahal sa kanila at hindi kailangang matakot sa mga espiritu.

***Maraming beses na sinasabi sa atin ng Bibliya na hindi tayo dapat matakot dahil mapagkakatiwalaan natin ang Diyos, tingnan ang Isaias 41:10.***

Ang mga taong sumusunod sa mga relihiyon ng kalikasan ay maaaring may mga espesyalista sa relihiyon na itinuturing na mga dalubhasa sa pagharap sa mga bagay ng mga espiritu. Ang bawat kultura ay may sariling pangalan para sa mga relihiyosong espesyalista.

> "At naniniwala ako sa Banal na Espiritu, ang Panginoon at Tagapagbigay ng Buhay, na nagmumula sa Ama at sa Anak."
>
> - Ang Kredo ng Nicene

Maaaring naniniwala ang mga animista sa isang kataas-taasang Diyos na lumikha, ngunit hindi sila nananalangin sa kanya dahil sa tingin nila ay imposible ang pakikipag-ugnayan sa kanya. Iniisip nila na ang mga espiritu sa paligid nila ang dapat nilang harapin para sa mga kahihinatnan ng kanilang buhay.

Ang pagtatangkang makipag-ugnayan sa mga espiritu ay madalas na humahantong sa pakikipag-ugnayan sa mga demonyo.

► Ngayon bumalik at basahin ang ***naka-bold at naka-italic*** na teksto at bawat kasulatan.

## Ebanghelismo

Maraming animista ang naniniwala na sa isang kataas-taasang Diyos, ngunit hindi naniniwala na maaari silang lumapit sa kanya o interesado siya sa kanila. Sinasabi sa kanila ng ebanghelyo na mahal sila ng Diyos at ipinakita ang kanyang pagmamahal sa pamamagitan ng pagpapadala kay Jesus.

Iniisip ng maraming animista na nakasakit sila ng isang espirituwal na nilalang: ang Diyos, ang kanilang mga kamag-anak na naging banal, o ibang tao. Ipinaliliwanag ng ebanghelyo na handang magpatawad ang Diyos sa ating mga kasalanan upang tayo ay magkaroon ng kaugnayan sa kanya.

Nabubuhay ang mga animista sa takot sa mga espiritu. Matitiyak natin sa kanila na kung makikilala nila ang Diyos, nasa ilalim sila ng kaniyang proteksiyon at maaari silang makitungo sa kaniya sa halip na sa mga espiritu.

## Isang Patotoo

Si Hato ay pinuno ng isang tribo sa Papua New Guinea. Nabuhay siya sa takot sa mga espiritu at ninuno. Madalas na nakikipagdigma ang mga nayon sa isa't isa. Isang misyonero ang dumating upang manirahan sa kanyang nayon. Nakita ni Hato kung paano nagtiwala ang misyonero sa Diyos sa panahon ng krisis nung nasa pangaang mga anak ng misyonero. Nagpasiya si Hato na paglingkuran ang Diyos sa halip na ang mga espiritu.

## Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 2

► Ngayon basahin muli ang Awit 147. Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang talata na nagpapaliwanag sa mensahe ng talatang ito para sa animista. Maaaring ibahagi ng ilang mag-aaral ang kanilang isinulat.

## Takdang Aralin para sa Bawat Aralin

Tandaan na humanap ng pagkakataong ipahayag ang ebanghelyo sa isang tao mula sa relihiyosong grupong ito. Maghandang ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang tungkol sa pag-uusap na mayroon kayo. Isulat ang iyong 2-pahinang nakasulat na ulat at ibigay ito sa iyong pinuno ng klase.

# Aralin 15
# Voodoo

## Unang Pagtatagpo

Bumisita si Maria sa isang tindahang Voodoo para magtanong. Sinabi ng lalaki na ang Voodoo ay hindi sumasalungat sa Katolisismo at ang isang tao ay maaaring maging Katoliko at magsanay din ng Voodoo. Sinabi niya na tumutulong sa mga tao ang mga espiritu, ngunit dapat bayaran ng mga tao ang mga espiritu sa pamamagitan ng pagpayag na angkinin sila ng mga ito.

## Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 1

► Basahin nang malakas ang Awit 145 nang sabay-sabay. Dapat magsulat ang bawat mag-aaral ng isang talata na nagbubuod sa talata ng banal na kasulatan na ito. Ano ang sinasabi ng talatang ito tungkol sa kapangyarihan at kabutihan ng Diyos? Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang listahan ng mga pahayag. Bilang isang pangkat, talakayin kung ano ang iyong isinulat.

## Voodoo

### Panimula sa Voodoo

Nagmula ang Voodoo sa mga relihiyong pangkalikasan ng Africa, ngunit ang mga paniniwala at gawi mula sa mga iyon ay hinaluan ng mga iba't-ibang katangian mula sa iba pang mga pinagmulan. Mas gusto ng maraming modernong practitioner ang terminong *Vodun*.

Ayon kay Voodoo, mayroong isang Diyos, ngunit hindi siya maaaring maabot ng mga tao para humingi ng tulong. Sa halip, maaaring makipag-ugnayan ang mga tao sa mga espiritu na kabilang sa mundo.

> "Si Jesus ay umakyat sa langit, siya ay nakaupo sa kanan ng Ama, ang Diyos na Makapangyarihan sa lahat, mula doon siya ay darating upang hatulan ang mga buhay at ang mga patay. Sa kanyang pagdating lahat ng tao ay muling babangon kasama ang kanilang mga katawan at magbibigay ng pananagutan para sa kanilang sariling mga gawa. At sila na gumawa ng mabuti ay papasok sa buhay na walang hanggan; at silang gumawa ng masama ay tungo sa walang hanggang apoy."
>
> \- Ang Kredo ng Athanasian

***Sinasabi sa atin ng Bibliya na ang Diyos ay napakalapit sa bawat isa sa atin, at mahahanap natin siya, tingnan ang Mga Gawa 17:27.***

► Anong ibang relihiyon ang kamukha nito?

Ang mga nagsasanay ng Voodoo ay talagang sumasamba kay Satanas at sa masasamang espiritu. Aminado ang marami na naglilingkod sila kay Satanas.

Ang pagsasagawa ng voodoo ay hindi palaging kinikilala ng mga tagalabas dahil madalas itong gumagamit ng mga ritwal, imahe, at pangalan ng mga santo ng Romano Katoliko. Gumagamit din ang mga sumasamba sa voodoo ng mga krus at iba pang simbolo ng Kristiyano. Mahirap malaman kung ilan ang bilang ng mga kaanib ng Voodoo dahil maraming kalahok sa Voodoo ang kabilang din sa ibang mga relihiyon, kabilang ang Kristiyanismo.

***Imposibleng maglingkod sa Diyos at sumamba din sa ibang mga espiritu, tingnan ang 1 Corinto 10:20-22.***

Kung minsan ang mga taong tinatawag ang kanilang sarili na mga Kristiyano ngunit hindi tunay na nagbagong loob ay hindi nakikita ang salungatan sa pagitan ng Voodoo at Kristiyanismo. Ang isang taong nagsisimba ay maaari ding pumunta sa isang Voodoo witch doctor para matulungan sa ilang problema. Ang isang negosyante ay maaaring humingi ng mahika upang matulungan siyang magbenta ng mas maraming paninda. Maaaring pumunta ang isang magulang upang humingi ng tulong para sa isang anak na may sakit.

► Bakit imposible para sa isang sumasamba sa Voodoo na maging tunay ding Kristiyano?

> "Dapat nating tandaan na kung paanong ang Diyos ay nananahan at gumagana sa mga anak ng liwanag, gayon din ang diyablo ay nananahan at gumagana sa mga anak ng kadiliman. Kung paanong ang Banal na Espiritu ay nagtataglay ng mga kaluluwa ng mabubuting tao, gayon din ang masamang espiritu na nagtataglay ng mga kaluluwa ng masasama. Samakatuwid, tinawag siya ng Apostol na 'diyos ng sanlibutang ito;' mula sa walang kontrol na kapangyarihang taglay niya sa makasanlibutang mga tao."
>
> \- John Wesley
> "A Caution against Bigotry"

Nakikipag-ugnayan ang mga sumasamba sa voodoo sa mga espiritu sa pamamagitan ng paggamit ng mga altar, pag-aalay, sayaw, at mga seremonya. Nagdarasal din sila sa mga ninuno.

Ang mga espiritu *(loa)* ay nahahati sa limang bansa, at maraming pamilya ng mga indibidwal ang may parehong apelyido. Ang ilang partikular na espiritu o pamilya ng mga espiritu ay nauugnay sa ilang partikular na aspeto ng buhay, tulad ng agrikultura, militar, o pag-ibig. Ito ay katulad ng paraan ng pagtatalaga ng mga Romano Katoliko ng mga santo sa iba't ibang aspeto ng buhay.

Ang mga pari at babaeng pari sa relihiyon ay nangunguna sa mga kaganapan sa pagsamba at maaaring upahan upang magsagawa ng pangkukulam o magprotekta mula sa pangkukulam. Maaaring mayroon silang isang kongregasyon na regular nilang pinamumunuan sa pagsamba at nagbibigay ng iba pang espirituwal na serbisyo. May iba pang mangkukulam na tinatawag na *bokor* na maaaring pari o hindi, at higit na nauugnay sa masamang pangkukulam. Halimbawa, maaaring umupa ng *bokor* para maglagay ng sumpa sa isang tao.[35]



*Isang opisina ng isang bokor.*

***Ang isang lalaking nagngangalang Simon ay isang mangkukulam na may kapangyarihan, ngunit ang kapangyarihan ng Diyos ay mas higit, tingnan ang Mga Gawa 8:9-13.***

Walang sentral na organisasyon o awtoridad ang relihiyong Voodoo. Ang bawat pari o babaeng pari ay may mga sariling kasanayan. Bawat sumasamba sa Voodoo ay nasa isang pamilyang Voodoo.

***Bilang mga Kristiyano, tayo ay nasa isang espirituwal na pamilya, kasama ang mga kapatid na lalaki at babae na kasama natin sa buhay at tumutulong sa praktikal na mga pangangailangan, tingnan ang Santiago 2:15-16 at Galacia 6:10.***

Karaniwang Biyernes o Sabado ng gabi ang mga pagsamaba ng Voodoo. Kasama sa pagsamba ng Voodoo ang mga talatang binabasa bilang parangal sa iba't ibang espiritu na nauugnay sa pamilya, maraming kanta, at panalangin. Gumagamit ang mga mananamba ng mga tambol, tamburin, at plauta sa kanilang mga pagsamba na maaaring tumagal nang buong gabi. Sa oras ng pagsamba sa Voodoo, sumasapi ang mga espiritu sa iba't ibang mga mananamba, nagsasalita at kumikilos sa pamamagitan nila. Ang pagsapi ng espiritu ay isang mahalagang layunin sa pagsamba sa Voodoo. Pinaniniwalaan na ang mga espesyal na benepisyo ay dumarating sa mga pamilya ng mga nasapian sa ganitong paraan. Minsan ang mga espiritu ay nagbibigay ng payo o pagpapagaling.

***Ang Banal na Espiritu ay nagbibigay ng direksyon sa simbahan at mapagkakatiwalaan dahil siya ay Diyos, tingnan ang Mga Gawa 13:2, Mga Gawa 15:28 at Galacia 3:5.***

► Bakit hindi dapat humingi ng tulong ang isang Kristiyano mula sa mga espiritu?

Sa mga espesyal na seremonya ng Voodoo ay may mga sakripisyo ng manok o baboy at pag-inom at pagbuhos ng dugo. Maaaring kagatin ng isang babaeng pari ang ulo mula sa manok. Ang mga mananamba ay maaaring sumayaw sa paligid ng apoy o sa paligid ng isang puno. Umaawit at nananalangin sila para pumasok sa kanila ang mga espiritu.

[35] Larawan ni Stephen Gibson, nakuha mula sa https://www.flickr.com/photos/sgc-library/52352524591, pampublikong domain.

Naghahain sila ng pagkain para sa mga espiritu. Gumuguhit sila ng mga diagram sa sahig na siyang kumokontrol sa kapangyarihan ng espiritu. Gumagamit sila ng mga ahas sa mga seremonya. Minsan nakasuot sila ng puti. Minsan pinipintahan nila ang kanilang mga mukha, gamit ang iba't ibang kulay, ngunit lalo na puti.

Minsan naipapakita ang higit sa natural na kapangyarihan. Sinasabi ng ilan na pinagaling sila ng mga espiritu. Sinisikap nilang itaboy ang isang espiritu na nagdudulot ng sakit. Ang ilan ay maaaring kumagat ng nasusunog na kahoy at hawakan ang mga buhay na uling sa kanilang mga bibig.

Minsan gumagamit ng isang maliit na manika upang kumatawan sa isang taong kukulamin. Maaaring idikit ang mga pin o kutsilyo sa manika. Namatay ang mga tao mula sa mga sumpa, ngunit nagpatotoo ang mga tunay na Kristiyano na ang mga sumpa ng Voodoo ay hindi maaaring makapinsala sa kanila.

Sa sariling bahay ng mananamba, maaaring mayroon siyang altar para sa mga espiritu at ninuno. Ang altar ay maaaring may mga larawan at estatwa ng mga espiritu, at mga bagay na kinagigiliwan nila tulad ng mga bulaklak, kandila, pabango, o pagkain. Ang isang puting kandila at isang basong tubig ay maaaring isang simpleng alay.

Ang ilang mga Voodoo practitioner ay nagsusuot ng mga bagay na dapat na makakapagprotekta sa kanila mula sa mga nakakapinsalang espiritu. Inilalagay din nila ang mga ito sa kanilang mga anak at mga sanggol.

Naniniwala sila na pagkatapos ng kamatayan naninirahan ang isang kaluluwa sa ilang aspeto ng kalikasan tulad ng puno.

Ang ilang mga sumasamba sa Voodoo ay sinasapian at pinangungunahan ng mga demonyo sa lahat ng oras. Ang ilan ay nagiging baliw, marahas, at mapanira sa sarili.

***Ang taong sinasapian ng mga demonyo ay may takot at pagkabaliw, at gumagawa ng pinsala sa kanyang sarili, tingnan ang Marcos 5:2-5.***

► Ngayon bumalik at basahin ang ***naka-bold at naka-italic*** na teksto at bawat kasulatan.

### Ebanghelismo

Ang mga sumasamba sa voodoo ay walang kaugnayan sa Diyos o katiyakan ng kaligtasan. Ibig sabihin mayroon silang espirituwal na pangangailangan na maaaring tugunan ng ebanghelyo. Ang isang Kristiyano ay maaaring magbahagi nang ebanghelyo at ang kanyang sariling patotoo ng pagbabagong-loob at kung ano ang kahulugan para sa kanya na mamuhay ng may kaugnayan sa Diyos.

Ang mga sumasamba sa voodoo ay nabubuhay ng may takot. Hindi sila naglilingkod sa isang Diyos na nagmamahal sa kanila. Inaasahan nila ang mabuti at masasamang aksyon mula sa mga espiritu. Kailangan nilang bayaran ang pari ng Voodoo para sa bawat

relihiyosong serbisyo na ginawa para sa kanila. Sa ilang mga bansa ang mga tao ay nasa pagkaalipin sa mga pinuno ng Voodoo.

Pinipiling sambahin ng isang tao ang mga espiritu dahil sa palagay niya ay kailangan niya ang tulong at proteksyon ng mga ito. Ang mga resulta ay kapareho ng pagtugis sa anumang kasalanan; ang kabutihang pilit na tinatamasa ng tao ay nawawala, at sinisira ng kasalanan ang lahat ng bagay na mabuti sa kanyang buhay, kasama na ang mga relasyon sa pamilya.

Ang isang taong tumatanggi sa ebanghelyo ay nais na magpatuloy sa kasalanan at panatilihin ang kontrol sa kanyang buhay sa halip na bigyan ng kontrol ang Diyos. Gayunpaman, ang isang taong may kaugnayan sa masasamang espiritu ay nawawalan ng kontrol sa kanyang sarili at nasa pagkaalipin.

Ang ebanghelyo ay isang mensahe ng pagpapalaya mula sa masasamang kapangyarihan. Isa itong alok ng pagpapatawad. Ito ay isang alok ng kaugnayan sa Diyos na nagmamahal sa atin at nagmamalasakit sa atin.

### Isang Patotoo

Si Jacques ay isang Voodoo na mangkukulam sa Haiti. Nakapatay siya ng maraming tao sa pamamagitan ng mga sumpa. Nakatira siya kasama ang ilang babae. Isang araw sinabi sa kanya ng isang misyonero na balang-araw ay sisirain siya ng mga espiritung pinaglilingkuran niya. Nang maglaon ay hiniling ni Jacques ang misyonero na pumunta at ipagdasal siya. Nagsisi si Jacques at sinira ang lahat ng kanyang kagamitan sa Voodoo.

### Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 2

► Ngayon basahin muli ang Awit 145. Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang talata na nagpapaliwanag sa mensahe ng talatang ito para sa isang tagasunod ng Voodoo. Maaaring ibahagi ng ilang mag-aaral ang kanilang isinulat.

### Takdang Aralin para sa Bawat Aralin

Tandaan na humanap ng pagkakataong ipahayag ang ebanghelyo sa isang tao mula sa relihiyosong grupong ito. Maghandang ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang tungkol sa pag-uusap na mayroon kayo. Isulat ang iyong 2-pahinang nakasulat na ulat at ibigay ito sa iyong pinuno ng klase.

# Aralin 16
# Pag-unawa sa Adventismo ng Ikapitong Araw

## Unang Pagtatagpo


Nagtataka si Bianca nang makitang maraming tao sa kanyang kalye na nagsisimba tuwing Sabado. Tinanong niya ang kanyang mga kapitbahay tungkol dito, at sinabi nila sa kanya na ang Sabado ang tamang araw para sa pahinga at pagsamba. Ipinaliwanag nila na kapag Sabado ay hindi sila nagnenegosyo o namimili o maraming paglilibang. Naisip ni Bianca na mayroon silang relihiyon na ibang-iba sa ibang mga simbahan, ngunit tila sila ay naniniwala sa parehong mga bagay tungkol sa Diyos at kaligtasan.

## Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 1

► Basahin nang malakas ang 1 Timoteo 1 nang sabay-sabay. Dapat magsulat ang bawat mag-aaral ng isang talata na nagbubuod sa talata ng banal na kasulatan na ito. Ano ang sinasabi ng talatang ito tungkol sa pagtuturo ng doktrina? Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang listahan ng mga pahayag. Bilang isang pangkat, talakayin kung ano ang iyong isinulat.

## Adventismo ng Ikapitong Araw

### Pinagmulan ng Adventismo ng Ikapitong Araw


*William Miller*

Noong 1830s, si William Miller,[36] isang mangangaral ng Baptist, ay nagsimulang mangaral na malapit nang magbalik si Jesus. Ang kanyang mga tagasunod ay tinawag na Millerites sa loob ng maraming taon. Noong 1844, hinulaan ng mga Millerites ang pagbabalik ni Kristo noong Oktubre 22, 1844. Libu-libong tao ang naniwala. Marami sa mga Millerites ang umalis sa kilusan pagkatapos na hindi makita si Jesus. Sinabi ni Hiram Edson na nakatanggap siya ng isang paghahayag na sa petsang iyon ay nagsimula si Jesus ng isang bagong ministeryo sa makalangit na santuwaryo. Ang mga nanatili sa kilusan ay naging Iglesiang Ikapitong-araw na Adventista (Seventh-Day Adventist Church).

May iba pang mga simbahan na nagbibigay-diin na ang Sabado ay ang tamang araw para sa Kristiyanong pagsamba. Mayroon ding iba pa bago ang organisasyong ito na nagturo ng doktrinang iyon, ngunit ang Ikapitong-araw na Adventista ang pinakamalaki at pinakamaimpluwensiya.

---

[36] Larawan: "William Miller", ni J. H. Bufford Lithography Company, nakuha mula sa the National Portrait Gallery, Smithsonian Institution https://npg.si.edu/object/npg_NPG.80.107.

**Kasalukuyang Impluwensya**

Noong Disyembre 2020, sinabi ng mga Ikapitong-araw na Adventista na mayroon silang mahigit 92,000 na simbahan at mahigit 21 milyong miyembro. Nagtrabaho sila sa 212 bansa at nagministeryo sa 535 na wika. Mayroon silang 229 na ospital at 9,400 na paaralan.[37]

**Ang Doktrina ng mga Adventista ng Ikapitong Araw**

Naniniwala ang mga Adventista sa mga pangunahing doktrinang Kristiyano tungkol sa Diyos tulad ng Trinidad, ang pagka-Diyos ni Kristo at ang Banal na Espiritu. Naniniwala rin sila sa pangwakas na awtoridad ng Bibliya, at kaligtasan sa pamamagitan ng biyaya sa pamamagitan ng pananampalataya.

Sinasabi ng mga Adventista na naniniwala sila na ang isang tao ay hindi naligtas sa pamamagitan ng mabubuting gawa, ngunit ang isang tunay na Kristiyano ay mamumuhay ng isang buhay ng pagsunod sa Diyos pagkatapos ng pagbabago. Naniniwala sila na ang batas ng Diyos ay nagpapakita sa mga Kristiyano kung paano sila mamuhay, at ang isang Kristiyano ay dapat mamuhay sa tagumpay laban sa kasalanan. Naniniwala sila na mawawalan ng kaligtasan ang isang tao kung hindi siya patuloy na mabubuhay para sa Diyos.

***Tama ang mga Adventista na sinisira ng kasalanan ang ating kaugnayan sa Diyos. Sinabi ni Jesus na nananatili tayo sa isang relasyon ng pag-ibig sa kanya sa pamamagitan ng pagsunod sa kanyang mga utos, tingnan ang Juan 15:10.***

Ang pangunahing organisasyon ng mga Adventista ay hindi naniniwala sa kaligtasan sa pamamagitan ng mga gawa. Gayunpaman, may mga indibidwal at grupo ng mga Adventista na labis na nagbigay-diin sa batas na tila sinasabi nila na ang pagsunod sa batas ay ang paraan ng kaligtasan. Kung ang isang tao ay umaasa na tatanggapin siya ng Diyos dahil sa kanyang mga gawa, hindi niya inilalagay ang kanyang pananampalataya sa biyayang ibinigay ni Cristo (Efeso 2:8-9).

► Ano ang tamang pagtingin sa mga gawa? Paano natin ipaliliwanag na tayo ay naligtas sa pamamagitan ng biyaya kahit na ito ay kinakailangan upang mamuhay sa pagsunod sa Diyos?

Naniniwala ang mga Adventista na ang tao ay hindi likas na immortal. Sa kamatayan ang mga tao ay napupunta sa isang walang malay na kalagayan hanggang sa sila ay mabuhay na mag-uli. Sa muling pagkabuhay, ang mga maliligtas ay tatanggap ng buhay na walang hanggan. Yaong mga hindi maliligtas ay bubuhaying muli para sa paghuhukom pagkatapos ay pupuksain sa lawa ng apoy. Naniniwala sila na si Satanas at ang iba pang mga demonyo ay ganap ding pupuksain. Walang kaparusahan sa walang hanggan.

---

[37] "Seventh-Day Adventist World Church Statistics 2021." Seventh-day Adventist Church, Pebrero 14, 2022. https://www.adventist.org/statistics/, na-access noong Abril 11, 2023.

***Sinabi ni Jesus na magkakaroon ng walang hanggang kaparusahan, tingnan ang Mateo 25:46, Apocalipsis 20:10, 15.***

Naniniwala ang mga Adventista na dapat sundin ng mga Kristiyano ang ilang tuntunin sa Lumang Tipan para sa diyeta. Naniniwala sila na ang mga panuntunan sa pagkain ay para sa kapakanan ng kalusugan. Sinasabi nila na ang mga Adventista ay may posibilidad na mabuhay nang mas mahaba kaysa sa ibang mga tao.

***Ang lahat ng karne ay pinahihintulutan para sa Kristiyano, ayon sa 1 Timoteo 4:4.***

Ang mga Adventista ay higit na kilala sa kanilang doktrina ng Sabbath. Naniniwala sila na ang Sabado, ang ikapitong araw ng linggo, ay ang tamang araw para sa pamamahinga at pagsamba ng mga Kristiyano. Naniniwala sila na ang mga simbahan na sumasamba sa Linggo ay sumusunod sa isang paganong kaugalian.

**Saloobin sa Iba pang mga Simbahan**

Naniniwala ang mga Adventista na sila ang tapat na "nalalabi," ang mga taong sumusunod pa rin sa mga utos ng Diyos sa isang mundo ng nakompromisong Kristiyanismo. Naniniwala sila na ang Babylon sa hula sa Bibliya ay tumutukoy sa mga tumalikod na relihiyosong organisasyon at sa kanilang mga kaalyado sa sistema ng mundo.

Naniniwala sila na may mga tunay na Kristiyano sa iba't ibang denominasyong Kristiyano na sumusunod sa Diyos sa abot ng kanilang pagkaunawa, ngunit hindi nauunawaan ang lahat ng hinihiling niya. Sa mga huling araw bago ang pagdating ng Panginoon, ang lahat ay darating sa isang krisis at kailangang tumanggap ng liwanag at lakaran ito o mapahamak sa paghatol ng Diyos. Ang mga sumasamba sa araw ng Linggo na hindi tumatanggap sa katotohanan ay tatanggap kalaunan nang “tanda ng halimaw.”

Kinikilala ng mga Adventista na ang iba't ibang tao sa kasaysayan ng simbahan ay mga tunay na Kristiyano at ginamit ng Diyos, tulad ng mga pinuno ng Repormasyon. Sila rin ay nagbabasa at sumipi mula sa mga theologian at biblical scholars na hindi Adventista.

► Paano mo ilalarawan ang saloobin ng Adventista sa ibang mga simbahan?

**Ang Kahalagahan ng Propesiya**

Naniniwala ang mga Adventista na ang propesiya ay isang kaloob para sa simbahan, na kailangan para sa patuloy na paggabay. Ang kanilang pinakamahalagang propeta ay si Ellen White. Nagsimula siyang manghula noong 1844. Sumulat siya ng higit sa 2,000 pangitain. Ang kanyang mga pangitain at iba pang mga sinulat ay binubuo ng 80 mga libro. Hinihikayat ng mga Adventista ang kanilang mga miyembro na basahin nang regular ang kanyang mga isinulat.

> “Ang [panatisismo] sa pangkalahatan ay maaaring tukuyin nang ganito: Isang relihiyosong kabaliwan na nagmumula sa ilang maling akala na impluwensya o inspirasyon ng Diyos; kahit na mula sa pag-asa sa isang bagay mula sa Diyos na hindi dapat asahan mula sa kanya."
>
> - Halaw mula kay John Wesley “The Nature of Enthusiasm”

Naniniwala ang mga Adventista na ang Bibliya ang pangwakas na awtoridad, at ang lahat ng propesiya ay dapat na masuri sa pamamagitan ng kasulatan. Si Ellen White mismo ang nagsabi na ang kanyang aklat na pinamagatang *Mga Patotoo* ay hindi kakailanganin kung susundin ng mga tao nang husto ang banal na kasulatan. Sinabi niya na ang kanyang mga isinulat ay hindi nilayon na magbunyag ng anumang bagay na hindi ipinahiwatig sa Bibliya.[38]

Ang mga Adventista ay naglalathala at namamahagi pa rin ng mga aklat ni Ellen White bilang pinakamahusay na paliwanag ng kanilang doktrina. Patuloy nila siyang sinisipi sa kanilang mga publikasyon. Hindi nila sinasabing ang kaniyang pagsulat ay isang awtoridad na maihahambing sa Bibliya.

Karamihan sa mga isinulat ni Ellen White ay nagpapahayag ng mga opinyon na wala sa Bibliya, at nagbibigay ng paliwanag sa banal na kasulatan na nakadepende sa bagong paghahayag sa halip na normal na interpretasyon. May panganib ito dahil ang mga Adventista ay nagbibigay ng labis na awtoridad sa mga sulatin maliban sa Bibliya, at hindi hinahayaan na ang Bibliya ang magkaroon ng pinakamataas na awtoridad.

► Ano ang wastong gamit ng mga sinulat ng mga pastor at guro?

Ang pagtutuon ng pansin ng mga Adventista sa hula sa katapusan ng panahon ay ipinapakita sa pangalan ng kanilang simbahan, na tumutukoy sa pagdating ng Panginoon. Binibigyang-diin nila ang detalyadong interpretasyon ng hula sa bibliya sa pagtatapos ng panahon, kabilang ang maraming hindi malinaw na mga sipi ng banal na kasulatan. Binibigyang-diin ng mga Adventista ang papel ng mga pangitain at mga himala sa kanilang modernong ministeryo.

**Ang Isyu ng Ikapitong Araw**

Sinisimulan ng mga Adventista ang kanilang Sabbath ng Biyernes ng gabi sa paglubog ng araw at tinatapos ito ng Sabado sa paglubog ng araw, tulad ng ginagawa ng mga Hudyo.

Naniniwala ang mga Ikapitong-araw na Adventista na ang pagsamba sa Linggo sa halip na Sabado ay ang tanda ng halimaw na inilarawan sa aklat ng Apocalipsis.

***Ang tanda ng halimaw sa aklat ng Apocalipsis ay tila hindi naman para sa pagsamba sa isang partikular na araw, tingnan ang Apocalipsis 13:16-17.***

Naniniwala sila na darating ang panahon na susubukan ng mundo na magpatupad ng pagsamba sa Linggo at uusigin ang mga nagsisikap na panatilihin ang pangingilin ng Sabado bilang Sabbath. Naniniwala sila na sa ngayon ay may mga tunay na Kristiyano na nasa mga simbahan na sumasamba sa araw ng Linggo, ngunit sa darating na panahon ay kailangan nilang magbago sa katotohanan ng Sabadong Sabbath o mawawala ang kanilang mga kaligtasan dahil sa paglaban sa katotohanan. Naniniwala sila na kapag dumating ang krisis ang lahat ng tunay na Kristiyano ay magiging tapat sa Sabado ng Sabbath kahit na ito ay

[38] Ellen White, *Testimonies*, Volume 5, 664-665

nangangahulugan ng kamatayan, at sinumang nagpapanatili ng Linggo bilang Araw ng Panginoon ay hindi isang Kristiyano.

Walang indikasyon sa aklat ng Apocalipsis na ang araw sa isang linggo ang isyu. Sa halip, ang isyu ay ang pagsamba sa isang taong hindi Diyos.

Isaalang-alang ang mga implikasyon ng mga paniniwala ng Adventista. Kung tama sila, halos lahat ng simbahang Kristiyano ay mali mula pa noong unang siglo. Halos wala sa milyun-milyong makadiyos, espirituwal na mga Kristiyano na nabuhay kailanman ang nakaalam na sila ay sumusunod sa "tanda ng halimaw," at maliwanag na hindi ito ipinakita ng Diyos sa kanila. Hindi ito maliit na doktrina na nawala, ngunit isang napakahalaga na ayon sa mga Adventista, sa mga huling araw ay mawawalan ng kaligtasan ang isang tao kung siya ay mali.

Ang Linggo ay ang araw ng pagsamba para sa mga Kristiyano sa bawat bansa sa mundo. Milyun-milyong Kristiyano sa buong mundo ang nagtitipon upang sambahin ang Diyos at makinig sa kaniyang Salita. Sila ay nagpapatotoo sa kanyang pagmamahal at biyaya at nangangako na paglingkuran siya. Milyun-milyon sa kanila ang dumaranas ng matinding pag-uusig dahil sa kanilang pangako sa Diyos. Maaari ba talaga tayong maniwala na sila ay sumusunod sa isang Satanikong doktrina at balang araw ay mawawala ang kanilang mga kaligtasan kung hindi sila kumbinsido sa Sabado ng Sabbath?

► Isipin ang lahat ng maka-Diyos na halimbawa na naging pagpapala sa iyong buhay. Posible bang maniwala na lahat sila ay mawawala maliban kung magbago ang kanilang isip sa isyung ito?

Sinasabi ng mga Adventista na ang pagsamba sa Linggo ay nagsimula sa Konseho ng Nicea noong A.D. 325. Ang katotohanan ay ang mga desisyon ng konseho ay hindi lumikha ng anumang bagong doktrina. Itinatag nila ang mga doktrina na pinaniniwalaan nilang mula sa mga apostol.

Sinimulan ng mga Kristiyano na panatilihin ang Linggo bilang Araw ng Panginoon nang matagal ng panahon kaya hindi natin mahanap ang petsa ng pagsisimula. Ang *Didache* ay isinulat sa simula ng ikalawang siglo ng simbahan ngunit kumakatawan sa mga tradisyon at turo ng unang siglo. Ito ay buod ng turo ng mga apostol. Ginamit ito sa mga simbahan sa lahat ng dako. Sinasabi ng *Didache* na ang mga Kristiyano ay dapat magpulong sa Araw ng Panginoon para sa komunyon. Ang pagsulat na ito ay hindi nagsisikap na magturo ng anumang bagay na bago, ngunit repasuhin ang itinatag na doktrina, na nangangahulugan na ang gawaing ito ay karaniwan na, at alam na ng karamihan sa mga Kristiyano na ito ay doktrina ng mga apostol.

> "Sa Araw ng Panginoon, magtipon kayo at magputol-putol ng tinapay, magpasalamat, ngunit ipahayag muna ang inyong mga kasalanan upang ang inyong hain ay maging dalisay."
>
> \- *Didache*
> (mula sa simbahan ng ikalawang siglo)

Ang Sulat ni Bernabe ay isinulat malapit sa katapusan ng unang siglo. Ito ay hindi banal na kasulatan, ngunit ginamit bilang debosyonal na materyal sa mga simbahan. Tinatawag nito ang Linggo na "ika-walong araw," ang araw kung kailan nabuhay si Jesus mula sa mga patay. Sinasabi nito na ipinagdiriwang ng mga Kristiyano ang ikawalong araw.

Wala tayong mahahanap sa Bibliya kung saan ipinaliwanag na ang Sabbath ay inililipat sa Linggo. Sa halip ay makikita natin ang mga utos na ang isang tao ay hindi dapat hatulan tungkol sa pangingilin ng Sabbath (Colosas 2:16-17, Roma 14:5-6). Nalaman din natin na ang mga Kristiyano sa Bagong Tipan ay dapat magbigay ng mga handog sa Linggo (1 Corinto 16:1-2), nagpupulong sila para sa mga pagsamba sa Linggo (Gawa 20:7), at tinawag nila ang Linggo bilang Araw ng Panginoon (Apocalipsis 1:10).

Ang Sabbath ng mga Hudyo ay hindi kinakailangan nang mga Kristiyano, ngunit ang prinsipyo ng araw ng kapahingahan ay isang prinsipyo ng paglikha para sa lahat ng panahon. Samakatuwid, ang isang Kristiyano ay dapat magsikap na umiwas sa trabaho o negosyo sa Linggo at sa halip ay dapat magpahinga at sumamba sa Diyos.

**Buod ng Isyu ng Ikapitong Araw**

1. Walang indikasyon sa aklat ng Apocalipsis na ang "tanda ng halimaw" ay tumutukoy sa isyu kung aling araw ng linggo ang para sa pagsamba.
2. Hindi makatotohanang paniwalaan na halos lahat ng mga Kristiyano sa lahat ng panahon at lahat ng lugar ay nagkamali sa isang doktrina na maaaring maging sanhi ng pagkawala ng kanilang mga kaligtasan.
3. Sinasabi sa atin ng Bibliya na huwag husgahan ang iba tungkol sa pangingilin ng Sabbath.
4. Ang pagsamba sa Linggo ay naitatag na noong unang siglo bilang doktrina ng mga apostol.
5. Nagpulong ang mga Kristiyano sa Bagong Tipan nang Linggo at tinawag itong Araw ng Panginoon.

► Ngayon bumalik at basahin ang ***naka-bold at naka-italic*** na teksto at bawat kasulatan.

**Ebanghelismo/ Paggamit ng *Manwal ng Doktrina***

Hindi natin dapat sabihin na ang isang tao ay hindi isang Kristiyano dahil siya ay isang Ikapitong-araw na Adventista. Posibleng naligtas ang isang tao na naniniwala sa lahat ng mga doktrina ng Adventista. Ang problema sa pakikisama sa ilang Adventista ay hindi ang pagtanggi natin sa kanila kundi ang pagtanggi nila sa atin.

Sumasang-ayon tayo sa mga Adventista na ang isang Kristiyano ay nabubuhay sa pagsunod sa Diyos. Hindi tayo sang-ayon sa mga simbahan na nagtuturo na dahil tayo ay naligtas sa pamamagitan ng biyaya ay hindi mahalaga na mamuhay sa tagumpay laban sa kasalanan.

Ang ilang mga Adventista ay tila naniniwala na ang isang tao ay naligtas sa pamamagitan ng mga gawa kaysa sa biyaya. Ang ilan ay tila naniniwala na kung ang isang tao ay hindi tumutupad sa mga kinakailangan sa Lumang Tipan ay hindi siya maliligtas, kahit na siya ay tapat na sumusunod sa Bibliya ayon sa pagkakaunawa niya dito. Hindi naiintindihan ng mga Adventista na iyon ang ebanghelyo ng banal na kasulatan. Para sa mga Adventista na iyon, gamitin ang mga sumusunod na punto mula sa *Manwal ng Doktrina*:

(9) Ang kaligtasan ay sa pamamagitan lamang ng pagtubos ni Kristo.

(11) Tumatanggap tayo ng kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya.

(12) Maaari tayong magkaroon ng personal na katiyakan ng kaligtasan.

Maaari kang tumugon sa isyu ng Sabbath gamit ang mga bahagi sa araling ito tungkol sa "Ang Isyu ng Ikapitong-Araw na Adventista."

Kung ang isang Adventista ay tunay na naniniwala na ang mga turo ng Bibliya ay sapat para sa kaligtasan ng walang anumang iba pang paghahayag, mabuti iyon. Kung ang isang Adventista ay tila iniisip na ang ibang mga paghahayag, tulad ng kay Ellen White, ay kailangan, dapat mong ipakita sa kanya ang mga banal na kasulatan na binanggit sa *Manwal ng Doktrina*, sa seksyon

(1) Ang Bibliya ay sapat na para sa doktrina.

### Isang Patotoo

Si Gabriel ay miyembro ng Ikapitong-araw na Adventista sa loob ng 12 taon. Pinag-aralan niya ang kanilang mga doktrina at binasa ang mga sinulat ni Ellen White. Ang pangunahing pag-aalala niya ay ang malaman kung paano maliligtas at mapabanal ang isang tao. Sinabi niya na ang doktrina ng Adventista ay nagtuturo na tayo ay naligtas sa pamamagitan ng pagsunod sa mga utos. Binasa niya ang Galacia 5:4, na nagsasabing kung tayo ay nagsisikap na maging matuwid sa pamamagitan ng kautusan ay wala sa atin si Kristo. Sinabi niya na ang mga Adventista ay tila sinasabi rin na ang ebanghelyo ay magbabago sa mga huling araw, at ang mga taong hindi tumutupad sa tamang Sabbath ay hindi maliligtas, kahit na ang mga taos-pusong tao ay naligtas nang hindi sinusunod ang Sabbath noon. Naniniwala pa rin si Gabriel na dapat nating sundin ang Diyos, ngunit iniwan niya ang mga Adventista dahil naniniwala siyang mayroon silang ebanghelyo ng mga gawa.

**Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 2**

► Ngayon basahin muli ang 1 Timoteo 1. Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang talata na nagpapaliwanag sa mensahe ng talatang ito para sa tagasunod ng Adventismo ng Ikapitong Araw. Maaaring ibahagi ng ilang mag-aaral ang kanilang isinulat.

**Takdang Aralin para sa Bawat Aralin**

Tandaan na humanap ng pagkakataong ipahayag ang ebanghelyo sa isang tao mula sa relihiyosong grupong ito. Maghandang ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang tungkol sa pag-uusap na mayroon kayo. Isulat ang iyong 2-pahinang nakasulat na ulat at ibigay ito sa iyong pinuno ng klase.

# Aralin 17
# Pag-unawa sa Romano Katolisismo

## Unang Pagtatagpo

Noong bata pa siya, nanalangin si Mutya na akayin siya ng Diyos sa isang simbahan kung saan madarama niyang tinatanggap siya. Noong bata pa siya, bumisita siya sa isang simbahang Katoliko para sa misa. Marami sa mga kaugalian ng Romano Katoliko ang tila kakaiba sa kanya. Nagustuhan niya ang katotohanan na ginagawa nila ang parehong mga kaugalian sa pagsamba sa buong mundo. Nagsimula niyang maramdaman na isang kahanga-hangang himala na ang misa ay nagiging katawan at dugo ni Jesus sa tuwina, upang ang mga tao ay maaaring makipag-ugnayan kay Jesus.

## Pag-aaral ng Banal na Kasulatan-Bahagi 1

► Basahin nang malakas ang Tito 2 nang sabay-sabay. Dapat magsulat ang bawat mag-aaral ng isang talata na nagbubuod sa talata ng banal na kasulatan na ito. Ano ang sinasabi ng talata tungkol sa pamumuhay Kristiyano? Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang listahan ng mga pahayag. Bilang isang pangkat, talakayin kung ano ang iyong isinulat.

## Romano Katolisismo

### Pinagmulan ng Romano Katolisismo

Ang pandaigdigang pinuno ng Romano Katolisismo ay tinatawag na papa. Ang punong-tanggapan ng Simbahang Romano Katoliko ay nasa Roma.

Ang terminong *Katoliko* ay nangangahulugang "unibersal" o "kumpleto." Sinasabi ng Simbahang Romano Katoliko na siya ang kumpletong simbahan ng Diyos at lahat ng iba pang simbahan ay huwad.

> "Ang simbahan ay apostoliko, na pinamumunuan pa rin ng apostolikal na awtoridad na nabubuhay sa mga akda ng mga apostol, ang awtoridad na iyon ang pamantayan."
>
> \- William Pope
> *Compendium of Christian Theology III*

Sinasabi ng Katolisismo na sila ang orihinal na simbahang itinatag ni Kristo. Sinasabi ng mga Katoliko na ang unang papa ay si Pedro, at palaging may kahalili si Pedro bilang papa ng simbahang Katoliko. Naniniwala sila na ang kanilang grupo ng mga pinuno na tinatawag na " mga Kardinal" ay ang mga kahalili ng mga apostol at may awtoridad na katulad ng mga orihinal na apostol.

Ang Romano Katolisismo ay katulad ng Silangang Ortodokso sa mga paniniwala at mga seremonyang panrelihiyon.

**Impluwensiya**

Ang Simbahang Romano Katoliko ay isang pandaigdigang organisasyon. Noong 2021, mayroong higit sa 1.37 bilyong miyembro ng Katoliko.[39] Ang mga populasyon ng maraming mga bansa ay halos Katoliko. Sa mga bansang iyon, bahagi ng kanilang kultura ang relihiyong Katoliko. May milyun-milyong tao na nagsasabing Katoliko sila ngunit paminsan-minsan lamang nakikilahok sa mga gawaing panrelihiyon.

Ang simbahang Katoliko ay napakayaman at makapangyarihan sa pulitika. Noong mga naunang siglo, maraming beses na gumamit ng hukbo ang simbahan para pilitin ang mga bansa na magpasakop sa simbahan. Sa mga bansang kontrolado ng Katolisismo, maraming tao ang pinahirapan at pinatay dahil hindi sila sumasang-ayon sa mga doktrinang Katoliko.

► Ang tanong na ito ay nagpapakilala sa sumusunod na seksyon. Ano na ang nakita mo sa mga gawaing pangrelihiyon ng Romano Katolisismo?

**Paniniwala ng Romano Katolisismo**

Napakapormal ng istilo ng pagsamba ng Katolisismo. Ang mga Katoliko ay mayroong maraming malalaking katedral sa buong mundo na kilala sa kanilang mahusay na arkitektura. Ang mga katedral ay pinalamutian ng mga larawan at estatwa ng mga santo mula sa kasaysayan. Karaniwang may mga espesyal na damit ang mga pari. Ang mga gawain sa pagsamba ay kadalasang ginagawa ng mga pari, na may kaunting partisipasyon mula sa kongregasyon.

Ang mga tao na may maraming kultura ay naging Katoliko habang pinapanatili ang mga gawaing pangrelihiyon ng kanilang dating relihiyon. Ang mga dating paganong diyus-diyusan ay minsang binibigyan ng mga pangalan na mga santo Katoliko. Ang mga seremonya ng Katolisismo ay hinaluan ng mga seremonya ng isang idolatrosong relihiyon o isang relihiyon sa kalikasan.

> "Si Kristo ay nagdusa sa ating lugar upang matugunan ang radikal na pangangailangan ng kabanalan ng Diyos, upang maalis ang balakid sa pagpapatawad at pagkakasundo sa mga nagkasala. Kung ano ang hinihiling ng kabanalan ng Diyos, ay ibinigay sa krus nang pag-ibig ng Diyos."
>
> - Thomas Oden
> *The Word of Life*

Ang mga paniniwala ng simbahang Katoliko tungkol sa Diyos ay naaayon sa mga pangunahing doktrinang Kristiyano tulad ng Trinidad, ang pagka-Diyos, kamatayan, paglilibing, at muling pagkabuhay ni Kristo sa katawan, at ang pagka-Diyos ng Banal na Espiritu.

Sinasabi ng simbahang Katoliko na ang simbahan ay may awtoridad na ipaliwanag kung ano ang ibig sabihin ng Bibliya, kahit na ang interpretasyon ng simbahan ay tila iba sa sinasabi ng Bibliya. Sinasama rin ng mga Katoliko ang iba pang mga kasulatan, na kilala

[39] "The Numeric State of the Catholic Church Up to 2023," https://zenit.org/2023/03/06/the-numeric-state-of-the-catholic-church-up-to-2023/, na-access noong Abril 11, 2023.

bilang *Apokripa*, sa kanilang Bibliya (bilang banal na kasulatan) na hindi kasama sa Bibliya ng ibang mga simbahan.

► Ano ang tamang pananaw sa awtoridad ng simbahan na may kaugnayan sa Bibliya?

Naniniwala ang mga Katoliko na ang papa ang kinatawan ni Cristo sa lupa. Naniniwala sila na kapag gumawa siya ng opisyal na mga desisyon tungkol sa relihiyon, hindi siya maaaring magkamali. Ang awtoridad na ito ay nagmula sa kanilang tradisyon at hindi mula sa Bibliya. Maraming mga papa sa nakaraan ang masasamang tao, nagkasala kahit sa pagpatay.

Kapwa ang Silangang Ortodokso at Romano Katoliko ay pumipili ng mga makasaysayang tao na kikilalanin bilang mga santo. Marami sa mga santo ay may katayuan sa simbahan na katulad ng mga diyos. Nananalangin ang mga tao sa kanila para sa tulong. Ang ilang mga santo ay dapat na interesante sa ilang mga aspeto ng buhay o sa ilang mga trabaho, kaya ang mga mandaragat, magsasaka, at guro ay may mga espesyal na santo, na tinatawag na patron saints, kung kanino sila nagdarasal. Sa ilang mga lugar, ang mga santo ay pumalit sa mga paganong diyos. Itinuturing ng mga tao na malayo ang Diyos at maging si Jesus at walang pakialam sa kanila, kaya sa halip ay nananalangin sila sa mga santo.

***Sa Hebreo 4:16, inaanyayahan tayo ng Diyos na magkaroon ng kumpiyansa na lumapit sa kanya sa panalangin. Wala tayong kabutihan na galing lamang sa ating sarili, ngunit binigyan tayo ni Jesus ng daan sa presensya ng Diyos sa pamamagitan ng kanyang pagbabayad-sala, Efeso 2:13.***

Ang mga Romano Katoliko ay inaakusahan ng idolatriya dahil nananalangin sila sa mga santo gamit ang mga larawan at rebulto ng mga ito.

***Ang paggawa ng imahen para sa panalangin at pagsamba ay idolatriya. Ipinagbabawal ng Bibliya ang idolatriya, tingnan ang Exodo 20:4-5 at 1 Juan 5:21. Kapag ang isang makasalanan ay nagsisi at nakipag-ugnayan sa Diyos, itinatakwil niya ang mga diyus-diyosan, tingnan ang 1 Tesalonica 1:9. Hindi kailanman sinasabi ng Bibliya na ang Kristiyano ay dapat manalangin sa sinuman maliban sa Diyos o gumamit ng imahe para sa pagsamba.***

Ang mga bagay na ginamit ng mga santo ay iniingatan sa mga simbahan para sa karangalan. Minsan ang mga labi ng katawan tulad ng mga ngipin o buto ay inilalagay sa simbahan. Lumuluhod ang mga tao at nananalangin sa mga santo na kinakatawan ng mga buto.

Ang mga paring Romano Katoliko ay hindi pinapayagang magpakasal.

Si Maria (ang ina ni Jesus) ay may espesyal na pagpaparangal. Itinuturo ng doktrina ng **Kalinis-linisang Paglilihi** na si Maria ay isinilang na walang likas na kasalanan at hindi kailanman nakagawa ng kasalanan. Maraming Katoliko ang nananalangin kay Maria kaysa sa Diyos. Pakiramdam nila ay makikinig si Jesus kay Maria at maiimpluwensyahan niya ito. Si Maria ay naging isang tagapamagitan sa pagitan ng mananamba at ni Kristo.

***Ayon sa 1 Timoteo 2:5, si Jesus ang tanging tagapamagitan sa Diyos at sa tao. Si Jesus ay lubhang mahabagin, at hindi natin kailangan ng sinuman na mag-impluwensya sa kanya upang magmalasakit sa atin, tingnan ang Juan 11:35.***

► Ano ang tamang pananaw ng Kristiyano kay Maria?

Parehong itinuturo ng Katolisismo at Silangang Ortodokso ang doktrina ng **transubstansasyon**. Ito ang paniniwala na sa panahon ng komunyon, ang tinapay at alak ay naging literal na katawan at dugo ni Jesus, upang matanggap nang mga mananamba ang mga ito para sa kaligtasan. Samakatuwid, naniniwala sila na ang tinapay at alak ay sagrado.

Naniniwala ang mga Romano Katoliko na ang kaligtasan ay nakasalalay hindi lamang sa pagtubos ni Kristo kundi sa pagiging bahagi ng simbahang Katoliko, pagtanggap ng komunyon, at paggawa ng mabubuting gawa.

Ang mga Katoliko ay hindi nangangaral ng mensahe ng ebanghelyo na ang isang makasalanan ay maaaring magsisi sa kanyang mga kasalanan, maglagay ng kanyang pananampalataya kay Kristo, at makatanggap ng katiyakan ng kaligtasan. Sa halip, ang isang tao ay dapat na matapat na sumunod sa mga tagubilin ng pari at umasa sa kaligtasan.

> "Ang isang tunay na Protestante ay naniniwala sa Diyos, may buong pagtitiwala sa kanyang awa, natatakot sa kanya nang may pagpipitagan ng anak, at minamahal siya nang buong kaluluwa. Sinasamba niya ang Diyos sa espiritu at katotohanan, sa lahat ng bagay ay nagpapasalamat sa kanya; tumatawag sa kanya sa kanyang puso gayundin sa kanyang mga labi, sa lahat ng oras at sa lahat ng lugar; iginagalang ang kanyang banal na pangalan at ang kanyang salita, at tunay na naglilingkod sa kanya sa lahat ng araw ng kanyang buhay."
>
> "Itinatakwil ko ang lahat ng karaniwang nanunumpa, mga lumalabag sa Sabbath, mga lasenggo; lahat ng mga patutot, sinungaling, mandaraya, mangingikil; sa madaling sabi, lahat ng nabubuhay sa bukas na kasalanan. Ang mga ito ay hindi mga Protestante; hindi sila mga Kristiyano."
>
> - John Wesley
> "Liham sa isang Romano Katoliko"

Maraming Katoliko ang patuloy na namumuhay sa hayagang kasalanan. Inaasahan nila na mananatili silang Katoliko hanggang sa sila ay mamatay, pagkatapos ay gugugoll ng oras sa purgatoryo, pagkatapos ay pupunta sa langit.

***Sinasabi ng Bibliya na ang isang katibayan na ang isang tao ay isang Kristiyano kapag siya ay namumuhay ng matuwid, tingnan ang 1 Juan 3:7-8.***

### Purgatoryo at mga Indulhensya

Naniniwala ang mga Romano Katoliko na pagkatapos ng kamatayan ang isang tao ay dapat magdusa ng kaparusahan para sa mga kasalanan bago makapasok sa langit. Ito ay tinatawag na doktrina ng purgatoryo. Naniniwala sila na ang kasalanan ay dapat may kaparusahan kahit na ito ay napatawad na. Samakatuwid, kahit na ang isang tapat na Katoliko ay umaasa na gumugol ng ilang oras sa purgatoryo para sa mga kasalanang

nagawa niya. Inaasahan ng mga walang ingat na makasalanan na gugugol sila ng oras sa purgatoryo pagkatapos ng kamatayan, at pagkatapos ay pahihintulutan silang makapasok sa langit. Naniniwala sila na ang apoy ng purgatoryo ay nagdudulot ng sakit na mas malaki kaysa sa anumang sakit na nararanasan sa buhay.

***Nagdusa si Jesus upang hindi tayo maparusahan sa kasalanan, tingnan ang Isaias 53:5. Itinatanggi ng mga Katoliko na sapat na ang sakripisyo ni Kristo para tayo ay mapatawad at hindi maparusahan sa kasalanan.***

Naniniwala sila na ang mga Kristiyano ay dapat na manalangin para sa mga patay na tao at magbigay ng mga handog sa simbahan para sa kanila, kaya't mas maagang patatawarin ng Diyos ang kanilang mga kasalanan at palayain sila sa purgatoryo.

***Walang sinasabi sa atin ang Bibliya na dapat nating ipagdasal ang mga patay. Sa halip, ipinahihiwatig nito na walang magagawa para sa mga makasalanan na namatay nang walang kaligtasan, tingnan ang Lucas 16:23-26.***

Naniniwala ang mga Katoliko na ang simbahan ay may akumulasyon ng dagdag na merito mula kay Kristo at sa mga santo. Maaaring ibigay ng papa ang merito na ito sa mga tao upang tulungan silang makakuha ng kapatawaran. Ang merito na ito ay maaaring ibigay sa mga buhay na tao o mga patay na tao na nasa purgatoryo.

***Ang ideya na ang merito mula sa mga santo ay idinagdag sa merito mula kay Kristo upang tulungan ang mga makasalanan ay isang kahila-hilakbot na doktrina. Ang mga gawa ng tao ay hindi nagdudulot ng anumang merito para sa kapatawaran, tingnan ang Efeso 2:8-9. Ang isang mananampalataya ay lubos na pinatawad batay sa biyaya, at hindi sa pamamagitan ng mga gawa ng sinuman, tingnan ang Roma 4:5-8.***

► Paano nakakaapekto ang doktrina ng purgatoryo sa pamumuhay ng mga naniniwala dito?

Ang mga natatanging doktrina ng Katolisismo ay hindi nakadepende sa kasulatan. Ang kanilang doktrina ay nakabatay sa tradisyon ng simbahan.

► Ngayon bumalik at basahin ang ***naka-bold at naka-italic*** na teksto at bawat kasulatan.

### Ebanghelismo/Paggamit ng *Manwal ng Doktrina*

Pinaniniwalaan ng mga Romano Katoliko ang mga pundasyong Kristiyanong katotohanan ng Trinidad at ang pagka-Diyos ni Kristo at ng Banal na Espiritu.

Maraming mga Katoliko ang naglagay ng kanilang pananampalataya kay Kristo para sa kaligtasan, ngunit ang mensahe ng ebanghelyo ay hindi malinaw sa Katolisismo. Maraming mga Katoliko ang hindi nakaranas ng pagsisisi, pagpapatawad, at katiyakan ng kaligtasan, at hindi nabubuhay sa relasyon sa Diyos. Samakatuwid, mahalaga para sa isang Kristiyano na ibahagi ang ebanghelyo. Ang mga mahahalagang bahagi ng ebanghelyo na

napapabayaan sa Katolisismo ay mapapatunayan sa mga sumusunod na seksyon mula sa *Manwal ng Doktrina*:

(9) Ang kaligtasan ay sa pamamagitan lamang ng pagtubos ni Kristo.

(10) Ang Diyos lamang ang dapat sambahin.

(11) Tumatanggap tayo ng kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya.

(12) Maaari tayong magkaroon ng personal na katiyakan ng kaligtasan.

Dahil ang mga Romano Katoliko ay nagdagdag ng mga tradisyon na itinuturing nilang mahalaga sa Kristiyanismo, dapat ipakita sa kanila ng isang Kristiyano ang mga banal na kasulatan na binanggit sa *Manwal ng Doktrina* sa seksyon

(1) Ang Bibliya ay sapat na para sa doktrina.

## Isang Patotoo

Si Ramon ay naging isang Romano Katolikong pari pagkatapos ng ilang taong pag-aaral. Naglingkod siya bilang kura paroko sa California at kalaunan ay nagsilbi bilang chaplain sa hukbong-dagat. Ang kanyang ina ay naging isang ebanghelikal na Kristiyano. Nakita niya ang kahanga-hangang pagbabago sa kanya at nagkaroon sila ng maraming pag-uusap tungkol sa kanyang pagbabalik-loob. Hinimok niya ito na magdepende sa Bibliya bilang ang huling awtoridad para sa kanyang mga paniniwala. Nagsimula niyang mapagtanto na maraming mahahalagang doktrina ng Katolisismo ang salungat sa Bibliya. Umalis siya sa Simbahang Romano Katoliko. Sa kalaunan ay naunawaan niya na ang kaligtasan ay sa pamamagitan ng gawain ni Kristo at hindi sa pamamagitan ng mga gawa o ng mga sakramento ng simbahan.

## Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 2

► Ngayon basahin muli ang Tito 2. Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang talata na nagpapaliwanag sa mensahe ng talatang ito para sa isang Romano Katoliko. Maaaring ibahagi ng ilang mag-aaral ang kanilang isinulat.

## Takdang Aralin para sa Bawat Aralin

Tandaan na humanap ng pagkakataong ipahayag ang ebanghelyo sa isang tao mula sa relihiyosong grupong ito. Maghandang ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang tungkol sa pag-uusap na mayroon kayo. Isulat ang iyong 2-pahinang nakasulat na ulat at ibigay ito sa iyong pinuno ng klase.

# Aralin 18
# Pag-unawa sa Silangang Ortodokso

## Unang Pagtatagpo

Nang maging pamilyar si Lakas sa Silangang Ortodokso, humanga siya kung paano nila tiniis ang pag-uusig mula sa mga Muslim at Komunista sa maraming bansa. Ang kanilang mga bayani ay hindi mga pastor ng malalaking simbahan o mga lider ng musika. Ang kanilang mga bayani ay mga martir. Iniisip ni Lakas na kung ang pag-uusig ay lumala sa lahat ng dako, ang mga mananampalataya ng Eastern Orthodox ang siyang magtitiis.

## Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 1

► Basahin nang malakas ang 1 Tesalonica 1 nang sabay-sabay. Dapat magsulat ang bawat mag-aaral ng isang talata na nagbubuod sa talata ng banal na kasulatan na ito. Ano ang nangyari noong panahong naging Kristiyano ang mga taong ito? Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang listahan ng mga pahayag. Bilang isang pangkat, talakayin kung ano ang iyong isinulat.

## Silangang Ortodokso

### Panimula sa Silangang Ortodokso

Ang salitang *Ortodokso* ay nagmula sa mga salitang Griyego na nangangahulugang "tamang pagsamba." Naniniwala ang Simbahang Ortodokso ng Silangan na ito ang tunay na simbahan na may mga doktrina at gawain na nagbibigay ng tamang pagsamba sa Diyos.

Opisyal na naghiwalay ang Silangang Ortodokso at Romano Katolisismo noong A.D. 1054. Bawat isa ay inaangkin na sila ang orihinal na simbahan na itinatag ni Jesus at ng mga apostol. Ang bawat isa ay nag-aangkin na sila ang simbahan ng Diyos sa lupa at ang isa na may tunay na doktrina, batay sa tradisyon ng mga unang Kristiyano. Pinaniniwalaan nila ang marami sa parehong mga doktrina. Ang kanilang pagsamba ay magkamukha sa isang taong hindi pamilyar sa kanila.

Ang Silangang Ortodokso ay mayroong 15 na self-governing na organisasyon ng simbahan. Nahahati sila sa heograpiya. Sa ilang mga bansa ginagamit ng simbahan ang pangalan ng bansa upang bumuo ng pangalan ng simbahan tulad ng Simbahang Ortodokso Ruso o Simbahang Ortodokso Serbiyo. Ang iba pa sa 15 ay kinabibilangan ng Simbahang Ortodoksong Griyego ng Antioquia , at Simbahang ng Cyprus.

Ang bawat organisasyon ng simbahan ay pinamumunuan ng patriyarka o arsobispo. Ang Patriarch ng Constantinople ay itinuturing na pinakamataas na posisyon sa 15 pinuno. Ang sinaunang lungsod ng Constantinople ay Istanbul, Turkey na ngayon. Ang Patriarch ng

Constantinople ay walang awtoridad sa iba pang mga organisasyon ng simbahan, ngunit pinararangalan siya ng lahat bilang pinakamataas.

Ang mga pagtatantya sa bilang ng mga mananampalataya sa Eastern Orthodox ay mula 225 milyon hanggang 300 milyon. Ito ang pangalawang pinakamalaking organisasyong Kristiyano sa mundo, pagkatapos ng Romano Katolisismo.

Sa maraming mga bansa sa Silangang Europa, ang karamihan ng populasyon ay nagtuturing sa mga sarili nila bilang mga Eastern Orthodox, at mayroon ding malaking bilang ng mga mananampalataya ng Eastern Orthodox sa ilang mga bansa sa Gitnang Silangan.

► Anu-anong mga simbahang Eastern Orthodox ang kilala mo?

**Mga Paniniwala ng Silangang Ortodokso**

Ang Eastern Orthodox Church ay naniniwala sa mga pangunahing doktrinang Kristiyano tungkol sa Diyos, tulad ng Trinidad at ang pagka-Diyos ni Kristo at ang Banal na Espiritu.

Ang Silangang Ortodokso ay lubos na nagtitiwala sa tradisyon ng simbahan. Upang patunayan ang isang doktrina, ang kanilang mga pinuno ay nagsisipi mula sa mga naunang pinuno ng simbahan gaya ng pagsipi mula sa Bibliya. Itinuturo nila na ang Bibliya ang awtoridad para sa kanilang doktrina, ngunit dapat bigyang-kahulugan ng simbahan ang Bibliya.

> "Ngayon habang ang simbahan ni Jesucristo ay nabuo sa pundasyon ng mga apostol at mga propeta, si Jesucristo ang pangunahing batong panulok, ang mga doktrina ng simbahang Kristiyanong ito ay dapat hanapin sa mga sagradong kasulatan."
>
> - Adam Clarke
>
> *Christian Theology*

Ang Orthodoxy ay nakabuo ng isang kumplikadong sistema ng mga paniniwala at gawi na nakabatay sa tradisyon. Sinasabi ng simbahan na mayroon itong awtoridad na ituro kung ano ang kinakailangan para sa kaligtasan, kahit na ito ay lampas sa itinuro sa banal na kasulatan. Ang mga tagasunod ng Eastern Orthodox ay naniniwala na ang kanilang mga tradisyon ay hindi sumasalungat sa Bibliya.[40]



Napakapormal ng istilo ng pagsamba ng mga simbahang Orthodox. Marami silang malalaking katedral sa buong mundo na kilala para sa kanilang mahusay na arkitektura. Ang mga katedral ay pinalamutian ng mga larawan at estatwa ng mga santo mula sa kasaysayan. Ang mga pari ay kadalasang may mga espesyal na damit. Ang mga

[40] Larawan ni Freddy Torres mula sa Pixabay, nakuha mula sa https://pixabay.com/photos/architecture-church-kiev-religion-2166264/.

gawain sa pagsamba ay kadalasang ginagawa ng mga pari, na may kaunting partisipasyon mula sa kongregasyon.

Ang mga tao na may maraming kultura ay naging Orthodox habang pinapanatili ang mga relihiyosong gawain ng kanilang dating relihiyon. Ang mga dating paganong idolo ay binigyan ng mga pangalan ng mga Kristiyanong santo. Ang mga seremonya ng simbahan ay hinaluan ng mga seremonya ng isang idolatrosong relihiyon o isang relihiyon sa kalikasan, o kahit na pangkukulam.

Itinuturing ng maraming tagasunod ng Orthodox ang Diyos, at maging si Jesus, na malayo at walang pakialam sa kanila, kaya sa halip ay nananalangin sila sa mga santo.

***Tinutulungan tayo ng Banal na Espiritu na manalangin sa paraang tatanggapin ng Diyos, tingnan ang Roma 8:26-27. Dapat tayong magkaroon ng tiwala na dinirinig at tinutugon ng Diyos ang ating mga panalangin. Dapat maniwala ang taong nananalangin na ang Diyos ay tumutugon sa panalangin, o ang taong iyon ay walang pananampalataya na nakalulugod sa Diyos, tingnan ang Hebreo 11:6.***

Ang mga larawan at rebulto ng mga santo ay nakahanda sa mga simbahan upang manalangin ang mga tao sa kanila. Ang mga bagay na ginamit ng mga santo ay iniingatan sa mga simbahan para sa karangalan. Minsan ang mga labi ng katawan tulad ng mga ngipin o buto ay inilalagay sa simbahan. Pumupunta ang mga tao upang lumuhod at manalangin sa mga santol na kinakatawan ng mga buto.

► Ano ang idolatriya? Ang ilan ba sa mga gawi ng Silangang Ortodokso ay pagsamba sa diyus-diyusan?

Higit na pinararangalan si Maria sa Silangang Ortodokso. Maraming mga tagasunod ng Orthodoxy ang nananalangin kay Maria kaysa sa Diyos. Pakiramdam nila ay makikinig si Jesus kay Maria at maiimpluwensyahan niya ito. Si Maria ay naging isang tagapamagitan sa pagitan ng mananamba at ni Kristo. Hindi tulad ng Katolisismo, ang Silangang Ortodokso ay hindi naniniwala na si Maria ay ipinanganak na may likas na pagkatao na iba sa lahat at palaging malaya sa kasalanan.

***Ang pananalangin kay Jesus ay isang tanda ng mga Kristiyano saanman, tingnan ang 1 Corinto 1:2. Nananalangin din ang mga Kristiyano sa Diyos Ama, tingnan ang 1 Pedro 1:17. Binabanggit din ng Bibliya ang tungkol sa pakikipag-ugnayan sa Banal na Espiritu, tingnan ang 2 Corinto 13:14. Hindi sinasabi sa atin ng Bibliya na dapat tayong manalangin kay Maria o sa sinumang tao maliban sa Diyos.***

Kapwa ang Katolisismo at Silangang Ortodokso ay nagtuturo ng **transubstansasyon**, ang paniniwala na sa panahon ng komunyon, ang tinapay at alak ay nagiging literal na katawan at dugo ni Jesus, upang matanggap ang mga ito ng sumasamba para sa kaligtasan.

***Nang ipakita ni Jesus sa mga alagad kung paano isagawa ang komunyon, siya ay buhay pa at naroroon sa kanila, tingnan ang 1 Corinto 11:23-25. Kaya naman, nang sabihin niyang, "Ito'y aking katawan," ang ibig niyang sabihin ay ang tinapay ay simbolo ng kanyang katawan. Sa ngayon, ang komunyon ay dapat ituring na katulad noong itinatag ito ni Jesus.***

Hindi tulad ng mga Romano Katoliko, ang mga nasa Eastern Orthodox Church ay hindi naniniwala sa purgatoryo. Hindi rin sila naniniwala sa isang papa na may awtoridad ni Kristo sa pandaigdigang simbahan. Hindi nila tinatanggap ang papa ng Romano Katoliko at wala silang sariling pinuno na binibigyan nila ng katulad na awtoridad.

Ang mga pari ng Orthodox ay pinahihintulutang mag-asawa, ngunit ang isang walang asawang pari lamang ang maaaring maging obispo.

Ang Silangang Ortodokso ay nagtuturo ng doktrina ng ***theosis*** bilang proseso ng kaligtasan. Sa *theosis*, ang isang mananampalataya ay unti-unting nababago upang maging katulad ng Diyos, na may parehong kalikasan ng banal na pagiging perpekto. Ito ay naisasakatuparan sa pamamagitan ng biyaya at ng gawain ng Banal na Espiritu. Ang proseso ay hindi kumpleto hanggang pagkatapos ng kamatayan. Ang mga nasa Eastern Orthodox Church ay nagsasabi na sa pagtanggap ng banal na kasakdalan na ito, tayo ay nagiging mga diyos, ngunit hindi nila ibig sabihin na tayo ay walang hanggan na katulad ng Diyos.

***Sinasabi ng Bibliya na ang bawat mananampalataya ay kabahagi ng kalikasan ng Diyos, tingnan ang 2 Pedro 1:3-4. Hindi natin kailangang maghintay hanggang sa pagkamatay upang magkaroon ng kanyang kalikasan.***

Naniniwala sila na tinalo ni Kristo ang kasalanan para sa atin, ngunit ang bawat Kristiyano ay dapat tumanggap ng kapangyarihan ng Banal na Espiritu upang umunlad sa kanyang personal na tagumpay laban sa kasalanan at karumihan.

> "Ang pagtubos ay sumasaklaw sa lahat ng kasalanan anuman, orihinal at aktuwal, nakaraan at hinaharap, malaki man o maliit, sa panahon o kawalang-hanggan."
>
> \- Thomas Oden
> *The Word of Life*

Itinuturo ng Eastern Orthodox Church na ang isang Kristiyano ay inaring-matuwid kay Kristo, na nangangahulugan na ang mananampalataya ay pinatawad sa mga kasalanang nagawa na niya at ginawang tunay na matuwid sa kanyang pamumuhay. Hindi ibig sabihin na ang isang tao ay ibibilang na inosente habang siya ay patuloy na nagkakasala, at hindi ibig sabihin na kung ang isang tao ay babalik sa dating buhay siya ay inaring matuwid pa rin. Ang mananampalataya ay umaasa sa kapangyarihan ng Banal na Espiritu upang mamuhay nang matuwid araw-araw. Magandang teolohiya din ito kung maaalala ng isang tao na tinatanggap siya ng Diyos dahil kay Jesus at hindi dahil sa mabuti ang kanyang mga gawa.

Maraming tagasunod ng Silangang Ortodokso ang naniniwala sa ebanghelyo at nakakaranas ng biyaya ng Diyos. Gayunpaman, hindi malinaw na ipinangangaral ng simbahan ang

mensahe ng ebanghelyo na ang isang makasalanan ay dapat magsisi sa kanyang mga kasalanan at manampalataya kay Kristo upang makatanggap ng agarang katiyakan ng kaligtasan. Samakatuwid, sa milyun-milyong miyembro ng Orthodox, karamihan ay patuloy na namumuhay na may hayagang kasalanan habang ginagawa nila ang mga kaugalian sa relihiyon. Karamihan sa kanila ay hindi nauunawaan kung paano maliligtas.

► Ano ang ilang mabubuting bagay tungkol sa teolohiya ng Eastern Orthodox?

► Ngayon bumalik at basahin ang ***naka-bold at naka-italic*** na teksto at bawat kasulatan.

## Ebanghelismo/Paggamit ng *Manwal ng Doktrina*

Itinuturo ng Eastern Orthodox Church ang mga pundasyong Kristiyanong katotohanan ng Trinidad at ang pagka-Diyos ni Kristo at ng Banal na Espiritu.

Mayroong ilang mga mananamba ng Orthodox na naglagay ng kanilang pananampalataya kay Kristo para sa kaligtasan, ngunit ang mensahe ng ebanghelyo ay hindi malinaw sa pagtuturo ng simbahan. Karamihan ay hindi nakaranas ng pagsisisi, pagpapatawad, at katiyakan ng kaligtasan, at hindi nabubuhay sa relasyon sa Diyos. Samakatuwid, mahalaga para sa isang Kristiyano na ibahagi ang ebanghelyo. Ang mga mahahalagang bahagi ng ebanghelyo na napapabayaan sa Orthodoxy ay maaaring patunayan sa mga sumusunod na seksyon mula sa *Manwal ng Doktrina*:

(9) Ang kaligtasan ay sa pamamagitan lamang ng pagtubos ni Kristo.

(10) Ang Diyos lamang ang dapat sambahin.

(11) Tumatanggap tayo ng kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya.

(12) Maaari tayong magkaroon ng personal na katiyakan ng kaligtasan.

Dahil ang Silangang Ortodokso ay nagdagdag ng mga tradisyon na itinuturing nilang mahalaga sa Kristiyanismo, dapat ipakita sa kanila ng isang Kristiyano ang mga banal na kasulatan na binanggit sa *Manwal ng Doktrina* sa seksyon

(1) Ang Bibliya ay sapat na para sa doktrina.

## Isang Patotoo

Lumaki si Florin sa isang pamilyang Orthodox sa Romania. Ang kanyang lolo't lola ay mga pinuno sa simbahan. Siya ay bininyagan at ikinasal sa simbahan ngunit hindi madalas dumalo sa mga pagsamba. Hindi siya kinausap ng pari tungkol sa kanyang mga kasalanan. Walang Bibliya si Florin, at hindi sinabi sa kanya ng pari na dapat siyang magbasa ng Bibliya. Noong bata pa siya ay sumali siya sa partido komunista. Ipinadala siya ng mga komunista upang manood ng mga pagsamba sa Baptist. Dapat ay tatanungin niya sila kung bakit sila Baptist sa halip na orthodox. Sa mga pagsamba, napagtanto niya na hindi niya kailanman pinagsisihan ang kanyang mga kasalanan. Nagpasiya siyang magsisi at maging isang tunay na tagasunod ni Jesus. Pinilit siya ng kanyang pamilya at ng partido komunista na talikuran

ang kanyang bagong pananampalataya. Napatibay siya sa pamamagitan ng paggugol ng oras sa pagbabasa ng Bibliya. Matapos makita ng kanyang pamilya ang pagbabago sa kanyang buhay, marami sa kanila ang naging mananampalataya din. Sinabi ni Florin na ang pinakamalaking pagkakaiba sa pagitan ng Silangang Ortodokso at ebanghelikal na Kristiyanismo, binibigyang diin ang bagong kapanganakan ng mga ebanghelikal.

### Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 2

► Ngayon basahin muli ang 1 Tesalonica 1. Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang talata na nagpapaliwanag sa mensahe ng talatang ito para sa isang tagasunod ng Silangang Ortodokso. Maaaring ibahagi ng ilang mag-aaral ang kanilang isinulat.

### Opsyonal na Babasahin: Simbahang Ortodoksong Oriental

Ang mga Simbahang Ortodoksong Oriental ay naiiba sa Simbahang Silangang Ortodokso.

Ang Ortodoksong Oriental ay mayroong anim na organisasyong simbahan: Coptic, Etiopia, Eritrea, Malankara Syria, Syriac, at Apostolikong Armenia. Ang bawat organisasyon ay pinamumunuan ng isang patriyarka. Ang bawat organisasyon ay pinamamahalaan ng hiwalay sa iba. Ang patriyarka ng Simbahang Coptic ay ang papa ng lahat ng Oriental Ortodoksong Oriental, ngunit walang awtoridad sa iba, maliban sa pamunuan ang mga pagpupulong ng mga kinatawan mula sa anim na organisasyon.

Sa mga bansang Armenia, Etiopia, at Eritrea, ang mga Kristiyanong Ortodokso sa Oriental ay ang pinakamalaking pangkat ng relihiyon. Sa ilang mga bansang Muslim kung saan ang mga Kristiyano ay isang maliit na porsyento ng populasyon, tulad ng Ehipto, Sudan, Syria, at Lebanon, ang mga Kristiyanong Ortodokso sa Oriental ay isang mataas na porsyento ng mga Kristiyano. Sila ay matinding inuusig sa loob ng maraming siglo sa mga bansang Muslim.

Ang Oriental Orthodoxy ay naging kakaiba sa ibang mga simbahang Kristiyano dahil sa isang hindi pagkakasundo sa doktrina noong A.D. 451.

Naghiwalay sila dahil sa hindi pagkakasundo sa teolohiya tungkol sa kalikasan ni Kristo. Noong panahong iyon, mayroong isang pangunahing organisasyon ng simbahan na kumakatawan sa Kristiyanismo. Hindi pa nahahati ang simbahan sa Eastern Orthodox Church at Simbahan ng Romano Katoliko. Ilang simbahan na ang umalis sa pangunahing simbahan sa panahong ito.

Ang Konseho ng Chalcedon, na nilayon na kumatawan sa lahat ng Kristiyanismo, ay nagpasya na tama na maniwala na si Kristo ay may dalawang kalikasan, ang tao at ang banal. Tinanggihan ng ilang simbahan ang desisyong ito dahil tila sinasabi na si Kristo ay dalawang persona sa isa. Naniniwala sila na ang kanyang kalikasan ay nagmula sa parehong tao at banal na kalikasan, ngunit isang kalikasan lamang. Naniniwala sila na pinanghahawakan nila ang orihinal na paniniwala ng Kristiyanismo. Ang iba pang mga isyu

ay kasama, kabilang ang mga isyung pampulitika, ngunit ang teolohikong isyu ay ang pinakamahalaga.

Sa loob ng ilang taon pagkatapos ng konseho, ang mga obispo na hindi sumang-ayon sa desisyon ng konseho ay pinatalsik mula sa simbahan. Ang mga Simbahang Oriental Orthodox ay nabuo pagkatapos ng panahong iyon.

## Takdang Aralin para sa Bawat Aralin

Tandaan na humanap ng pagkakataong ipahayag ang ebanghelyo sa isang tao mula sa relihiyosong grupong ito. Maghandang ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang tungkol sa pag-uusap na mayroon kayo. Isulat ang iyong 2-pahinang nakasulat na ulat at ibigay ito sa iyong pinuno ng klase.

# Aralin 19
# Pag-unawa sa Teolohiya ng Kasaganaan

## Unang Pagtatagpo

Nanood si Rico ng isang pagsamba sa telebisyon. Ang simbahan ay kumukuha ng alay para sa isang espesyal na proyekto. Isang mangangaral sa simbahan ang nanalangin na bigyan ng basbas ang lahat ng nagbigay ng pera para sa proyekto. Nangako ang mangangaral na ang mga nagbibigay ay tatanggap mula sa Diyos ng isang daang beses kaysa sa ibinigay nila. Nag-isip si Rico kung dapat ba siyang mag-donate online para sa proyekto.

## Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 1

► Basahin nang malakas ang Mateo 6:25-34 nang sama-sama. Dapat magsulat ang bawat mag-aaral ng isang talata na nagbubuod sa talata ng banal na kasulatan na ito. Ano ang itinuturo ng talatang ito tungkol sa paraan ng paglalaan ng Diyos para sa ating mga pangangailangan? Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang listahan ng mga pahayag. Bilang isang pangkat, talakayin kung ano ang iyong isinulat.

## Mga Pagpapala ng Diyos para sa Sangkatauhan

Pinagpapala ng Diyos ang kanyang nilikha (Genesis 1:22, 28). Nilikha ng Diyos ang mga unang tao at inilagay sila sa isang perpektong kapaligiran upang ibigay ang lahat ng kailangan nila (Genesis 2:8-9). Bago nagkasala ang unang mga tao, kaaya-aya ang pagtatrabaho at walang pisikal na pagdurusa o pagtanda o kamatayan (Genesis 3:17-19). Ang disenyo ng Diyos sa buhay para sa sangkatauhan sa paglikha ay nagpapakita sa atin na gusto niyang ibigay ang lahat ng kailangan natin.

Noong si Jesus ay nasa lupa, ipinakita niya ang pag-ibig ng Diyos. Sa pamamagitan ng pagpapagaling ng mga sakit at pagpapakain sa mga nagugutom, ipinakita niya na ang Diyos ay nagmamalasakit sa ating pisikal na mga pangangailangan. Sa libingan ni Lazarus, ipinakita ni Jesus ang habag ng Diyos nang umiyak siya para sa nagdadalamhating pamilya (Juan 11:35) pagkatapos ay binuhay si Lazarus mula sa mga patay.

Isinulat ni Apostol Juan na nais niyang umunlad at maging malusog ang mga mananampalataya (3 Juan 1:2).

Sa talatang binasa mo sa simula ng araling ito, sinabi ni Jesus na kung paanong ang Diyos ay nagkakaloob para sa mga maya at nagpapaganda ng mga bulaklak ay magkakaloob din siya para sa kanyang mga anak (Mateo 6:25-34). Sinabi niya na ang mga anak ng Diyos ay hindi dapat mag-alala tungkol sa kanilang mga pangangailangan. Ang isang mananampalataya ay dapat gawing isang mas mataas na priyoridad ang kaharian ng Diyos kaysa sa mga personal na pangangailangan.

► Dapat basahin ng mag-aaral ang 1 Timoteo 6:6-10 para sa grupo.

Nais ng Diyos na maging kontento ang kanyang mga anak kaysa maghangad na maging mayaman. Binabalaan tayo ng talatang ito na huwag mahalin ang pera, dahil ang pag-ibig sa pera ay nagdudulot ng lahat ng uri ng kasamaan. Isinulat ni Apostol Pablo na dapat tayong makuntento kung ang ating mga pangunahing pangangailangan ay natutugunan. Sinabi niya na ang mga nagsisikap na yumaman ay nahuhulog sa mga tukso at maling pagnanasa. Ang taong nagmamahal sa pera ay makakatagpo ng maraming kalungkutan.

## Isang Biblikal na Pananaw sa Pagdurusa

Ang pagdurusa ay bunga ng kasalanan, kahit na ang pagdurusa ng isang indibiduwal ay hindi nasusukat sa kanya bilang resulta ng kanyang sariling kasalanan. Ang pagdurusa ay hindi pantay na ipinamamahagi sa buhay na ito. Nagdurusa tayo, hindi lamang dahil sa ating sariling kasalanan, kundi dahil sa mga kasalanan ng iba.

Nilikha ng Diyos ang isang perpektong mundo at hindi kailanman nilayon na umiral ang sakit, pagtanda, at kamatayan. Sa huli, ibabalik niya ang isang perpektong mundo. Ang pagtubos ni Kristo ay naglaan para sa hinaharap na ganap na pagpapanumbalik ng lahat ng nilikha.

Hindi lahat ng benepisyo ng pagtubos ay ganap na natatanggap sa ngayon. May pagkakasunud-sunod ng mga priyoridad ang Diyos na kanyang sinusunod. Dahil ang pagdurusa ay bunga ng kasalanan, ang kasalanan ay kailangan munang harapin. Kung biglang aalisin ng Diyos ang lahat ng pagdurusa, hindi makikita ng mga tao ang kasamaan ng kasalanan. Ang pagdurusa ay nagpapakita ng kasamaan ng kasalanan at ang pangangailangan para sa pagsisisi.

Sa pamamagitan ng paglikha sa mga tao bilang malayang nilalang, ipinakita ng Diyos ang kanyang mga prayoridad. Kinamumuhian ng Diyos ang kasalanan, ngunit itinuturing niyang mahalaga para sa mga tao na malayang gumawa ng mga pagpili. Nais ng Diyos na gawin ng mga tao ang tama dahil pinili nila, hindi dahil pinipilit nilang gawin ito. Nais ng Diyos na iligtas ang mga tao na may pakikipagtulungan sa kanilang pinili, kaya umaapela siya sa kanilang mga kalooban habang pinahihintulutan ang pagdurusa na ipakita ang mga resulta ng kasalanan. Habang nakikita ng mga tao ang kabutihan ng Diyos sa isang nagdurusang mundo, nakikita nila na dapat silang magsisi sa kasalanan at sumunod sa Diyos.

Hinaharap muna ng Diyos ang kasalanan, at nangangailangan iyon ng panahon dahil binigyan niya ang mga tao ng malayang pagpapasya. Ang kasalanan ng mundo ay hindi agad mawawala sa isang iglap dahil ang mga tao ay dapat na indibidwal na magpapasya. Ang mga nagsisisi ay papasok sa bagong mundo ng Diyos, kung saan walang pagdurusa. Yaong mga ayaw iwanan ang kanilang kasalanan ay hindi kailanman maliligtas sa pagdurusa.

Hindi limitado ang kapangyarihan ng Diyos, ngunit mayroon siyang pagkakasunud-sunod ng mga priyoridad. Upang mailigtas ang mga tao bilang kusang-loob, nagsisisi na mga

mananampalataya, kailangan muna niyang harapin ang kasalanan kaysa sa pagdurusa. Minsan ang Diyos ay nagpapagaling, ngunit ang kabuuang kagalingan para sa lahat ng tao ay hindi garantisado sa kasalukuyan. Kaya naman patuloy tayong tumatanda at pisikal na nasisira. Dapat tayong maghintay ng may pananampalataya hanggang sa huling pagtubos ng katawan (Roma 8:23).

## Mga Pundasyon ng Bibliya tungkol sa Kasaganaan

► Ano ang ilang mga paraan ng pagbibigay ng Diyos nang mga pangangailangan ng mga tao?

Kung minsan ang Diyos ay nagbibigay sa isang di-pangkaraniwang, mapaghimalang paraan. Halimbawa, naghulog siya ng espesyal na pagkain mula sa langit para sa mga tao ng Israel (Exodo 16:14-15). Mahimalang pinarami ni Jesus ang tinapay at isda para sa mga tao sa dalawang pagkakataon (Marcos 6:34-44, Marcos 8:1-9). Gayunpaman, ang Diyos ay nagpapakita ng karaniwang mga paraan upang magdala ng mga pagpapala sa mga tao.

1. **Pinagpapala ng Diyos ang trabaho.** Ang pagtatrabaho ay bahagi ng perpektong buhay na dinisenyo ng Diyos para sa mga unang tao (Genesis 2:15). Sinasabi ng kasulatan na kumikita tayo sa trabaho (Kawikaan 14:23). Ang isang tao ay dapat magtrabaho upang magkaroon ng mga mapagkukunang maibabahagi sa iba (Efeso 4:28). Madalas pinupuna ng Bibliya ang taong tamad (Kawikaan 6:9, Kawikaan 10:26, Kawikaan 20:4). Hindi dapat suportahan ng simbahan ang isang taong ayaw magtrabaho (2 Tesalonica 3:10). Ang taong may kakayahang magtrabaho ay hindi dapat umasa na ibibigay ng Diyos ang kanyang mga pangangailangan ng walang pagtatrabaho.

2. **Pinagpapala ng Diyos ang negosyo.** Ang paglalarawan ng bibliya ng isang mabait na babae ay kinabibilangan ng detalye na siya ay nagnenegosyo para kumita (Kawikaan 31:16, 24). Ang Diyos ay nalulugod sa matapat na negosyo ngunit kinasusuklaman ang kawalan ng katapatan (Kawikaan 11:1). Hindi nalulugod ang Diyos sa negosyong hindi patas sa mga taong nasa mahihirap na sitwasyon (Kawikaan 22:16, Amos 8:4-8).

3. **Pinagpapala ng Diyos ang ari-arian.** Sinabi ni propeta Mikas na ang pagpapala ng Diyos sa isang bansa ay kinabibilangan ng ligtas na personal na pag-aari (Mikas 4:4). Maraming beses nangako ang Diyos na pagpapalain niya ang lupa at mga hayop sa bukid na pag-aari ng kanyang mga anak (Deuteronomio 28:4). Mabuti para sa isang tao na bumuo ng ari-arian upang ito ay kumita.

4. **Pinagpapala ng Diyos ang pamilya ng simbahan.** Plano ng Diyos na pangalagaan ng simbahan ang mga tao nito tulad ng mga miyembro ng isang pamilya. Ang mga mananampalataya ay dapat tumulong sa mga nasa pamilya ng pananampalataya (Galacia 6:10, 1 Timoteo 5:3). Ang simbahan ay isa sa mga

paraan na tinutugunan ng Diyos ang mga pangangailangan ng mga mananampalataya.

5. **Pinagpapala ng Diyos ang pagbibigay ng sakripisyo.** Nangako si Apostol Pablo sa simbahan na ibibigay ng Diyos ang kanilang mga pangangailangan dahil gumawa sila ng sakripisyong pagbibigay upang makapaglingkod siya sa iba (Filipos 4:14-19). Sinabi ni Jesus na ang maliit na handog ng isang balo ay nabibilang na isang malaking handog dahil sa sakripisyong pagbibigay (Marcos 12:43-44). Ang bawat tao sa simbahan ay dapat mag-ambag sa ministeryo ng simbahan at maghanap ng mga paraan upang matulungan ang iba sa espirituwal na pamilya.

6. **Pinagpapala ng Diyos ang regular na pagbibigay.** Ang sistema ng Lumang Tipan ng mga ikapu at mga handog ay nagpapakita sa atin na ang isang mananampalataya ay dapat na regular na magbigay ng 10% ng kanyang kita at karagdagang mga handog. Nangako ang Diyos ng pagpapala sa pananalapi sa mga taong nagbigay ng ikapu (Malakias 3:10).

7. **Pinagpapala ng Diyos ang pagsusuporta sa mga pastor.** Nilalayon ng Diyos na ang mga pastor ay suportahan ng kanilang mga ministeryo (1 Corinto 9:14). Ang mga mananampalataya ay dapat magbigay upang suportahan ang kanilang mga pastor (Galacia 6:6). Ang isang pastor ay dapat na handang magtrabaho kung kinakailangan (Gawa 20:34). Dapat na ang motibasyon ng pastor ay pag-ibig at hindi ng pera (1 Pedro 5:2). Maraming mga guro ng maling doktrina ang may motibasyon ng pagnanais ng pera (Tito 1:11, 2 Pedro 2:3). Maling bumili o ipagbili ang mga pagpapala ng Diyos para sa pera (Gawa 8:20).

## Mga Huwad na Guro ng Kasaganaan

Binabalaan tayo ng Bibliya tungkol sa mga mangangaral na may maling mensahe na kaakit-akit sa mga tao (2 Timoteo 4:1-4). Ang mga huwad na guro ng kasaganaan ay may ilang karaniwang katangian:

1. Inaakit nila ang mga hindi mananampalataya sa pamamagitan ng pag-akit sa mga makamundong layunin sa halip na humiling ng pagsisisi.

2. Hindi sila nagbibigay ng makatotohanang Kristiyanong pananaw sa pagdurusa ng tao.

3. Mayroon silang mapagmataas na ugali na walang galang sa ibang simbahan, matatandang Kristiyano, at maging sa Diyos.

4. Gumagawa sila ng mga pangako na hindi ipinapangako ng Diyos, na humahantong sa pagkabigo at pagkawala ng pananampalataya.

Kung minsan ang mga huwad na guro ng kasaganaan ay nakakakuha ng pansin sa mga hindi pangkaraniwang doktrina at mahuhusay na pangangaral. Sinasabi nila na nagpapakita

sila ng mga himala at mga paghahayag na wala sa ibang mga simbahan. Gusto nilang parangalan bilang mga sikat na tao sa relihiyon.

Binibigyang-diin nila ang bagong paghahayag, at marami sa kanilang mga doktrina ay hindi matatagpuan sa Bibliya. Sinasabi nilang natututo sila ng mga bagong doktrinang ito mula sa pakikipag-usap sa Diyos.

Sila ay pinakakilala sa kanilang mga turo tungkol sa pananampalataya, na binibigyang-diin na ang bawat tao ay maaaring magkaroon ng kalusugan at kayamanan kung matututo siyang gumamit ng pananampalataya. Nangangako sila na ang bawat tao ay maaaring gumaling. Sinasabi nila na plano ng Diyos na maging mayaman ang bawat Kristiyano.

Sinasabi nila na maraming mga himala ang nangyayari sa kanilang ministeryo, ngunit walang magandang ebidensya na maraming mga himala ang totoo. Sinasabi nilang nagbibigay sila ng mga direksyon upang ang bawat mananampalataya ay yumaman, ngunit ang mga pinuno lamang ang yumayaman—mula sa mga donasyon ng kanilang mga tagasunod.

> "Ngunit ang sinumang magsasabi sa Espiritu, 'Bigyan mo ako ng pera,' o iba pang katulad nito, hindi mo siya dapat pakinggan. Ngunit kung sasabihin niya sa iyo na magbigay para sa kapakanan ng iba na nangangailangan, huwag siyang hatulan ng sinuman."
>
> - *Didache*
> (mula sa simbahan ng ikalawang siglo)

Ang mga grupo ng taong sumusunod sa mga gurong ito ay hindi mayaman, at hindi rin sila nakakaranas ng buong kalusugan. Sa halip, mga tao silang umaasa, na pinangungunahan ng mga hindi napatunayang kwento ng tagumpay.

Maraming mga bagong simbahan na may maling pagtuturo ng kasaganaan ang nagsimula sa mga bansa sa buong mundo. Ginagaya ng ilan sa kanila ang mga gurong Amerikano sa telebisyon. Gumagamit ang ilan ng mga libro at video mula sa mga huwad na mangangaral ng kasaganaan sa Amerika. Ang ilang mga huwad na guro ng kaunlaran ay nagsimula ng mga simbahan sa ibang mga bansa at kinukuha ang mga handog para sa kanilang sarili sa halip na gamitin ang pera upang pagpalain ang mga lokal na kongregasyon.

## Maling Teolohiya ng Kasaganaan

Ang mga huwad na guro ng kasaganaan ay bumuo ng maling teolohiya upang suportahan ang kanilang mga ideya.

Sinasabi ng mga huwad na guro ng kasaganaan na ang pananampalataya ay ang di-personal na kapangyarihan at sangkap ng sandaigdigan. Naniniwala sila na ang pananampalataya ay isang kapangyarihang magagamit ng mga tao kung paanong ginagamit ito ng Diyos.

Iniisip ng mga huwad na guro ng kasaganaan na magagamit ng tao ang pananampalataya nang hindi umaasa sa Diyos at nang hindi sinusubukang malaman ang kalooban ng Diyos. Sa kabaligtaran, sinabi ni Jesus na manalangin tayo para matupad ang kalooban ng Ama

(Mateo 6:10). Sinasabi sa atin ng Bibliya na ang pananampalataya ay umaakay sa atin na magtiwala sa Diyos at hanapin ang gantimpala na ibinibigay niya (Hebreo 11:6).

Sinasabi ng mga huwad na guro ng kasaganaan na hindi pag-aari ng Diyos ang lupa o pinamamahalaan ito. Itinuturo nila na ibinigay ng Diyos ang awtoridad sa lupa sa tao, at ibinigay ito ng tao kay Satanas. Sinasabi nila na ang Diyos ay hindi makakagawa ng anuman sa lupa kung hindi siya pinahihintulutan ng mga tao. Sa kabaligtaran, sinasabi ng Bibliya na ang lupa at lahat ng naririto ay pag-aari ng Diyos (Awit 24:1). Sinasabi ng Bibliya na ang Diyos ang Hukom ng buong lupa at kumikilos sa lupa (1 Samuel 2:10).

Ang kanilang mga doktrina tungkol sa pananampalataya ay batay sa mga doktrina ng Diyos na iba sa makasaysayang Kristiyanismo. Halimbawa, itinuturo nila na ang Diyos Ama ay isang pisikal na tao. Naniniwala sila na ang mga tao ay pisikal na kopya ng Diyos. Naniniwala sila na dahil ang mga tao ay mga kopya ng Diyos, dapat nilang gawin ang ginagawa ng Diyos.

Sinasabi ng Bibliya na ang Diyos ay Espiritu (Juan 4:24) at hindi tao (Mga Bilang 2

3:19). Si Jesus ang natatanging Anak ng Diyos na nagsagawa ng ating kaligtasan (Juan 3:16). Ngunit ang mga huwad na guro ng kasaganaan ay nagsasabi na ang Diyos ay isang tao na katulad natin at si Jesus ay walang pinagkaiba sa atin.

> "Sa mga kasalanan na kung saan ang puso ng tao ay nakahilig, halos walang iba ang higit na nakapopoot sa Diyos kaysa sa idolatriya, sapagkat ang idolatriya ay sa esensya, isang insulto sa kanyang pagkatao.... Ang isang diyos na ipinanganak sa mga anino ng isang nahulog na puso ay natural na hindi magiging tunay na pagkakahawig ng tunay na Diyos. 'Akala mo,' ang sabi ng Panginoon sa masamang tao sa Awit 50:21, 'na ako ay isang katulad mo.'"
>
> - Halaw mula sa A.W. Tozer

Ang sabi ni Kenneth Copeland tungkol kay Adam,

> Si Adan ang kopya, at kamukha ng [Diyos]. Kung patayuin mo si Adan sa tabi ng Diyos, magkamukha sila. Kung pagtabihin mo si Jesus at si Adan, magkamukha sila at magkatulad ang tunog.[41]
>
> Hindi siya medyo katulad ng Diyos. Hindi siya halos katulad ng Diyos. Hindi rin siya mas mababa sa Diyos... Si Adan ay katulad ng Diyos, na katulad din ni Jesus.[42]

Sinabi ni Kenneth Hagin, "Bawat tao na ipinanganak na muli ay isang pagkakatawang-tao, at ang Kristiyanismo ay isang himala. Ang mananampalataya ay isang pagkakatawang-tao gaya ni Jesus ng Nazaret." [43]

---

[41] Kenneth Copeland, "The Authority of the Believer IV" (Fort Worth, TX: Kenneth Copeland Ministries, 1987), audiotape #01-0304, side 1.

[42] Kenneth Copeland, "Following the Faith of Abraham," (Fort Worth, TX: Kenneth Copeland Ministries, 1985), audiotape side 1.

[43] Kenneth Hagin, "The Incarnation," *The Word of Faith* # 13, 12 (December, 1980), 14.

Sinabi ni Benny Hinn, "Huwag mong sabihin sa akin na mayroon kang Jesus. Ikaw ang lahat ng bagay na siya noon at ang lahat ng kung ano siya at kailanman ay magiging siya." [44]

Sabi ni Morris Cerullo, "At kapag tumayo tayo dito, kapatid, hindi ka tumitingin kay Morris Cerullo, nakatingin ka sa Diyos. Nakatingin ka kay Jesus." [45]

Sinasabi ng Diyos,

> … ako'y Diyos, at walang iba;ako'y Diyos, at walang gaya ko,na nagpapahayag ng wakas mula sa pasimula,at mula nang mga unang panahon, ng mga bagay na hindi pa nangyayari;na nagsasabi, 'Ang layunin ko ay maitatatag,at gagawin ko ang lahat ng aking kaligayahan,' (Isaias 46:9-10).

Sinasabi ng Bibliya, "Ang lupa ay sa Panginoon at ang lahat ng narito;ang sanlibutan, at silang naninirahan dito" (Awit 24:1).

Ngunit sinasabi ng mga huwad na guro ng kasaganaan na wala ng awtoridad sa lupa ang Diyos.

Sinabi ni Kenneth Copeland,

> Siya [Diyos] ay kailangang magkaroon ng isang tao na katulad ng una [si Adan]. Dapat itong maging isang lalaki. Siya ay dapat na tao lang. Hindi siya maaaring maging Diyos at sumasalakay dito na may mga katangian at dignidad na hindi karaniwan sa tao. Hindi niya magagawa iyon. Hindi ito legal.[46]
>
> Hindi siya gumamit ng anumang bagay na hindi karaniwan sa tao para magawa ang kanyang trabaho.[47]

Sinabi rin ni Copeland, "Siya [Diyos] ay hindi maaaring bumalik sa alabok ng lupa at gumawa ng isa pang tao. Hindi na niya pag-aari ang alikabok ng lupa."

Sinabi ni Frederick Price,

> Ngayon nakakagulat ito! Kailangang bigyan ng pahintulot ang Diyos na gumawa sa lupain na ito sa ngalan ng tao... Oo! Ikaw ang may kontrol! Kaya kung ang tao ang may kontrol, sinong wala na nito? Ang Diyos... Noong binigyan ng Diyos si Adan ng kapangyarihan, ibig sabihin, wala nang kapangyarihan ang

"Nakakagulat na ang mga taong nagsasabing Kristiyano ay maaaring mag-isip na sa makasanlibutang espiritu, makasanlibutang mga kasama, at kanilang buhay na pinamamahalaan ng makamundong mga kasabihan, maaari silang magkaroon ng pabor ng Diyos o makarating sa kaharian ng langit!"

- Adam Clarke

[44] Benny Hinn, "Our Position in Christ #2 - The Word Made Flesh," (Orlando, FL: Orlando Christian Center, 1991), audiotape #A031190-2, side 2.

[45] Morris Cerullo, "The Endtime Manifestation of the Sons of God," audiotape 1.

[46] Kenneth Copeland, "The Incarnation," (Fort Worth, TX: Kenneth Copeland Ministries, 1985), audiotape #01-0402, side 1.

[47] Copeland, "The Incarnation."

> Diyos. Kaya't walang magagawa ang Diyos sa mundong ito maliban kung hahayaan natin siya. At ang paraan ng pagpapahintulot o pagbibigay natin sa kanya ng pahintulot ay sa pamamagitan ng panalangin. [48]

Ang teolohiya ng mga huwad na guro ng kasaganaan ay sumasalungat sa Bibliya at sa mga pangunahing paniniwala ng Kristiyanismo na itinatag sa simula pa.

### Biblikal na Pagwawasto

Sumulat si Pablo sa mga mananampalataya sa Corinto upang itama ang isang hindi pagkakaunawaan na kanilang taglay tungkol sa buhay Kristiyano (tingnan ang 1 Corinto 4:8-13). Marami sa kanila ay mahirap bago naging Kristiyano. Inisip nila na dahil sila ay naging mga anak ng Diyos, na may pananampalataya at espirituwal na mga kaloob, maaari silang magsimulang magkaroon ng kayamanan at katayuan sa mundo. Sinabi ni Pablo sa kanila na maging ang mga apostol ay dumanas ng kahirapan at mababa ang katayuan sa mundo. Bagama't mayroon silang malaking pananampalataya at mga espirituwal na kaloob, kung minsan ay nagugutom sila, walang tirahan, at nagtatrabaho upang suportahan ang kanilang sarili. Ang pananampalataya ay hindi isang garantiya ng yaman.

Sa ibang talata, ipinaliwanag ni Pablo na ang lahat ng nilikha ay nagdurusa pa rin sa mga resulta ng sumpa sa kasalanan (tingnan ang Roma 8:22-23). Lahat ng nabubuhay na nilalang ay nagdurusa at nagpupunyagi upang mabuhay. Aniya, kahit na ang mga Kristiyano ay nagdurusa pa rin sa pisikal at naghihintay sa oras kung kailan matutubos ang kanilang mga katawan. Bagama't tayo ay naligtas mula sa kasalanan, hindi pa natin nararanasan ang ganap na pagpapagaling na ibinigay sa pagtubos. Nakakaranas pa rin tayo ng sakit, pagtanda, at kamatayan dahil wala pa tayo sa langit. Minsan ang Diyos ay nagpapagaling, ngunit hindi tayo garantisadong mabubuhay tayo nang malaya sa lahat ng pisikal na problema.

Sinaway ni Apostol Santiago ang mga taong nagmamahal sa mga bagay ng mundo at nanalangin para sa mga bagay upang matugunan ang kanilang sariling mga pagnanasa (Santiago 4:3). Nalungkot si Apostol Pablo kay Demas na umalis sa ministeryo dahil mahal niya ang mga bagay ng mundo (2 Timoteo 4:10). Tila, kapwa naunawaan nina Santiago at Pablo na ang pananampalataya ay hindi garantiya ng kayamanan.

Nakatala sa Hebreo 11 ang buhay ng maraming bayani ng pananampalataya. Nakamit nila ang mga dakilang bagay dahil naniwala sila sa mga pangako ng Diyos at sumunod sa Diyos. Tiniis nila ang mahihirap na panahon dahil sa kanilang katapatan sa Diyos. Marami sa kanila ang walang tirahan at kulang sa pagkain at damit (Hebreo 11:37-38). Hindi nila dinanas ang mga bagay na ito dahil wala silang pananampalataya, kundi dahil mayroon silang pananampalataya. Handa silang mawala ang lahat sa mundo alang-alang sa kanilang relasyon sa Diyos.

---

[48] Frederick Price, "Prayer: Do You Know What Prayer Is... and How to Pray?" *The Word Study Bible* (Tulsa, OK: Harrison House, 1990), 1178.

► Ano ang ilang ebidensiya sa Bibliya na hindi ginagarantiyahan ng pananampalataya ang kayamanan?

Ang ebanghelyo sa Bibliya ay isang mensahe ng pag-asa sa taong nakakaalam na siya ay nagkasala at nagnanais ng kapatawaran at kapayapaan sa Diyos. Ang relasyon sa Diyos ay nagsisimula sa pagsisisi at pagpapasakop sa ating kalooban. Ang Kristiyano ay nabubuhay sa araw-araw na pagsunod, kababaang-loob, at pagsuko sa kalooban ng Diyos. Inaanyayahan tayo ng Diyos na dalhin ang lahat ng pangangailangan sa kanya sa panalangin, ngunit dapat nating tanggapin ang kanyang kalooban sa bawat sitwasyon. Ipinangako ng Diyos na ang lahat ay nasa ilalim ng kanyang kontrol at gagawin niya ang lahat para sa ating ikabubuti (Roma 8:28-29), ngunit hindi niya ipinangako na aalisin kaagad ang lahat ng pagdurusa (Roma 8:16-18, 1 Pedro 1:6).

Ang Panalangin ng Panginoon ay isang halimbawa ng pag-uugaling Kristiyano. Kabaligtaran ito sa ugali ng mga huwad na guro ng kaunlaran na nag-aangkin ng kapangyarihan at karangalan para sa kanilang sarili. Sa panalanging ito, nalaman natin na ang priyoridad ay ang kaharian at kaluwalhatian ng Diyos, at ang lahat ay dapat ipasailalim sa kanyang kalooban (tingnan ang Mateo 6:9-13).

► Paano dapat naiiba ang saloobin ng isang Kristiyano tungkol sa pagpapagaling at pera sa saloobin na ipinapakita ng mga huwad na guro ng kasaganaan?

## Isang Patotoo

Kailangang palakihin ng isang simbahan sa Santo Domingo ang kanilang gusali. Nanalangin sila na magkaloob ang Diyos. Humingi rin sila ng tulong sa isang mission organization. Ang mga tao ng kongregasyon ay nagbigay ng kanilang sariling pera nang may pagsasakripisyo. Ibinigay din nila ang kanilang oras at trabaho para sa proyekto ng gusali. Pinagpala ng Diyos ang kanilang dedikasyon at sakripisyo, at natapos ang gusali.

## Pag-aaral ng Banal na Kasulatan- Bahagi 2

► Ngayon basahin muli ang Mateo 6:25-34. Ang bawat mag-aaral ay dapat magsulat ng isang talata na nagpapaliwanag sa mensahe ng talatang ito para sa isang taong sumusunod sa isang huwad na guro ng kasaganaan. Maaaring ibahagi ng ilang mag-aaral ang kanilang isinulat.

## Takdang Aralin para sa Bawat Aralin

Tandaan na humanap ng pagkakataong ipahayag ang ebanghelyo sa isang tao mula sa relihiyosong grupong ito. Ang mga huwad na guro ng kasaganaan ay matatagpuan sa iba't ibang simbahan, ngunit ang kanilang mga mensahe ay magkakatulad. Maghandang ibahagi sa iyong mga kamag-aral ang tungkol sa pag-uusap na mayroon kayo. Isulat ang iyong 2-pahinang nakasulat na ulat at ibigay ito sa iyong pinuno ng klase.

# Manwal ng Doktrina

Ang Manwal na ito ay nagbibigay ng suporta sa Bibliya para sa ilan sa mga doktrina na kadalasang itinatanggi ng mga huwad na relihiyon. Ang Manwal ay hindi idinisenyo upang isama ang lahat ng mga doktrinang Kristiyano, at hindi lahat ng mahahalagang doktrina ay sakop dito.

## (1) Ang Bibliya ay sapat na para sa doktrina.

### Bakit ito Mahalaga

Ang ilang relihiyon na nagsasabing sila ay Kristiyano ay umaasa sa bagong paghahayag para sa kanilang pinakamahalagang doktrina. Sinasabi nila na ang Bibliya ay hindi naglalaman ng lahat ng bagay na mahalaga para sa doktrina. Ngunit sinasabi ng Bibliya na sapat na ang mensahe nito, kung kaya't kung ganap itong sundin ng isang tao, siya ay maliligtas.

### Patunay sa Kasulatan

"Ngunit mas madali pa para sa langit at lupa na lumipas, kaysa maalis ang isang kudlit sa kautusan" (Lucas 16:17) Ang markang ito na nakasulat sa itaas ng ilang Hebreong titik ay walang kahulugan at pandekorasyon lamang. Ang punto ng talatang ito ay napanatili ang Salita ng Diyos.

"Ipinanganak na kayong muli... sa pamamagitan ng buháy at nananatiling salita ng Diyos…. Ang damo'y natutuyo,at ang bulaklak ay nalalanta,subalit ang salita ng Panginoon ay nananatili magpakailanman."Ang salitang ito ay ang magandang balita na ipinangaral sa inyo" (1 Pedro 1:23-25). Ang Salita ng Diyos ay hindi kailanman mabibigo, at ito ay naglalahad ng ebanghelyo. Samakatuwid, ang ebanghelyo ay hindi matatagpuan sa mga doktrina na nasa labas ng banal na kasulatan, o salungat sa banal na kasulatan.

"Ang langit at ang lupa ay lilipas, ngunit ang aking mga salita ay hindi lilipas" (Marcos 13:31). Sinabi ni Jesus na hindi maglalaho ang kanyang mga salita.

"mula sa pagkabata ay iyong nalaman ang mga banal na kasulatan na makakapagturo sa iyo tungo sa kaligtasan" (2 Timoteo 3:15).

"Ang lahat ng mga kasulatan ay kinasihan ng Diyos... upang ang tao ng Diyos ay maging ganap" (2 Timoteo 3:16-17) Sapat na ang Bibliya upang gawin ng Diyos sa tao ang mismong nais Niya.

## (2) May iisang Diyos lamang.

### Bakit ito Mahalaga

Bilang Tagapaglikha at Ama, ang Diyos ay karapat-dapat sambahin. Hinihiling niya na bigyan natin siya ng katapatan na hindi nahahati sa alinmang nilalang. Sinasabi niya na siya ay isang mapanibughuing Diyos (Exodo 34:14, Deuteronomio 4:24, Deuteronomio 5:9, Deuteronomio 6:15). Nagagalit ang Diyos kapag binibigyan ng pagsamba ang iba na nararapat lamang sa kanya (Deuteronomio 32:16, 21). Kapag ang isang relihiyon ay nagtuturo na mayroong higit sa isang diyos, o na ang tao ay maaaring maging isang diyos, ang resulta ay upang kunin mula sa Diyos ang ilan sa kaluwalhatian na para lamang sa kanya.

### Patunay sa Kasulatan

“Walang diyos na inanyuan na una sa akin,o magkakaroon man pagkatapos ko” (Isaias 43:10).

“Ako ang una at ang huli;at liban sa akin ay walang Diyos” (Isaias 44:6).

“May Diyos ba liban sa akin?Oo, walang malaking Bato; ako'y walang nakikilalang iba” (Isaias 44:8).

Tingnan din ang Isaias 45:5, 6, 14, 21-22, at Isaias 46:9 bilang patunay na walang ibang Diyos.

“Nagpapahayag ng kaluwalhatian ng Diyos ang kalangitan,at ang mga gawa ng kanyang kamay ay inihahayag ng kalawakan” (Awit 19:1). “Kapag pinagmamasdan ko ang iyong kalangitan, ang gawa ng iyong mga daliri,ang buwan at ang mga bituin na iyong inilagay;ano ang tao upang siya'y iyong alalahanin?” (Awit 8:3-4). Ang Diyos ay hindi lamang ang Diyos ng mundong ito, kundi ang Diyos at Maylalang ng sansinukob.

## (3) Ang Diyos Ama ay hindi tao.

### Bakit ito Mahalaga

Ang dahilan kung bakit sinasabi ng ilang relihiyon na ang Diyos ay isang tao ay para itaas ang tao upang maihalintulad sa Diyos. Inaalis nito ang kaluwalhatian ng Diyos. Tingnan ang mga talata tungkol sa paninibugho ng Diyos sa ilalim ng "May iisang Diyos lamang" sa itaas.

### Patunay sa Kasulatan

“Ang Diyos ay hindi tao, na magsisinungaling,ni anak ng tao na magsisisi” (Mga Bilang 23:19).

“ako'y Diyos, at hindi tao” (Hoseas 11:9).

“Sa pag-aangking marurunong, sila'y naging mga hangal,at ipinagpalit nila ang kaluwalhatian ng Diyos na hindi nasisira sa mga imaheng kahawig ng tao na nasisira” (Roma 1:22-23). Ang gawin ang Diyos na parang larawan ng tao ay idolatriya.

“Sumagot si Jesus at sinabi sa kanya, “Mapalad ka, Simon na anak ni Jonas! Sapagkat hindi laman at dugo ang nagpahayag nito sa iyo kundi ang aking Ama na nasa langit” (Mateo 16:17). Ang Ama ay hindi laman at dugo, ayon sa pahayag ni Jesus.

“Ang Diyos ay espiritu” (Juan 4:24).

### (4) Ang Diyos ay hindi kailanman nagbago.

**Bakit ito Mahalaga**

Ang mga huwad na relihiyon ay may iba't ibang dahilan para sabihin na ang Diyos ay maaaring magbago. Maaaring gusto nilang sabihin na siya ay isang taong katulad natin, na nagtataas ng tao sa antas ng Diyos. Maaaring gusto nilang sabihin na may mabuti at masama sa Diyos, o maaaring magkamali ang Diyos.

**Patunay sa Kasulatan**

“akong Panginoon ay hindi nagbabago” (Malakias 3:6).

“ikaw ay Diyos, mula sa walang hanggan hanggang sa walang hanggan” (Awit 90:2).

“Ama ng mga ilaw, na sa kanya ay walang pag-iiba, o anino man ng pagbabago” (Santiago 1:17).

### (5) Si Jesus ay Diyos.

**Bakit ito Mahalaga**

1. Dahil si Jesus ay Diyos ang kanyang sakripisyong kamatayan ay may walang katapusang halaga — sapat na para sa kapatawaran ng mga kasalanan ng mundo.
2. Dahil siya ay Diyos, may kapangyarihan siyang iligtas tayo; siya ang daan, ang katotohanan, at ang buhay.
3. Dahil siya ay Diyos, dapat nating sambahin siya tulad ng pagsamba natin sa Ama.

Kung sinasabi ng isang relihiyon na si Jesus ay nilikha ng Diyos o Siya ay isang tao at hindi Diyos, inaalis nila sa kanya ang pagsamba na nararapat sa kanya. Naniniwala rin sila sa ibang ebanghelyo sa halip na lubusang ilagay ang kanilang pananampalataya kay Jesus para sa kaligtasan.

**Patunay sa Kasulatan**

“Ako at ang Ama ay iisa” (Juan 10:30).

“bago pa man si Abraham ay Ako Nga” (Juan 8:58).

“[Ang Ama ]... ipinagkaloob niya sa Anak ang buong paghatol; upang parangalan ng lahat ang Anak, na gaya rin ng kanilang pagpaparangal sa Ama” (Juan 5:22-23).

Nilikha ni Jesus ang lahat ng bagay, at ang lahat ay sa kanya (Colosas 1:16).

Si Jesus ang kumpletong larawan ng Diyos at pinapanatili ang sansinukob sa pamamagitan ng kanyang sariling kapangyarihan (Hebreo 1:3).

Si Jesus ang “una at ang huli” isang titulo na inaangkin ng Diyos para sa kanyang sarili (Apocalipsis 1:8, 13, 17, Isaias 44:6).

Iba pang mga sanggunian kung saan si Jesus ay tinawag na Diyos:Juan 1:1, 14, Mga Gawa 20:28, Tito 2:13, Isaias 9:6, 1 Timoteo 3:16, at Juan 14:9.

Mga talatang nagpapakita na si Jesus ay mayroong mga katangian ng Diyos: Mateo 18:20, Mateo 28:20, Filipos 3:21, Hebreo 13:8, Juan 2:24-25, at Mikas 5:2.

Mga talatang nagpapakita na si Jesus ay sinasamba gaya ng pagsamba sa Ama: Hebreo 1:6, 1 Corinto 1:2, Filipos 2:9-11 (katulad Isaias 45:22-23), Apocalipsis 1:6, Apocalipsis 5:12-13, at Juan 17:5 (tingnan Isaias 42:8, Isaias 48:11).

**(6) Si Jesus ay bumangon sa katawan mula sa mga patay.**

**Bakit ito Mahalaga**

Mula sa mga unang araw ng simbahan, ang muling pagkabuhay ay isang kinakailangang bahagi ng ebanghelyo. Ipinangaral ng mga Apostol na pinatunayan nito na si Jesus ang Anak ng Diyos at Tagapagligtas ng sanlibutan. Ang Kanyang muling pagkabuhay ay nagpapatunay na ang kanyang ebanghelyo ay makapagliligtas at makapagbibigay sa atin ng buhay na walang hanggan.

**Patunay sa Kasulatan**

Inihula ni Jesus ang kanyang sariling pisikal na muling pagkabuhay:“Gibain ninyo ang templong ito at aking itatayo sa loob ng tatlong araw… siya'y nagsasalita tungkol sa templo ng kanyang katawan” (Juan 2:19-21).

Sinabi ni Jesus sa kanyang mga alagad pagkatapos ng kanyang muling pagkabuhay: “Tingnan ninyo ang aking mga kamay at mga paa, sapagkat ako nga ito. Hipuin ninyo ako, at tingnan, sapagkat ang isang espiritu'y walang laman at mga buto, na gaya ng inyong nakikita na nasa akin” (Lucas 24:39).

Sinabi ni Jesus kay Tomas, “Ilagay mo rito ang iyong daliri at tingnan mo ang aking mga kamay. Ilapit mo rito ang iyong kamay at ilagay mo sa aking tagiliran. Huwag kang mag-alinlangan kundi sumampalataya” (Juan 20:27).

Ang 1 Corinto 15:20-23 ay nagsasabi sa atin na si Jesus ay ibinangon sa parehong paraan kung paano bubuhayin ang mga Kristiyano. Ipinapakita ng buong kabanata ang

pangangailangan ng pisikal na muling pagkabuhay ni Kristo para sa Kristiyanismo. Kung si Kristo ay hindi muling binuhay, wala tayong pag-asa na mabuhay, at ang ating ebanghelyo ay walang kabuluhan (15:17). Kung si Kristo ay hindi muling binuhay, hindi tayo bubuhayin, at kahabag-habag tayo na walang pag-asa na walang hanggan (15:19).

Ipinangaral ng mga Apostol ang muling pagkabuhay bilang mahalagang bahagi ng ebanghelyo (Gawa 2:31-32, Mga Gawa 3:15, Mga Gawa 4:10, Mga Gawa 10:40-41, Mga Gawa 13:30-37, Mga Gawa 17:31, at Mga Gawa 26:8, 23).

## (7) Ang Banal na Espiritu ay Diyos.

### Bakit ito Mahalaga

Ang isang relihiyon na tumatanggi sa pagka-Diyos ng Banal na Espiritu ay karaniwang tinatanggihan ang Trinidad at ang pagka-Diyos ni Kristo. Ang isang taong hindi naniniwala na ang Banal na Espiritu ay Diyos ay hindi sasamba sa kanya at magbibigay sa kanya ng paggalang na nararapat sa kanya.

### Patunay sa Kasulatan

Ang Banal na Espiritu ay tinatawag na Diyos (Gawa 5:4 and 2 Corinto 3:17).

Ang Banal na Espiritu ay may kaalaman na ang Diyos lamang ang mayroon: Siya ay lubos na nakakaunawa sa Diyos (1 Corinto 2:10-11) at siya ay nagpropesiya noong unang panahon (1 Pedro 1:10-11, 2 Pedro 1:21).

Ang Banal na Espiritu ay naroroon sa lahat ng dako (Awit 139:7).

Ang Banal na Espiritu ay tinatawag na Espiritu ni Kristo at naroroon sa bawat mananampalataya (Roma 8:9).

Ginagawa ng Banal na Espiritu na tanging Diyos lamang ang makagagawa. (Lucas 24:49, Juan 16:8-11, Efeso 3:16, Galacia 5:22-23).

Maaaring lapastanganin ang Banal na Espiritu (Lucas 12:10).

## (8) Ang Diyos ay isang Trinidad

### Bakit ito Mahalaga

Ang mga taong tumatanggi sa Trinidad ay karaniwang itinatanggi na si Jesus at ang Espiritu Santo ay Diyos, at hindi sila sinasamba. Ang pinakamasamang pagkakamali na maaaring gawin ng isang tao ay ang pagsamba sa isang taong hindi Diyos, o hindi pagsamba sa isang taong Diyos. Ang isang relihiyon na tumatanggi na si Jesus ay Diyos ay bubuo ng isang bagong ebanghelyo.

### Patunay sa Kasulatan

Ang doktrina ng Trinidad ay nagmula sa tatlong katotohanan.

1. Sinasabi ng Bibliya na iisa lamang ang Diyos.
2. Binabanggit ng Bibliya ang Ama, Anak, at ang Banal na Espiritu bilang Diyos.
3. Ang Ama, Anak, at Banal na Espiritu ay naiiba sa isa't isa at nakikipag-ugnayan sa isa't isa bilang mga persona.

Para sa katibayan sa banal na kasulatan ng unang dalawang katotohanan, tingnan ang mga bahagi sa Manwal na ito na pinamagatang "May iisang Diyos lamang," "Si Jesus ay Diyos," at "Ang Banal na Espiritu ay Diyos."

Para sa katibayan na ang Ama, Anak, at Banal na Espiritu ay nakikipag-ugnayan sa isa't isa at sa mga mananampalataya bilang mga tao, tingnan, tingnan ang Juan mga kabanata 14-16. Sa Juan 14, tingnan ang mga taludtod 10-13,16, 21, 23, 24, 26, 28, at 31. Sa Juan 15, tingnan ang mga taludtod 1-2, 9, 10, 15, 23-24, at 26. Sa Juan 16,tingnan ang mga taludtod 7, 10, 13-16, 26-28, at 32.

### (9) Ang kaligtasan ay sa pamamagitan lamang ng pagtubos ni Kristo.

**Bakit ito Mahalaga**

Ang mga huwad na relihiyon ay nagbibigay ng maling direksyon para sa isang tao na humingi ng awa ng Diyos. Mayroon lamang isang paraan upang maligtas.

**Patunay sa Kasulatan**

"Walang ibang pangalan sa ilalim ng langit na ibinigay... na ating ikaliligtas" (Gawa 4:12).

"Ang dugo ni Jesus na kanyang Anak ang lumilinis sa atin sa lahat ng kasalanan" (1 Juan 1:7).

"Sapagkat sa biyaya kayo'y naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya, at ito'y hindi sa pamamagitan ng inyong sarili, ito'y kaloob ng Diyos" (Efeso 2:8).

"Kaya't yamang tayo'y inaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya, mayroon tayong kapayapaan sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo" (Roma 5:1).

"Lahat ng mga sumasampalataya… ngayon ay itinuturing na ganap ng kanyang biyaya bilang kaloob sa pamamagitan ng pagtubos na na kay Cristo Jesus" (Roma 3:22, 24).

"Lalo pa nga, ngayong itinuturing tayong ganap sa pamamagitan ng kanyang dugo, ay maliligtas tayo sa galit ng Diyos sa pamamagitan niya" (Roma 5:9).

"Ang kaloob ng Diyos na walang bayad ay buhay na walang hanggan kay Cristo Jesus na Panginoon natin" (Roma 6:23).

**(10) Tanging ang Diyos lamang ang dapat sambahin.**

**Bakit ito Mahalaga**

Kung ang isang tao ay sumasamba sa isang bagay maliban sa Diyos, siya ay kalaban ng Diyos at nasa ilalim ng kapangyarihan ni Satanas. Hindi posible na sambahin ng maayos ang Diyos at sumamba din sa iba. Maling sumamba sa mga pinuno ng tao, santo, o Maria. Maling manalangin sa mga espiritu at sumunod sa kanila.

**Patunay sa Kasulatan**

Sinabi ng Diyos sa kanyang mga tao na huwag yumukod sa anumang larawan (Exodo 20:4-5). Kaya naman alam nating mali ang pagsamba sa anumang bagay.

Tinukso ni Satanas si Jesus na yumukod sa kanya, ngunit sinabi ni Jesus na nasusulat na ang Diyos lamang ang dapat nating sambahin at paglingkuran (Mateo 4:10). Kaya naman alam natin na mali ang sumamba kay Satanas.

Sinabi ni Apostol Pablo na ang pagsamba sa mga demonyo ay pag-udyok sa Diyos sa galit at paninibugho (1 Corinto 10:20-22). Kaya naman alam nating mali ang sumamba sa mga espiritung laban sa Diyos.

Sinabi ni Apostol Pablo na nalinlang ang mga taong sumasamba sa mga anghel. (Colosas 2:18). Kaya naman alam nating mali ang sumamba sa mga anghel.

Sinabi ni Apostol Pedro kay Cornelio na huwag siyang sambahin dahil tao rin siya (Gawa 10:25-26). Kaya naman alam nating mali ang sumamba sa isang tao.

**(11) Tumatanggap tayo ng kaligtasan sa pamamagitan ng pananampalataya.**

**Bakit ito Mahalaga**

Dahil ang kaligtasan ay ganap na ipinagkakaloob sa pamamagitan ng pagtubos ni Kristo, hindi makakagawa ang mga tao ng anuman upang matamo ang kanilang kaligtasan, kahit na bahagya. Walang organisasyon ng tao ang makapag-iingat ng kaligtasan mula sa isang tao sa pamamagitan ng pagtatakda ng iba pang mga kinakailangan.

**Patunay sa Kasulatan**

“Sa pamamagitan ng mga gawa ng kautusan ay 'walang tao na ituturing na ganap'” (Roma 3:20).

“Ang tao ay itinuturing na ganap sa pananampalataya na hiwalay sa mga gawa ng kautusan” (Roma 3:28).

“Dahil dito, iyon [ang pangako] ay batay sa pananampalataya, upang maging ayon sa biyaya” (Roma 4:16).

“Kaya't yamang tayo'y inaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya, mayroon tayong kapayapaan sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesu-Cristo” (Roma 5:1).

“Ang bawat tumatawag sa pangalan ng Panginoon ay maliligtas” (Gawa 2:21).

“Sapagkat sa biyaya kayo'y naligtas sa pamamagitan ng pananampalataya... ito'y kaloob ng Diyos... hindi sa pamamagitan ng mga gawa” (Efeso 2:8-9).

“Kung ipinahahayag natin ang ating mga kasalanan, siya ay tapat at banal na magpapatawad sa ating mga kasalanan at tayo'y lilinisin sa lahat ng kalikuan” (1 Juan 1:9).

“Kung ang sinuman ay mangaral sa inyo ng ebanghelyo na iba kaysa inyong tinanggap na ay hayaan siyang sumpain” (Galacia 1:9).

### (12) Maaari tayong magkaroon ng personal na katiyakan ng kaligtasan.

**Bakit ito Mahalaga**

Dahil ang kaligtasan ay ang libreng regalo ng Diyos, na natanggap sa pamamagitan ng pananampalataya, malalaman ng isang tao na siya ay naligtas. Kung ang isang tao ay nagpahayag ng kanyang mga kasalanan sa Diyos, at naniniwala sa pangako ng Diyos na magpatawad batay sa pagbabayad-sala ni Kristo, ang taong iyon ay maaaring maniwala na siya ay naligtas. Nagbibigay din ang Diyos ng patotoo ng kanyang Espiritu na tayo ay naligtas. Ang mga huwad na relihiyon ay kadalasang nagpapanatili sa mga tao sa takot.

**Patunay sa Kasulatan**

“Ang mga bagay na ito ay isinulat ko sa inyo... inyong malaman na kayo'y mayroong buhay na walang hanggan” (1 Juan 5:13).

“Tayo'y magkaroon ng lubos na pagtitiwala sa araw ng paghuhukom” (1 Juan 4:17).

“Tumanggap kayo ng espiritu ng pagkukupkop, na dahil dito'y tumatawag tayo, ‘Abba! Ama!’Ang Espiritu mismo ang nagpapatotoo kasama ng ating espiritu na tayo'y mga anak ng Diyos” (Roma 8:15-16).

### (13) Ang hindi ligtas ay magdaranas ng walang hanggang kaparusahan.

**Bakit ito Mahalaga**

Kung itinatanggi ng isang relihiyon ang katotohanan ng walang hanggang kaparusahan, ibinababa nito ang kahalagahan ng mga pagpili ng tao at ibinababa ang paggalang sa batas ng Diyos. Maraming beses na nagsalita si Jesus tungkol sa impiyerno, na nagpapakita ng kahalagahan ng doktrina.

**Patunay sa Kasulatan**

Nagkuwento si Jesus tungkol sa isang mayamang tao na nasa apoy ng impiyerno pagkatapos ng kamatayan (Lucas 16:24).

“Ang usok ng hirap nila ay papailanglang magpakailanpaman; at sila'y walang kapahingahan araw at gabi” (Apocalipsis 14:11).

“Na nagdaranas ng kaparusahan sa apoy na walang hanggan” (Judas 1:7).

“Lumayo kayo sa akin, kayong mga sinumpa. Doon kayo sa apoy na walang hanggan” (Mateo 25:41).

“At ang mga ito'y mapupunta sa walang hanggang kaparusahan, ngunit ang mga matuwid ay sa buhay na walang hanggan” (Mateo 25:46).

# Mga Tanong sa Pagbabalik-aral

Ang mga tanong na ito ay para sa mga aralin na sumasaklaw sa mga pangkat ng relihiyon.

Sa simula ng isang sesyon ng klase, dapat na suriin ng guro ang ilan sa mga tanong na ito. Ang bawat tanong ay maaaring masagot sa isang pangungusap. Ang mga tanong na ito ay makatutulong sa mga mag-aaral na matandaan ang pinakamahahalagang detalye tungkol sa bawat grupo ng relihiyon.

**Aralin 3- Mormonismo**

(1) Ano ang tingin ng mga Mormon sa ibang mga simbahan?

(2) Ano ang pinaniniwalaan ng mga Mormon tungkol sa kasaysayan ng Kristiyanismo?

(3) Sino si Jesus bago pa siya isilang ayon sa paniniwala ng mga Mormon?

(4) Ano ang pinakalayunin ng isang Mormon?

(5) Ano ang pinakamataas na awtoridad para sa isang Mormon?

**Aralin 4- Mga Saksi ni Jehova**

(1) Ano ang tingin ng mga Saksi ni Jehova sa ibang mga simbahan?

(2) Ano ang pinaniniwalaan ng mga Saksi ni Jehova tungkol sa Banal na Espiritu?

(3) Anong maling paniniwala tungkol kay Jesus ang itinuro ng mga Saksi ni Jehova?

(4) Ano ang pinaniniwalaan ng mga Saksi ni Jehova na dapat gawin ng isang tao para maligtas?

**Aralin 5 - Iglesia ni Cristo**

(1) Anong malaking kulto ang katulad ng Iglesia ni Cristo sa doktrina?

(2) Ano ang pinakamahalagang paniniwala ng Iglesia ni Cristo?

(3) Ano ang itinuturo ng Iglesia ni Cristo tungkol kay Jesus?

(4) Ayon sa Iglesia ni Cristo, ano ang dalawang bagay na dapat gawin ng isang tao upang maligtas?

**Aralin 6 - Silangang Kidlat**

(1) Ano ang opisyal na pangalan ng kulto na tinatawag na Silangang Kidlat?

(2) Ano ang itinuturo ng Silangang Kidlat tungkol kay Jesus?

(3) Ayon sa Silangang Kidlat, paano maliligtas ang isang tao?

**Aralin 7 - Mga Kultong Apokaliptic**

(1) Paano sinusubukan ng mga kultong apokaliptic na matugunan ang emosyonal at espirituwal na mga pangangailangan ng mga tao?

(2) Paano ginagamit ng mga kultong apokaliptic ang Bibliya sa maling paraan?

(3) Ano ang dakilang tema ng makahulang mga kasulatan mula sa Bibliya?

(4) Paano nakakasira ang mga kultong apokaliptic?

**Aralin 8 - Hinduismo**

(1) Ano ang Brahman, ayon sa mga Hindu?

(2) Paano naiiba ang moral na katangian ng mga diyos ng Hinduismo kaysa sa moral na katangian ng nag-iisang tunay na Diyos?

(3) Ano ang sukdulang layunin ng isang Hindu?

(4) Ano ang pananaw ng mga Hindu kay Jesus?

**Aralin 9 - Budismo**

(1) Pangalanan at tukuyin ang sukdulang layunin ng Budista.

(2) Ano ang pinaniniwalaan ng mga Budista sa halip na Diyos?

(3) Ano ang paliwanag ng mga Budista sa pagdurusa sa buhay?

(4) Bakit nagsasagawa ang mga Budista ng mental at espirituwal na pagsasanay?

**Aralin 10 - Taoismo**

(1) Kanino nananalangin ang mga Taoista?

(2) Sino ang mga kataas-taasang diyos sa Taoismo?

(3) Ano ang layunin ng Taoista?

(4) Ayon sa Taoismo, sino si Jesus?

**Aralin 11 - Islam**

(1) Pangalanan ang diyos, ang propeta, at ang banal na aklat ng Islam.

(2) Anong mga maling paniniwala tungkol kay Jesus ang pinanghahawakan ng mga Muslim?

(3) Ano ang paniniwala ng mga Muslim tungkol sa Bibliya?

(4) Ano ang paniniwala ng mga Muslim tungkol sa kaligtasan?

**Aralin 12 - Hudaismo**

(1) Anong mga kasulatan ang magkapareho ang Hudaismo at Kristiyanismo?

(2) Sino si Jesus, ayon sa Hudaismo?

(3) Anong uri ng Mesiyas ang inaasahan ng Hudaismo?

(4) Ano ang konsepto ng kaligtasan sa Hudaismo?

**Aralin 13 - New Age**

(1) Paano nakikita ng mga New Ager ang ibang relihiyon?

(2) Ano ang konsepto ng New Age tungkol sa Diyos?

(3) Paano nakikipag-ugnayan ang mga tagasunod ng New Age sa higit sa natural?

(4) Ano ang pinaniniwalaan ng mga tagasunod ng New Age tungkol kay Jesus?

(5) Ano ang pinaniniwalaan ng mga tagasunod ng New Age tungkol sa kasalanan?

(6) Ano ang pinaniniwalaan ng mga tagasunod ng New Age tungkol sa kaligtasan?

**Aralin 14 – Mga Relihiyong Pangkalikasan**

(1) Ang mga paniniwala at gawi ba ng mga relihiyong pangkalikasan ay limitado sa isang partikular na relihiyon? Ipaliwanag.

(2) Paano nakikipag-ugnayan ang mga nagsasagawa ng mga relihiyong pangkalikasan sa mga espiritu?

(3) Bakit hindi nananalangin sa Diyos ang mga animista?

(4) Ano ang pamahiin?

(5) Bakit hindi mapamahiin ang mga Kristiyano?

**Aralin 15 - Voodoo**

(1) Sino ang sinasamba ng mga nagsasanay ng Voodoo?

(2) Ano ang layunin ng isang mananamba sa panahon ng pagsamba sa Voodoo?

(3) Sa anong simbahan humihiram ang relihiyon ng Voodoo ng mga ritwal, imahe, at pangalan ng mga santo?

(4) Ano ang ilang mga halimbawa ng mga bagay na ginagamit sa mga seremonya ng Voodoo?

**Aralin 16 - Pag-unawa sa Adventismo ng Ikapitong Araw**

(1) Ano ang pangunahing doktrina na nagpapaiba sa mga Adventista sa ibang mga simbahan?

(2) Ano ang pananaw ng mga Adventista sa Diyos?

(3) Ano ang pananaw ng Adventista sa kaligtasan?

(4) Ano ang pinaniniwalaan ng mga Adventista na mangyayari sa mga tao sa muling pagkabuhay?

**Aralin 17 - Pag-unawa sa Romano Katolisismo**

(1) Ano ang inaangkin ng Romano Katolisismo sa pangalan nito?

(2) Bakit inaakusahan ng idolatriya ang mga Romano Katoliko?

(3) Ano ang paniniwala ng mga Romano Katoliko tungkol sa Diyos?

(4) Ano ang pananaw ng Romano Katoliko sa kaligtasan?

(5) Ano ang doktrinang Romano Katoliko tungkol sa purgatoryo?

**Aralin 18 - Pag-unawa sa Silangang Ortodokso**

(1) Ano ang inaangkin ng pangalan ng Simbahang Silangang Ortodokso?

(2) Ano ang paniniwala ng Simbahang Silangang Ortodokso tungkol sa Diyos?

(3) Bakit nananalangin sa mga santo ang mga tagasunod ng Silangang Ortodokso?

(4) Ano ang itinuturo ng Simbahang Silangang Ortodokso tungkol sa Bibliya?

(5) Ayon sa pagtuturo ng Silangang Ortodokso ano ang nangyayari sa *theosis?*

**Aralin 19 – Pag-unawa sa Teolohiya ng Kasaganaan**

(1) Magbigay ng apat na karaniwang katangian ng mga huwad na guro ng kasaganaan.

(2) Ayon sa maling teolohiya ng kasaganaan, ano ang pananampalataya?

(3) Ayon sa maling teolohiya ng kasaganaan, sino ang Diyos?

(4) Ayon sa maling teolohiya ng kasaganaan, ano ang mga tao?

# Mga Inirekomendang Mapagkukunan

Upang pag-aralan ang higit pa tungkol sa mga paksang tinalakay sa tekstong ito, mangyaring tingnan ang mga sumusunod na mapagkukunan.

**Ebanghelismo**

Coleman, Robert. *The Master Plan of Evangelism*. Ada: Revell, 2010.

Comfort, Ray. *Hell's Best-Kept Secret*. New Kensington: Whitaker House, 2004.

Little, Paul. *How to Give Away Your Faith*. Downers Grove: IVP Books, 2019.

**Mormonismo**

Martin, Walter. *The Kingdom of the Cults: The Definitive Work on the Subject*. Bloomington: Bethany House Publishers, 2019.

Geisler, Norman and William Nix. *From God to Us Revised and Expanded: How We Got Our Bible*. Chicago: Moody Publishers, 2012.

Ang mga aklat na inirerekomenda para sa mga aralin tungkol sa Mga Saksi Ni Jehova, Iglesia ni Cristo, at Silangang Kidlat ay may kaugnayan din sa araling ito.

**Mga Saksi ni Jehova**

Strobel, Lee. *The Case for Christ: A Journalist's Personal Investigation of the Evidence for Jesus*. Grand Rapids: Zondervan, 2016.

Carlson, Ron and Ed Decker. *Fast Facts on False Teachings*. Eugene: Harvest House Publishers, 2003.

Ang mga aklat na inirerekomenda para sa mga aralin sa Mormonismo, Iglesia ni Cristo, at Silangang Kidlat ay may kaugnayan din sa araling ito.

**Iglesia ni Cristo**

Strobel, Lee. *The Case for Easter: A Journalist Investigates the Evidence for the Resurrection*. Grand Rapids: Zondervan, 2018.

McDowell, Josh and Bob Hostetler. *Beyond Belief to Convictions*. Carol Stream: Tyndale House Publishers, Inc., 2002

Ang mga aklat na inirerekomenda para sa mga aralin tungkol sa Mormonismo,Mga Saksi ni Jehova, at Silangang Kidlat ay may kaugnayan din para sa araling ito.

**Silangang Kidlat**

Strobel, Lee. *The Case for the Real Jesus: A Journalist Investigates Current Attacks on the Identity of Christ*. Grand Rapids: Zondervan, 2009.

Hattaway, Paul. *China's Christian Martyrs*. Grand Rapids: Kregel Publications, 2007.

Ang mga aklat na inirerekomenda para sa mga aralin sa Mormonism,Mga Saksi ni Jehova, at Iglesia ni Cristo ay may kaugnayan din sa araling ito.

**Mga Kultong Apokaliptic**

Bird, Mark, Allan Brown, Philip Brown, Ben Durr, Stephen Gibson, Daniel Glick, Richard Miles, and Larry Smith. *I Believe: Fundamentals of the Christian Faith*. Cincinnati: Revivalist Press, 2006.

Ladd, Eldon. *The Blessed Hope*. Grand Rapids: Eerdmans, 1990.

**Hinduismo**

Strobel, Lee. *The Case for Faith: A Journalist Investigates the Toughest Objections to Christianity*. Grand Rapids: Zondervan, 2014.

Ang mga aklat na inirerekomenda para sa mga aralin sa Budismo, Taoismo, Islam, at Hudaismo ay may kaugnayan din sa araling ito.

**Budismo**

Strobel, Lee. *The Case for a Creator: A Journalist Investigates Scientific Evidence that Points toward God*. Grand Rapids: Zondervan, 2014.

Ang mga aklat na inirerekomenda para sa mga aralin sa Hinduismo, Taoismo, Islam, at Hudaismo ay may kaugnayan din sa araling ito.

**Taoismo**

Geisler, Norman. *Christian Apologetics*. Ada: Baker Academic, 2013.

Ang mga aklat na inirerekomenda para sa mga aralin sa Hinduismo, Budismo, Islam, at Hudaismo ay may kaugnayan din sa araling ito.

**Islam**

Rhodes, Ron. *Reasoning from the Scriptures with Muslims*. Eugene: Harvest House Publishers, 2002.

Ang mga aklat na inirerekomenda para sa mga aralin sa Hinduismo, Budismo, Taoismo, at Hudaismo ay may kaugnayan din sa araling ito.

**Hudaismo**

McDowell, Josh. *More than a Carpenter*. Carol Stream: Tyndale Momentum, 2009.

Kaiser, Walter C. *The Messiah in the Old Testament*. Grand Rapids: Zondervan, 1995.

Ang mga aklat na inirerekomenda para sa mga aralin tungkol sa Mga Saksi ni Jehova at Iglesia ni Cristo ay may kaugnayan din sa araling ito.

Ang website para sa mga Jews for Jesus ay nagbibigay ng katibayan para sa Kristiyanismo at mga sagot para sa mga pagtutol, lalo na para sa mga Hudyo, sa https://jewsforjesus.org.

Ang isa pang ministeryo na nagbibigay ng mga artikulo at impormasyon ay ang Chosen People Ministries, sa https://www.chosenpeople.com.

**Relihiyon ng New Age**

Geisler, Norman and Ronald M. Brooks. *When Skeptics Ask: A Handbook on Christian Evidences*. Ada: Baker Books, 1990.

Chesterton, G.K. *The Everlasting Man*. Brooklyn: Angelico Press, 2013.

Lewis, C. S. *The Abolition of Man*. San Francisco: HarperOne, 2015.

Ang mga aklat na inirerekomenda para sa mga aralin tungkol sa Mga Saksi ni Jehova, Iglesia ni Cristo, at Silangang Kidlat ay may kaugnayan din sa araling ito.

**Mga Relihiyong Pangkalikasan**

Richardson, Don. *Peace Child*. Bloomington: Bethany House Publishers, 2005.

Richardson, Don. *Eternity in Their Hearts*. Bloomington: Bethany House Publishers, 2006.

**Voodoo**

Spurgeon, Charles and Robert Hall. *Spiritual Warfare in a Believer's Life*. Edmonds: YWAM Publishing, 1993.

Middleton, David. *Victory Over the Forces of Darkness*. Salem: Allegheny Publications, 2010.

**Adventismo ng Ikapitong Araw**

Carson, D. A. *From Sabbath to Lord's Day: A Biblical, Historical, and Theological Investigation*. Eugene: Wipf and Stock, 2000.

**Katolisismo**

Noll, Mark. *Turning Points: Decisive Moments in the History of Christianity*. Ada: Baker Academic, 2012.

Ang aklat na inirerekomenda para sa aralin sa Silangang Ortodokso ay may kaugnayan din sa araling ito.

**Silangang Ortodokso**

Gonzalez, Justo. *A History of Christian Thought, Volume 1: From the Beginnings to the Council of Chalcedon*. Nashville: Abingdon Press, 1987.

Ang aklat na inirerekomenda para sa aralin sa Romano Katolisismo ay may kaugnayan din sa araling ito.

**Maling Teolohiya sa Kasaganaan**

Hanegraaff, Hank. *Christianity in Crisis*. Nashville: Thomas Nelson, 2012.

Gibson, Stephen. *Prosperity Prophets*. Salem: Allegheny Publications, 2006.

Sider, Ronald. *The Scandal of the Ebanghelikal Conscience*. Ada: Baker Books, 2005.

# Talaan ng mga Takdang Aralin

Pangalan ng Mag-aaral ________________________________________

Lagyan ng Pirma kapag natapos ang bawat takdang-aralin. Ang lahat ng takdang aralin ay dapat matagumpay na matapos upang makatanggap ng sertipiko mula sa Shepherds Global Classroom.

| | **Petsa ng Ulat sa Pag-uusap** | **Pangkat ng Relihiyon na Pinag-usapan** | **Nakasulat na Ulat na Isinumite** |
|---|---|---|---|
| 1 | | | |
| 2 | | | |
| 3 | | | |
| 4 | | | |
| 5 | | | |
| 6 | | | |
| 7 | | | |
| 8 | | | |
| 9 | | | |
| 10 | | | |

Ang Kahilingan para sa Sertipiko ng Pagtatapos mula sa Shepherds Global Classroom ay maaaring kumpletuhin sa aming webpage sa www.shepherdsglobal.org. Ang mga Sertipiko ay ipapadala sa pamamagitan ng internet mula sa presidente ng SGC sa mga tagapagturo at mga facilitator na gumawa ng aplikasyon para sa kanilang (mga) mag-aaral.